# 2

# Mother Tongue-Based Multi-lingual Education

## Patnubay ng Guro

## Tagalog

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at / o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

**Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.**

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

**Mother Tongue-Based Multi-lingual Education – Ikalawang Baitang**
**Patnubay ng Guro sa Tagalog**
**Unang Edisyon, 2013**
**ISBN:** ___________

Paunawa hinggil sa karapatang-sipi. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapang kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publisher*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Dr. Yolanda S. Quijano
Kawaksing Kalihim:

**Mga Bumuo ng Patnubay ng Guro**

**Consultant and Editor:** Agnes G. Rolle

**Author:** Grace Urbien-Salvatus, Babylen Arit-Soner,
Nida Casao-Santos and Rianne Pesigan-Tiñana

**Graphic Artist:** Raymar C. Francia

**Layout Artist:** Honester U. Jorvina, Maria Teresa Castro

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ____________

**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**
Office Address: 2nd Floor Dorm G, PSC Complex, Meralco Avenue. Pasig City, Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 or 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

# Talaan ng Nilalaman

## Kuwarter 1: Ang Aking Sarili

Unang Linggo:
**Nais at Di Nais....................................................................1**

Ikalawang Linggo:
**Ang Mayroon sa Aming Rehiyon ..................................11**

Ikatlong Linggo:
**Pangunahing Pangangailangan ...................................22**

Ikaapat na Linggo:
**Ang Aking Kaibigan .......................................................31**

Ikalimang Linggo:
**Ang Nais Kong Kasama .................................................40**

Ikaanim na Linggo:
**Ang Hilig Kong Gawin ...................................................47**

Ikapitong Linggo:
**Ako at ang mga Tao sa Pamayanan……………………56**

kawalong Linggo:
**Ang Nais Ko sa Aking Paglaki……………………………65**

Ikasiyam na Linggo:
**Kasama ang Aking Pamilya………………………………76**

## Kuwarter 2: Ako at ang Aking Pamilya

Ikasampung Linggo:
**Gawain ng Pamilya……………………………………………86**

kalabing-isang Linggo:
**Katangian Ko, Karangalan ng Aking Pamilya…………96**

Ikalabindalawang Linggo:
**Pagtutulungan ng Pamilya………………………………104**

Ikalabintatlong Linggo:
**Pagmamalasakit sa Pamilya……………………………113**

Ikalabing-apat na Linggo:
**Musika ng Bayan Ko………………………………………121**

Ikalabinlimang Linggo:
**Ang Aking Tungkulin sa Pamilya………………………..130**

Ikalabing-anim na Linggo:
**Pangalagaan Ating Kapaligiran………………………..138**

Ikalabim pitong Linggo:
**Pagkakabuklod ng Pamilya……………………………..146**

Ikalabing walong Linggo:
**Magsulatan Tayo…………………………………………..156**

## Kuwarter 3: Ako at ang Aking Paaralan


Ikalabing siyam na Linggo:
**Kaalaman sa Kalusugan ……………………………………...164**

Ikadalawampung Linggo:
**Katangian Ko Bilang Mag-aaral…………………………...171**

Ikadalawampu't Isang Linggo:
**Ang Batang Makasining……………………………………180**

Ikadalawampu't Dalawang Linggo:
**Pagkilala sa Pinagmulan…………………………………...187**

Ikadalawampu't Tatlong Linggo:
**Kamalayan sa Napapanahong Usapin……………………195**

Ikadalawampu't Apat na Linggo:
**Masayang Paglalakbay……………………………………202**

Ikadalawampu't Limang Linggo:
**Sa Pag-abot ng Pangarap…………………………………208**

Ikadalawampu't Anim na Linggo:
**Pag-iwas sa Di-Kanais-nais na Gawain…………………214**

Ikadawampu't Pitong Linggo:
**Pagtanggap at Pagpapaabot ng Mensahe………….222**

## Kuwarter 4: Ako at ang Aking Pamayanan


Ikadalawampu't Walong Linggo:
**Paghihiwalay ng Basura……………………………………230**

Ikadalawampu't Siyam na Linggo:
**Komunikasyon (Telepono)…………………………………240**

Ikatatlumpong Linggo:
**Kahoy Bilang Panggatong…………………………………251**

Ikatatlumpo't Isang Linggo:
**Ako man ay Bayani…………………………………………260**

Ikatatlumpo't Dalawang Linggo:
**Pinagkukunang Yaman……………………………………270**

Ikatatlumpo't Tatlo na Linggo:
**Pangkabuhayan……………………………………………...279**

Ikatatlumpo't Apat na Linggo:
**Balitang Lokal…………………………………………………287**

Ikatatlumpo't Limang Linggo:
**Ang Paboritong Pagkain…………………………….....293**

Ikatatlumpo't Anim na Linggo:
**Ang Lutong Kapana-panabik…………………………...301**

**Tandaan:**
**Ang bawat salita ay binabasa**

# Kuwarter 1
# ANG AKING SARILI

# 1 UNANG LINGGO
# Nais at Di Nais

## I. Panlingguhang Layunin:

*Wikang Binibigkas:* Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa tekstong napakinggan
*Kaalaman sa Aklat at Limbag:* Naipamamalas ang wastong paraan ng pagsulat ng mga salita
*Pagkilala ng mga Salita:* Naibibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng kilos at pahiwatig ng teksto
*Katatasan:* Nababasa nang may kasanayan ang mga salita sa unang kita na naaayon sa baitang o antas
*Pagbabaybay:* Nagagamit ang kaalaman at kasanayan sa pagbabaybay sa pagsulat ng mga salita na naaayon sa baitang o antas
*Kamalayan sa Gramatika:* Nagagamit nang wasto ang mga pagbati at magagalang na pananalita ayon sa sitwasyon
*Pagpapalawak ng Talasalitaan:* Nagagamit ang kaalaman sa paraan ng pagbabaybay ng mga salita sa pagbasa.
*Pag-unawa sa Binasa:* Nakapagbibigay ng hinuha sa mangyayari sa kuwento
Naipakikita ang pagkaunawa sa teksto sa pamamagitan ng pagsagot sa mga literal at mas mataas na antas na tanong
Nababalikan ang mga mahahalagang detalye tungkol sa napakinggang kuwento
*Kaugalian sa Pagkagiliw sa Pagbasa:* Naipakikita ang kawilihan sa pakikinig at pagbasa ng kuwento sa pamamagitan ng matamang pakikinig at pagbibigay ng komento o reaksyon.

*Pagpapahalaga:* Pagkamagalang at pagkamatulungin

## II. Paksang Aralin:

**A. Paksa:**
Pagkikipagtalastasan tungkol sa kuwento. (nais/hindi nais)
Magagalang na Pananalita
Detalye ng kuwento, paghihinuha, komento o reaksyon
Mga salita sa unang kita

Pagbaybay ng mga salita na naaayon sa baitang o antas.

**B. Batayan/Sanggunian:**

Kuwento: “Unang Araw ng Pasukan”

Akda nina: Grace Urbien- Salvatus
Rianne Pesigan-Tinana
Babylen Arit-Soner

Awit: “Magandang Umaga”

Diyalogo: “Diyalogo sa pagitan nina Lina at Marlon

**C. Mga Kagamitan**

**Predition chart**, **character map**, **venn diagram**, kuwento, diyalogo

## III. Gawain sa Pagkatuto

## *1* Unang Araw

**Layunin:** Nagagamit nang wasto ang mga pagbati at magagalang na pananalita ayon sa sitwasyon.

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**

Ipaawit ang awit ng pagbati sa tono ng “Paru-parong Bukid” gamit ang istratehiyang pagmomodelo, paggabay at malayang pamamaraan.

Magandang umaga po
Mahal naming guro
Kami’y bumabati
Magandang umaga po
Kami ay nakahandang
Magbasa’t magsulat
Buong pusong bumabati
Magandang umaga po

**B. Pagganyak**

Itanong kung ano ang naramdaman ng mga bata habang umaawit at kung anong pagbati ang ginamit dito.

**C. Paglalahad/Pagmomodelo**

Ilahad at basahin ang diyalogo na nasa LM. Ipabasa sa mga bata ang diyalogo pagkatapos mong basahin.

**D. Pagtalakay**

Pasagutan ang mga tanong na nasa LM.

Isulat sa pisara ang mga magagalang na pananalita at ipabasa ito nang pabigkas.

**E. Paglalahat**

Ano-ano ang magagalang na pananalita at pagbati ang ating ginagamit?
Kailan natin ginagamit ang mga ito?
Basahin ang dapat tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Papasok ka sa inyong silid-aralan nang hindi sinasadya ay nabangga mo ang iyong kaklase. Ano ang iyong gagawin o sasabihin sa kaniya?

**G. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.

2. **Malayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang "Teleserye ng Magagalang na Pananalita" sa Gawain 2 sa LM.

**H. Pagtatasa**

Kumuha ng kapareha at gumawa ng usapan na gumagamit ng magagalang na pagbati o pananalita.

## *2* Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa tekstong napakinggan.
Naibibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng kilos at pahiwatig ng teksto.
Nakapagbibigay ng hinuha sa mangyayari sa kuwento.
Naipakikita ang pagkaunawa sa teksto sa pamamgitan ng pagsagot sa mga literal at mas mataas na antas na tanong.
Nababalikan ang mga mahahalagang detalye tungkol sa napakinggang kuwento.
Naipakikita ang kawilihan sa pakikinig at pagbasa ng kuwento sa pamamagitan ng matamang pakikinig at pagbibigay ng komento o reaksyon.

**Istratehiya**: **Read by the teacher (Read Aloud), Interactive Reading**

**A. Gawain Bago Bumasa**

**1. Paghahawan ng balakid**

1.1. malaglag

Baka malaglag ang mga gamit niya dahil bukas ang kaniyang bag.

1.2. Punongguro

Si Gng. Santos ay isang punongguro. Siya ang namamahala sa paaralan.

2. **Pagganyak**

Pag-usapan ang gusto at ayaw na prutas ng mga bata at bakit.

Itanong din kung nakatulong na sila sa ibang tao, kailan, sino,

paano, ano ang kanilang naramdaman, at bakit.

3. **Pangganyak na Tanong**

Ilahad ang mga tanong na nasa **Prediction Chart**. Ipahula ang sagot sa mga tanong at isulat sa hanay ng Hulang Sagot. Sabihin nabaalamin nila ang tunay na nangyari pagkatapos basahin ang kuwento .

| **Prediction Chart** | | |
|---|---|---|
| Tanong | Hulang Sagot | Tunay na Nangyari |
| 1. Ano ang gusto at ayaw na prutas ni Mina?<br>2. Bakit kaya masayang-masaya si Mina sa unang araw ng pasukan? | | |

B. **Gawain Habang Nagbabasa**

Basahin ang kuwento nang tuloy-tuloy sa una. Ipabasa ang kuwento sa mga bata nang may paghinto sa bawat talata upang magkaroon ng interaksiyon. Gamitin ang kuwento sa LM, pahina 5-6.

Hal.

*Tanong (unang talata)*

1. Sino ang maagang pumasok?
2. Bakit maagang pumasok si Mina?
3. Ano ang sinabi ni Mina sa nanay niya?
4. Ano ang ibinigay ng nanay kay Mina?
5. Bakit binigyan ng mangga ng nanay si Mina?
6. Gusto nyo rin ba ang manga/ Bakit?
7. Anong prutas naman ang ayaw ni Mina? Bakit?
8. Anong prutas naman ang ayaw ninyo? Bakit?
9. Ano ang sinabi ni Mina bago umalis patungo sa paaralan?
10. Bakit kailangang magpaalam ni Mina sa nanay niya?

11. Ano kaya ang magyayari kung hindi nagpaalam si Mina sa nanay niya?
12. Nakarating kaya sa paaralan si Mina?Bakit ?

*Tanong (ikalawang talata)*

13. Sino ang nasalubong niya?
14. Ano ang bati ni Mina sa punong-guro?
15. Ano kaya ang nangyari pagkatapos batiin ni Mina ang punong guro?

*Tanong (ikatlong talata)*

16. Sino ang napansin ni Mina sa kanyang paglalakad?
17. Bakit niya tinawag ang bata?
18. Kung ikaw si Mina gagawin mo rin ba ang kanyang ginawa?Bakit?
19. Bakit gusto mong tumulong?
20. Kanino ka pa tumutulong?Paano?Kailan?
21. Ano ang nais mong gawin maliban sa pagtulong?
22. Ano kaya ang mangyayri sa gamit ng bata kung hindi sinabihan ni Mina ang bata na bukas ang bag niya?
23. Magiging masaya kaya si Mina kung hinayaan na lang niya na bukas ang bag ng bata? Bakit?
24. Anong uri ng bata si Mina? batang lalaki?
25. Sino ang gusto mo, si Mina o ang batang lalaki? Bakit?
26. Sino ang ayaw mo sa dalawa? Bakit?

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**


1. **Pagsagot sa Pangganyak na Tanong**

Balikan ang **Prediction Chart**.
Sagutan ang bahagi na tungkol sa tunay na nangyari.
Paghambingin ang hulang sagot at ang sagot sa tunay na nangyari.
Itanong ang dahilan kung bakit pareho o hindi pareho ang sagot.

| **Prediction Chart** | | |
|---|---|---|
| Tanong | Hulang Sagot | Tunay na Nangyari |
| 1. Anong prutas ang gusto at ayaw ni Mina?<br><br>2. Bakit kaya masayang-masaya si Mina sa unang araw ng pasukan? | | 1. Mangga ang gustong prutas ni Mina.<br>Atis naman ang ayaw niya.<br><br>2. Sapagkat nakatulong siya sa isang mag-aaral sa kanilang paaralan sa unang araw ng pasukan. |

2. **Ugnayang Gawain:**
Ipagawa ang pangkatang gawain na nakasulat sa **activity cards.**

a. **Pangkat I: Katangian Ko, Tukuyin Mo!**
Gumawa ng **Character Map** at isulat ang mga katangian ni Mina.




b. **Pangkat II: Nais at Di-nais**
Iguhit ang hinog na mangga at atis. Ihambing ang katangian ng mga ito gamit ang Venn Diagram.

c. **Pangkat III: Sabi mo, Sabi ko**
Gumawa ng **Comic Strip** ng naging pag-uusap nina Mina at ng punongguro.

d. **Pangkat IV: Artista Ka ba?**
Isadula ang bahaging ito ng kuwento.
Sa kaniyang patuloy na paglalakad, napansin ni Mina ang isang batang lalaki na nakabukas ang bag. Hinabol niya ito. "Bata, nakabukas ang iyong bag, baka malaglag ang iyong mga gamit", ang sabi niya. "Naku oo nga, Maraming salamat ha!", ang sabi ng batang lalaki. "Walang anuman", ang nakangiting tugon ni Mina.

3. **Paglinang sa Kasanayan:**

a. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
Ano-ano ang kaniyang katangian?
Pakinggan natin ang pag-uulat ng Pangkat I.
Bakit ninyo nasabi na mabait /magalang si Mina?
Saan ba nagyari ang kuwento?
Ano naman ang masasabi ninyo sa nanay/punongguro ni Mina?

b. May gusto at ayaw na prutas si Mina.Ano kaya ito?Pakinggan at panoorin natin ang Pangkat II.
Bakit kaya gusto ni Mina ang mangga?
Ikaw ano ang gusto mong prutas? Bakit?
Ano naman ang ayaw mong prutas? Bakit?
Pare-pareho ba ang gusto/ayaw ninyong prutas?

Ano ang masasabi ninyo sa inyong gusto at ayaw?
(Iba-iba ang gusto at ayaw ng bawat bata/tao.)

c. Anong pagbati ang ginamit ni Mina?
Ano ang naging tugon ng punongguro?
Tingnan natin kung wasto ang sagot ninyo.
Pakinggan natin ang Pangkat III.
Bukod sa pagbati ano pang magagalang na pananlita ang narinig ninyo sa kuwento?Ginagamit nyo rin ba ang mga ito? Kailan?

d. Ano ang napansin ni Mina sa kaniyang paglalakad?
Ano ang kaniyang ginawa?
Panoorin ang Pangkat IV.
Tama ba ang ginawa ni Mina? Bakit?
Tama ba na magpasalamat ang bata kay Mina?Bakit?
Kailan pa kayo nagpapasalamat at kanino?

4. **Paglalahat**
Paano ninyo naunawaan ang kuwento?
Ipabasa ang Tandaan.

**TANDAAN:**

Mauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong at pagbibigay ng detalye tungkol dito.Ang pagbibigay ng hinuha,komento o reaksyon ang magbibigay kahulugan at ugnayan sa buhay.

5. **Pagtatasa**
Basahin ang tula sa Gawain 3 sa LM at ipagawa ang pangkatang gawain.

6. **Pangkatang Gawain:**
Sagutan ang bawat tanong.Isulat sa ginupit na Manila Paper.
*Pangkat 1*
Ano ang mensahe ng tula?
Bakit “Ang Gusto Ko!” ang pamagat ng tula?
Ano-ano ang gustong gawin ng nagsasalita sa tula?
Bakit kaya gusto niyang gawin ang mga ito?
*Pangkat 2*
Bakit kailangang tumulong sa gawaing bahay tuwina?
Bakit kailangang mag-aral siyang mabuti?
Nag-aaral ka rin bang mabuti?Bakit?
*Pangkat 3*
Bakit kailangang itapon nang wasto ang basura sa bakuran?

Papaano ang wastong pagtatapon ng basura?Iguhit ito.
*Pangkat 4*
Bakit kailangang alagaan o pagyamanin ang halaman at hayop?
Papaano aalagaang mabuti ang halaman at hayop?
Papaano nakatutulong ang mga ito?
*Pangkat 5*
Bakit kailangang maging mabuti kang mamamayan?
Papaano mo ito gagawin? Isadula ito.

Itanong kung paano sila nakabuo ng sagot sa mga tanong at kung ano ang tawag sa pagbibigay ng hula sa maaaring mangyari ayon sa sitwasyong nabanggit.
Ipabasa ang dapat tandaan sa LM.

## *3* Ikatlong Araw

**Layunin:** Nababasa nang may kasanayan ang mga salita sa unang kita na naayon sa baitang o antas.
Nagagamit ang kaalaman sa paraan ng pagbaybay ng mga salita sa pagbasa**.**

**Kasanayan sa Pagbasa**

**A. Pagganyak at Paglalahad**

1. Ilahad at ipakanta ang awit.
   **Adaptation from the Tune of "Where is Thumbman?"**
   Guro: Magandang umaga (2x), sa inyo (2x)
   Kumusta kayo (2x)
   Mag-aaral: Mabuti po (2x)
2. Ipabasa ang mga magagalang na pananalita sa LM.

**B. Pagtalakay**

1. Itanong ang wastong paraan ng pagbigkas ng mga magagalang na pananalita.
   a. Ipabasa ang mga magagalang na pananalita na nasa pisara, nasa tsart o nasa ginupit na kartolina.
   b. Ipakita at ipabasa ang mga salita na nasa kartolina/tsart (**High frequency words**)

**C. Paglalahat**

Paano binabasa ang mga salita?
Basahin ang mga dapat tandaan sa LM.

**D. Paglalapat:**

Tumingin sa paligid ng silid-aralan. Basahin ang mga salitang makikita ninyo.

**E. Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang Pagsasanay:**

Tambalang pagbasa: Ipabasa nang sabay ang mga magagalang na pagbati at pananalita sa tsart nang may wastong tono, ekspresyon, at pagpapangkat ng mga pantig at salita.

1. Magandang umaga po.
2. Magandang hapon po.
3. Kumusta po?
4. Maraming salamat po.
5. Mano po.
6. Magandang tanghali po.
7. Magandang gabi po.
8. Paumanhin po.
9. Makikiraan po.
10. Wala pong anuman.

**2. Malayang Pagsasanay:**

Ipagawa ang Gawain 4 sa LM.

## *4* Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nagagamit ang kaalaman at kasanayan sa pagbaybay sa pagsulat ng mga salita na naaayon sa baitang o antas.

**Kasanayan sa Pagsulat**

**A. Balik-aral:**

Ipasulat ang pangalan ng mga bata.
Itanong kung papano nila ito isinulat.

**B. Pagganyak**

Ipakita ang mga lagayan ng mga sabon, **noodles, toothpaste**, **shampoo**, atbp.
Ipasabi ang ngalan ng bawat isa.
Ipabasa ang ngalan ng bawat isa.
Ipabasa nang pabaybay.
Ipasulat ang ngalan ng bawat isa sa pisara.
Ituro ng guro ang wastong pagsulat ng bawat salita.
Ipagaya ang wastong pagsulat sa mga bata.
Itanong kung papaano isinulat ang ngalan ng mga bagay.

**C. Paglalahad**

Ipabasa muli ang mga magagalang na pananalita at pagbati na nasa chart. Ipagaya ang wastong pagsulat sa mga bata.

**D. Pagtalakay:**

Itanong kung papaano isinulat ang ngalan ng mga bagay.

**E. Paglalahat:**

Paano naman ang wastong paraan ng pagsulat ng mga magagalang na pagbati at pananalita?

**F. Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang Pagsulat**

Ipagawa ang Gawain 5 sa LM.

**2. Malayang Pagsulat**

Sumulat ng limang salita tungkol sa mga nakikita ninyo sa pagpasok sa paaralan.

## 5 Ikalimang Araw

**A. Pagtataya:** Gamit ang iyong sagutang papel, isulat ang letra ng wastong sagot.

1. Isang hapon nasalubong ni Karen ang kanyang kaibigan na si Rosa. Ano ang sasabihin niya?
    a. Magandang umaga Rosa.
    b. Magandang tanghali Rosa.
    c. Magandang hapon Rosa.
2. Nabangga ni Lisa ang gamit na dala- dala ni Ben nang hindi sinasadya.
    a. Maraming salamat Ben.
    b. Paumanhin Ben.
    c. Walang anuman Ben.
3. Nagpunta sina Mario at Luisa sa Mall.Gustong bumili ng krayola ni Luisa, notbuk naman ang nais bilhin ni Mario. Ano ang gustong bilhin ni Luisa?
    a. krayola
    b. lapis
    c. notbuk
4. Kumain ng maraming hilaw na mangga si Jose.Mayamaya, umiyak siya hawak ang tiyan. Bakit kaya?
    a. Nalulungkot siya.
    b. Busog na busog siya.
    c. Sumasakit ang tiyan niya.
5. Basahin sa iyong sarili ang mga salita. Kopyahin sa sagutang papel ang naiibang salita.
    paumanhin panauhin paumanhin
    paumanhin

Isulat nang wasto ang bawat salitang bibigkasin ko.

6. salamat 7. Umaga 8. hapon
9. paalam 10. tanghali

**B. Pantulong na Gawain:**

Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Kaarawan mo. Binigyan ka ng iyong ate ng regalo.
   a. Maraming salamat, Ate.
   b. Walang anuman, Ate.
   c. Paumanhin, Ate.
2. Papasok ka na sa paaralan.
   a. Paalam na po, nanay/tatay.
   b. Magandang umaga po, nanay/tatay.
   c. Paumanhin po, nanay/tatay.
3. Alin ang naiibang salita?
   a. pagbubutihin b. pagbubutihin c. pagbubutihan

   4-5.Aling salita ang may tamang baybay?

   4. a. tanghale b. tanghaili c. tanghali
   5. a. tomolong b. tumulong c. tomulong

**C. Pagpapayamang Gawain**:

Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Alin ang nagpapakita ng magalang na pananalita?
   a. Pahiram ng walis, Aling Maring.
   b. Maaari po bang makahiram ng walis, Aling Maring?
   c. Kailangan ko ng walis. Pahiram Aling Maring.
2. Dumating ang kaibigan ng iyong tatay. Ano ang iyong sasabihin?
   a. Wala dito si tatay.
   b. Diyan ka lang sa labas at tatawagin ko si tatay.
   c. Tuloy po kayo. Tatawagin ko po si tatay.

3-5. Magdikta ng 3 salita mula sa napag-aralang **High Frequency Words.**

# 2 IKALAWANG LINGGO
## Ang Mayroon sa Aming Rehiyon

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas:* Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o kaklase tungkol sa tekstong napakinggan

Nakikilahok nang masigla sa talakayan ng kuwento sa pamamagitan ng pagbibigay ng saloobin

Nauuri nang pasalita ang mga tao, lugar, pangyayari, bagay, at hayop gamit ang mga pahayag na angkop sa sariling kultura

*Kaalaman sa Aklat at Limbag*: Nabibigyang pansin at naasusunod sa mga pamantayan sa pagsipi ng pangungusap na may tamang gamit ng letra at bantas

Naisusulat nang wasto ang mga salitang may klaster

*Pagkilala ng mga Salita*: Nababasa ang mga salitang may kambal-katinig o klaster

*Katatasan:* Nababasa nang malakas ang mga teksto sa ikalawang baitang na may kawastuhan at kasanayan

*Pagbabaybay*: Nakikilala ng ugnayan ng tunog at simbolo at nagagamit ito sa pagsulat

Naisusulat ang mga salitang may kambal-katinig o klaster

*Kamalayan sa Gramatika*: Nakikilala ng mahahalagang tao, lugar, ang pangyayari , bagay, at hayop sa tulong ng mga larawan, at mga pahayag na angkop sa sariling kultura at nauuri ang mga ito kung tao,bagay,hayop,lugar o pangyayari

*Pagpapalawak ng Talasalitaan*: Nagagamit ang kaalaman sa paraan ng pagbabaybay ng mga salita sa pagbasa

*Pag-unawa sa Binasa*: Nadadagdagan ang dating kaalaman batay sa bagong impormasyon mula sa binasang teksto.

Naipakikita ng pagkaunawa sa teksto sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na tanong.

Naibibigay muli ang mga mahahalagang detalye sa napakinggan at binasang teksto

*Kaugalian sa Pagkagiliw sa Pagbasa*: Naipakikita ng kawilihan sa pakikinig at pagbabasa ng teksto sa pamamagitan ng matamang pakikinig at pagbibigay ng komento o reaksyon

*Pagpapahalaga*: Pagpapahalaga sa mga bagay na mayroon sa sariling rehiyon.

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa**

Pag-uuri ng mga tao, lugar, pangyayari, bagay, at hayop
Mga pamantayan sa pagsipi ng pangungusap
Mga salitang may klaster
Paraan ng pagbabaybay ng mga salita sa pagbasa
Pag- unawa sa teksto

**B. Batayan/Sanggunian:**

Kuwento: “Alamin; Tuklasin!”
Akda ni: Riannne Pesigan-Tinana
Tula: “Mga Kaibigan”
Akda nina; Rianne Pesigan-Tinana
Edgar Pestijo

**C. Mga Kagamitan:**

KWL chart, mga larawan ng kilalang tao, mahahalagang pangyayari, at magagandang tanawin

Kuwento: “Alamin,Tuklasin!
Tula: “Mga Kaibigan”

## III. Gawain sa Pagkatuto

### 1 Unang Araw

**Layunin:** Nakikilala ng mahahalagang tao, bagay, hayop, lugar o pangyayari sa tulong ng mga larawan, at mga pahayag na angkop sa sariling kultura
Nauuri ang mga ito kung tao,bagay, hayop, lugar o pangyayari

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

A. **Panimulang Gawain**
Magpalaro ng “Hanapin ang Katulad”.
Hal. Magsama-sama ang magkakatulad ang kulay ng damit.
Magsama-sama ang babae, ang lalaki.

B. **Pagganyak**
Itanong kung paano nila ipinangkat ang kanilang sarili.

C. **Paglalahad/Pagmomodelo**
Ipakita ang mga larawang nasa LM.
Ipatukoy kung ano-ano ang nakikita nila.

D. **Pagtalakay**
Ipauri ang bawat larawan kung ngalan ng tao,bagay, hayop, lugar o pangyayari.
Tumawag ng bata na sasagot sa bawat bilang.
Anong larawan ang kabilang sa lugar?
Sino ang larawang nasa tao?
Ano ang halimbawa ng mga pangyayari?
Sa hayop,ano ang halimbawa?
Ano ang halimbawa ng mga bagay?

E. **Paglalahat**
Paano inuuri ang pangngalan?
Basahin at isaisip ang tandaan sa LM.

F. **Paglalapat**
Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.

G. **Kasanayang Gawain**
1. *Pinatnubayang Pagsasanay*
Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.
2. *Malayang Pagsasanay*
Ipagawa ang Gawain 3 sa LM.

H. **Pagtatasa**
Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Si <u>Korina Sanchez</u> ay isang mamamahayag. Araw-araw natin siyang nakikita sa telebisyon. Ang salitang may salunguguhit ay ngalan ng_____
   a. tao  b. lugar  c. pangyayari  d. hayop
2. Nagpapaligo ng <u>kabayo</u> ang tatay sa ilog. Ang salitang may salungguhit ay_________.
   a. pangyayari  b. lugar  c. hayop  d. bagay
3. Alin sa mga sumusuod na salita ang ngalan ng lugar?
   a. Luneta Park  c. Pasko
   b. Pangulong Noynoy Aquino III  d. kalabaw
4. Alin sa mga sumusunod ang isang uri ng pangyayari?
   a. ahas  b. Cavite  c. Pasko  d. tinapa
5. Si ate ay mahilig sa <u>laso</u>. Ang salitang may salunguguhit ay halimbawa ng_________
   a. bagay  b. hayop  c. lugar  d. pangyayari

## *2* Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o kaklase tungkol sa tekstong napakinggan

Nakikilahok nang masigla sa talakayan ng kuwento sa pamamagitan ng pagbibigay ng saloobin

Nauuri nang pasalita ang mga tao, lugar, pangyayari, bagay, at hayop gamit ang mga pahayag na angkop sa sariling kultura

Nadadagdagan ang dating kaalaman batay sa bagongimpormasyon mula sa binasang teksto.

Naipakikita ng pagkaunawa sa teksto sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na tanong.

Naibibigay muli ang mga mahahalagang detalye sa napakinggan at binasang teksto

Naipakikita ng kawilihan sa pakikinig at pagbabasa ng teksto sa pamamagitan ng matamang pakikinig at pagbibigay ng komento o reaksiyon

**Istratehiya**: **Read with the Teacher *(Shared Reading)***

**A. Gawain Bago Bumasa**

**1. Paghahawan ng balakid**

(*Gamit ang pahiwatig na pangungusap)*

1.*1.impormasyon-* Si Grace ay nagbibigay ng impormasyon o kaalaman tungkol sa kanyang sarili.

*1.2. magsaliksik-* Ang takdang-aralin ni Carla ay magsaliksik o kumuha ng mga impormasyon tungkol sa kanilang lugar.

*1.3 rehiyon -*




Ang mga lalawigang Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, at Quezon ang bumubuo sa rehiyong IV-A.

2. **Pagganyak**
   Itanong kung nakarating na ba sila sa mga magagandang lugar sa kanilang rehiyon.
   Itanong kung sino ang kilala nilang tao sa kanilang rehiyon.
3. **Pangganyak na Tanong**
   Ilahad ang kuwento at sagutan ang KWL chart.
   Gabayan ang mga bata sa paglalagay ng alam nang impormasyon tungkol sa rehiyon at nais malamang impormasyon tungkol sa rehiyon.

| KWL Chart | | |
|---|---|---|
| Alam nang impormasyon tungkol sa rehiyon | Nais malamang impormasyon tungkol sa rehiyon | Nalamang impormasyon tungkol sa rehiyon |
| | | |

**B. Gawain Habang Nagbabasa**
Basahin ang kuwentong, "Alamin! Tuklasin! sa LM

**C Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa pangganyak na tanong**
   Balikan ang KWL chart.
   Sagutan ang bahaging " nalamang impormasyon tungkol sa rehiyon".
2. **Ugnayang Gawain**
   Ipangkat ang mga mag-aaral.
   Ipagawa ang pangkatang gawain.
   a. **Pangkat I: Lakbayin mo,Tukuyin mo!**
      Lakbayin ang mga lugar sa ating rehiyon.
      Masdan ang mga larawan at alamin ang lugar kung saan ito matatagpuan.



Aguinaldo Shrine, matatagpuan ito sa Cavite. Halaw sa Google */latinamericanstudies.org*




Rizal Shrine, matatagpuan ito sa Laguna. Halaw sagoogle/*latinamericanstudies.org*



Lawa ng Taal, matatagpuan ito sa Batangas.
Halaw sa Google */magandangideya. coma*



Bundok Banahaw, matatagpuan ito Quezon.Halaw sa Google/ *agirlsnotebook.page.ph*




Antipolo Shrine, matatagpuan ito sa Rizal.Halaw sa Google */traveleronfoot.wordpress*

b. **Pangkat II: Awit mo, Aawitin ko!**
Maliban sa mga taong nakita sa pagsasaliksik ng mag-aaral sa kuwento, mayroon pa ring mga taong kilala sa ating rehiyon sa ngalan naman ng pag-awit.
May alam ba kayong awit nila?
Pumili kayo at awitin ito sa harap ng klase.

c. **Pangkat III: Iguhit mo, Pagdiriwang ko!**
Kunin ang larawan mula sa inyong guro.
Kilalanin ang mga pagdiriwang na ito.
Pagkatapos, iguhit ang nais mong mapuntahang pagdiriwang.
Bakit nais mong mapuntahan ang pagdiriwang o kapistahan na ito?





HigantesFestival, isang pagdiriwang sa lalawigan ng Rizal.

Coconut Festival, isang pagdiriwang sa lalawigan ng Laguna





Pahiyas Festival, isang pagdiriwang sa lalawigan ng Quezon.

KabakahanFestival, isang pagdiriwang sa lalawigan ng Batangas.

d. **Pangkat IV: Lugar ko, Hanapin mo!**

Tingnan ang mapa ng CALABARZON.
Hanapin ang bawat lalawigan.
Tukuyin ang mga lalawigang bumubuo sa ating rehiyon.
Alamin kung ano-ano ito.




3. **Paglinang sa Kasanayan**
   a. Ano-ano ang ilang magagandang lugar mayroon sa ating rehiyon?
      Pakinggan natin ang pag-uulat ng Pangkat I.
      Saan matatagpuan ang mga ito?
      Ano ang dapat gawin sa magagandang lugar na ito?
      Ano ang naramdaman ng Makita mo ang mga lugar na ito?Bakit?

b. Sino-sino ang ilan sa nakilalang mga tao sa ating rehiyon?
   Tingnan natin ang gagawin ng Pangkat II.
   Sa anong larangan sila nakilala? Bakit?
c. Ano ang ilang pagdiriwang sa ating rehiyon?
   Nais mo bang makarating dito? Bakit?
   Tingnan natin ang iginuhit ng Pangkat III.
d. Aalamin naman natin ngayon kung saan natin makikita ang mga lugar na nabanggit sa ating kuwento.
   Tingnan natin ang ginawa ng Pangkat IV.
   Ano ang dapat nating gawin sa mga magagandang lugar, kilalang tao, mga kapistahan o pagdiriwang sa ating rehiyon? Bakit?

4. **Paglalahat**
   Paano ninyo naunawaan ang kuwento?

5. **Pagtatasa**
   Basahin ng guro ang pamamaraan ng paggawa ng tamalis at magtanong pagkatapos**.**

**Paggawa ng Tamalis**

*Sangkap:*

1 salop ng malagkit
2 kutsaritang karbonato
$1^{1/2}$ kutsaritang asin
gata at sangkaka
dahon ng saging na idinarang sa apoy

*Paraan ng paggawa:*

1. Magpakulo ng $2^{1/2}$ tabong tubig.
2. Hugasan ang malagkit at ilagay sa kumukulong tubig.
3. Ihulog na rin ang asin at karbonato.
4. Haluing mabuti upang hindi masunog hanggang sa maluto ang malagkit.
5. Ibalot sa katamtamang laki ng dahon ng saging ang nalutong malagkit.
6. Ilagay ang binalot na malagkit kaldero at isigang muli hanggang maiga ang tubig.
7. Sa santan, maglagay ng isang tabong gata sa kawali.
8. Ilagay ang sangkaka at tunawin sa gata. Haluing mabuti hanggang sa lumapot ito.
9. Salain ang nalutong santan upang alisin ang mga hndi natunaw na sangkaka.
10. Ihain ang nalutong tamalis kasama ang santan nito.

## 3 Ikatlong Araw

**Layunin:** Nababasa ang mga salitang may kambal-katinig o klaster
Nababasa nang malakas ang mga teksto sa ikalawang baitang na may kawastuhan at kasanayan**.** Nagagamit ang kaalaman sa paraan ng pagbabaybay ng mga salita sa pagbasa

**Kasanayan sa Pagbasa**

**A. Pagganyak at Paglalahad**

Ipabasa ang tulang “ Mga Kaibigan” sa LM.

**B. Pagtalakay**

1. Itanong kung sino ang mga batang nabanggit sa kuwento.
2. Itanong kung ano ang napansin sa pagkakasulat ng pangalan ng mga bata.
3. Ipabasa ang mga salitang nasa LM.
4. Itanong kung ano ang napansin nila sa mga salitang kanilang binasa.

**C. Paglalahat**

Kailan sinasabi na ang salita ay may kambal-katinig o klaster?
Paano ang wastong paraan ng pagsulat sa mga salitang ito?
Ipabasa ang dapat tandaan sa LM.

**D. Paglalapat**

Ipatukoy sa mga bata ang kaklase nila na ang ngalan ay may kambal-katinig o klaster.

**E. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagbasa**

   Ipabasa ang mga salitang may kambal-katinig o klaster sa Gawain 4 sa LM.
   Ipabasa ang mga salitang may kambal-katinig o klaster nang pangkatan, dalawahan, at isahan.

2. **Malayang Pagbasa**

   Ipabasa ang mga salitang may klaster sa Gawain 5 sa LM
   .

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Naibibigay pansin at pagsunod sa mga pamantayan sa pagsipi ng pangungusap na may tamang gamit ng letra at bantas
Naisusulat nang wasto ang mga salitang may klaster

**Kasanayan sa Pagsulat**

**A. Balik-aral**

Itanong sa mga bata kung kaninong ngalan ang nagsisimula sa kambal-katinig o klaster. Ipasulat ito sa pisara.

**B. Pagganyak**

Itanong sa mga bata at sagutin ang mga tanong.
Isulat sa pisara ang tamang sagot.

a. Naghuhugas ako nito, pagkatapos gamitin. Ito ay hugis bilog, biluhaba,malapad at babasagin, ano ito? (plato)
b. Gamit ito sa pag-aaral. Katamtaman ang haba, may iba't ibang kulay at nakatutulong upang gumanda ang ating likhang sining. Ano ito? (krayola)
c. Bahagi ito ng ating katawan. Ito ay mahaba, karugtong ng ating kamay, ano ito? (braso.)
d. Ito ay uri ng sasakyan. Mahaba na tila uod kung gumalaw. Tumabi kahit malayo upang disgarasya ay di matamo. Ano ito?

**C. Paglalahad**

Ipabasa ang mga sagot ng bata na nasa pisara.
Ipagaya ang wastong paraan ng pagsulat sa mga bata.

**D. Pagtalakay**

1. Itanong kung ano ang napansin sa pagsulat ng ngalan ng tao, bagay, hayop, pook o pangyayari.
2. Itanong kung ano ang napansin sa pagsulat ng tanging ngalan ng tao, lugar o pangyayari.

**E. Paglalahat**

Paano ang wastong paraan ng pagsulat ng tanging ngalan ng tao, bagay, hayop, pook o pangyayari na may kambal-katinig o klaster?
Paano ang tamang paraan ng pagsulat ng di-tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, pook o pangyayari na may kambal-katinig o klaster?
Ipabasa ang dapat tandaan sa LM.

**F. Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang Pagsulat**

Ipagawa ang Gawain 6 sa LM.

**2. Malayang Pagsulat**

Magpasulat ng limang (5) salitang may kambal-katinig o klaster sa kuwaderno na may tamang paraan ng pagsulat.

***5*** .
**Ikalimang Araw**

**A. Pagtataya**

**I.** Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

1. Si Clarisse ay nagsasayaw. Alin ang ngalan ng tao?
   a. nagsasayaw b. Si c. Clarisse
2. Alin sa mga sumusunod ang ngalan ng bagay?
   a. kalabaw b. pamaypay c. Trak

3. Pumunta ang aming pamilya sa Lucban upang manood ng Pahiyas. Alin ang ngalan ng pangyayari?
   a. Lucban b. pumunta c. Pahiyas
4. Marami silang alagng kabayo sa kanilang bukid. Ang salitang may salungguhit ay ngalan ng______.
   a. tao b. bagay c. Hayop
5. Namasyal ang mag-anak ni Gng. Lorenzo sa Tayabas. Alin ang ngalan ng lugar?
   a. mag-anak b. namasyal c. Tayabas

II. Basahin ang maikling kuwento.

Maagang gumising si Brando. Kumain ng agahan, naligo, nagbihis ng maayos na damit at inihanda ang sarili sa pag-alis. Nagpaalam siya sa nanay at tatay.

6. Sino ang batang nabanggit sa kuwento?________________
7. Saan kaya siya pupunta?_________________

8-10. Magbigay ng tatlong (3) salita na may kambal-katinig o klaster.

**B. Pantulong na Gawain**

Isulat sa iyong papel ang letra nang wastong sagot.

1. Nagbigay ng sulat si Placida sa kanyang guro. Aling salita ang may kambal-katinig?
   a. guro b. Placida c. guro
2. Alin sa mga sumusunod ang salitang may klaster?
   a. prutas b. sawa c. ninong
3. Pupunta kami sa simbahan bukas. Alin ang ngaln ng pook?
   a.bukas b. simbahan c. pupunta
4. Aling salita ang may wastong baybay?
   a. prensesa b. dragun c. grasa
5. Alin sa mga sumusunod na salita ang hindi kabilang sa pangkat?
   a. rehiyon b. braso c. grasa

**C. Pagpapayamang Gawain**

Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Aling pangkat ng salita ang naiiba?
   a. plato, kutsara, at tinidor c. dragon, pusa, baboy
   b. prinsesa, kanluran, at prutas
2. Aling salita ang may wastong baybay?
   a. braso b. platu c. Parki

   Idikta ang mga sumusunod na salita.

3. Brenda
4. Quezon
5. Plasa

# 3 IKATLONG LINGGO
## Pangunahing Pangangailangan

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas:* Naipahahayag nang pasalita ang mga pangunahing pangangailangan
Nakabibigkas nang may kawilihan ng 3-5 saknong na tugma/tula na angkop sa sariling kultura.

*Kaalaman sa Tunog:* Nakabibigkas sa mga salitang magkatugma sa 2-3 saknong na tula
Nakapagbibigay ng mga salitang magkatugma upang makabuo ng 2-3 saknong na tula

*Kaalaman sa Aklat at Limbag:* Nasasabi ang tampok na katangian ng tula

*Pagkilala ng mga Salita*: Nababasa nang may pag-unawa ang tugma at tula gamit ang kaalaman sa kahulugan ng mga salita na ginamit dito

*Katatasan*: Nababasa ang tugma at tula nang may kasanayan at kahusayan.

Pagbabaybay: Nababaybay nang wasto ang mga salita na ginamit sa tugma o tula

*Pagpapalawak ng Talasalitaan*: Nagagamit ang kaalaman sa paraan ng pagbaybay sa pagbasa

*Pag-unawa sa Binasa*: Nakababasa ng maikling tugma o tula at natutukoy ang salik (**basic elements**) nito tulad ng ritmo at tugma. Naipakikita ang pagkaunawa sa tulang binasa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong.
Natutukoy ang tiyak na detalye ng tugma na sumasagot sa literal at mas mataas na antas na tanong.

*Kaugalian sa Pagkagiliw sa Pagbasa*:Naipakikita ang kagustuhan sa pagbasa at pakikinig ng tula sa pamamagitan ng pagsulat/ paglikha ng sariling tula o tugma.

*Pagpapahalaga:* Pangangalaga sa likas na yaman

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa**

Mga pangunahing pangangailangan
Mga salitang magkatugma sa 2-3 saknong na tula
Tampok na katangian ng tula
Pag-unawa sa tugma at tula
Pagbaybay nang wasto ng mga salita na ginamit sa tugma o tula

Pagtukoy sa salik (**basic elements**) nito tulad ng ritmo at tugma
Pagsulat/paglikha ng sariling tula o tugma.

**B. Batayan/Sanggunian:**
K-12 **Curriculum**

**C. Mga Kagamitan**
Prediction chart, word map, mga larawan
Tula: Likas na Yaman - akda ni Anabelle F. Empleo
Pangunahing Pangangailangan- akda ni Rejulios M. Villenes
Sino ang may Sala?- akda ni John Lyndon V. Jorvina
Edukasyon- akda ni Anabelle F. Empleo
Isang Pangarap-akda ni Arlene E. Esguerra

**III. Gawain sa Pagkatuto**

***1*** **Unang Araw**

**Layunin:** Nakabibigkas nang may kawilihan ng 3-5 saknong na tugma/tula na angkop sa sariling kultura.
Nakapagbibigay ng mga salitang magkatugma upang makabuo ng 2-3 saknong na tula
Nababasa nang may pag-unawa ang tugma at tula gamit ang kaalaman sa kahulugan ng mga salita na ginamit dito

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**

Ipabigkas ang tugma.

Uminom ka ng gatas
Ikaw ay lalakas
Kumain ka ng itlog
Ikaw ay lulusog.

**B. Pagganyak**

Itanong kung ano ang binabanggit sa tugma.
Itanong din kung magandang pakinggan ang hulihan ng bawat linya at bakit.

**C. Paglalahad/Pagmomodelo**

Ipabasa ang tugmang “Likas na Yaman” sa LM.

**D. Pagtalakay**

Itanong kung tungkol saan ang tugma.
Ipabasa ang mga salita sa hulihan ng una at ikalawang saknong.
Itanong kung sa anong pantig nagtatapos ang bawat salita at kung magkakapareho ang tunog nito sa hulihan.
Pagbigayin pa ang mga bata ng mga salitang magkapareho ang tunog sa hulihan ng mga salita.

**E. Paglalahat**

Ano ang tawag sa mga salitang magkakapareho ang tunog sa hulihan?

Ipabasa ang dapat tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Punan ang patlang ng wastong salita para mabuo ang tugma.

Masustansiyang pagkain
Sa hapag ay __________
Kalusugan ay gaganda
Tiyak na tataas ang ______.

**G. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.
2. **Malayanag Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.

**H. Pagtatasa**

Tukuyin ang mga salitang magkatugma sa bawat taludtod ng tula.

Pagkalinga ng magulang
Ay isa ring pangangailangan
Kaligtasan at katahimikan
Dapat ding isaalang-alang.

Pangangailangan ito ng bawat kabataan
Huwag natin itong ipagkait
Sikaping ito'y kanilang makamit
Sa ginagalawang pamayanan.

## *2-3* Ikalawa at Ikatlong Araw

**Ikalawang Araw**

**Layunin:** Naipahahayag nang pasalita ang mga pangunahing pangangailangan

Nababasa nang may pag-unawa ang tugma at tula gamit ang kaalaman sa kahulugan ng mga salita na ginamit dito

Nasasabi ang tampok na katangian ng tula

Nakababasa ng maikling tugma o tula at natutukoy ang salik *(***basic elements***)* nito tulad ng ritmo at tugma

**Istratehiya: Read by the teacher (Read Aloud), Read to the teacher (Independent Reading)**

**A. Gawain Bago Bumasa**

1. **Paghahawan ng balakid**
   Ipakita ang mga larawan sa LM.
   Itanong kung ano-ano ito at ang gamit ng mga ito.


2. **Pagganyak**
   Ipabigkas muli ang tugma tungkol sa pag-inom ng gatas. Itanong kung ano ang kabutihang naidudulot nito.
3. **Pangganyak na Tanong**
   Ano ang paksa ng tula? Ano-ano ang pangunahing pangangailangan?

**B. Gawain Habang Nagbabasa**

Ipakuha ang LM sa mga bata. Basahin mo ang tula nang tuloy-tuloy gamit ang tamang tono, baybay at paghahati ng mga salita sa bawat linya nito. Ipabasa ito sa mga bata ayon sa iyong ginawang pagbasa sa LM.

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa pangganyak na tanong:**
   Ano ang paksa ng tula? Ano-ano ang pangunahing pangangailangan?
2. **Ugnayang Gawain**
   Ipagawa ang pangkatang gawain.
   a. **Pangkat I:Pagkain Mo, Pangkatin Mo!**
   Gumawa ng talaan ng tatlong pangkat ng pagkain gamit ang **graphic organizer**.Gawin ito sa kartolina.




   b. **Pangkat II: Kasuotan Mo, Iguhit Mo!**
   Iguhit ang iba't ibang kasuotang ginagamit natin kung taglamig, tag-init, at iba pa nating kasuotan .
   Isipin rin ninyo kung paano ninyo pangangalagaan ang inyong kasuotan.

   c. **Pangkat III: Tirahan Natin!**
   Gumuhit ng mga bahay na yari sa bato/semento at kawayan/pawid. Alin sa inyong iginuhit ang kagaya ng inyong bahay?
   d. **Pangkat IV: Makata ako!**
   Bigkasin ang isang bahagi ng tula nang may wastong tono at papantig na baybay.

.

Anyong lupa ay ating taniman
Anyong tubig ay huwag tapunan
Ang mga ito ay napagkukunan
Pangunahing pangangailangan.

3. **Paglinang sa Kasanayan**
   a. Tungkol saan ang tula?
   Ano ang unang pangunahing pangangailangan natin?
   Ano-ano ang pangkat ng pagkain?Ano-ano ang naidudulot nito sa atin?
   Tunghayan natin ang pag-uulat ng Pangkat I.
   Ano ang dapat nating isaalang-alang sa pagkain batay sa
   3 pangkat nito?
   Ano ang dapat kainin ng mga batang katulad ninyo?

   b. Ano pa ang ating pangunahing pangangailangan?
   Ano-ano ang halimbawa nito?
   Ano ang dapat isuot kung taglamig?Kung tag-init?
   Pakinggan natin ang pag-uulat ng Pangkat II.
   Paano natin pangangalagaan ang ating kasuotan?

   c. Ayon sa tula,ano pa ang ating pangunahing pangangailangan?
   Alamin natin ang mga halimbawa nito.
   Panoorin at pakinggan natin ang Pangkat III.
   Alin sa iniulat na tula ang katulad ng pagkakayari ng inyong bahay?

   d. Saan galing ang mga pangunahing pangangailangang ito?
   Ano ang dapat nating gawin sa ating mga anyong lupa at tubig?
   Mahalaga ba ito?
   Pakinggan ang tula ng Pangkat IV.
   Bilang isang mag-aaral, paano mo maipakikita ang pangangalaga mo sa mga pinagkukunan ng pangunahing pangangailangan?

4. **Paglalahat**
   Paano ninyo naunawaan ang Tula?
   Ipabasa ang Tandaan

**Tandaan:**

May mga salik ang tula.

1. Ang **ritmo** ng tula ay nagsasabi kung ilang papantig na baybay ang isang taludtod. Ang **taludtod**ay ang linya sa saknong. Ang **saknong** ay ang pangkat ng taludtod.

2. Ang **tugma** ng tula ay bilang ng salitang magkatugma na ginamit sa bawat saknong.

## 3 Ikatlong Araw

**A. Balik-Aral at Paglalahad**

Ipabasa muli ang tula tungkol sa Pangunahing Pangangailang sa LM .

**B. Pagtalakay**

Ilang pangkat ng linya mayroon ang tula? (4)
Ano ang tawag sa pangkat ng linya ng tula? ( saknong)
Ilang linya mayroon ang isang saknong? (4)
Ano ang tawag sa mga linya ng saknong? (taludtod)
Bigkasin nang papantig na baybay ang bawat linya o taludtod ng tula.
Ilang papantig na baybay mayroon ang bawat taludtod?(10)
Ano ang tawag sa bilang ng papantig na baybay ng taludtod? (Ritmo)
Magkakapareho ba ang bilang ng papantig na baybay sa lahat ng taludtod ng bawat saknong?
Ilan ang ritmo ng ating binasang tula? (may 10 ritmo)

Balikan ang unang saknong ng tula.
Ano-ano ang magkatugmang salita sa hulihan ng taludtod?
Bakit magkakatugma ang mga ito?
(pagkain – kanin, gatas – prutas)
Ilan ang magkatugmang salita?(2). Ano-ano ito?
Ilanang tugma ang ginamit sa tula . (dalawahang tugma)
Tingnan ang ikalawang saknong.
Ano-ano ang magkatugmang salita sa hulihan ng saknong?
(kailangan, man, tag-ulan, at naman)
Kaya, ilang tugma ang ikalawang saknong? (isahang tugma)

**C. Paglalahat**

Ano-ano ang salik ng tula?
Ipabasa ang dapat tandaan sa LM.

**D. Paglalapat**

Pasagutan ang Gawain 3 sa LM.

**E. Kasanayang Gawain**

*1. Pinatnubayang Pagsasanay*

Tukuyin ang ritmo, tugma, at mga salitang magkatugma na ginamit sa Gawain 4 mula sa LM.

*2. Malayang Pagsasanay*

Ipagawa ang Gawain 5 sa LM.

**F. Pagtatasa**

Tukuyin ang ritmo, tugma, at mga salitang magkatugma na ginamit sa bahaging ito ng tula.

Masakit isipin ang katotohanan
Gan'tong kalagayan, tao ang dahilan
Walang paggalang sa Inang Kalikasan

Ritmo: ___________________________

Tugma:___________________________

Mga salitang magkatugma

___________________________________________

___________________________________________

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nababaybay nang wasto ang mga salita na ginamit sa tugma o tula
Nagagamit ang kaalaman sa paraan ng pagbaybay sa pagbasa
Naipakikita ang kagustuhan sa pagbasa at pakikinig ng tula sa pamamagitan ng pagsulat/paglikha ng sariling tula o tugma.

**Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat**

**A. Pagganyak**

Itanong kung paano nila binasa ang ang taludtod ng tula. (sa paraan na papantig)

Ipabigkas ang kanilang pangalan nang papantig at ipasabi kung ilang pantig mayroon ito.

**B. Paglalahad at Pagtalakay**

Ipakita ang mga larawan sa LM.
Ipatukoy ang pangalan ng bawat larawan.
Ipabaybay ang salita sa mga bata sa paraang papantig.
Itanong kung paano ang ginawa nilang pagbaybay.
(Gawin ito hanggang sa mabaybay lahat ang mga salita.)
( Maaari pang magpabaybay sa mga bata gamit ang iba pang salita mula sa mga tulang napag-aralan upang lalong mahasa ang kanilang kakayahan sa pagbaybay.)

**C. Paglalahat**

Paano ang tamang pagbaybay ng mga salita?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**D. Paglalapat**

Idikta ang mga salitang mula sa tula.

1.panahon
2. kalagayan
3. kalikasan
4. katotohanan
5. isipin

**E. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Pasagutan ang Gawain 6 sa LM.
2. **Malayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 7 sa LM.

**F. Pagtatasa**

Gumawa ng tulang may isang saknong at may apat na taludtod tungkol sa iyong paboritong laruan. Pansinin ang ritmo (bilang ng pantig sa isang taludtod) at tugmang gagamitin. Pansinin din ang tamang baybay ng mga salita.

**Ang Aking Paboritong Laruan**

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

## *5* Ikalimang Araw

**A. Pagtataya:** Isulat ang letra ng wastong sagot sa iyong sagutang papel.

Basahin ang tula.

Gulay na inihain
Ito nama'y pansinin
Ang berde nitong kulay
Bitamina ang taglay.

Nagdudulot ng sigla
Sa katawang mahina
Ito'y nagpapakinis
Sa nanunuyong kutis.

1. Tungkol saan ang tula?
   a. sa katawan b. sa bitamina c. sa gulay

2. Ano ang taglay ng berdeng kulay nito?
   a. bitamina b. mineral c. protina
3. Ano ang pinasisigla nito?
   a. kamay na mahina b. binting mahina c. katawang mahina
4. Ilang saknong mayroon ang tula?
   a. dalawa b. apat c. walo
5. Ilang taludtod mayroon ang isang saknong?
   a. dalawa b. apat c. walo
6. Ilang ritmo mayroon ang tula?
   a. anim b. pito c. walo
7. Ano ang tugma ng tula?
   a. dalawahang tugma b. tatluhang tugma c. apatang tugma
8. Aling pares ng salita ang magkatugma?
   a. berde-mahina b. kulay – taglay c. sigla – kutis

Isulat ang tamang baybay ng ngalan ng larawan.

9.  _______________ 10  ______________

**B. Pantulong na Gawain**

**Isang Pangarap**

*Arlene E. Esguerra*

O kay sarap mangarap
Na mamingwit sa dagat
Ang hanging nalalanghap
Dumadampi sa balat.

Sa pag-uwi ay bitbit
Ang mga isdang nabingwit
Pasalubong kay nanay
Masayang naghihintay.

1. Tungkol saan ang tula?
   a. sa isang pangarap b. sa isang dagat c. sa isang isda
2. Ano ang pangarap ng may-akda?
   a. mamingwit sa ilog c. mamingwit sa dagat
   b. mamingwit sa lawa
3. Saan dumadampi ang hangin?
   a. sa bangka b. sa laot c. sa balat

4. Sino ang naghihintay sa kaniya?
   a. si nanay   b. si tatay   c. si kuya
5. Ilang saknong mayroon ang tula?
   a. dalawa   b. apat   c. walo
6. Ilang taludtod mayroon ang isang saknong?
   a. dalawa   b. apat   c. walo
7. Ilang ritmo mayroon ang tula?
   a. anim   b. pito   c. walo
8. Ano ang tugma ng tula?
   a. dalawahang tugma   b. tatluhang tugma   c. apatang tugma
9. Aling pares ng salita ang magkatugma?
   a. berde-mahina   b. kulay – taglay   c. sigla – kutis
10. Isulat ang tamang baybay ng ngalan ng larawan.

 ______________

# 4 IKAAPAT NA LINGGO
## Ang Aking Kaibigan

**I. Panlingguhang Layunin**

*Wikang Binibigkas*: Nakikilahok nang masigla sa talakayan ng grupo o Nakapagbibigay ng saloobin gamit ang payak na pangungusap.

*Kaalaman sa Pagbigkas ng Tunog*:Nakikilala ang ugnayan ng tunog at simbolo nito at nagagamit sa pagsulat

*Pagkilala ng mga Salita*: Nakababasa nang mga pangungusap at salitang may maramihang pantig

*Katatasan*: Nababasa ng may kasanayan ang mga salita sa unang kita na naaayon sa baitang.

*Pagkatha* :Nakasusulat at nakasusunod sa pamantayan sa pagsipi o pagsulat ng mga impormasyon na gumagamit ng malaking letra, bantas, at espasyo.

Naisusulat nang wasto ang mga pangungusap gamit ang malaking letra, espasyo at bantas.

Naibibigay ang mga impormasyon tungkol sa sarili sa pamamagitan ng pagsagot sa talaan ng pansariling impormasyon.

*Kamalayan sa Gramatika*: Natutukoy ang mga panghalip na ginamit sa pangungusap.
Natutukoy ang gamit (function) ng panghalip.
Nagagamit sa sariling pangungusap ang mga panghalip sa pagpapakilala ng mahahalagang tao, lugar o pangyayari
Pag-unawa sa Binasa: Natutukoy ang mahahalagang detalye tungkol sa tekstong binasa/napakinggan
*Pagpapahalaga*: Maging palakaibigan

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa:**

Pagbibigay nang saloobin gamit ang payak na pangungusap.
Ugnayan ng tunog at simbolo nito at paggamit ng mga ito sa pagsulat
Mga salitang may maramihang pantig
Mga salita sa unang kita
Mga impormasyon tungkol sa sarili
Mga panghalip.
Pagtukoy sa mahahalagang detalye ng tekstong binasa

**B. Batayan/Sanggunian:**

Kuwento**:** "Ang Bagong Kaklase"
Akda ni Babylen Arit-Soner

**C. Mga Kagamitan**

Kuwento: "Ang Bagong Kaklase"
**prediction chart**

**III. Gawain sa Pagkatuto**

## *1* Unang Araw

**Layunin:** Natutukoy ang mga panghalip na ginamit sa pangungusap.
Natutukoy ang gamit (function) ng panghalip.
Nagagamit sa sariling pangungusap ang mga panghalip sa pagpapakilala ng mahahalagang tao, lugar o pangyayari

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**

Ipaawit ang Ako, Ikaw, Siya, Bahagi ng Sambayanan
**Adaptation from** " **It's I who Build Community**"

**Ako,ako** bahagi ng sambayanan(3x)
Bahagi ng sambayanan
La la la….
Sumayaw sayaw at umindak-indak
Sumayaw sayaw katulad ng dagat
Sumayaw sayaw at umindak indak
Sumayaw sayaw katulad ng dagat

Palitan ang salitang may salungguhit:
Ikaw
Siya

**B. Pagganyak**

Itanong kung tungkol saan ang awit.
Itanong din kung paano ipinakikilala ang sarili sa mga kaklase.

**C. Paglalahad/Pagmomodelo**

Ipabasa ang mga pangungusap sa LM.

**D. Pagtalakay**

Itanong kung anong mga salita sa pangungusap ang kinakatawan ng mga salitang may salungguhit.
Ipaisa-isa ang bawat pangungusap.
Ito ba ay ngalan ng tao? bagay? lugar?
Tulungan ang mga bata na makapagbuo ng konsepto na ang panghalip ay mga salitang inihahalili o ipinapalit sa pangngalan.
Magpabigay sa mga bata ng iba pang halimbawa ng mga pangungusap na gumagamit ng panghalip.

**E. Paglalahat**

Ano ang panghalip? Ano-ano ang mga halimbawa ng panghalip?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Ipagamit sa mga bata ang mga panghalip na siya, ito, sila, at ako sa pangungusap.

**G. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Pair-Share
   Sabihin sa mga bata na humanap ng kanilang kapareha.
   Bubunot sila ng isang pangngalan at bubuo ng mga pangungusap gamit ang wastong panghalip.
   Ipabahagi sa klase ang binuong pangungusap.
   (Gamitin ang mga mahahalagang tao, lugar, o pangyayari bilang mga halimbawang pangngalan na gagawan ng pangungusap ng mga bata)
2. **Malayang Pagsasanay**
   Pasagutan ang Gawain 1 sa LM.

**H. Pagtatasa**

(Isulat ito sa pisara o manila paper.)
Sipiin ang tamang panghalip na bubuo sa pangungusap.

1. Ang pangalan ko ay Lita Udani. ( Siya, Ako ) ay masayahing bata.
2. Si Nora Aunor ay mahusay na artista. ( Siya, Sila) ay paborito ng nanay ko.
3. Sina Paul at Patrick ay magkapatid. (Siya, Sila ) ay kambal.

4. Ang Bulkang Taal ay matatagpuan sa Batangas. (Ito, Siya) ay dinarayo ng mga Turista
5. Masarap ang pansit habhab. (Sila, Ito) ay kilalang pagkain sa Lucaban, Quezon.

## 2 Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikilahok nang masigla sa talakayan ng grupo o klase.
Nakapagbibigay ng saloobin gamit ang payak na pangungusap.
Natutukoy ang mahahalagang detalye tungkol sa tekstong binasa/napakinggan

**Istratehiya: Read by the teacher (Read Aloud)**

**A. Gawain Bago Bumasa**

**1. Paghahawan ng balakid**

*1.1 destino-* Paggamit ng pahiwatig ng pangungusap
Si Lota ay nakadestino sa Laguna. Doon siya inilagay ng kompanyang kanyang pinagtatrabahuhan.

*1.2 pinagmamasdan-* pagsasakilos

**2. Pagganyak**

Itanong kung naranasan na nilang magkaroon ng bagong kaklase.
Itanong din kung paano niya ipinakilala ang kaniyang sarili.

**3. Pangganyak na Tanong**

Paano tinanggap ng klase ang bagong lipat na si Glenda?
Pasagutan ang prediction chart na nakasulat sa pisara.
Isulat ang hulang sagot ng mga bata.

| **Prediction Chart** | | |
|---|---|---|
| Tanong | Hulang Sagot | Tunay na Nangyari |
| Paano tinanggap ng klase ang bagong lipat na si Glenda? | | |

**B. Gawain Habang Nagbabasa**

1. Basahin ang kuwento nang tuloy-tuloy.
2. Basahin ang kuwento nang may paghinto at interaksyon. Magtanong sa mga bata tungkol sa tekstong binabasa.

**Ang Bagong Kaklase**
Akda ni: Babylen Arit-Soner

Lunes ng umaga, sa silid-aralan ni Gng. Escobar. Tahimik na pinagmamasdan ng magkakaklase ang isang batang babae na nakauniporme at nakaupo sa isang silya. Takang taka ang magkakaklase sapagkat noon lamang nila nakita ang batang mag-aaral.

Maya-maya, pumunta sa unahan ng klase ang kanilang guro. " Meron kayong bagong kamag-aral," wika ni Gng. Escobar. 'Siya ay mula sa ibang paaralan.Simula ngayon, kabilang na siya sa ating klase. Inaasahan ko na pakikitunguhan ninyo siya nang mabuti," sabi ng guro.

"Malugod kong ipinakikilala sa inyo ang inyong bagong kaklase, si Glenda."ang sabi ni

Gng.Escobar. "Halika dito sa unahan, Glenda at ipakilala mo ang iyong sarili." Dagdag pa niya.

Nahihiyang pumunta sa unahan si Glenda at ipinakilala ang kaniyang sarili.


Naririto ang kanyang sinabi.

"Ako ay si Glenda A. Delos Santos.Ako ay 7 taong gulang.Ang aking ama ay si G. Glen Delos Santos. Siya ay isang pulis. Ang aking ina ay si Gng. Lina Delos Santos. Siya ay isang mananahi." Ang aming pamilya ay lumipat ng tirahan dahil dito na sa Lopez ang bagong destino ng aking ama.Naninirahan kami ngayon sa Barangay Magsaysay Lopez, Quezon." Ikinagagalak kong makilala kayong lahat."

Pagkatapos magpakilala ni Glenda, nagpalakpakan ang lahat. Isa-isang lumapit,nagpakilala at nakipagkaibigan ang mga bata sa kanilang bagong kaklase.

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. Pagsagot sa pangganyak na tanong
   Pasagutan ang tunay na nangyari sa kuwento gamit ang Prediction Chart.Ihambing ito sa kanilang hulang sagot.
2. **Ugnayang Gawain**
   Ipagawa ang pangkatang gawain.
   a. **Pangkat I**: **Kilalanin Mo Ako!**
      Ilagay ang impormasyon tungkol sa bagong mag-aaral sa klase ni Gng. Escobar.



b. **Pangkat II: Saloobin Mo, Iguhit Mo!**
Gumuhit ng masayang mukha kung natutuwa ka sa ginawa ng klase sa kanilang bagong kaklase. Iguhit naman ang malungkot na mukha kung nalulungkot ka sa nangyari sa kuwento. Ipaliwanag sa harap ng klase kung bakit ito ang naging saloobin mo.

c. **Pangkat III: Iarte Mo!**
Kung ikaw ay isang mag-aaral sa klase ni Gng. Escobar, paano mo ipakikilala ang iyong sarili kay Glenda? Humanap ng kapareha at isadula ang pagpapakilala at pakikipagkaibigan ninyo sa inyong bagong kaklase.

3. **Pagtalakay**

a. **Pangkat I**
Sino ang bago nilang kaklase?
Ano-ano ang impormasyong ibinigay ni Glenda sa pagpapakilala ng
kaniyang sarili?
Pakinggan natin ang pag-uulat ng Pangkat I

b. **Pangkat II**
Paano tinanggap ng klase si Glenda?
Sa inyong palagay, masaya ba sila sa pagkakaroon ng bagong kaklase?
Panoorin natin ang iginuhit ng Pangkat II.

c. **Pangkat III**
Sa inyong palagay ano-anong impormasyon ang dapat ibigay upang maipakilala ang ating sarili sa bagong kaibigan o kakilala?
Panoorin at pakinggan natin ang Pangkat III.

## *3* Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakababasa nang mga pangungusap at salitang may maramihang pantig Nababasa ng may kasanayan ang mga salita sa unang kita na naaayon sa baitang.

**Kasanayan sa Pagbasa**

A. **Pagganyak:**
Magpalaro ng taguan.Ipahanap ang mga nakatagong mga bagay.Pabilisan ng paghanap. Ang unang makakita ay siyang panalo Pagkatapos ng laro, iproseso ang ginawa.

B. **Paglalahad:**
Ipabasa ang mga salitang may maramihang pantig at mga pangungusap sa LM.

**C. Pagtalakay**

Itanong kung madali ba nilang nabasa  ang mga salitang may maramihang pantig at mga pangungusap. Itanong din kung paano nila ito binasa.

**D. Paglalahat**

Paano ang pagbasa ng mga salita atmga pangungusap? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**E. Paglalapat**

Ipabasa ang mga salitang may maramihang pantig at mga pangungusap sa bawat pangkat sa LM.

**F. Kasanayang Gawain sa Pagbasa**

Pangkatin ang mga bata. Ipabasa nang isahan sa bawat pangkat ang  mga pangungusap sa Gawain 2 sa LM.

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakasusulat at nakasusunod sa pamantayan sa pagsipi o pagsulat ng mga impormasyon na gumagamit ng malaking letra, bantas, at espasyo.

Naisusulat nang wasto ang mga pangungusap gamit ang malaking letra, espasyo at bantas.

Naibibigay ang mga impormasyon tungkol sa sarili sa pamamagitan ng pagsagot sa talaan ng pansariling impormasyon.

**Kasanayan saPagsulat**

**A. Balik-aral**

Itanong kung paano ang wastong pagsulat ng mga salita at pangungusap.

**B. Pagganyak**

**Ipaawit**: Kumusta, Kumusta!

Kumusta(3x)
Kumusta kayong lahat
Ako'y natutuwa, masaya't nagagalak
Tra la la la la la la la la la (4x)

Sabihin sa mga bata na humanap ng kapareha. Pagkatapos ng awit, magbibigayan sila ng impormasyon tungkol sa kani-kanilang sarili. Humanap muli ng bagong kapareha pagkatapos ng isang pag-awit at pagpakilala, sabihin ang impormasyon tungkol sa kanilang kapareha:

a.Pangalan  b.Kapanganakan  c.Edad  d.Tatay  e.Nanay

**C. Paglalahad**

Basahin nang wasto ang mga pangungusap na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa sarili sa LM.

Tumawag ng ilang bata at ipasulat ang bawat isa nang wasto sa pisara.

**D. Pagtalakay**

Itanong kung paano isinulat ang mga salita, paano sinimulan ang pangungusap, at ano ang makikita sa hulihan ng mga ito. Itanong din kung paano isinusulat ang mga pangungusap na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa sarili.

**E. Paglalahat**

Paano ang wastong pagsulat ng mga pangungusap na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa sarili?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Isulat ang hinihinging impormasyon sa Gawain 3 sa LM.

**G. Kasanayang Gawain sa Pagsulat**

Ipagawa ang Gawain 4 sa LM.

## 5 Ikalimang Araw

**A. Pagtataya**

Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Si Vilma Santos- Recto ay isang sikat na artista. ____ ang **Star for all Seasons.**
   a. Ako  b. Siya  c. Sila
2. Ang Bundok Banahaw ay sikat at dinarayong bundok. ______ ay matatagpuan sa Quezon.
   a. Ako  b. Siya  c. Ito
3. Sina Regine Velasquez at Aiza Seguerra ay mga sikat na mang-aawit. ____ ay tumanggap na ng mga parangal.
   a. Ako  b. Siya  c. Sila

Basahin ang talata.

Isinama ni Warenn ang kaniyang bagong kaklase na si Jun sa kanilang bahay. “ Nanay, siya po si Jun, ang bago naming kaklase. A ng kaniyang pamilya ay mula sa Batangas. Lumipat na sila dito sa Quezon dahil dito po nadestino ang kaniyang tatay na isang pulis.”

“Kumusta ka, Jun?” bati ng kaniyang nanay. “Mabuti po naman,” sagot ni Jun habang nagmamano sa nanay ni Warenn.

4. Sino ang tinutukoy na bagong kaklase sa talata?
   a. Warenn  b. Jun  c. Jane
5. Saan nagmula ang pamilya ni Jun?
   a. Quezon  b. Batangas  c. Quezon City
6. Ano ang tatay ni Jun?
   a. isang doctor  b. isang guro  c. isang pulis

7. Ano ang katangian ni Jun?
   a. magalang  b. masipag  c. matulungin
8. Ano ang katangian ni Warenn?
   a. masipag  b. matapat  c. palakaibigan

Ipasulat nang wasto ang salitang may mahabang baybay at ang pangungusap na iyong ididikta.

9. nakipagkaibigan
10. Ako ay nakatira sa Cavite.

**B. Pantulong na Gawain**

Isulat sa sagutang papel ang wastong sagot.

1. Ang pangalan ko ay si Carl Arit. ( Siya, Ako) ay pitong taong gulang.
2. Ang Hinulugang Taktak ay dinarayo ng mga turista. ( Siya, Ito ) ay matatagpuan sa Antipolo, Rizal.
3. Si Sarah Geronimo ay isang mang-aawit. ( Sila, Siya ) ay mahusay ding sumayaw.

Idikta ang mga salitang may mahabang pantig.

4. ikinalulugod
5. pinakitutunguhan

**C. Pagpapayamang Gawain**

Bumuo ng sariling pangungusap gamit ang wastong panghalip batay sa mga pangungusap na nasa bawat bilang.

1. Ang Talon ng Pagsanjan ay dinarayong lugar sa Laguna .
   ______________________________________________.
2. Si Aiza Seguerra ay sikat na mang-aawit na mula sa Calauag, Quezon.
   ______________________________________________.
3. Sina Carol Banawa at Jovit Baldivino ay mga mang-aawit na mula sa Batangas.
   ______________________________________________
4. Ang **Enchanted Kingdom** ay dinarayo sa Lungsod ng Sta. Rosa.
   ______________________________________________

   Isulat nang wasto ang pangungusap.
5. ako ay ipinanganak noong disyembre 22, 2005
   ______________________________________________

# 5 IKALIMANG LINGGO
## Ang Nais Kong Kasama

**I. Panlingguhang Layunin**

*Wikang Binibigkas:* Nakikilahok nang masigla sa talakayan ng grupo o klase.
Nakapagbibigay ng saloobin gamit ang payak na pangungusap.
Nakagagamit ng mga salitang angkop sa sariling kultura sa pahayag ng sariling saloobin.

*Kaalaman sa Pagbigkas ng Tunog:* Nakikilala ang ugnayan ng tunog at simbolo nito at nagagamit ito sa pagsulat

Pagkilala ng mga Salita : Nakababasa ng mga salitang may klaster at maramihang pantig

*Katatasan:* Nababasa nang may kasanayan ang mga salita sa unang kita na naaayon sa baiting.

*Pagkatha*: Nakasusulat ng maikling kuwento na sumusunod sa pamantayan sa pagsulat.

*Pagbabaybay*: Naisusulat nang wasto ang mga pangungusap gamit ang malaking letra, espasyo at bantas.

*Kamalayan sa Gramatika:* Natutukoy ang mga panghalip panao na ginamit sa pangungusap.
Natutukoy ang gamit ng panghalip panao na ako, ikaw, siya, tayo, kayo, kami.
Nagagamit sa sariling pangungusap ang mga panghalip panao
Pag-unawa sa Binasa: Natutukoy ang mahahalagang detalye tungkol sa tekstong binasa/napakinggan
Naipakikita ang pagkaunawa sa tekstong binasa sa pamamagitan ng pagbibigay ng hinuha.

*Pagpapahalaga*: Pagkukusa sa gawain/Pagiging matulungin

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa**

Saloobin gamit ang payak na pangungusap.
Ugnayan ng tunog at simbolo at paggamit nito sa pagsulat
Mga salitang may maramihang pantig
Pagsulat nang wasto ng mga pangungusap na idinidikta gamit ang malaking letra, espasyo at bantas.
Pagsulat ng maikling kuwento na sumusunod sa pamantayan sa pagsulat.
Mga panghalip.
Mahahalagang detalye ng tekstong binasa

Hinuha tungkol sa tekstong binasa.

**B. Batayan/Sanggunian:**
Kuwento: "Mga Batang Maaasahan
Akda ni: Babylen Arit-Soner

**C. Mga Kagamitan**
Kuwento: "Mga Batang Maaasahan"
Story map, manila paper, pangkulay

## III. Gawain sa Pagkatuto

### *1* Unang Araw

**Layunin:** Natutukoy ang mga panghalip panao na ginamit sa pangungusap.
Natutukoy ang gamit ng panghalip panao na ako, ikaw, siya, tayo, kayo, kami.
Nagagamit sa sariling pangungusap ang mga panghalip panao

**Kasanayang Pangwika**

**A. Panimulang Gawain**

Ipaawit.

**Ako, Ikaw, Tayo, Bahagi ng Sambayanan**
*Adaptation from: "It's I Who Build Community"*

**Ako, ako** bahagi ng sambayanan (3x)
Bahagi ng sambayanan
La la la….
Sumayaw sayaw at umindak-indak
Sumayaw sayaw katulad ng dagat
Sumayaw sayaw at umindak indak
Sumayaw sayaw katulad ng dagat

Palitan ang salitang may salungguhit ng:
Ikaw Siya Tayo

**B. Pagganyak**

Itanong kung ano ang mga salitang ipinalit sa bahagi ng awit.
Sino ang naalala ninyo habang kayo ay umaawit?
Bakit sila ang naaalala mo?

**C. Paglalahad/Pagmomodelo**

Ipabasa ang mga pangungusap sa LM.

**D. Pagtalakay**

Sino ang tinutukoy ng salitang ako? Ilan ang tinutukoy ng salitang ako? (Tinutukoy ng nagsasalita ang kaniyang sarili. Iisa ang tinutukoy.)

Sino ang tinutukoy ng salitang ikaw? Ilan ang tinutukoy nito? (Tinutukoy ay ang taong kausap. Iisa ang taong tinutukoy.)

Sino ang tinutukoy ng salitang siya? Ilan ang tinutukoy nito? (Tinutukoy ay ang taong pinag-uusapan. Iisa ang tinutukoy ng salitang siya.)

Sino ang tinutukoy ng salitang kami? Ilan ang tinutukoy nito? (Tinutukoy nito ang isang grupo kasama ang taong nagsasalita. Marami ang tinutukoy ng salitang kami.)

Sino ang tinutukoy ng salitang sila? Ilan ang tinutukoy nito? (Tinutukoy ay ay ibang grupo o pangkat na pinag-uusapan at hindi kasama ang nagsasalita. Marami ang tinutukoy ng salitang sila.

Sino ang tinutukoy ng salitang kayo? Ilan ang tinitukoy nito? (Tinutukoy ay ang grupo o pangkat ng taong kausap ng taong nagsasalita, Marami ang tinutukoy ng salitang kayo.)

Sino ang tinutukoy ng salitang tayo? Ilan ang tinutukoy nito? (Tinutukoy nito ang taong nagsasalita pati na ang tao o grupo o pangkat na kaniyang kausap. Marami ang tinutukoy ng salitang tayo.

**E. Paglalahat**

Ano ang panghalip?
Ano ang tawag sa panghalip na ipinapalit sa ngalan ng tao?
Ano-ano ito?
Basahin ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.

**G. Kasanayang Gawain**

1. Pinatnubayang Pagsasanay
   Pasagutan ang Gawain 2 sa LM.
2. Malayang Pagsasanay
   Ipagawa ang Gawain 3 sa LM.

**H. Pagtatasa**

Bilugan ang wastong panghalip panao na angkop sa bawat pangungusap.Gawin ito sa sagutang papel.

a. Tatay, magkakaroon po (kami, kayo) ng lakbay-aral. Maari po ba (akong, siyang) sumama?

b. Lorena, (ikaw, ako)ang inatasan ni Bb. Barbosa na maging guro ng palatuntunan . Makipag-usap ka daw sa kaniya.
c. (Tayo, Sila) ang kakatawan sa ating paaralan sa darating na patimpalak sa pag- awit. Kailangan nating maglaan ng panahon para sa pagsasanay.
d. Ang inyong pangkat ay kasali sa palatuntunan. (Kayo, Ikaw) ang magbibigay ng pangkatang pag-awit.

## *2* Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikilahok nang masigla sa talakayan ng grupo o klase.
Nakapagbibigay ng saloobin gamit ang payak na pangungusap.
Nakagagamit ng mga salitang angkop sa sariling kultura sa pagpapahayag ng sariling saloobin.

**Istratehiya:** *(***Read Aloud, Shared Reading***)*

**A. Gawain Bago Bumasa**

**1. Paghahawan ng balakid**
(Sa pamamagitan ng pahiwatig ng pangungusap)
1.1. **patimpalak** –Si Gani at Rita ay kasali sa <u>patimpalak</u>. Sila ay maglalaban para sa pagalingan sa pagluluto.
1.2 **komite-** Si Lorna ay kasama sa <u>komite</u> sa pagguhit. Ang kanilang grupo ang mamamahala sa patimpalak na iyon.

**2. Pagganyak**
Itanong kung nakapanood ng sila ng isang programa opalatuntunan at kung ano ito. Itanong din kung nakaranas na silang mamahala sa isang programa o patimpalak, kung ano ang ginawa ninyo at kung paano nila ito ginawa.

**3. Pangganyak na Tanong**
Tungkol saan ang kuwento? Bakit sila tinawag na mga batang maaasahan?

**B. Gawain Habang Nagbabasa**
Ipabasa ang kwento ng “ Mga Batang Maaasahan” nang tuloy-tuloy sa LM.

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

**1. Pagsagot sa pangganyak na tanong**
Tungkol saan ang kuwento? Bakit sila tinawag na mga batang maaasahan?

**2. Ugnayang Gawain**
Ipagawa sa mag-aaral ang pangkatang.

**a. Pangkat I: Kuwento Ko, Alalahanin Mo!**

Sagutan ang “story map”.*Gawin ito sa* **manila paper**.

| **Story Map** |
|---|
| Pamagat ng Kuwento: |
| Mga Tauhan: |
| Mga Mahahalagang Pangyayari:<br>1.<br>2.<br>3. |

b. **Pangkat II:Saloobin Mo, Iguhit Mo!**
Sa isang **manila paper**, iguhit ang naramdaman ninyo sa mga pangyayari sa kuwento. Ilagay ang masayang mukha kung nagustuhan ninyo ang ginawa ng mga tauhan sa kuwento at malungkot na mukha naman kung hindi. Ipaliwanag kung bakit iyon ang inyong iginuhit.

c. **Pangkat III: Wakas Ko, Hulaan Mo!**
Pag-usapan ninyo kung ano ang posibleng mangyari sa gagawing pagdiriwang ng Buwan ng Nutrisyon ng klase ni G. Aguilar. Sagutin ang mga tanong:

1. Magiging matagumpay kaya ang gagawing pagdiriwang ng klase?Bakit?
2. Mahalaga ba ang pakikiisa ng lahat kung mayroong nakatakdang gawain? Bakit?

**3. Paglinang sa Kasanayan**

a. Ano ang pamagat ng ating binasang kuwento?
Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
Ano-ano ang mahalagang pangyayari sa kuwento?
Bakit ang pamagat ng kuwento ay Ang Batang Maasahan?
Ikaw ba ay matatawag din na batang maaasahan? Bakit?
Pakinggan natin ang pag-uulat ng Pangkat I.

b. Ano ang inyong saloobin sa mga pangyayari sa kuwento?
Bakit ito ang inyong naramdaman?
Tunghayan naman natin ang nararamdaman ng Pangkat II.

**c.** Ano kaya ang mangyayari sa pagdiriwang ng klase ni G. Aguilar? Panoorin at pakinggan naman natin ang nag-uulat ng Pangkat III.

4. **Paglalahat**

Paano mauunawaan ang nilalaman ng isang kuwento?
Paano natutukoy ang saloobin sa kuwentong binasa?
Paano makapaghihinuha ng maaring mangyari sa kuwento?

## *3* Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakababasa ng mga salitang may klaster at maramihang pantig
Nababasa nang may kasanayan ang mga salita sa unang kita na naaayon sa baitang

**Kasanayan sa Pagbasa**

**A. Balik-aral**

Balikan ang mga salitang nabasa na sa ikaapat na linggo. Baybayin ito nang wasto.

**B.Pagganyak**

Magkaroon ng paligsahan sa pagbasa at pagbaybay. Bibigkasin ko ang salita isulat ito sa pisara at basahin nang malakas. Ang maraming tamang sagot ang panalo.

**C. Paglalahad**

Ipabasa at ipabaybay ang mga salitang nasa LM.

**D. Pagtalakay**

Itanong kung paano ang wastong pagbasa at pagbaybay ng mga salitang may klaster at may maramihang pantig.

**E. Paglalahat**

Paano ang wastong paraan ng pagbasa ng mga salita? ng pagbaybay na pabigkas?Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Pangkatin ang mag-aaral sa apat. Bawat pangkat ay magbibigay ng sampung salitang may klaster at salitang may maramihang pantig. Basahin at baybayin nila ang mga ito nang wasto.

**G. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagbasa**

Gamit ang mga salitang ibinigay ng bawat pangkat, ipabasa ito sa buong klase, pangkatan, dalawahan, at isahan na may tamang intonasyon o diin at pabaybay ng pantig.

2. **Malayang Pagbasa**

Magbigay pa ng karagdagang mga salita na mula sa talaan ng mga salita sa unang kita na naaayon sa baitang.Ipabasa

ito na may tamang intonasyon o diin at papantig na pagbaybay.

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakasusulat ng maikling kuwento na sumusunod sa pamantayan sa pagsulat.
Nakikilala ang ugnayan ng tunog at simbolo nito at nagagamit ito sa pagsulat

**Kasanayan sa Pagsulat**

**A. Balik-Aral**

Tanungin ang mag-aral kung bakit maaasahan ang mga bata sa kuwentong “Ang mga Batang Maaasahan”.

**B.Pagganyak**

Itanong sa mag-aaral kung sila rin ay batang maaasahan at bakit nila ito nasabi. Pumili ng isang bata na magsusulat ng kanyang sagot sa pisara.

**C. Paglalahad/Pagtalakay**

Ipakitang muli ang pormat ng pagkakasulat ng kuwento.
Ipapansin sa mga bata ang paraan ng pagkakasulat ng kuwento.
Itanong kung paano nakasulat ang unang salita ng pangungusap ng kuwento, paano ito nagsisimula, paano ang pagkakasulat ng bawat salita sa pangungusap, at anong nakalagay sa hulihan ng bawat pangungusap.

**D. Paglalahat**

Paano ang wastong paraan ng pagsulat ng kuwento?
Ipabasa ang tandaan sa LM.

**E. Paglalapat**

Magpakita ng larawan ng mag-anak na nagtutulungan.
Magpasulat ng maikling kuwento tungkol dito gamit ang wastong paraan ng pagsulat ng kuwento.

**F. Kasanayang Gawain.**

**1. Pinatnubayang Pagsulat**

Ipagawa ang Gawain 4 sa LM.

**2. Malayang Pagsulat**

Sumulat ng isang maikling kuwento tungkol sa iyong karanasan kasama ang iyong pamilya, kaibigan o kaklase.

## 5 Ikalimang Araw

**Pagtataya.**

**A.** Isulat sa patlang ang angkop na panghalip sa bawat pangungusap.

1.Mayroon akong kaibigan. ______ ay si Babylyn.
2. Si Raquel at ako ay aawit. _____ ay tutula rin.
3. Mababait sina Resmin, Juliet at Cris. _____ ay nasa ikalawang baitang.
4. Kaibigan ko rin si Nancy._______ ay mabait
5. Pupunta kami sa plasa bukas. Pupunta rin ba _____ sa plasa bukas?

**B.** Sumulat ng isang kuwento tungkol sa masaya karanasan kasama ang iyong pamilya. Lagyan ng angkop na pamagat, tauhan at mga pangyayari.

**C.** Iguhit ang iyong saloobin sa kuwento na iyong isinulat

**Pantulong na Gawain**

Sumulat ng pangungusap gamit ang mga panghalip na panao na natutuhan.

(Ako, Ikaw, Siya, Kami, Kayo, Sila, Tayo)

**Pagpapayamang Gawain**

Sumulat ng kuwento gamit ang mga panghalip na panao.Isaalang –alang ang mga elemento ng kuwento.

# 6 IKAANIM NA LINGGO
# Ang Hilig Kong Gawin

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas:* Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o ng klase sa tekstong binasa at napakinggan.

Naisasalaysay muli ang kwentong binasa.

Nababalikan ang mga mga detalye sa kuwentong napakinggan tulad ng tagpuan, mga tauhan at mahahalagang pangyayari sa kuwento

Naipakikita ang pagsang-ayon at di-pagsang-ayon sa mga pangyayari sa kuwento

*Kaalaman sa Aklat at Limbag:* Natutukoy ang wastong paraan ng pagsulat ng mga salita o pangungusap

*Pagkilala ng mga Salita*: Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa

Nababasa nang malakas ang mga babasahin o salitang para sa ikalawang baitang na may 95-100% kawastuhan at kahusayan

*Pagbaybay:* Naisusulat nang wasto ang mga salitang may diptonggo

Kamalayan sa Gramatika: Natutukoy ang mga panghalip na paari (akin,iyo,kaniya)

Nagagamit nang wasto ang mga panghalip na paari (akin, iyo, kaniya)

*Pag-unawa sa Binasa*:

Naipakikita ang pagkaunawa sa kuwento sa pamamagitan ng pagtalakay at pagsusunod-sunod sa mga pangyayari sa kuwento

*Pagpapahalaga:* Pagtutulungan at Pagbibigayan

## II . Paksang Aralin:

A. **Paksa:**

Pakikinig at pakikilahok sa talakayan ng grupo o ng klase sa tekstong binasa o napakinggan.

Muling pagsasalaysay ng kuwentong binasa.

Detalye ng kuwentong napakinggan tulad ng tagpuan, mga tauhan at mahahalagang pangyayari sa kuwento.

Pagsang-ayon at di-pagsang-ayon sa mga pangyayari sa kuwento.

Wastong paraan ng pagsulat ng salita o pangungusap

Kahulugan sa mga salitang nabasa

Pagbasa nang malakas ng mga babasahin o salitang para sa ikalawang baitang na may 95-100% kawastuhan at kahusayan

Salitang may diptonggo

Panghalip na paari

Pagkaunawa sa kuwento sa pamamagitan ng pagtalakay at pagsusunod-sunod sa mga pangyayari sa kuwento

**B. Mga Kagamitan**

Kuwento**: "** Si Unggoy at si Pagong" Halaw sa kuwento ni Dr. Jose Rizal

**C. Mga Kagamitan**

Mga larawan, "**Sequence chart", Venn Diagram**"

## III.Gawain sa Pagkatuto

### 1 Unang Araw

**Layunin:** Natutukoy ang mga panghalip na paari (akin,iyo,kaniya)
Nagagamit nang wasto ang mga panghalip na paari (akin, iyo, kaniya)

**Kasanayang Pangwika**

**A. Panimulang Gawain**

Ipahula sa mga bata kung ano ang salitang mabubuo.

1. Ang tinutukoy ay ang kausap mo. Kapag ang yo ay dinagdagan ng isa unahan ano ang salita namabubuo?
2. Sinasabi mo sa kausap mo na iyo ang isang bagay. Kapag tinanggal ang o sa salitang ako at pinalitan ng in ano ang salitang mabubuo?
3. Ano ang mabubuo kapag ang salitang niya ay dinagdagan ng ka sa unahan?

**B. Pagganyak**

1. Ipabigkas at ipasulat ang tamang baybay ng mga salita sa pisara. Ipagamit ito sa pangungusap.
2. Ipahawak sa mga mag-aaral ang mga bagay tulad ng walis, basahan, bunot, mop,(Gamitin ng guro ang salitang iyo, akin at kaniya sa pamamahagi ng mga bagay na panlinis.) Paano kayo nakatutulong sa paglilinis ng inyong tahanan ?Ano ang nagagawa mo?

**C. Paglalahad/Pagmomodelo**

Ipabasa nang pabigkas ang diyalogo sa LM.

**D. Pagtalakay**

Tungkol saan ang diyalogo?
Paano natapos ang gawain?Sa iyong palagay bakit natapos nila ang gawain?Tama ba ang kanilang ginawa?Bakit?
Ano ang napansin ninyo sa ilang salita sa diyalogo?
(May mga salita pong nakahilig ang pagkakasulat)
Ano-anong mga salita ang nakahilig ang pagkakasulat?
Paano ito ginamit sa pangungusap?
Ano ang tawag sa mga salitang ito?

**E. Paglalahat**

Ano ang tawag sa mga salitang iyo, akin, kaniya?
Ano ang panghalip na paari?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F.Paglalapat**

Ano ang sasabihin mo sa sumusunod na sitwasyon? Gamitin ang iyo, akin,o kanya.

1. Nakita mong may bagong biling damit ang iyong ina. Nais mong tanungin kung para sa iyo ang kaniyang binili.
2. May napulot kang lapis. Nakita mong nakasulat ang pangalan ng iyong kaklase. Nilapitan mo siya.

**G.Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay (Gawain 1)**
   Tingnan ang gawain sa LM.
3. **Malayang Pagsasanay (Gawain 2)**
   Ipakuha ang LM at pasagutan.

**H. Pagtataya**

Bumuo ng limang pangungusap. Gamitin ang panghalip na iyo, akin at kaniya.Gawin ito sa sagutang papel.

## *2-3* Ikalawa at Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o ng klase sa tekstong binasa at napakinggan.
Naisasalaysay muli ang kwentong binasa.
Nababalikan ang mga mga detalye sa kuwentong napakinggan tulad ng tagpuan, mga tauhan at mahahalagang pangyayari sa kuwento.
Naipakikita ang pagsang-ayon at di-pagsang-ayon sa mga pangyayari sa kuwento
Naipakikita ang pagkaunawa sa kuwento sa pamamagitan ng pagtalakay at pagsusunod-sunod sa mga pangyayari sa kuwento

**Istratehiya : Read by teacher (Read Aloud), (Read with the teacher) (Shared Reading)**

**A. Gawain Bago Bumasa**

**1.Paghahawan ng balakid**

(sa pamamagitan ng pahiwatig ng pangungusap)

*1.1. namamanglaw-*

Si Lisa ay namamanglaw sa kanilang bahay. Nalulungkot siya dahil siya'y nag-iisa at walang kasama.

*1.2 kasunduan*

Nagkaroon ng kasunduan ang magkaibigan. Kukunin lamang ni Unggoy ang puno kung bibigyan siya ni Pagong ng kalahati ng puno.
(sa pamamagitan ng larawan)

*1.3. nalanta*
(sa pamamagitan ng kilos)
*1.4. lumitaw*
*1.5. nalumbay*
*1.6. dighay*
*1.7. paglagpak*



**2. Pagganyak**
Magtanong kung ano ang mga hayop na nakita na at ipalarawan ito.
Itanong kung nakakita na at ano ang masasabi nila sa unggoy at pagong .

**3. Pangganyak na Tanong**
Magkaibigan ba o magkaaway sina pagong o unggoy?


**B. Gawain Habang Nagbabasa**
Ipabasa ang kuwento sa LM.

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**


**1. Pagsagot sa pangganyak na tanong**
Magkaibigan ba o magkaaway sina Pagong at Unggoy?Bakit?

**2. Ugnayang Gawain**
Ipagawa ang pangkatang gawain.

**a.** **Pangkat I**: **Una Ka, Susunod Ako!**
Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari sa kuwento gamit ang **sequence map**.




**b.** **Pangkat II : Katangian Ko, Tukuyin Mo!**
Gamit ang “Venn Diagram”, tukuyin ang pagkakapareho at pagkakaiba ng katangian nina Unggoy at Pagong. Isulat ang pagkakapareho nila sa gitnang bilog at ang pagkakaiba nila sa ibang bahagi ng bilog.Gawin ito sa **manila paper**.




**c.** **Pangkat III: Nararamdaman Mo, Iguhit Mo!**
Iguhit ang <u>masayang mukha</u> kung sumasang-ayon sa sumusunod na pangyayari/ginawa ng tauhan at <u>malungkot na mukha</u> naman kung hindi sumasang-ayon. Ipaliwanag kung bakit sumasang-ayon o di-sumasang-ayon.

| PANGYAYARI | SALOOBIN |
|---|---|
| 1. Itinanim nina Unggoy at Pagong ang napulot na puno. | ◯ |
| 2. Inalagaan nina Pagong at Unggoy ang kanilang itinanim. | ◯ |
| 3. Inubos ni Unggoy ang bunga ng puno ni Pagong | ◯ |
| 4. Nilagyan ni Pagong ng tinik ang puno ng saging habang nasa itaas si Unggoy. | ◯ |
| 5. Naisahan ni pagong si Unggoy. | ◯ |

**d. Pangka**

**d.** **Pangkat IV: Karakter Ko, Isabuhay Mo**
Isadula ang tagpong ito.

> Umakyat si Unggoy sa puno, ngunit sa halip na ibigay kay Pagong ang bunga, kinain lahat ni Unggoy ang mga saging at itinapon ang balat kay Pagong. Dighay sa kabusugan si Unggoy. Nagalit si Pagong.Upang makaganti, nilagyan niya ng tinik ang puno.Sa pagbaba ni Unggoy sa puno, natinik siya. Galit na galit na hinanap niya si Pagong at nakita niyang nagtatago ito sa ilalim ng isang bao. “Tatadtarin kita ng pinong-pino”, ang sabi ni Unggoy.“Mabuti at ako ay dadami”, tugon naman ni Pagong.“Mabuti pa’y ilagay na lang kita sa apoy”, galit na sabi ni Unggoy.“Sige, ang balat ko ay pupula at ako ay gaganda”, sabi naman ni Pagong.“Ah, alam ko na. Mabuti pa’y itapon

**3. Paglinang sa Kasanayan**

**a.** Ano ang pamagat ng kuwento?
Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
Saan naganap ang kuwento?

Ano ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento
Pakinggan natin ang pag-uulat ng Pangkat I.

**b.** Ano-ano ang katangian ni Unggoy?
Ano-ano ang katangian ni Pagong?
Ano-ano ang kanilang pagkakatulad?
Ano-ano ang kanilang pagkakaiba?
Tingnan natin ang pag-uulat ng Pangkat II.

**c.** Ano-ano ang pangyayari sa kuwento na sinasang-ayunan mo?
Alin naman sa mga pangyayaring naganap sa kuwento ang di ka sumasang-ayon?
Pakinggan natin ang pag-uulat ng Pangkat III.

**d.** Bakit nagalit si Pagong kay Unggoy?
Bakit naman nagalit si Unggoy kay Pagong?
Ano ang ginawa ni Unggoy kay Pagong?
Ano ang ginawa ni Pagong kay Unggoy?
Panoorin natin ang ipapakita ng Pangkat II Tama ba ang ginawa ni Unggoy kay Pagong? Bakit
Kung ikaw naman si Pagong, gagawin mo rin ba ang ginawa niya kay Unggoy?
Tama ba na gawan natin ng hindi mabuti ang ating kaibigan? Bakit?

4. **Paglalahat**
Ano ang dapat isaalang-alang sa muling pagsasalaysay ng kuwento?

## *4* Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nababasa nang malakas ang mga babasahin o salitang para sa ikalawang baitang na may 95-100% kawastuhan at kahusayan
Naisusulat nang wasto ang mga salitang may diptonggo

**Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat**

**A. Pagganyak**

Basahin ang tugma.

Ang batang magiliw
Marami ang naaaliw
Sa puso'y di kailanman ibibitiw
Nang mga taong gumigiliw

**B. Paglalahad**

Ipabasa ang mga salitang may diptonggo mula sa kuwentong "Si Unggoy at si Pagong"sa LM.

**C. Pagtalakay**

Sa anong pinagsamang patinig at katinig nagtatapos ang mga salita?

(ay, oy, aw, iw)

Ano ang tawag sa mga salitang may tunog na nabubuo sa pagsasama ng alin man sa limang patinig na *a,e,i,o*,at *u* at ng katinig na *w* o *y*(diptonggo)

Paano natin binasa/binigkas ang mga salitang may diptonggo?

Paano ang tamang pagsulat sa mga salita?

**D. Paglalahat**

Paano ang wastong pagbasa/pagbigkas ng mga salitang may diptonggo?

Paano ang wastong pagsulat ng mga salitang may diptonggo?

Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**E. Paglalapat**

Bawat bata ay papagbigayin ng mga salitang diptonggo, ipasulat sa papel at ipabigkas ang wastong baybay nito.

**F. Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang Pagbasa at Pagsulat**

a. Ipabasa ang mga salita nang may wastong bigkas sa Gawain 3 sa LM.

= pagbasa ng buong klase
= pangkatan
= dalawahan
= isahan

b. Ipasipi ang mga ito sa kuwaderno nang may tamang espasyo.

**2. Malayang Pagsasanay**

Magdikta ng mga salitang diptonggo at ipagamit ito sa pangungusap.

## 5 Ikalimang Araw

**A. Pagtataya**

I**.** Punan ang patlang ng tamang panghalip na paari.(iyo,akin o kanya)

1. Maganda ang regalong bigay sa _______ ng lola ko.
2. Maaari bang makahiram sa ______ ng pambura mo?
3. Ito ay lapis ko, kaya sa akin ito. Hawak niya ang sa _________ .

II**.** Pagbigayin ang mga bata ng mga pangungusap na gumagamit ng *iyo,akin* at *kaniya.*

III**.** Lagyan ng bilang 1-6 ang tamang pagkakasunod-sunod ng kuwento____ Nagkaroon ng kasunduan sina Pagong at Unggoy na paghatiaan puno ng saging at itanim ito.

_____ Hindi makaakyat si Pagong sa puno kaya humingi uli siya ng tulong kay Unggoy.
_____ Nakakita si Pagong ng puno ng saging
_____ Makalipas ang ilang buwan, bumunga na ang puno ni Pagong at nalanta ang kay Unggoy.
_____ Kinain lahat ni Unggoy ang saging kaya nagalit at gumanti si Pagong.
_____ Naisahan ni Pagong si Unggoy sapagkat marunong siyang l lumangoy sa tubig.

IV. Isulat ang tamang baybay ng salitang diptonggo na ididikta ng guro. (4 na puntos)

**B. Pantulong na Gawain**

Piliin ang letra ng tamang sagot sa patlang.

1.Ang aklat na ito ay akin.Ito ay sa kanya.Alin ang sa ______?

a. iyo b. kami c. amin

2. Alin sa sumusunod ang tama ang baybay?

a. boghaw b. dilaw c.kolay

3. Si Lea ay masipag na bata .

Sa kanyang edad ,mahilig na siyang magtanim.

Nais niyang magtanin ng mga halamang namumulaklak sa kanilang hardin.

Maraming makukulay na bulaklak sa hardin nina Lea.

Sino ang tauhan sa kuwento?

a. si Adora b. si Cora c. Lea

4.Saan nagtatanim ng halaman si Lea?

a. sa bukid b. sa hardin c. sa bundok

5. Ano ang hilig gawin ni Lea?

a. magbasa b. magsulat c. magtanim

**C. Pagpapayamang Gawain**

A.Sumulat ng 3 pangungusap gamit ang panghalip paari na iyo, akin, kanya.

B. Sumulat ng 5 pangungusap gamit ang salitang Diptonggo.

C.Sumulat ng maikling kuwento na binubuo ng mga detalye.

# 7 IKAPITONG LINGGO
# Ako at ang mga Tao sa Pamayanan

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas:* Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang tula.

*Kaalaman sa Tunog:* Nakikilala ang ugnayan ng tunog at simbolo nito at paggamit nito sa pagsulat

*Kaalaman sa Aklat at Limbag:* Nabibigyang pansin ang mga mekaniks ng pagsipi/pagkopya ng mga pangungusap, talata, tamang paggamit ng malaking letra, pagitan ng mga salita at gamit ng tamang bantas.

*Pagkilala ng mga Salita:* Naibibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pahiwatig na pangungusap

*Katatasan:* Nababasa nang malakas ang mga teksto para sa ikalawang baitang na may kawastuhan at kasanayan

Nagagamit ang kaalaman sa paraan ng pagbaybay ng mga salita

*Pagbabaybay:* Nasusunod ang pamantayan ng pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap na may tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita at wastong bantas

Naisusulat ang mga pangungusap na may tamang gamit ng bantas.

*Kamalayan sa Gramatika:* Nagagamit ang mga salitang may daglat sa pagbuo ng pangungusap at maikling kuwento.

Pagpapalawak ng Talasalitaan: Nakikilala ang mga karaniwang salitang daglat at nagagamit ito sa pagbuo ng pangungusap, maikling kuwento

*Pag-unawa sa Binasa:* Nauunawaan ang napakinggang tula sa pamamagitan ng pagsagot sa mga literal at mataas na antas ng tanong

Naibibigay ang mahahalagang detalye ng tulang narinig

Kaugalian sa Pagkawili sa Pagbasa: Naipakikita ang kawilihan sa pakikinig at pagbasa ng tula pamamagitan ng matamang pakikinig at pagbibigay ngkomento o reaksyon

*Pagpapahalaga:* Pagkilala/paggalang sa mga taong bumubuo sa pamayanan at mahalagang gawaing kanilang ginagampanan.

II. **Paksang Aralin:**

A. **Paksa:**

Ugnayan ng tunog at simbolo nito at paggamit nito sa pagsulat
Mga mekaniks ng pagsipi/ pagkopya ng mga pangungusap, tamang paggamit ng malaking letra, pagitan ng mga salita at gamit ng tamang bantas
Kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pahiwatig na pangungusap
Paraan ng pagbaybay ng mga salita
Mga salitang may daglat
Pag-unawa sa napakinggang tula

B. **Batayan/Sanggunian:**

Tula**:** "Bungan g Pagsisikap"
Akda nina: Rianne Pesigan-Tinana
Edgar Pestijo

C. **Mga Kagamitan:**

prediction chart, mga larawan ng hayop, bagay, prutas
Bunga ng Pagsisikap

III. **Gawain sa Pagkatuto**

***1*** **Unang Araw**

**Layunin:** Natutukoy ang mga salitang dapat daglatin
Nagagamit ang mga salitang may daglat sa pagbuo ng pangungusap

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

B. **Panimulang Gawain**

Ipaawit ang awit sa tono ng "**Where Is Thumbman**?"

Binibini(2X)
Ginoo(2X)
Ginang(6X)
Kapitan(2X)

C. **Pagganyak**

Itanong kung ano ang naramdaman ng mga bata habang umaawit at kung ano ang tawag sa mga salitang nabanggit sa awit.

D. **Paglalahad/Pagmomodelo**

Ilahad at basahin ang tulang" Bunga ng Pagsisikap" nasa LM, pahina 49 .
Sino-sino ang taong nabanggit sa tula? (Gng. Tinana, Dr. Pestijo, Atty. Vargas, Engr. Cruz)
Ilahad ang buong buong salita na katumbas ng dinaglat na pantawag

Kasama ang iba pang magalang na pantawag.

Doktor – Dr.
Binibini – Bb.
Ginoo – G.
Ginang – Gng.
Attorney – Atty.
Engineer – Engr.
Kapitan – Kap.
Kagalanggalang – Kgg.

**E. Pagtalakay**

Ano ang ginawa natin sa mga magagalang na pantawag? (Pinaikli)

Paano isinusulat ang mga pinaikling salita?

Anong bantas ang ginagamit sa hulihan ng mga ito?

Ano ang tawag sa mga salitang ito?

**F. Paglalahat**

Ano ang tawag sa pinaikling magagalang na pantawag sa tao ?

Kanino ginagamit ang mga salitang may daglat? Saan ito inilalagay?

Ipabasa ang tandaan sa LM.

**G. Paglalapat**

Ipatukoy sa bata ang mga larawan sa Gawain 1 sa LM.

Ipatukoy ang kanilang katawagan at daglatin ito nang wasto.

**H. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 2 sa LM**.**
2. **Malayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 3 sa LM.

**I. Pagtatasa**

Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Si Gng. Santos ay masipag na ina. Katulong din niya ang kanyang mabait na asawa. Alin ang salitang may daglat?
   a.Santos b.Gng. c. gng.
2. Si Binibining Dela Cruz ay aking mabait na guro. Siya ay masipag na guro. Ano ang tamang daglat ng salitang binibini?
   a. Gng. b. G. c. Bb.
3. Alin sa mga sumusuod na salitang daglat ang tamang pagkakasulat?
   a. Atty. b. kgg. c. kap.
4. Ako ay may kapatid na babae. Wala pa siyang asawa. Siya ay si_______
   a. Bb. Karla Medina
   b. bb. Karla medina

c. Gng. Karla Medina

5. Si________ay mabait at responsableng asawa.

a. G. Carlo Lacerna
a. g. Carlo lacerna
b. Carlo Lacerna

## 2 Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang tula

Naibibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pahiwatig na pangungusap

Nakikilala ang mga karaniwang salitang daglat at nagagamit ito sa pagbuo ng pangungusap, maikling kuwento

Nauunawaan ang napakinggang tula sa pamamagitan ng pagsagot sa mga literal at mataas na antas ng tanong

Naipakikita ang kawilihan sa pakikinig at pagbasa ng tula pamamagitan ng matamang pakikinig at pagbibigay ngkomento o reaksyon

**Istratehiya***:* **Read by the Teacher (Read Aloud),**
**Read with the Teacher (Shared)**

### A. Gawain Bago Bumasa

**1. Paghahawan ng balakid**

*1.1 nakamit-*

Masipag si Karen kaya nakamit niya ang tagumpay.

*1.2 pagsusunog ng kilay*

Sa pagsusunog ng kilay o pag-aaral na mabuti nakatapos ng pag-aaral si Arnold.

*1.3 Maykapal*

Ang Maykapal ang may likha ng lahat sa ating daigdig.

**2. Pagganyak**

Itanong sa mga bata kung sino sa mga tao sa kanilang barangay ang nais nilang tularan paglaki.

Itanong ang nais na bata na maging sila paglaki.

**3. Pangganyak na Tanong**

Itanong ang nais nilang malaman sa tulang kanilang babasahin.

Isulat ang sagot ng mga bata sa pisara.

### B. Gawain Habang Nagbabasa

Basahin/Ipabasa ang tula nang tuloy-tuloy sa una at may paghinto sa ikalawang pagbasa upang magkaroon ng interaksyon. Gamitin ang tulang “Bunga ng Pagsisikap” sa LM.


Tanong:
*(Unang Saknong)*
1. Ano ang kabutihang maidudulot ng pagsisikap? Bakit?
2. Ano ang kailangan ng isang tao upang magtagumpay?
3. Paano mo ipakikita ang iyong pagsisikap bilang isang bata?
4. Ano ang nararapat mong gawin kapag ikaw ay nagtagumpay? Bakit?
5. Ano ang mararamdaman mokapag ikaw ay nagtagumpay? Bakit?

*(Ikalawang Saknong*)
6. Sino ang gurong tinukoy sa tula?
7. Ano ang kanyang gawain?
8. Sino ang handang gumamot sa ating sakit?
9. Kung naging katulad ka nila, gagawin mo din ba ang kanilang ginawa? Bakit?
10. Paano mo ipakikita ang pagpapahalaga sa mga tao sa iyong barangay na naging matagumpay?

(*Ikatlong Saknong)*
11. Sino naman ang taong maaari nating lapitan tungkol sa batas?
12. Ano naman ang tulong na maibibigay ni Engr. Cruz?
13. Maari ba tayong humingi ng tulong sa batas kay Engr. Cruz? Bakit?
14. Kung tayo ay nangangailangan ng tulong na may kinalamn sa kalusugan, maari ba tayong lumapit kay Atty. Vargas? Bakit?
15. Nais mo bang maging isa sa kanila? Bakit?

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa pangganyak na tanong**
   Balikan ang naging sagot ng mga bata sa pagganyak na tanong.
   Ipatukoy ang nais nila sa kanilang paglaki.
2. **Ugnayang Gawain**
   Ipangkat ang mga mag-aaral.
   Ipagawa ang pangkatang gawain
   a. **Pangkat I:Katangian Ko,Tukuyin Mo!**
      Ilarawan ang mga tauhang nabanggit sa tula gamit ang **Character Map**.




b. **Pangkat II: Sino Ako?**
Ipakita sa pamamagitan ng pagsasakilos ang mga taong nabanggit sa tula.
Tukuyin ang ngalan nila kasama ang salita sa unahan ng kanilang pangalan.
Isakilos ang kanilang katangian, kakayahan o mga gawain.

c. **Pangkat III: Sa Aking Paglaki.......**
Iguhit ang nais ninyong maging sa inyong paglaki.
Gawin ito sa malinis na papel.

3. **Paglinang sa Kasanayan**
   a. Sino-sino ang mga taong nabanggit sa tula?
   Ano-anong katangian ng mga taong nabanggit sa ating tula?
   Ilarawan natin sila.
   Ano ang nakalagay sa unahan ng kanilang pangalan?
   Paano natin ito isinusulat?
   Pakinggan natin ang pag-uulat ng Pangkat I.

   b. Ano-anong gawain ang kanilang ginagampanan?
   Mahalaga ba sila? Bakit?
   Ating alamin kung papaano kumilos ang bawat taong nabanggit sa tula. Panoorin at pakinggan ang Pangkat II.

c. Sa inyong paglaki, ano ang nais ninyo? Bakit?
Sino sa kanila ang iyong inspirasyon? Bakit?
Tingnan natin ang iginuhit ng miyembro ng Pangkat III na nais nilang maging sa kanilang paglaki.
Maganda bang maging inspirasyon ang mga tao sa tula? Bakit?
Sino sa kanila ang iyong inspirasyon? Bakit?
Ano ang kanilang ginawa upang maabot ang kanilang pangarap?
Kung ito ang kanilang ginawa,kayo ano ang dapat ninyong gawin upang matupad ang nais ninyong maging paglaki mo?

4. **Paglalahat**
   Naunawaan ba ninyo ang tula? Paano?
5. **Pagtatasa**
   Ipatukoy ang mga salitang may daglat na ginamit sa kuwento sa Gawain 4 ng LM.

## *3* Ikatlong Araw

**Layunin:** Nababasa nang malakas ang mga teksto para sa ikalawang baitang na may kawastuhan at kasanayan
Nagagamit ang kaalaman sa paraan ng pagbaybay ng mga salita

**Kasanayan sa Pagbasa**

A. **Pagganyak at Paglalahad**
   1. Magpabigay ng halimbawa ng mga salitang may daglat.
   2. Ipabasa ang mga pangungusap na nasa LM. Ipatukoy ang mga salitang dapat daglatin. Ipabasa ang mga salitang may daglat.

B. **Pagtalakay**
   1. Paano dapat basahin ang mga salitang may daglat?
   2. Saan inilalagay ang mga salitang dinaglat?
   3. Ano ang inilalagay pagkatapos daglatin ang mga salita?
   4. Paano binasa ang mga pangungusap?

C. **Paglalahat**
   Paano ang wastong paraan ng pagbasa sa mga mga salitang may daglat?
   Basahin ang dapat tandaan sa LM.

D. **Paglalapat**
   Kumuha ng kapareha at umisip ng tao sa inyong barangay/pamayanan.
   Tukuyin ang katawagang maaaring gamitin sa kanila.
   Daglatin ang mga katawagang to at gamitin sa pagbuo ng pangungusap.

E. **Kasanayang Gawain**
   1. **Pinatnubayang Pagbasa**

Ipabasa ang mga katawagang ginamit sa bawat tao sa Gawain 5 ng LM.
Ipadaglat at gumawa ng pangungusap gamit ang mga dinaglat na katawagan

2. **Malayang Pagbasa**
   Ipabasa ang mga pangungusap at ipatukoy ang salitang dapat daglatin sa Gawain 6 sa LM.

## *4* Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nasusunod ang pamantayan ng pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap na may tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mgasalita at wastong bantas
Naisusulat ang mga pangungusap nang wasto na may tamang gamit ng bantas.

**Kasanayan sa Pagsulat**

1. **Balik-aral**
   Itanong sa mga bata ang wastong pagsulat ng mga salitang dinaglat.
2. **Pagganyak**
   Itanong at pasagutan sa mga bata.
   Isulat sa pisara ang tamang sagot.
   a. Ito ay katawagang ginagamit sa lalaking may asawa, anong salitang may daglat ang ginagamit? (G.)
   b. Ito ay salitang may daglat na ginagamit sa babaeng wala pang asawa, ano ito?(Bb.)
   c. Siya ang makatutulong sa ating karamdaman,anong salitang may daglat ang gagamitin? (Dr.)
   d. Siya ang taong namumuno sa isang barangay, anong salitang may daglat ang gagamitin sa kanya? (Kap.)
3. **Paglalahad**
   Ipabasa ang mga sagot ng bata na nasa pisara.
   Ipagaya ang wastong paraan ng pagsulat sa mga bata.
4. **Pagtalakay**
   Itanong kung kanino ginagamit ang mga salitang may daglat?
   Itanong ang tamang paraan ng pagsulat nito at bantas na ginagamit pagkatapos daglatin.
5. **Paglalahat**
   Ano ang dapat mong tandaan sa paggamit ng mga salitang may daglat at paano ito isinusulat?
   Ipabasa ang dapat tandaan sa LM.
6. **Kasanayang Gawain**
   a. **Pinatnubayang Pagsulat**
   Ipagawa ang Gawain 7 sa LM.
   b. **Malayang Pagsulat**

Magpasulat ng limang (5) katawagang dapat daglatin sa sagutang papel.

## 5 Ikalimang Araw

**Pagtataya**

**A.** Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

1. Aling salita ang dinaglat nang wasto?
   d. Gin. b. Binib. c. Gng.
2. Si Kagalanggalang Aniano Dela Cruz ay masipag na tao. Aling salita ang dapat daglatin?
   a. masipag b. Kagalanggalang c. Aniano Dela Cruz
3. Siya ang taong maaari nating hingan ng tulong tungkol sa batas, aling salitang may daglat ang angkop sa kanya?
   a. Dr. b. Engr. c. Atty.
4. Siya ang masipag at mabuting maybahay ni G. Santos, sino siya?
   a. Gng. Santos b. Bb. Santos c. Gin.Santos
5. Siya ang taong nagpapanatili ng katahimikan sa ating pamayanan?
   a. SPO1. Carlos Laroza b. Atty. Carlos Laroza c. Engr. Carlos Laroza

B. Isulat nang wasto ang salitang daglat.

6. Kapitan-
7. Doktor-
8. Engineer-
9. Honorable-
10. Ginang-

**Pantulong na Gawain**

Sagutan sa sagutang papel.

1. Si Ginoong Lualhati ay nagtatrabaho sa isang malaking kompanya. Aling salita ang dapat daglatin?
   a. Lualhati b. Ginoo c. nagtatrabaho
2. Aling pangungusap ang gumagamit ng tamang salitang may daglat?
   a. Si G. Pasumbal ay ama ni Karen.
   b. Si Dokt. Pesigan ay mangagaot sa aming barangay.
   c. Si Bini. Reyes ay masipag na guro sa aming paaralan.
3. Alin ang tamang daglat ng salitang Honorable?
   a. Honor. b. Honb. c. Hon.
4. Siya si_______________ang masipag na manggagamot sa aming bayan.
   a. Dr. Dimaano b. Dokt.Dimaano c. Dor. Dimaano
5. Tunay na mabait at masipag si Engineer Tapire. Aling salita ang dapat daglatin?
   a. masipag b. Tapire c. Engineer

**Pagpapayamang Gawain**

Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Aling pangkat ng salita ang may tamang daglat?
   a.Attr., Eng.,at Kapti. b. Dktr.,Kag.,at SPOF. c. G., Gng., at Bb.
2. Aling pangungusap ang may wastong gamit ng salitang may daglat?
   b. Si Ging. Lucero an gaming punongguro.
   c. Si Dr. Rodriguez ay nagbibigay ng libreng serbisyo sa barangay.

   d. Si Bini. Roda ay masipag na magwawalis.
3. Idikta ang mga sumusunod na pangungusap gamit ang salitang may daglat.
   a. Si Dr. Cruz ay lumipat sa aming bayan.
   b. Si Gng. Tamba ang aking mahal na ina.
   c. Si Atty. Sistado ay mahusay na manananggol.

# 8 IKAWALONG LINGGO
# Ang Nais Ko sa Aking Paglaki

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas:* Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang pabula

Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa sa pamamagitan ng pagsasakilos, larawan, at tunay na bagay

*Kaalaman sa Tunog:* Nakikilala ang ugnayan ng tunog at simbolo nito at paggamit nito sa pagsulat

*Kaalaman sa Aklat at Limbag:* Nabibigyang pansin ang mga mekaniks ng pagsipi/pagkopya ng mga pangungusap, talata, tamang paggamit ng malaking letra, pagitan ng mga salita at gamit ng tamang bantas

*Pagkilala ng mga Salita*: Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa

*Katatasan:* Nababasa nang malakas ng mga teksto para sa ikalawang baitang na may kawastuhan at kasanayan

*Pagbabaybay:* Nasusunod ang pamantayan ng pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap na may tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita at wastong bantas

Naisusulat ang mga pangungusap na may tamang gamit ng malaking letra at bantas

Nakabubuo ng pangungusap mula sa mga parirala

*Kamalayan sa Gramatika:* Natutukoy ang mga salitang naglalarawan sa kulay, hugis, laki, bilang o dami sa pangungusap o kuwento

*Pagpapalawak ng Talasalitaan*: Nakikilala ang mga salitang naglalarawan sa kulay, hugis,laki, bilang o dami sa pangungusap

*Pag-unawa sa Binasa*: Nauunawaan ang napakinggang pabula sa pamamagitan ng pagsagot sa mga literal at mataas na antas ng tanong

Naibibigay ang mahahalagang detalye sa pabulang narinig

Naipakikita ang kawilihan sa pakikinig at pagbasa ng pabula sa pamamagitan ng matamang pakikinig at pagbibigay ng komento o reaksyon

*Pagpapahalaga*: Pagtulon sa kaibigan

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa:**

Pakikipagtalastasan tungkol sa kuwento
Kahulugan ng salita
Tamang pagsulat ng pangungusap
Pagbaybay ng mga salita na naaayon sa baitang o antas
Pagtukoy sa salitang naglalarawan sa kulay, hugis, laki, bilang o dami

**B. Batayan/Sanggunian:**

**Pabula:** "Ang Inahing Manok"

**C. Mga Kagamitan:**

mga larawang mula sa kuwento, tunay na bagay gaya ng butil ng bigas at halaman, tsart ng pangungusap
Pabula: "Ang Inahing Manok"

**III. Gawain sa Pagkatuto**

## *1* Unang Araw

**Layunin:** Natutukoy ang mga salitang naglalarawan sa kulay, hugis, laki, bilang o dami sa pangungusap o kuwento

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**

Magpalaro ng "Pinoy Henyo".

Ang isang bata ang maglalarawan ng salitang huhulaan ng isa pang bata. (Tiyaking ang salitang ibibigay ay mailalarawan ng bata.)

Hal.

| ampalaya |
|---|

Uri ng gulay, kulay berde, at mahaba.
Mapait ito, subalit masustansiya.

**B. Pagganyak**

Itanong kung ano ang naramdaman ng mga bata habang naglalaro at kung paano nila inilarawan ang salitang pinahuhulaan.

**C. Paglalahad/Pagmomodelo**

Basahin ang mga pangungusap sa LM.

**D. Pagtalakay**

1. Ilan ang inahing manok na nakakita ng butil? (isa)
   Gaano karami ang butil ng palay? (marami)
   Ano ang tinutukoy ng isa at marami? ( bilang o dami)
2. Ano ang naglalarawan sa pusa at bibe? (puti)
   Ano ang tinutukoy ng salitang puti? ( kulay)
   Ano ang naglalarawan sa baboy? (mataba)
   Ano ang tinutukoy ng salitang mataba? (laki)
3. Ano ang naglalarawan sa butil? ( biluhaba)
   Ano ang tinutukoy ng salitang biluhaba? ( hugis)
4. Ano ang naglalarawan sa inahin? (masipag)
   Ano ang tinutukoy ng salitang masipag? ( katangian)
5. Ano-ano ang inilarawan natin? ( inahing manok, pusa, bibe, butil ng palay, )
   Ano ang tawag sa mga salitang ito? (pangngalan)
   Ano ang ginawa natin sa mga pangngalan? (Inilarawan)
   Ano ang tawag sa mga salitang tumutukoy sa bilang/dami, kulay, laki, hugis at katangian ng pangngalan? ( Pang-uri)

**E. Paglalahat**

Ano ang tawag sa salitang naglalarawan?
Ano ang tinutukoy nito?
Ipabasa ang tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Tumingin ng mga bagay sa loob ng silid-aralan. Ilarawan ang bawat bagay.(kulay, hugis, laki, bilang o dami)

**G. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 1 sa LM**.**
2. **Malayang Pagsasanay**
   Sumulat ng limang (5) salitang naglalarawan.( kulay, hugis, laki, bilang o dami)

**H. Pagtatasa**

Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Si Karen ay bumili ng limang ampalaya upang lutuin para sa tanghalian. Alin ang salitang naglalarawan?
   a. Ampalaya b. lima c. lutuin

2. Si Mang Nestor ay may alagang matataas na puno ng mangga. Ang salitang matataas ay naglalarawan ng_____________.
   a. Laki b. bilang c.hugis
3. Alin sa mga sumusunod na salita ang maaaring gamitin sa paglalarawan ng mga bata?
   a. Makikinang b. matatamis c. malulusog
4. Ang puno ng santol ay may mabibilog at malalaking bunga.Ang salitang mabibilog at malalaki ay naglalarawan sa_____________.
   a. kulay at dami b. hugis at laki c. hugis at kulay
5. Ang batang si Minda ay matangkad. Aling salita ang ginamit sa paglalarawan?
   a. Minda b. matangkad c. bata

## *2* Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang pabula
Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa sa pamamagitan ng pagsasakilos, larawan, at tunay na bagay
Nauunawaan ang napakinggang pabula sa pamamagitan ng pagsagot sa mga literal at mataas na antas ng tanong
Naibibigay ang mahahalagang detalye sa pabulang narinig

**Istratehiya**: **Read by the Teacher (Read Aloud), Read with the Teacher (Shared Reading)**

**A. Gawain Bago Bumasa**

**1. Paghahawan ng balakid**

*1.1 bayuhin*
(Magpakita ang guro ng larawan ng isang tao na may hawak na pangbayo at ipakita na nagbabayo)
Ang kapeng barako ay dapat bayuhin upang maihiwalay ang balat nito sa laman.

*1.2 paunlakan-* Nagpunta ang kuya sa kaarawan niya upang paunlakan siya.

*1.3 sumibol-* (Magpakita ang guro ng tunay na halamang bagong sibol at ipakita ito upang malaman ng mga bata ang salitang sumibol.)

*1.4 mag-ani-* Ang magsasaka ay mag-aani na ng kanilang mga tanim na palay.
( Maaaring ipakita sa kilos ang hitsura ng taong nag-aani.)

*1.5 butil-* ( Magpakita ng butil ng mga bigas)

Ang butil ng bigas ay mahalaga sa atin, niluluto ang mga ito upang maging kanin.

2. **Pagganyak**

   Itanong sa mga bata kung ano ang nais nilang gawin araw-araw. Itanong kung bakit.

3. **Pangganyak na Tanong**

   Itanong ang nais nilang malaman sa pabulang kanilang babasahin.

   Isulat ang sagot ng mga bata sa pisara.

**B. Gawain Habang Nagbabasa**

Basahin/Ipabasa ang pabula nang tuloy-tuloy sa una at may paghinto sa ikalawang pagbasa upang magkaroon ng interaksyon. Gamitin ang pabulang "Ang Inahing Manok" sa LM.

Tanong:

1. Ano ang nakita ni inahing manok?
2. Sino ang hiningan niya ng tulong sa pagtatanim?
3. Ano ang nangyari ng humingi siya ng tulong?
4. Ano ang ginawa ng kanyang mga kaibigan ng humingi siya ng tulong?
5. Ipinagpatuloy ba ni inahing manok ang pagtatanim? Ano ang nagyari?
6. Tumubo ba ang kanyang itinanim? Anong masasabi mo sa mga tanim niya?
7. May nakatulong ba siya sa pag-aani? Bakit?
8. Ano ang nangyari sa mga kaibigan ni inahing manok nang lumapit ang mga ito sa kanila?
9. Kung ikaw si inahing manok, ganoon din ba ang gagawin mo? Bakit?
10. Ano ang masasabi mo sa mga sumusunod:

    -butil ng palay

    -pusa, bibe, baboy, at kambing

    -inahing manok

    -bigas

    - bilang ng kaibigan ni inahing manok

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa pangganyak na tanong**

   Balikan ang naging sagot ng mga bata sa pagganyak na tanong.


   Itanong ang nalaman nila tungkol sa pabulang napakinggan.

2. **Ugnayang Gawain**

   Ipangkat ang mga mag-aaral sa tatlo.

   Ipagawa ang pangkatang gawain.

**a. Pangkat I: Tauhan Ko, Ilarawan Mo!**
Iguhit ang mga tauhan sa pabula ayon sa kanilang katangian




**b. Pangkat II: Artista Ka Ba?**
Isadula ang tagpo simula sa pagtatanim ni inahing manok hanggang sa ihain na niya ang maputing kanin.

**c. Pangkat III: Gintong Butil!**
Isulat ang paraan ng pagtatanim ng palay hanggang sa maging bigas ito.

**d. Pangkat IV: Ayusin Mo!**
Iayos ang mga larawan ayon sa tamang pagkakasunod-sunod.Ikuwento itong muli gamit ang mga larawan.







3. **Paglinang sa Kasanayan**
   a. Ilarawan si inahing manok at ang mga kaibigan niya.
      Ano ang masasabi ninyo sa mga butil na itinanim ni inahing manok?
      Gaano ito katagal bago sumibol?
      Pakinggan natin ang ulat ng Pangkat I.
   b. Sino ang nilapitan ni inahing manok upang tulungan siyang magtanim?
      May nakatulong ba sa pagtatanim si inahing manok? Bakit?
      Ano ang ginawa niya?
      Ngayon tingnan natin ang pagsisikap ni inahing manok.
      Narito ang Pangkat II upang isadula ito.
   c. Paano mo ilalarawan si inahing manok?
      Ano ang masasabi mo sa kanyang mga kaibigan?
      Paano mo sila ilalarawan?
      Alamin natin ang ilan sa kanilang mga katangianng sa pag-uulat ng Pangkat III.
   d. Ano ang unang ginawa ni inahing manok? Kasunod niyang ginawa? Ang huli niyang natapos na gawain?
      Ngayon ating pakinggan ang pag-uulat na ginawa ng Pangkat
      Ano ang gagawin mo kung ikaw ang mga kaibigan ni inahing manok?Bakit dapat kayong tumulong?
      Ano ang kabutihang naidudulot nito sa inyo at kapwa?
4. **Paglalahat**
   Paano ninyo naunawaan ang pabula?
5. **Pagtatasa**
   Basahin ang maikling kuwento.

**Mga Gawain ni Emmanuel John**

*Akda ni: Rianne Pesigan-Tiňana*

Isang mag-aaral si Emmanuel John. Marami siyang gawain. Paglabas niya sa paaralan,ginagawa muna niya ang kanyang mga takdang-aralin. Masayang nagbabasa ng kuwento at masiglang sinasagutan ang mga tanong dito. Tahimik na nagsusulat ng pangungusap, talata at maikling kuwento. Bago matulog, taimtim na nagdarasal sa Poong Maykapal. Paggising sa umaga, kumakain muna ng agahan at pagkatapos maliligo. Ihahanda ang mga gamit sa paaralan, aayusin ang sarili at magsusuot ng puting uniporme. Sa loob ng silid-aralan, makikinig na mabuti sa guro. Sa dalawang araw na walang pasok, nagbibisikleta siya at naglalaro ng bola. Ganito ang kaniyang mga gawain kaya naman mga magulang niya tuwang-tuwa sa kanya.

Sagutin ang bawat tanong.

1. Sino si Emmanuel John?
2. Ilarawan mo siya.
3. Ano-ano ang kaniyang mga gawain?
4. Pareho ba kayo ng gawain ni Emmanuel John?
5. Paano niya ginagawa ang kaniyang mga takdang-aralin?
6. Nagsusulat ba siya? Paano?
7. Ano ang gawain niya bago matulog? Ganito ka rin ba?
8. Paano niya inihahanda ang kaniyang sarili sa pagpasok?
9. Ano ginagawa niya tuwing walang pasok? Pareho ba kayo ng gawain?
10. Sa iyong palagay, dapat bang ipagmalaki si Emmanuel John ng kanyang mga magulang? Bakit?

## *3* Ikatlong Araw

**Layunin:** Nababasa nang malakas ang mga teksto para sa ikalawang baitang na may kawastuhan at kasanayan
Nagagamit ang kaalaman sa paraan ng pagbaybay ng mga salita

**Kasanayan sa Pagbasa**

**A. Pagganyak at Paglalahad**

1. Magpakuha ng mga bagay na makikita sa loob ng silid-aralan. Ipalarawan ito.
2. Ipabasa ang mga pangungusap nang wasto at nang may kahusayan. Pansinin ang wastong paghinto, paghahati ng mga salita, at ang bantas na ginamit na nasa LM.

**B. Pagtalakay**

Paano ang tamang paraan ng pagbasa sa mga pangungusap?

**C. Paglalahat**

Paano ang wastong pagbasa sa mga pangungusap?
Basahin ang dapat tandaan sa LM.

**D. Paglalapat**

Kumuha ng kapareha at paisipin ang mga bata ng mga gawaing nagawa nila.
Ipakuwento sa kapareha gamit ang mga salitang naglalarawan.

**E. Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang Pagbasa**

Ipabasa ang mga pangungusap sa Gawain 2 sa LM. Pansinin ang wastong paghinto, paghahati ng mga salita, at ang bantas na ginamit.

**2. Malayang Pagbasa**

Ipagawa ang Gawain 3 sa LM.

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nasusunod ang pamantayan ng pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap na may tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita at wastong bantas

Naisusulat ang mga pangungusap na may tamang gamit ng malaking letra at bantas

Nakabubuo ng pangungusap mula sa mga parirala

**Kasanayan sa Pagsulat**

A. **Balik-aral**
   Magpabigay ng pangungusap na may sallitang naglalarawan ng kulay, hugis, laki, bilang o dami.
B. **Pagganyak**
   Pakuhanin ng kapareha ang mga bata. Ipalarawan ang kanilang kapreha sa isang pangungusap.
C. **Paglalahad**
   1.Buuin ang parirala upang maging pangungusap na nasa LM.
   2. Isulat sa pisara ang pangungusap na nabuo ng mga bata.
D. **Pagtalakay**
   1.Itanong kung paano nila nabuo ang pangungusap mula sa mga parirala.
   2. Itanong kung ano ang napansin nila sa pagkakasulat ng pangungusap.
   3. Itanong ang tamang paraan ng pagsulat nito at bantas na ginamit pagkatapos ng pangungusap.
E. **Paglalahat**
   Ano ang dapat mong tandaan sa pagsulat ng isang pangungusap?
   Ipabasa ang dapat tandaan sa LM.
F. **Kasanayang Gawain**
   **1. Pinatnubayang Pagsulat**
   Ipagawa ang Gawain 4 sa LM.
   **2. Malayang Pagsulat**
   Ipagawa ang Gawain 5 sa LM.

.

## 5 Ikalimang Araw

**Pagtataya**

A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

1. May mga salitang naglalarawan sa kalabaw maliban sa isa, alin ito?
   a. maitim b. isa c. bilog
2. Nagpahuli ng tatlong manok ang nanay upang ihanda sa tanghalian n gaming mga bisita. Alin ang salitang naglalarawan?
   a. nagpahuli b. tatlo c. tanghalian

3. Maraming huling ida ang mga mangingisda. Ang salitang may salungguhit ay naglalarawan ng____.
   a. kulay b. hugis c. bilang
4. Ang tanim naming talong at ampalaya ay marami. Alin ang salitang naglalarawan?
   a. Tanim b. marami c. talong at ampalaya
5. Aling salitang naglalarawan ang angkop na gamitin sa hilaw na mangga?
   a. berde b. matamis c. mahaba

B. Isulat ang wastong salitang naglalarawan sa bawat salita na tumutukoy sa kulay, hugis, laki, bilang o dami, .

6. plato-
7. palengke-
8. simbahan-
9. prinsesa-
10. daliri-

**Pantulong na Gawain**

Sagutan sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang may wastong gamit ng salitang naglalarawan?
   a. Ang kalabasa ay mabilog.
   b. Ang kabayo ay may limang paa.
   c. Ang prinsipe ay may tatlong paa.

2. Maraming tao ang nanonood ng palaro sa plasa. Alin ang salitang naglalarawan?
   a. palaro
   b. plasa

**Tandaan:**
**Ang bawat salita ay binabasa**

c. marami

3. Ang mga bata ay may ________mga daliri.
   a.pito b. sampu c. walo

4. Kami ay bumili ng <u>maliliit</u> na baso upang gamitin. Ang salitang may salungguhit ay naglalarawan ng_______.
   a. hugis b. dami c. laki

5. Aling salitang naglalarawan ng bilang ang angkop sa prutas na nasa basket?
   a. marami b. mahaba at malalaki c. masasarap at masusustansiya

**Pagpapayamang Gawain**

A. Idikta ang mga pangungusap. Isulat sa sagutang papel.
   1. Bumili ng sampung pandesal si Tatay para sa aming umagahan.
   2. Maraming naging bisita sa kanila noong kaarawan niya.
   3. Madidilaw na ang dahon ng mangga sa kanilang bakuran.

B. Buuin ang salita, at parirala upang maging pangungusap. Isulat nang wasto.
   1. ang sapatos
      Itim
      niyang binili.

   2. Sampu
      na alaga ni kuya.
      ang manok

**IKASIYAM NA LINGGO**

# 9 Kasama ang Aking Pamilya

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas:* Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang teksto.

*Kaalaman sa Aklat at Limbag:* Nabibigyang pansin ang mga mekaniks sa pagsipi/ pagkopya ng mga pangungusap, talata, tamang paggamit ng malaking letra, pagitan ng mga salita at gamit ng tamang bantas

*Pagkilala ng mga Salita:* Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa

*Katatasan:* Nababasa nang malakas ang mga teksto para sa Ikalawang baitang na may 95-100 bahagdan na kawastuhan at kasanayan

*Pagsulat*: Nakasusunod sa pamantayan ng pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap, talata o kuwento na may wastong gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita at wastong bantas.

*Pagbuo:* Naisusulat ang mga pangungusap na idinidikta na may tamang gamit ng bantas

*Kamalayan sa Gramatika:* Nagagamit nang wasto ang pandiwa

*Pag-unawa sa Binasa:* Nahihinuha ang susunod na mangyayari sa kuwento

Nauunawaan ang napakinggang kuwento sa pagsagot sa mga literal at mataas na antas ng pagtatanong

Natutukoy ang sanhi at bunga

Naibibigay ang mahahalagang detalye ng kuwentong narinig

*Kaugalian Sa Kawilihan sa Pagbasa*: Naipakikita ang kawilihan sa pakikinig at pagbasa ngteksto sa pamamagitan ng matamang pakikinig at pagbibigay ng komento o reaksyon

*Pagpapahalaga:* Pagmamahalan ng pamilya

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa**

Mekaniks sa pagsipi/ pagkopya ng mga pangungusap, talata,
Kahulugan ng mga salitang nabasa
Pandiwa
Paghinuha ng susunod na mangyayari sa kuwento

Pag- unawa sa napakinggang kuwento
Sanhi at bunga

**B. Batayan/Sanggunian**
Kuwento: “Isang Okasyon”
Akda ni: Grace urbien-Salvatus

**C. Kagamitan**
Kuwento**:** Isang Okasyon
Larawan
Awit: Pamantayan sa Pagsulat
Akda ni Grace Urbien-Salvatus

## III. Gawain sa Pagkatuto

### 1 Unang Araw

**Layunin:** Nababasa nang malakas ang mga teksto para sa ikalawang baitang na may 95-100 bahagdan na kawastuhan at kasanayan
Nagagamit nang wasto ang pandiwa

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**
Ipakita ang larawan. Itanong kung ano-ano ang nakikita nila dito at kung ano ang ginagawa nila. Ipahula kung ano ang binubuo ng nasa larawan.



**B. Pagganyak**
**Pantomime**
Pangkatin ng dalawa ang klase. Maghanda ng mga flashcards ng mga alitang kilos. Bigyan ng tiglimang flashcards ang bawat pangkat. Isasakilos ng unang pangkat ang bawat salitang nasa flashcard.Huhulaan ito ng ikalawang pangkat. Itala ang tamang hula ng ikalawang pangkat.

(Ang unang pangkat naman ang manghuhula sa isasakilos ng ikalawang pangkat.) Ang pangkat na may pinakamaraming nahulaan ang siyang panalo sa laro.

Mga nakasulat sa **flashcards**:

| Pangkat I: | Pangkat II: |
|---|---|
| natutulog | nagwawalis |
| umaawit | kumakain |
| naglalakad | tumatakbo |
| sumasayaw | nagsusulat |
| nagtuturo | nagpupunas |

**C. Paglalahad/Pagmomodelo**

Ipabasa sa mga bata ang mga salitang ginamit sa laro sa LM

**D. Pagtalakay**

Itanong kung ano ang ginawa nila sa mga salita sa kanilang pangkatang paglalaro, ano ang ipinakikita ng mga salitang ito at ano ang tawag sa mga ito.

Magpabigay pa ng ibang salitang nagpapakita ng kilos. Ipakilos ang mga ito at ipagamit sa pangungusap. Isulat sa pisara at ipakita ang wastong paggamit ng malaking letra, tamang pagitan ng mga salita, at bantas na ginamit.

**E. Paglalahat**

Ano ang tawag sa mga salitang nagpapakita ng kilos o galaw? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Magpabuo ng limang pangkat. Sabihin sa mga bata na magbahaginan tungkol sa pagdiriwang ng kanilang kaarawan sa kanilang pangkat. Gumamit ng mga salitang kilos sa pagsasalaysay.

**G. Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang Pagsasanay**

Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.

**2. Malayang Pagsasanay**

Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.

**H. Pagtatasa**

Itanong kung ano-ano ang ginagawa nila sa araw na ito. Sumulat ng lima (5) at ipagamit ang mga ito sa pangungusap gamit ang tamang letra, wasstong pagitan ng mga salita, at bantas.

# 2-3 Ikalawang at Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang teksto.
Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa
Nahihinuha ang susunod na mangyayari sa kuwento
Nababasa nang malakas ang mga teksto para sa ikalawang baitang na may 95-100 bahagdan na kawastuhan at kasanayan
Nauunawaan ang napakinggang kuwento sa pagsagot sa mga literal at mataas na antas ng pagtatanong
Natutukoy ang sanhi at bunga
Naibibigay ang mahahalagang detalye ng kuwentong narinig
Naipakikita ang kawilihan sa pakikinig at pagbasa ng teksto sa pamamagitan ng matamang pakikinig at pagbibigay ng komento o reaksyon

**Istratehiya: Read by the teacher (Read Aloud), Read with the teacher (Shared Reading), Read to the teacher (Independent Reading)**

**A. Gawain Bago Bumasa**

1. **Paghahawan ng balakid**

   ( gamit ang pahiwatig ng pangungusap)

   *1.1. okasyon*

   Ang kaarawan, pasko, at binyag ay mga halimbawa ng okasyon.

   *1.2. Kalansingan*

   Naririnig ni Waren ang kalansingan sa kusina. May tunog ng kutsara, tinidor, sandok, plato, at lutuan.

2. **Pagganyak**

   Itanong kung paano ipinagdiwang ng mga bata ang nakaraan nilang kaarawan, ano ang kanilang ginawa, at ano ang kanilang pakiramdam. Hikayatin ang mga batang magbahagi ng kanilang saloobin.

3. **Pangganyak na Tanong**


   Ano ang okasyon? Para kanino ang okasyong nabanggit?

**B. Gawain Habang Nagbabasa**

Basahin ang kuwento nang tuloy-tuloy. Basahing muli nang may paghinto at interaksyon upang mataya kung nauunawaan nila ang kanilang binabasa. Ipahula sa mga bata ang maaaring mangyayari sa kasunod na tekstong babasahin. Ipabasa ang maikling kuwento sa mga bata nang tuloy-tuloy. (Tingnan ang kuwento sa LM.)

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa pangganyak na tanong**
   Ano ang okasyon? Para kanino ang okasyon? Paano ninyo nalaman ang sagot sa mga tanong na ito?
2. **Ugnayang Gawain**
   Ipagawa ang pangkatang gawain.
   a. **Pangkat I: Tauhan Ko, Kilala Mo?**
   Itala ang mga tauhan sa kuwento at ang kanilang papel na ginagampanan. Sagutin ang mga ito gamit ang **graphic organizer**.Gawin ito sa **manila paper**.




   b. **Pangkat II:Magsalo salo Tayo!**
   Gumuhit ng mga pagkaing handa kapag may kaarawan. Kulayan ang mga ito para maging kaaya-ayang tingnan. Gawin ito sa kartolina.

   c. **Pangkat III: Liham Pasasalamat!**
   Isipin ng pangkat na ito na sila si Waren.
   Sumulat ng pasasalamat sa pamilya sa paghahanda sa iyong kaarawan.

**3**. **Paglinang sa Kasanayan**

**a.** Sino-sino ang nasa kuwento? Ano ang tawag sa kanila? Alamin natin sa ulat ng Pangkat I.

**b.** Sino ang may kaarawan? Ano-ano kaya ang handa ni Waren sa kaniyang kaarawan? Pakinggan ang ulat ng Pangkat II.

**c**. Tuwang –tuwa si Waren sa kaniyang pamilya. Kaya gumawa siya ng isang sulat ng pasasalamat.Ano kaya ang isinulat? Pakinggan naman ang ulat ng Pangkat III.

**d**. Itanong ang mga bata kung paano nila maipakikita ang pasasalamat sa kanilang magulang/pamilya sa mga kabutihan at pagsasakripisyo para sa kanila. Ipahayag nila ito sa klase.

**4. Paglalahat**

Paano ninyo naunawaan ang kuwento?

## 3 Ikatlong Araw

**Kasanayang Pangliteratura**

A. **Balik-aral**
   Balikan ang mga pangyayari sa kuwento. Itanong sa mga bata kung ano ang naramdaman ni Waren. Itanong din kung marami ba ang dumating na bisita at kung nabusog kaya ang mga bisita.
B. **Paglalahad**
   Ipabasa ang mga pangyayari sa kuwento sa LM.
C. **Pagtalakay**
   Itanong kung ano ang tawag sa dahilan ng mga pangyayari at sa resulta ng mga ito.
   Ipaliwanag sa mga bata na ang dahilan ng pangyayari ay tinatawag na sanhi at kung ano ang resulta o kahihinatnan ng pangyayari ay tinatawag na bunga.
   Maaaring magbigay pa ng karagdagang halimbawa.
D. **Paglalahat**
   Ano ang sanhi at bunga ng mga pangyayari?
   Ipabasa ang Tandaan sa LM.
E. **Paglalapat**
   Magpabigay sa mga bata ng maaaring bunga ng sumusunod na sanhi.
   1. Umulan nang malakas.
   2. Pinutol ang mga puno sa kagubatan.
   3. Naglinis ng bahay si kuya.

   Magpabigay sa mga bata ng maaaring sanhi ng sumusunod na bunga.
   4. Tumaas ang marka ni Ted.
   5. Malinis ang bakuran.
F. **Kasanayang Gawain**
   1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
      Ipagawa ang Gawain 3 sa LM.
   2. **Malayang Pagsasanay**
      Ipagawa ang Gawain 4 sa LM.
G. **Pagtatasa**
   Pagbigayin ang bawat bata ng isang sanhi at ang maaaring bunga nito.

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakasusunod sa pamantayan ng pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap, talata o kuwento na may wastong gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita at wastong bantas. Naisusulat ang mga pangungusap na idinidikta na may tamang gamit ng bantas

**Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat**

**A. Balik-aral**

Balikan ang kuwentong "Isang Okasyon". Itanong kung tungkol saan ito.Itanong din kung ano ang napansin nila sa simula ng mga pangungusap sa kuwento, paano nagsisimula ang unang letra ng pangungusap, paano isinulat ang mga pangalan ng mga tauhan, ano ang asasabi nila sa espasyo ng mga salita, at kung ano ang napapansin nila pagkatapos ng bawat pangungusap.

**B. Pagganyak**

Ipaawit ang "Pamantayan sa Pagsulat"

Akda ni Grace Urbien-Salvatus

***Adaptation from*** "**Twinkle, Twinkle Little Star**"

Sa pagsusulat ating tandaan
Sumunod sa pamantayan
Malaking letra sa unahan
Tamang bantas sa hulihan.
Espasyo ay kailangan
Mga salita'y may pagitan
Huwag mo ring kalimutan
Isaisip, kalinisan **.**

**C. Paglalahad**

Itanong kung tungkol saan ang awit at kung ano-ano ang dapat na tandaan sa pagsusulat na binanggit dito. Ipatuklas sa mga bata kung tumutugma ang mga ito sa kanilang aralin. Ipabasa ang mga pangungusap na hango sa kuwento sa LM.

**D. Pagtalakay**

Itanong kung paano isinulat ang unang letra ng bawat pangungusap. Itanong din kung ano ang ginamit sa hulihan ng mga ito, ano ang napansin nila sa espasyo ng mga salita at kung tumutugma ba ito tungkol sa mensahe ng kanilang awit.

**E. Paglalahat:**

Paano ang tamang pagsulat? Ano ang dapat tandaan sa pagsulat? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**

   Ipagawa ang Gawain 5 sa LM.

**2. Malayang Pagsasanay**

Idikta ang mga pangungusap sa mga bata. Paalalahanan sila na gamitin nang tama ang malaking letra, espasyo ng mga salita at bantas.

a. Isulat natin sa malaking letra ang unahan ng pangungusap.
b. Lagyan natin ng tamang bantas ang hulihan ng pangungusap.
c. Isulat natin ang mga salita nang may tamang espasyo.
d. Maging malinis tayo sa pagsulat.
e. Tandaan natin ang mga pamantayan sa pagsulat.

**G. Pagtatasa**

Sumulat ng 5 pangungusap tungkol sa ginagawa ninyo araw-araw sa paaralan na sinusunod ang wastong gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita at bantas. Gawin ito sa kuwaderno.

## 5 Ikalimang Araw

**A. Pagtataya**

Isulat ang letra ng wastong sagot sa sagutang papel.

1. Umakyat sa puno ng bayabas si Ivan. Maya-maya ay may lumagabog. Ano kaya ang nangyari?
   a. Nahulog ang bunga ng puno.
   b. Nahulog si Ivan sa puno.
   c. Nabali ang puno ng bayabas.

2. Nakahanda na si tatay. Suot na niya ang kaniyang sumbrero. Isinakay na rin niya ang sako ng binhi ng palay sa paragos.
   a. Pupunta siya sa palengke.
   b. Pupunta siya sa dagat.
   c. Pupunta siya sa bukid.

3. Lahat ay masasaya. May mga banderitas sa kalsada. Naririnig din ang tugtog ng banda. Ano ang pagdiriwang?
   a. binyag b. kaarawan c. pista

4. Inihihiwalay ni nanay ang puti sa may kulay. Nilagyan niya ng tubig ang planggana. May sabon na rin siya. Ano ang gagawin niya?
   a. maliligo b. maglalaba c. magsasampay

5. Nagbuhos siya ng tubig sa buong katawan. Naglagay ng shampoo sa buhok , nagsabon ng buong katawan, at saka nagbuhos ulit ng tubig sa buong katawan.
   a. naghihilamos b. naglalaba c. naliligo

6. Dadalhin ni nanay si Mina sa dentista.
   a. Masakit ang kaniyang ulo.
   b. Masakit ang kaniyang tiyan.
   c. Masakit ang kaniyang ngipin.

7. Nakatanggap ng medalya si Mark sa pagtatapos ng klase.
   a. Palagi siyang lumiliban sa klase.
   b. Palagi siyang may regalo sa guro.
   c. Palagi siyang nag-aaral ng aralin.

8. Nagkaroon ng pagguho sa kabundukan.
   a. Malakas ang ulan.
   b. Wala nang mga puno na pumipigil sa pagguho.
   c. Masydo nang maraming puno sa kabundukan.

9. Aling pangungusap ang wasto ang pagkakasulat?
   a. Ang mag-anak ni G. Roldan ay namasyal sa parke.
   b. ang mag-anak ni G. Roladan ay namasyal sa parke.
   c. Ang mag-anak ni G. roldan ay namasyal sa parke.

10. Isulat nang wasto ang pangungusap.
    nagdaos ng kaarawan si bernard kahapon

    ______________________________________________

**B. Pantulong na Gawain**

Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. May kumakatok sa bahay nina Manny. Nasa labas ng bahay si Tagpi. Wala itong tigil sa pagkahol.
   a. Kilala ni Tagpi ang kumakatok.
   b. Kaibigan ni Tagpi ang kumakatok.
   c. Nakakita ng pusa si Tagpi.

2. Madilim ang langit. Malamig ang ihip ng hangin.
   a. Sisikat na ang araw.
   b. May padating na ulan.
   c. Lulubog na araw.

3. May hawak na aklat si Zaza. Kumikibo ang kaniyang mga mata pakaliwa at pakanan. Napapangiti din siya paminsan-minsan. Ano ang kaniyang ginagawa?
   a. nagsusulat     b. nanonood     c. nagbabasa

4. Gising na ang sanggol. Umiyak ito.
   a. Hinahanap niya ang kaniyang nanay.
   b. Nagugutom na siya.
   c. Gusto na niyang mamasyal

5. Aling pangungusap ang wasto ang pagkakasulat.
   a. nakatira ako sa Antipolo City.
   b. Nakatira ako sa antipolo city.
   c. Nakatira ako sa Antipolo City.

**C. Pagpapayamang Gawain**

Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Nahulog ang bagong lapis ni Glen sa kanal sa tabi ng kanilang silid-aralan.
   a. Iiyak si Glen.
   b. Magpapabili siya ng bagong lapis.
   c. Hihingi siya ng tulong sa kaniyang guro.

2. Lunes ng umaga. Handa na si nanay. Papasok na siya. May dala siyang bag na lagayan ng mga larawan at lesson plan. Saan siya papasok?
   a. sa opisina     b. sa hospital     c. sa paaralan

Isulat kung sanhi o bunga ang tinutukoy sa mga pangyayari.

3. Nabali ang pakpak ng ibon.
4. Hindi siya makalipad.

Isulat nang wasto ang pangungusap.

5. tuwing sabado ay namamasyal kami sa parke.

   ______________________________________________

# Kuwarter 2
## Ako at ang Aking Pamilya

# 10

### IKASAMPUNG LINGGO

## Gawain ng Pamilya

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas*: Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang teksto
Naipapahayag nang pasalita ang mga pangunahing pangangailangan
Nagagamit ang mga ekspresyong angkop sa kanilang baitang sa pagbibigay ng mahahalagang detalye ng kuwento.

*Pagkilala sa mga Tunog:* Nakikilala ang ugnayan ng tunog at simbulo nito sa pagsulat.

*Pagkilala ng mga Salita*: Nababasa nang wasto ang mga salitang binubuo ng maraming pantig.
Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa
Nababasa ang kuwento, alamat, balita, at iba pa nang may kasanayan at kahusayan.

*Pagbaybay:* Nagagamit ang kaalaman at kasanayan sa pagbaybay ng mga salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang

*Pagsulat*:Nasusunod ang pamantayan sa pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap, talata o kuwento na may tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita, wastong bantas, tamang pasok ng unang pangungusap sa talata, at anyo.

*Kamalayan sa Gramatika*: Nakikilala at nagagamit ang pandiwang nagsasaad ng kilos o galaw na natapos na sa pangungusap at talata.

*Pagkatha*: Nakabubuo ng kuwento, patalastas, at iba pa gamit ang tamang salita at teksto

*Pag-unawa sa Binasa*: Nababasa at natutukoy ang elemento ng kuwento- tauhan, tagpuan, at pangyayari

*Pagpapahalaga:* Pangangalaga sa napagkukunang yaman ng pamilya

**II. Paksang Aralin:**

**I. Paksa**

Mga pangunahing pangangailangan
Mahahalagang detalye ng kuwento
Mga salitang binubuo ng maraming pantig
Kahulugan ng mga salitang nabasa

Mga pamantayan sa pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap, talata
Mga pandiwang nagsasaad ng kilos o galaw na nagawa na
Pagbuo ng kuwento, patalastas, at iba pa
Elementong kuwento- pangyayari, lugar at tauhan

**J. Mga Kagamitan**
Kuwento: " Puno ng Buhay" akda niGrace Urbien-Salvatus
"Isang Aral" akda ni Ma. Lyn Igliane- Villenes
"Asin ng Buhay" akda ni Violeta U. Esteban
Awit: "NIYOG" (**adapted from** "B-I-N-G-O") ni Grace Urbien-Salvatus
Larawang nagpapakita ng hitik na hitik, nakapaskil, hapag-kainan, sinukmani, niyugan

## III. Gawain sa Pagkatuto

### *1* Unang Araw

**Layunin:** Nakikilala at nagagamit ang pandiwang nagsasaad ng kilos o galaw na natapos na sa pangungusap at talata
Nakabubuo ng kuwento, patalastas, at iba pa gamit ang tamang salita at teksto

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**

Ipaawit ang "Paggising sa Umaga"

Paggising sa umaga
Ako'y nagsisispilyo
Tingnan ninyo kung paano
Isa, dalawa, tatlo (2x)
Ako'y nagsisipilyo.

(Maaaring palitan ang salitang may salungguhit ng ibang gawain.)

**B. Pagganyak**

Itanong kung ano-ano ang ginawa nilang paghahanda bago pumasok sa paaralan kaninang umaga. Bigyang diin kung kailan nila ginawa ang mga ito at kung ano ang ipinahihiwatig ng pariralang **kaninang umaga.** (tapos na o ginawa na)

**C. Paglalahad/Pagmomodelo**

Ipabasa ang mga pangungusap na nasa LM.

**D. Pagtalakay**

Ano-anong salitang kilos ang ginamit sa mga pangungusap?( dumalaw, nagdilig, nagtanim)

Kailan nangyari ang mga salitang kilos? ( noong nakaraang bakasyon, kaninang umaga, kahapon)

Ano ang ipinahihiwatig ng mga salitang sumasagot kung kailan nangyari ang salitang kilos?

**E. Paglalahat**

Ano ang tawag sa mga salitang nagsasaad ng kilos o galaw?

Kailan naganap ang mga pandiwa o salitang kilos?

Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

**"Pair-Share"**

Humanap ng kapareha.Ibahagi ng unang bata ang kaniyang karanasan noong nakaraang bakasyon habang nakikinig naman ang ikalawang bata.

Ang unang bata naman ang makikinig at magbabahagi naman ang ikalawang bata.

Pagkatapos ng 5 minuto, hikayatin ang ilang bata na ibahagi sa harap ng klase ang karanasang ibinahagi ng kaniyang partner.

**G. Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang Pagsasanay**

Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.

**2. Malayang Pagsasanay**

Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.

**H. Pagtatasa**

Bilugan ang pandiwang ginamit sa pangungusap. Lagyan ng / ang patlang kung ito ay **ginawa na** at X kung hindi . Gawin ito sa sagutang papel.

_____ 1.Namitas ako ng mangga kahapon.

_____ 2. Nagdidilig ng halaman si Ben araw-araw.

_____ 3. Sa susunod na araw ay dadalaw kami kina lolo at lola.

_____ 4.Namalengke si nanay kaninang umaga.

_____ 5.Mamayang hapon pa matatapos ang aking **project**.

## *2-3* Ikalawa at Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang teksto

Naipapahayag nang pasalita ang mga pangunahing pangangailangan

Nagagamit ang mga ekspresyong angkop sa kanilang baitang sa pagbibigay ng mahahalagang detalye ng kuwento.
Nababasa ang kuwento, alamat, balita, at iba pa nang may kasanayan at kahusayan
Nababasa at natutukoy ang elemento ng kuwento- tauhan, tagpuan, at pangyayari

**Stratehiya: Read by the teacher (Read Aloud), Read to the Teacher (Independent Reading)**

**A. Gawain Bago Bumasa**

1. **Paghahawan ng balakid**
   Ipakita ang mga larawan ipaunawa ang mga salita at pangungusap sa LM, pahina72.

2. **Pagganyak**



   Ipalarawan sa mga bata ang larawan ng niyog ( o tunay na puno ng niyog kung mayroon sa paaralan).Hayaang ipahayag ng mga bata ang kanilang nalalaman tungkol sa nakukuha at gamit ng niyog, at kung anong pangangailangan ng tao ang naibibigay nito.

3. **Pangganyak na Tanong**
   Bakit tinawag na puno ng buhay ang puno ng niyog?

**B. Gawain Habang Nagbabasa**


Ipabasa ang "Puno ng Buhay" sa LM.

1. Basahin ang kuwento nang tuloy-tuloy habang nakasubaybay ang mga bata.
2. Ipabasa ang maikling kuwento sa mga bata nang tuloy-tuloy.

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa pangganyak na tanong**
   Bakit tinawag na puno ng buhay ang puno ng niyog?
2. **Ugnayang Gawain**
   Ipagawa ang pangkatang gawain.

   a. **Pangkat 1: Mapa ng Kuwento!**
   Itala ang tagpuan, tauhan, at pangyayari sa kuwento gamit ang **Story Map Chart.** Gawin ito sa kartolina.




**b. Pangkat 2 :Puno ng Buhay!**
Sa isang **bondpaper**, iguhit ang puno ng niyog sa gitnang kahon. Sa palibot nito ay iguhitang mga nakukuha at nagagawa mula rito.

**c. Pangkat 3: Puno, Mahalin Mo!**
Magkaroon ng talakayan sa inyong pangkat kung paano pangangalagaan ang mga puno. Isulat ito sa **manila paper**.

| **Pangangalaga sa mga Puno** |
|---|
| |
| |
| |
| |
| |
| |

**3. Paglinang sa Kasanayan**

a. Ano ang pamagat ng kuwento? Saan ito naganap? Sino-sino ang tauhan
sa kuwento?Ano-ano ang nangyari sa kuwento?
Pakinggan ang ulat ng Pangkat I.

b. Bakit tinawag na puno ng buhay ang puno ng niyog?Ano-ano ang naitutulong ng niyog sa buhay ng tao? Ano-anong pangangailangan ang nakukuha mula rito?
Panoorin at pakinggan natin ang ulat ng Pangkat II.

c. Bakit kaya hindi nauubos ang mga tanim na puno ng niyog ni Lolo Mario?
Bakit kaya pinangangalagaan ni Lolo Mario ang puno ng niyog?
Paano kaya niya inaalagaan ang kaniyang mga pananim?
Pakinggan ang ulat ng Pangkat III.

d. Ano ang ipinakitang gawain ng pamilya sa kuwento?

Bilang mag-aaral, paano kayo makatutulong sa pangangalaga sa ating mga puno?
Bakit mahalagang pangalagaan ang ating mga puno?

4. **Paglalahat**
   Paano ninyo naunawaan ang kuwento?
   Ipabasa ang Tandaan.

> **Tandaan**
> Mauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pagtukoy sa tauhan, tagpuan, mga pangyayari nito, at sa pagsagot sa mga tanong.

## 3 Ikatlong Araw

**A. Balik-aral at Paglalahad**
Balikan ang detalye ng kuwentong “Puno ng Buhay” gamit ang **Story Map Chart.** Ipabasa ito sa LM.

**B. Pagtalakay**
Itanong kung ano ang tawag sa mga gumanap sa kuwento, saan ito naganap, at kung ano-ano ang nangyari. Itanong din kung ano ang tawag sa mga bumubuong ito sa kuwento.

**C. Paglalahat**
Ano-ano ang elemento ng kuwento?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**D. Paglalapat**
Ipangkat ang mga bata sa apat. Magpakuha ng ibang aklat at humanap ng isang maikling kuwento. Itala ang pamagat, tauhan, tagpuan, at pangyayari ng kuwento.

**E. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Pumili ng isang kuwento mula sa ibang aklat. Ipatala sa mga bata ang pamagat, tauhan, tagpuan, at pangyayari ng kuwento.

2. **Malayang Pagsasanay**
   Gawin ang Gawain 3 sa LM.

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakikilala ang ugnayan ng tunog at simbulo nito sa pagsulat.
Nababasa nang wasto ang mga salitang binubuo ng maraming pantig**.**
Nagagamit ang kaalaman at kasanayan sa pagbaybay ng mga salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang
Nasusunod ang pamantayan sa pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap, talata o kuwento na may tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita, wastong bantas, tamang pasok ng unang pangungusap sa talata, at anyo

**Kasanayan sa Pagbasa**

**A. Balik-aral**

Itanong kung paano ang tamang pagbaybay ng mga salita. Ipabaybay nang papantig ang mga salita.Maaaring ipalakpak ang kamay kasabay ng pagpapantig.

kasangkapan
kalansingan
okasyon

Bigyang diin sa mga bata ang ugnayan ng tunog at simbulo nito upang mas madali ang pagbaybay nila sa mga salita.

**B. Pagganyak**

Ipaawit ang NIYOG sa tono ng B-I-N-G-O

N-I-Y-O-G (3x)
Baybay ng salitang niyog!

Itanong kung ano ang ginawa nila sa salitang niyog sa awit.

**C. Paglalahad**

Ipabasa nang pabaybay ang mga unang kitang salita na ginamit sa kuwento gamit ang Total Physical Response (TPR) sa LM.
I-**model** kung paano ito binabasa nang pabaybay kasabay ang pagpalakpak ng kamay ayon sa baybay at bilis ng pagbasa sa salita.
Ipaulit ito sa mga bata ng tatlong (3) beses.
Idikta ang mga salita sa mga bata.Ipasulat sa mga bata ang tamang baybay ng mga salita.
Ipagamit din ang mga ito sa pangungusap gamit ang pamantayan sa pagsulat na kanilang natutunan sa nakaraang aralin.

**D. Pagtalakay**

a. Paano ninyo binasa ang mga unang kitang salita?(Papantig na baybay)

b. Ano ang dapat isaisip sa pagbaybay ng mga salita?
c. Paano naman ang dapat tandaan sa pagsulat ng mga pangungusap?

**E. Paglalahat:**

Ano-ano ang dapat tandaan sa pagbaybay at pagsulat ng mga salita at pangungusap?

**F. Paglalapat**

Ipabaybay sa mga bata ang sumusunod na salita.

a. napansin
b. bakuran
c. ipapasyal
d. kahoy
e. nakahanda

Ipagamit ang mga salitang binaybay sa pangungusap gamit ang show-me-board. Pansinin ang wastong gamit ng pamantayan sa pagsulat.

**G. Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang Pagsasanay**

Pasagutan ang Gawain 4 sa LM.

**2. Malayang Pagsasanay**

Gamitin sa pangungusap ang mga salita.

a. pagdating
b. nakapaskil
c. magpahinga
d. napangiti
e. tinawag

## *5* Ikalimang Araw

**A. Pagtataya:** Basahin nang mabuti ang maikling kuwento. Isulat ang letra ng wastong sagot sa sagutang papel.

**Isang Aral**

*Ma. Lyn Igliane- Villenes*

"Berto, pagkatapos ng iyong gawain ay iligpit mo ang iyong mga kalat. Pakitapon na rin ang ating basura sa may tapunan sa labas," bilin ni Nanay Imay kay Berto.

Isang hapon, nagulat si Berto nang mapansin niyang puro basura ang paligid ng kanilang bahay. Nangangamoy na rin ang mga ito. Maya-maya pa ay biglang bumuhos ang ulan. Hindi naman ito malakas subalit mabilis na tumaas ang tubig. Diring-diri siya sa mga naglutang na basura. Sumigaw siya ng saklolo sa kaniyang nanay.

“Berto, gising! Bakit ka ba sumisigaw?” tanong ni Nanay Imay kay Berto habang ginigising niya ito.
Simula noon, ang mga basura sa kanilang bahay ay itinatapon na niya sa tamang basurahan. Hindi na rin siya nagkakalat.

1. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
   a. Berting at Berto b. Berto at Nanay Berta c. Berto at Nanay Imay
2. Saan naganap ang kuwento?
   a. Sa paaralan b. Sa simbahan c. sa bahay
3. Ano ang bilin ni Nanay Imay kay Berto?
   a. Iligpit ang kaniyang kalat at itapon ang basura sa tapunan.
   b. Iligpit ang kaniyang higaan.
   c. Iligpit ang kanilang kinainan.
4. Anong aral ang natutunan ni Berto?
   a. Maging palakaibigan.
   b. Maging palaaral.
   c. Maging masunurin at malinis.
5. Ano ang nagpabago kay Berto?
   a. Nalunod siya
   b. Nanaginip siya.
   c. Natapunan siya ng basura.
6. Aling pangungusap ang may salitang kilos na naganap na?
   a. Sumisigaw siya ng saklolo.
   b. Sumigaw siya ng saklolo.
   c. Sisigaw siya ng saklolo.
7. Ano ang tawag sa mabilis na pagtaas ng tubig sa daan?
   a. Pagbara b. Pagbaha c. Pagguho
8. Aling ang wastong pagkabaybay ng salitang may mahabang pantig?
   a. na-nga-nga-moy b. nanga-nga-moy c. na-nga-ngam-oy

   Isulat ang ididikta ng guro.
9. magpahinga
10. Itapon ang basura sa tamang basurahan.

**B. Pantulong na Gawain**

Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

Maaga pa ay pumasok na sa clinic niya si Dra. Marta. Sumasakit ang ngipin ng kaniyang inaanak na si Glenn. Titingnan niya kung ano ang dahilan ng pananakit ng ngipin nito. Baka kasi tutubo na ang wisdom tooth niya, o baka may sira na siyang ngipin.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?

a. Dra. Marta b. Glenn c. Dra. Marta at Glenn

2. Saan ang tagpuan ng talata?
   a. Sa hospital b. Sa paaralan c. Sa clinic
3. Ang lahat ay pangyayaring naganap sa talata maliban sa isa. Alin ito?
   a. Sumasakit ang ngipin ni Glenn.
   b. Kumain ng maraming candy si Glenn.
   c. Titingnan ni Dra. Marta ang dahilan ng pananakit ng ngipin ni Glenn.
4. Aling salitang kilos ang naganap na sa talata?
   a. pumasok b. sumasakit c. tutubo
5. Aling salita ang may wastong pagkabaybay?
   a. pum-asok b. ti-ting-nan c. pan-ana-kit

## C. Pagpapayamang Gawain

Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

**Asin ng Buhay**
*Violeta U. Esteban*

Nasa tabing dagat ang mag-anak na Udani. Binuhusan nila ng tubig alat ang buhanginan.Pagsapit ng hapon, inipon nila ang natuyong buhangin gamit ang kalaykay. Inilagay nila ito sa mahabang kahoy na lalagyan. Nang mapuno ito ay binuhusan nila ng tubig alat ang naipong buhangin. Ang tubig na nasala mula rito ay inipon nila. Inilagay nila ang nasalang tubig alat sa isanng malaking kawa upang lutuin. Pagkalipas ng ilang oras, ang tubig na niluto ay magiging pinong asin. Ibebenta ng mag-anak na Udani ang pinong asin sa palengke.

1. Ano ang pamagat ng kuwento? _____________
2. Sino ang tauhan sa kuwento? _______________
3. Saan ang tagpuan ng kuwento? ______________
4. Ano ang hanapbuhay ng pamilya Udani? __________
5. Sumipi ng isang salitang kilos na naganap na sa kuwento. ________

# 11

## IKALABING-ISANG LINGGO

# Katangian Ko, Karangalan ng Aking Pamilya

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas*: Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang teksto
Nakapagsasalaysay muli ng pamilyar na kuwento nang may tamang kilos, ekspresyon, at nakapaglalarawang bagay.
Nagagamit ang mga ekspresyong angkop sa ikalawang baitang sa pagbibigay ng mahahalagang detalye ng kuwento

*Pagkilala ng mga Salita*: Nababasa ang mga salitang may kambal katinig, klaster, digraphs sa mother tongue.
Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa

*Katatasan*: Nakababasa ng 200-300 na salitang angkop sa kanilang baiting Nababasa nang may kasanayan ang mga 200 salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang.

*Pagbaybay:* Nababaybay nang wasto ang mga salitang may kambal katinig, klaster diptonggo, at iba pa.

*Pagsulat:* Nakasusunod sa pamantayan sa pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap, talata o kuwento na may tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita, wastong bantas, tamang pasok ng unang pangungusap ng talata, at anyo

*Pagkatha*: Nakabubuo ng kuwento, patalastas, at iba pa gamit ang tamang salita at maayos na teksto

*Kamalayan sa Gramatika*: Nakikilala at nagagamit ang pandiwang nagsasaad ng kilos o galaw na ginagawa pa sa pangungusap at talata

*Pag-unawa sa Binasa*: Nailalarawan ang tauhan ng kuwento ayon sa kaniyang kilos

*Pagpapahalaga:* Pagiging huwaran

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa**

Pagsalaysay muli ng pamilyar na kuwento
Mahahalagang detalye ng kuwento, at iba pa
Kahulugan ng mga salitang nabasa
Mga salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang.
Mga salitang may kambal katinig, klaster, diptonggo, atbp.
Pamantayan sa pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap, talata o kuwento

Pagbuo ng kuwento, patalastas, at iba pa gamit ang tamang salita at teksto
Mga pandiwang nagsasaad ng kilos o galaw na ginagawa pa Mgasa tauhan ng kuwento

B. **Batayan/Sanggunian**
Tugma: “Batang Huwaran: Akda ni Arlene E. Esguerra
Kuwento: “Huwarang Mag-aaral” akda ni Nimpha L. Reyes

C. **Mga Kagamitan**
Mga larawan**, Word Map**

**III. Gawain sa Pagkatuto**

**1 Unang Araw**

**Layunin:** Nakikilala at nagagamit ang pandiwang nagsasaad ng kilos o galaw na ginagawa pa sa pangungusap at talata

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

A. **Panimulang Gawain**
Ipabasa ang tugmang “Batang Huwaran” sa LM.
B. **Pagganyak**
Itanong kung tungkol saan ang tugma at kung ano-ano ang binabanggit dito.
C. **Pagganyak**
Itanong kung ano-ano ang ginagawa ng isang batang huwaran sa tugma.Itanong din kung ginagawa nila ito araw-araw at kung maituturing din silang batang huwaran. Itanong kung ano pa ang kanilang ginagawa araw-araw bilang isang bata.
D. **Paglalahad/Pagmomodelo**
Basahin ang mga pangungusap na naglalahad ng mga gawain sa LM.
E. **Pagtalakay**
Ano-anong salitang kilos ang ginamit sa mga pangungusap? (pumapasok, nagbabasa, isinasaulo)
Kailan nangyari ang mga salitang kilos? ( araw-araw, tuwing hapon, ngayon)
Ano ang ipinahihiwatig ng mga salitang sumasagot kung kailan nangyari ang salitang kilos? (ginagawa pa)
F. **Paglalahat**
Ano ang tawag sa mga salitang nagsasaad ng kilos o galaw? Kailan naganap ang mga pandiwa o salitang kilos? Ano-anong

nagpapahiwatig na salita ang ginagamit upang matukoy na ito ay ginagawa pa?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**G. Paglalapat**
Himukin ang mga bata na mag-isip ng salitang kilos na ginagawa pa, ipagamit ito sa pangungusap at isakilos ito .
(Hal.Naglalakad ako ngayon.)Sinasabi ito ng bata habang ginagawa niya.

**H. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.
2. **Malayang Pagsasanay**
   Pasagutan ang Gawain 2 sa LM.

**I. Pagtatasa**
Ipagawa ang Gawain 3 sa LM.

## *2-3* Ikalawa at Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang teksto
Nakapagsasalaysay muli ng pamilyar na kuwento nang may tamang kilos, ekspresyon, at nakapaglalarawang bagay.
Nagagamit ang mga ekspresyong angkop sa ikalawang baitang sa pagbibigay ng mahahalagang detalye ng kuwento
Nailalarawan ang tauhan ng kuwento ayon sa kaniyang kilos
Nababasa ang mga salitang may kambal katinig, klaster, **digraphs** sa **mother tongue.**

**Istratehiya: Read by the teacher (ReadAloud), Read with the teacher (Shared Reading), Read to the teacher (IndependentReading)**

**A. Gawain Bago Bumasa**

1. **Paghahawan ng balakid**
   Ipabasa ang mga salita at ang kahulugan ng mga ito sa LM.
2. **Pagganyak**
   Sino ang gusto ninyong gayahing artista o mang-aawit?
   Bakit ninyo siya gustong gayahin?Ano-ano ang taglay niyang katangian?
3. **Pangganyak na Tanong**
   Sabihihn na may makikilala silang isang huwarang mag-aaral sa katauhan ni Glenda.
   Ano-ano ang katangian niya kaya siya ay isang huwarang mag-aaral?

B. **Gawain Habang Nagbabasa**

Kunin ang LM. Basahin ang kuwento nang tuloy-tuloy.Basahin itong muli nang may paghinto at interaksyon upang mataya kung nauunawaan ng mga bata ang kuwento.Ipabasa ang maikling kuwento sa mga bata nang tuloy-tuloy, tamang damdamin, ekspresyon, at paghahati ng mga salita.

C. **Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa pangganyak na tanong**


   Ano-ano ang katangian ni Glenda kaya siya ay isang huwarang mag-aaral?

2. **Ugnayang Gawain**

   Ipakuha ang LM at ipagawa ang pangkatang Gawain

   **a. Pangkat 1: KuwentoKo, Isalaysay Mo!**

   Iguhit ang tauhan sa gitnang bilog at ang kaniyang mga katangian sa nakapalibot na bilog. Gawin ito sa **bondpaper**. Isalaysay muli ang kuwento sa klase gamit ang inyong ginawang **word map**.




   **b. Pangkat 2 : TalentosaPag-awit, Iparinig Mo!**

   Awitin ang “Mga Araw sa Isang Linggo”. Ipalakpak ang mga kamay at igalaw ang ulo pakaliwa at pakanan habang inaawit ito.

   **c. Pangkat 3 :SertipikongPagkilala!**

   Gumawa ng isang Sertipiko ng Pagkilala para sa isang huwarang mag-aaral katulad ni Glenda. Gawin ito sa isang **bondpaper**.

**Sertipiko ng Pagkilala**

Ang Sertipiko ng Pagkilala ay iginagawad kay ______________________________________ bilang __________________________________. Nilagdaan ngayong _______________________.

d. **Pangkat 4 : Tularan Ko, Huwaran Mo, PangakoKo!**
Sumulat ng isang pangako natutularin ang mga katangian ng isang huwarang mag-aaral. Gawin ito sa isang **bondpaper** at lagdaan ito ng pangalan ng bawat miyembro ng pangkat. Ibigay ito sa inyong guro pagkatapos ng pag-uulat.

3. **Paglinang sa Kasanayan**
   a. Sino ang tauhan sa kuwento? Ano ang kaniyang katangian? Bakit siya ay isang huwarang mag-aaral? Pakinggan ang Pangkat I sa kanilang pagsasalaysay muli ng kuwento.
   b. Ano ang isinasaulo ni Glenda? Paano niya ito inawit? Pakinggan at panoorin ang Pangkat II sa kanilang pag-awit na may kilos.
   c. Ano kaya ang maaaring matanggap ni Glenda sa pagiging huwarang mag-aaral? Kung bibigyan siya ng isang Sertipiko ng Pagkilala, ano kaya ang nakasulat dito? Pakinggan ang ulat ng Pangkat III.
   d. Bilang mag-aaral, paano mo tutularan si Glenda? Ano ang iyong gagawin? Kung ikaw ay mangangako, ano ang iyong sasabihin? Ganito rin ba? Tunghayan ang ulat ng Pangkat IV.
4. **Paglalahat**
   Paano ninyo naunawaan ang kuwento? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

## *3* Ikatlong Araw

**A. Balik-aral**

Itanong kung sino ang pangunahing tauhan sa kuwentong “Huwarang Mag-aaral”?
(Glenda) Itanong din kung saan siya nagunguna? ( sa klase)
Isulat sa pisara ang kanilang sagot at ipabasa ang kmga ito. Itanong kung ilang magkatabing katinig ang nasa unahan ng mga salita.

**B. Paglalahad**

Ipabasa ang iba pang mga salita sa LM.

**C. Pagtalakay**

Sa anong mga letra nagsisimula ang mga salita?
Sa ating alpabeto, ano ang tawag sa mga letrang inyong nabanggit?
Ilang katinig ang magkatabi sa isang pantig?
Ano ang tawag sa salitang mayroong dalawang katinig na magkasama sa isang pantig?

**D. Paglalahat**

Ano ang kambal katinig? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**E. Paglalapat**

**Laro:** Paramihan ng Kambal!

Ipangkat ang mga bata sa apat (4). Bawat pangkat ay magtatala ng mga salitang may kambal katinig. Ipabasa ito nang pangkatan. Ang pangkat na may pinakamaraming naitala ang siyang panalo.

**F. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 4 sa LM.
2. **Malayang Pagsasanay**
   Tambalang Kambal!
   Ipagpares ang mga bata. Bawat pares ay sumulat ng limang (5)salitang may kambal katinig at maghalinhinan sa pagbasa.

## *4* Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nababasa ang mga salitang may kambal katinig, klaster, **digraphs** sa **mother tongue.**

Nakababasa ng 200-300 na salitang angkop sa kanilang baiting

Nababasa nang may kasanayan ang mga 200 salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang.

Nababaybay nang wasto ang mga salitang may kambal katinig, klaster diptonggo, at iba pa.

Nakasusunod sa pamantayan sa pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap, talata o kuwento na may tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita, wastong bantas, tamang pasok ng unang pangungusap ng talata, at anyo

Nakabubuo ng kuwento, patalastas, at iba pa gamit ang tamang salita at maayos na teksto

**A. Balik-aral**

Ipabasa ang mga salita sa unang kita na napag-aralan na sa mga nakaraang aralin.

**B. Paglalahad**

Ipabasa ang mga salitang may kambal katinig at ang wastong pagbaybay ng mga ito sa LM.

Tumawag ng ilang bata. Pipili siya ng isang salita, ipatukoy ang kahulugan nito at ipagamit ito sa pangungusap.

Hal.dyaket – kasuotang ginagamit kapag malamig ang panahon

Suot ni tatay ang kaniyang dyaket kaya hindi siya nilalamig.

Ipapansin at ipaalala sa mga bata ang pamantayan sa pagsulat ng mga pangungusap.

**C. Pagtalakay**

Paano ninyo binasa ang mga salitanng may kambal katinig?

Paano ninyo isinulat ang mga pangungusap?

**D. Paglalahat**

Paano ang pagbasa ng mga salitang may kambal katinig? Paano ang pagsulat ng mga pangungusap? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**E. Paglalapat**

Sabihin sa mga bata na mag-isip ng iba pang salitang may kambal katinig, ipabaybay ito, ipabigay ang kahulugan, at ipagamit ito sa pangungusap.

**F. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**

   Ipagawa ang Gawain 5 sa LM.

2. **Malayang Pagsasanay**

   Ipagawa ang Gawain 6 sa LM.

## 5 Ikalimang Araw

**Pagtataya**

Isulat ang letra ng wastong sagot sa sagutang papel.

1. Laging binabati ni Elsie ang kaniyang mga guro at kamag-aaral. Palagi din siyang nakangiti sa kanila. Marami siyang kaibigan dahil sa katangian niyang ito.Sino ang pinag-uusapan sa sitwasyong nabanggit?
   a. mga guro  b. si Elsie  c. kamag-aaral
2. Higit na alam ng magulang ang mga bagay na nakabubuti sa mga anak kaya sinusunod palagi ni Troy ang bilin at paalala ng kaniyang ina. Ano ang katangian ni Troy?
   a. magalang  b. masipag  c. masunurin
3. Binigyan ni Lina ng bulaklak ang kaniyang ina noong kaniyang kaarawan. Si Lina ay __.
   a. maalalahanin  b. matiyaga  c. masinop

4. Malayang naibibigay ng mga mag-aaral ang kanilang saloobin tungkol sa kanilang aralin. Tungkol sa pagiging huwaran ang kanilang pinag-uusapan. Ano ang ibig sabihin ng salitang may salungguhit sa sitwasyon?
   a. talakayan b. balik-aral c. pagtataya
5. Magalang na bata si Pol. Dapat siyang tularan ng mga bata. Ano ang ibig sabihin ng salitang may salungguhit?
   a. gabayan b. ikahiya c. huwaran
6. ____ni tatay ang sirang bakod ngayon.
   a. Inayos b. Inaayos c. Iaayos
7. _____ palagi ni Lina ang kaniyang alagang aso.
   a. Pinakain b. Pinapakain c. Papakainin
8. Aling salita ang nagpapahiwatig na ang pandiwa ay ginagawa pa?
   a. kahapon b. ngayon c. bukas
9. Aling salita ang may kambal katinig?
   a. trapo b. banda c. espada
10. Aling salita ang may wastong papantig na baybay?
   a. kra-yola b. trap-o c. pla-ti-to

**Pantulong na Gawain**

Sipiin ang tamang pandiwa na bubuo sa pangungusap.

1. Kasalukuyang ( naglaro, naglalaro, maglalaro ) ng basketball si Dar.
2. Tuwing Sabado ay ( pumunta, pumupunta, pupunta ) kami sa parke.
3. ( Tumulong, Tumutulong, Tutulong ) ako sa mga gawaing bahay araw-araw.

Isulat nang wasto ang mga salita.( Idikta ang mga ito.)

4. pluma
5. drama

**Pagpapayamang Gawain**

1-3. Sumulat ng tatlong (3) salitang may kambal katinig.

1.
2.
3.

4-5. Sumulat ng dalawang pandiwang ginagawa pa at gamitin ito sa pangungusap.

4.
5.

# 12 IKALABINDALAWANG LINGGO
## Pagtutulungan ng Pamilya

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas*: Nakikinig at nakikilahoksatalakayannggrupo o klase hinggilsanapakinggan at binasang teksto
Nakagagamit ng mga ekspresyong angkop sa kanilang baitang sa paghihinuha ng posibleng katapusan ng kuwento, pangyayari, at iba pa

*Pagkilala ng mga Salita*: Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa

*Katatasan*: Nababasa nang malakas ang mga tekstong angkop sa ikalawang baitang na may 95-100% na kawastuhan.

*Pagbaybay*: Nababaybay nang wasto ang mga salitang hango sa talakayan sa pagpapaunlad ng talasalitaan.

*Pagsulat*: Nakasusunod sa pamantayan sa pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap, talata o kuwento na may tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita, wastong bantas, tamang pasok ng unang pangungusap ng talata, at anyo

*Pagkatha:* Nakabubuo ng kuwento, patalastas at iba pa gamit ang tamang salita at teksto

*Kaalaman sa Gramatika*: Nakikilala at nagagamit ang pandiwang nagsasaad ng kilos o galaw na gagawin pa lamang sa pangungusap at talata.

*Pag-unawa sa Binasa*: Nakapagsusunod-sunod ng pangyayari sa kuwento sa pamamagitan ng pagsasabi kung alin ang una, ikalawa, ikatlo o huling pangyayari.

Nakapagpapakita ng kawilihan sa pagbasa sa kuwento sa pamamagitan ng pakikinig na mabuti tuwing nagbabasa ng kuwento at nakapagbibigay ng komento o reaksiyon.

*Pagpapahalaga*: Pagtutulungan sa mga gawain

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa:**

Posibleng katapusan ng kuwento, pangyayari, at iba pa
Kahulugan ng mga salitang nabasa
Mga salitang hango sa talakayan
Pamantayan sa pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap, talata o kuwento
Mga pandiwang nagsasaad ng kilos o galaw na gagawin pa lamang

Pagsusunod-sunod ng pangyayari sa kuwento
Komento o reaksiyon sa binasa/napakinggang kuwento

**B. Batayan/Sanggunian:**
K-12 Curriculum

**C. Mga Kagamitan**
Kuwento: "Anihan" Akda ni Elisa C. Subido
"Ang Kambal" akda ni Bernadette I. Felismina
Larawan ng dalanghita, paragos

## III. Gawain sa Pagkatuto

### *1* Unang Araw

**Layunin:** Nakikilala at nagagamit ang pandiwang nagsasaad ng kilos o galaw na gagawin pa lamang sa pangungusap at talata.

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**
Lakbay-diwa gamit ang larawang nasa LM.
Ipakita ang larawan sa mga bata. Ipatukoy kung ano-ano ang nakikita nila dito. Ihanda ang kanilang isipan. Gamit ang kanilang imahinasyon, ipaisip sa kanila na ang kanilang pamilya ay pupunta sa lugar na nasa larawan sa Sabado. Ano ang kanilang gagawin sa lugar na iyon? Tumawag ng ilang bata at ibahagi ang kanilang gagawin.

**B. Pagganyak**
Itanong kung ano ang naramdaman ng mga bata sa kanilang lakbay-diwa at kung naging matagumpay ba ang kanilang paglalakbay gamit ang kanilang isip o imahinasyon.

**C. Paglalahad**
Ipabasa ang mga pangungusap na inaasahang isagot ng mga bata sa kanilang lakbay-diwa sa LM.

**D. Pagtalakay**
Ano-anong salitang kilos ang ginamit sa mga pangungusap? (pupunta, bubunutin, pipitasin, magtutulungan)
Kailan isasagawa ang mga salitang kilos na ito? ( sa Sabado)
Ano ang ipinahihiwatig kung ang salitang kilos ay sa Sabado pa isasagawa? (gagawin pa lamang)

**E. Paglalahat**
Ano ang tawag sa mga salitang nagsasaad ng kilos o galaw? Ano ang tawag sa mga pandiwa o salitang kilos na hindi pa nagagawa?Ano-

anong nagpapahiwatig na salita ang ginagamit upang matukoy na ito ay gagawin pa lamang?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

F. **Paglalapat**
“**Pair-Share**”
Humanap ng kapareha.Magbahaginan ng mga gagawin pag-uwi sa bahay mamayang hapon.

G. **Kasanayang Gawain**
   1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
      Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.
   2. **Malayang Pagsasanay**
      Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.

H. **Pagtatasa**
“Plano ko, Plano Mo”
Kumuha ng kapareha at magbahaginan ng mga gagawin pa lamang. Ibahagi ito sa klase.

## *2-3* Ikalawa at Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahoksatalakayannggrupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang teksto
Nakagagamit ng mga ekspresyong angkop sa kanilang baitang sa paghihinuha ng posibleng katapusan ng kuwento, pangyayari, at iba pa
Nababasa nang malakas ang mga tekstong angkop sa ikalawang baitang na may 95-100% na kawastuhan.
Nakapagsusunod-sunod ng pangyayari sa kuwento sa pamamagitan ng pagsasabi kung alin ang una, ikalawa, ikatlo o huling pangyayari.
Nakapagpapakita ng kawilihan sa pagbasa sa kuwento sa pamamagitan ng pakikinig na mabuti tuwing nagbabasa ng kuwento at nakapagbibigay ng komento o reaksiyon.

**Istratehiya**: **Read by the teacher (Read Aloud), Read to the teacher (Independent Reading)**

A. **Gawain Bago Bumasa**

   1. **Paghahawan ng balakid**
      Pag-aralan at unawain ang talasalitaan sa LM.
      Ipabaybay ang mga salita sa talasalitaan.
   2. **Pagganyak**

Ano-anong prutas ang inaani natin sa panahon ngayon?Naranasan na ba ninyong mag-ani ng prutas? Kailan?Anong prutas?

3. **Pangganyak na Tanong**
   Inyong huhulaan kung ano ang magiging katapusan ng kuwento.

**B. Gawain Habang Nagbabasa**

Basahin ang kuwento nang tuloy-tuloy.Ipabasa ang kuwento sa mga bata sa LM.

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa pangganyak na tanong**
   Kung kayo ang susulat ng katapusan ng kuwento, ano ang mangyayari sa katapusan nito? Bakit?
   Hayaang ibahagi ng mga bata ang kani-kaniyang hinuha tungkol sa katapusan ng kuwento.
2. **Ugnayang Gawain**
   Ipagawa ang pangkatang gawain sa Gawain.
   a. **Pangkat 1: Taniman Ko, Iguhit Mo!**
      Iguhit ang taniman ng dalanghita nina Mang Leroy. Gawin ito sa isang **bondpaper.**
   b. **Pangkat 2 : Produkto Mo, sa Paragos Ko!**
      Iguhit ang mga kaing ng dalanghita na nakalulan sa paragos sa isang bondpaper.
   c. **Pangkat 3 : Pangyayari, Pagsusunod-sunurin Mo!**
      Isulat ang mga pangyayari sa strips ng kartolina. Pagsusunod-sunurin ang mga ito ayon sa pangyayari sa kuwento. Lagyan ng bilang 1,2,3,4,5, ang mga **strips** ng kartolina.

| | |
|---|---|
| | Hihilahin ng kalabaw ang paragos papunta sa kanilang kubo. |

| | |
|---|---|
| | Mag-aatag muna ang pamilya ni Mang Leroy upang malinis ang paligid ng taniman. |

| | |
|---|---|
| | Ilalagay nila sa kaing ang mga mapipitas nilang dalanghita. |

| | |
|---|---|
| | Pagkatapos mag-atag ay pipitasin naman nila ang mga hinog na dalang hita. |

| | |
|---|---|
| | Isasakay nila ang mga kaing ng dalanghita sa isang paragos. |

3. **Paglinang sa Kasanayan**
   a. Anong panahon ang tinutukoy sa kuwento? Anong taniman ang pupuntahan ng mag-anak ni Mang Leroy?
   Pakinggan ang pag-uulat ng Pangkat I.
   b. Ano ang kanilang pipitasin? Saan nila ilalagay ang mga ito? Saan nila isasakay ang mga ito?
   Pakinggan ang Pangkat II sa kanilang pag-uulat.
   c. Ano-ano ang gagawin nila? Paano nila sisimulan ang pamimitas? Ano ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari? Pakinggan ang Pangkat III.
   d. Anong katangian ang natutunan natin sa kuwento? Kung ikaw ay kabilang sa mag-anak ni Mang Leroy, ano ang gagawin mo?
4. **Paglalahat**
   Paano ninyo naunawaan ang kuwento?

**Tandaan**
Mauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pakikinig na mabuti tuwing nagbabasa ng kuwento, pakikilahok sa talakayan ng grupo o klase, at pagsusunod- sunod sa mga pangyayari sa kuwento.

## 3 Ikatlong Araw

**A. Balik-aral**
Balikan ang kuwentong “ Anihan”.Ano-ano ang pangyayari ayon sa pagkakasunod-sunod sa kuwento?

**B. Pagganyak**
Ipaayos ang mga letra ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga ito.

| B | D | A | E | C |
|---|---|---|---|---|

_______ ______ ______ ______ ______
Ano ang ginawa ninyo sa mga letra?

**C. Paglalahad**
Ipabasa ang mga pangyayari sa LM.

**D. Pagtalakay**
Aling pangyayari ang dapat na mauna? Ikalawa?Ikatlo?Paano ninyo pinagsunod-sunod ang mga pangyayari?

E. **Paglalahat**
Paano ang pagsusunod-sunod ng mga pangyayari?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

F. **Paglalapat**
Maghugas Tayo!
Bumuo ng apat (4) na pangkat. Isulat ang mga pangyayari sa strips ng kartolina. Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari. Iulat ito sa klase.

Banlawang mabuti ang mga plato.
Alisin ang mga muyang sa plato.
Sabunin nang mabuti ang mga plato.

G. **Kasanayang Gawain**
1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 3 sa LM.
2. **Malayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 4 sa LM.

## *4* Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nababaybay nang wasto ang mga salitang hango sa talakayan sa pagpapaunlad ng talasalitaan.
Nakasusunod sa pamantayan sa pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap, talata o kuwento na may tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita, wastong bantas, tamang pasok ng unang pangungusap ng talata, at anyo
Nakabubuo ng kuwento, patalastas at iba pa gamit ang tamang salita atteksto

**Kasanayan sa Pagbasa/Pagsulat**

A. **Balik-aral**
Idikta ang mga salitang ginamit sa talasalitaan. Baybayin ito ng mga bata gamit ang kanilang **show-me-board**.

B. **Paglalahad**
Ipabasa ang mga pangyayari sa kuwentong “Anihan” sa LM. Ipapansin sa mga bata ang wastong pagbigkas sa mga salita, paghinto, at pagsunod sa mga bantas na ginamit. Ipapansin din ang paggamit ng pamantayan sa pagsulat, tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita, wastong bantas, at tamang pasok ng unang pangungusap ng talata .

C. **Pagtalakay**
Paano ang wastong pagbasa at pagsulat ng kuwento o talata?

**D. Paglalahat**

Ano-ano ang dapat tandaan sa pagbasa at pagsulat ng kuwento o talata? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**E. Paglalapat**

Gamit ang mga pangyayari sa Gawain 3 sa LM, sipiin nang wasto ang paraan ng pagsasaing sa ayos ng isang talata.

**F. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagbasa at Pagsulat**
   Gamit ang mga paraan ng wastong paliligo sa Gawain 4 sa LM, basahin at sipiin ang mga ito sa ayos ng isang talata.
2. **Malayang Pagsulat**
   Sumulat ng isang talata tungkol sa wastong pagsisipilyo. Tandaan ang mga pamantayan sa pagsulat ng isang talata.

**Wastong Pagsisipilyo**

______________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________

## *5* Ikalimang Araw

**A. Pagtataya**

Basahin at unawain ang kuwento.

**Ang Kambal**

*Bernadette I. Felismina*

Pupunta sa plaza ang kambal na sina Ding at Dang sa Sabado ng umaga. Manonood sila ng ibat-ibang palabas ng mga mag-aaral na kasapi sa “ Drum and Lyre Band” . Magpapakitang gilas ang mga mag-aaral sa kanilang kahusayan sa paggamit ng drum, cymbals, xylopohone, at maging ang pagpapaikot-ikot ng baston. Gagayahin nila ang mga ito sa kanilang pag-uwi.Magsasanay si Ding sa paggamit ng drum samantalang mag-aaral si Dang kung paano ang paggamit ng baston habang nagmamartsa. Pangarap kasi nilang sasali sa banda pagsapit nila sa ikatlong baitang sa susunod na taon.

Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Magkaano-ano ang kambal sa kuwento?
   a. magpinsan b. mag-ama c. magkapatid
2. Ano ang gagawin ng kambal sa plaza?
   a. maglalaro b. magpapakitang gilas c. manonood ng palabas
3. Tungkol saan ang palabas?
   a. Pakitang gilas ng mga mananayaw
   b. Pakitang gilas ng mga mang-aawit
   c. Pakitang gilas ng mga kasapi sa Drum and Lyre Band.
4. Anong baitang na ang kambal?
   a. Unang Baitang b. Ikalwang Baitang c. Ikatlong Baitang
5. Ano kaya ang posibleng katapusan ng kuwento?
   a. Magiging mahusay na mananayaw ang kambal.
   b. Magiging mahusay na mang-aawit ang kambal.
   c. Magiging mahusay na kasapi ng Drum and Lyre Band ang kambal.
6. Alin sa mga pangyayari ang unang naganap sa kuwento?
   a. Pupunta sa plaza ang kambal na sina Ding at Dang sa Sabado.
   b. Magsasanay si Ding sa paggamit ng drum at mag-aaral si Dang sa paggamit ng baston habang nagmamartsa.
   c. Magpapakitang gilas ang mga mag-aaral na kasapi sa Drum and Lyre Band.
7. Ano ang panahunan ng mga pandiwa sa kuwento?
   a. Ginawa na b. Ginagawa pa c. Gagawin pa lamang
8. Aling pahiwatig na mga salita ang ginamit sa kuwento?
   a. Nakaraang Sabado b. Ngayong Sabado c. sa Sabado ng umaga
9. Alin sa mga salita ang pandiwa?
   a. kambal b. pangarap c. pupunta
10. Isulat nang wasto ang pangungusap.
    ang kambal na sina ding at dong ay nasa plaza

**B. Pantulong na Gawain**

Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Naglalakad pauwi si Sally nang biglang bumuhos ang ulan. Wala siyang dalang payong. Kinabukasan, mainit at inuubo si Sally.
   a. Dadalhin siya sa dentista.
   b. Dadalhin siya sa doktor.
   c. Dadaalhin siya sa kaniyang guro.

2. Naghahanda si nanay sa kaniyang lulutuing sinigang na baboy. Tinulungan siya ni Nimfa sa paghuhugas ng mga gulay. Inihalo ni Nimfa ang gulay nang lumambot na ang karne. Alin ang ikalawang naganap sa mga pangyayari?
   a. Inihalo ni Nimfa ang gulay nang lumambot na ang karne.
   b. Tinulungan siya ni Nimfa sa paghuhugas ng mga gulay.
   c. Naghahanda si nanay sa kaniyang lulutuing sinigang na baboy.
3. ____ sa kaniyang kuwarto sa darating na Linggo.
   a. Naglinis b. Naglilinis c. Maglilinis

4. Alin ang nagpapahiwatig na gagawin pa lamang ang pandiwa?
   a. kahapon b. kasalukuyan c. mamaya

5. Aling pangungusap ang may wastong pagkakasulat.
   a. Palaging nagtutulungan ang pamilya lerum.
   b. palaging nagtutulungan ang pamilya Lerum
   c. Palaging nagtutulungan ang pamilya Lerum.

**C. Pagpapayamang Gawain**

Basahin ang kuwento.

Lahat ng gawaing bahay ay tanging si Aling Linda ang gumagawa. Ang kaniyang asawa ay abala sa paghahanapbuhay. Ang dalawang malalaking anak ay palagi na lamang naglalaro kapag walang pasok. Sa hindi inaasahang pangyayari, nadulas si Aling Linda sa may hagdanan. Hindi na siya nakakakilos at nakagagawa katulad nang dati.

Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. Isulat ang simula ng pangyayaari.
   ______________________________
2. Sipiin ang pangungusap na naglalahad ng ginagawa ng mga anak.
   ______________________________
3. Sipiin ang pangungusap na nagsasaad na may nangyaring masama kay Aling Linda.
   ______________________________
4. Sipiin ang huling pangyayari sa kuwento.
   ______________________________
5. Sumulat ng maaaring katapusan ng kuwento.
   ______________________________

# 13 IKALABINTATLONG LINGGO
## Pagmamalasakit sa Pamilya

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas*: Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klasehinggil sa napakinggan at binasang teksto
Nagagamit ang mga ekspresyong angkop sa ikalawang baitang sa paghihinuha ng posibleng katapusan ng kuwento, pangyayari, at iba pa

*Pagkilala ng mga Salita:* Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa

*Katatasan*: Nababasa nang may pag-unawa ang talata, kuwento, alamat, at iba pa na binubuo ngmga salitang napag-aralan na.
Nababasa ang mga kuwento, alamat, balita, at iba pa nang may kasanayan at kahusayan.

*Pagbaybay*: Nababaybay nang wasto ang mga salitang hango sa talakayan sa
pagpapaunlad ng talasalitaan.

*Pagsulat:* Nakasusulat at nakabubuo ng mga pangungusap at talata tungkol sa karanasang nabuo mula sa pangkatang pagkukuwento.

*Pagkatha*: Nakabubuo ng kuwento, patalastas, atbp. gamit ang tamang salita at maayos na teksto.

*Kamalayan sa Gramatika*: Nakikilala ang panahunan ng pandiwa at nagagamit ang mga ito sa pangungusap at talata

*Pag-unawa sa Binasa*: Nahihinuha ang kasunod na mangyayari ayon sa pangyayari sa kuwento, alamat, at iba pa
Natutukoy ang impormasyon sa teksto na sumasagot sa literal at mas mataas na antas ng pagtatanong (HOTS).
Natutukoy ang suliranin at ang maaaring solusyon nito sa sanaysay, pangyayari, komentaryo, at iba pa.

*Pagpapahalaga*: Pagsunod sa mga paalala

**II. Paksang Aralin**

**A. Paksa:**

Paghihinuha ng posibleng katapusan ng kuwento, pangyayari, at iba pa
Kahulugan ng mga salitang nabasa
Mga salitang hango sa talakayan sa pagpapaunlad ng talasalitaan.
Mga karanasang nabuo mula sa pangkatang pagkukuwento.

Mga pangungusap at talata tungkol sa karanasang ibinahagi mula sa pangkatang pagkukuwento.
Panahunan ng pandiwa
Mga kasunod na mangyayari ayon sa pangyayari sa kuwento, alamat, at iba pa
Mga impormasyon sa teksto na sumasagot sa literal at mas mataas na antas ng pagtatanong (HOTS).
Suliranin at ang maaaring solusyon nito sasanaysay, pangyayari, komentaryo, at iba pa

**B. Batayan/Sanggunian:**
Mga Kuwento:
"Ang Paalala ni Nanay" Akda Raymond C. Francia
"Ang Nawawalang Bolpen" Akda ni Virginia C. Lizano
Lathalain:
"Ang Susi sa Tagumpay" Akda ni Violeta U. Esteban

**K. Mga Kagamitan**
Larawan ng isang kahon ng tsokolate, telebisyon

## III. Gawain sa Pagkatuto

## *1* Unang Araw

**Layunin:** Nakikilala ang panahunan ng pandiwa at nagagamit ang mga ito sa pangungusap at talata

**Kasanayan sa Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**
Laro: Tagubilin ni Ina, Gagawin ko, Huhulaan mo
Itanong sa mga bata ang madalas na ipinagagawa sa kanila ng kanilang magulang. Tumawag ng bata upang isakilos ito.Huhulaan ito ng mga kaklase. Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga kaklase. Ipabasa ang mga ito. Itanong kung ano ang isinasaad ng mga salitang ito at kung anoang tawag dito.

**B. Pagganyak**
Itanong kung sinusunod ng mga bata ang ipinagagawa sa kanila ng kanilang magulang. Itanong din kung bakit dapat sundin ang mga ito.

**C. Paglalahad/Pagmomodelo**
Ipabasa ang mga pangkat ng salitang nagsasaad ng kilos sa LM.

**D. Pagtalakay**
Ano ang ipinapakita ng mga salita sa bawat pangkat? (kilos o galaw)
Ano na nga ang tawag sa mga salitang nagpapakita ng kilos o galaw? (pandiwa)
Aling pangkat ng pandiwa ang nagpapakita na ginawa na ang kilos? (pangkat B)

Aling pangkat ng salita ang nagpapakita na ginagawa pa ang kilos? (pangkat A)

Aling pangkat ng salita ang nagpapakita na gagawin pa lamang ang kilos? (pangkat C)

Ano ang tawag sa mga pangkat na ito ng pandiwa? ( Panahunan ng pandiwa)

**E. Paglalahat**

Ano ang tawag sa mga salitang nagpapakita ng kilos o galaw? Ano ang tawag sa mga pandiwang ginawa na, ginagawa pa, at gagawin pa lamang? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Ipangkat ang mga bata sa apat (4). Ipagawa ang Gawin 1 sa LM.

**G. Kasanayang Gawain**


**1. Pinatnubayang Gawain**

Gawin ang gawaing ito sa **manila paper**. Patnubayan ang mga bata sa pagsagot nito.

Tulungang mamingwit ang tatlong mangingisda.Basahin ang mga pandiwang nakasulat sa mga isda. Lagyan ng guhit mula sa isda ng pandiwa papunta sa tamang bangka.

Tingnan ang halimbawa.



2. **Malayang Pagsasanay**

Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.

H. **Pagtatasa**

Basahin ang mga pandiwa. Gamitin ang bawat isa sa pangungusap.

1. Tumakbo 2. Lumangoy 3. naglalaba
4. naglalakad 5. dadalaw

## 2 Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang teksto
Nagagamit ang mga ekspresyong angkop sa ikalawang baitang sa paghihinuha ng posibleng katapusan ng kuwento, pangyayari, at iba pa
Nababasa ang mga kuwento, alamat, balita, at iba pa nang may kasanayan at kahusayan.
Nahihinuha ang kasunod na mangyayari ayon sa pangyayari sa kuwento, alamat, at iba pa
Natutukoy ang impormasyon sa teksto na sumasagot sa literal at mas mataas na antas ng pagtatanong (HOTS).
Natutukoy ang suliranin at ang maaaring solusyon nito sa sanaysay, pangyayari, komentaryo, at iba pa.

**Istratehiya**: Read Aloud, Independent Reading

A. **Gawain Bago Bumasa**

1. **Paghahawan ng balakid**

   Sabihin sa mga bata na pag-aralan at unawain ang talasalitaan sa LM.

   Ipabaybay sa mga bata ang mga salita sa talasalitaan.

2. **Pagganyak**

   Ano ang dapat ninyong gawin sa mga paalala ng inyong magulang?

3. **Pangganyak na Tanong**

   a. Ano ang nangyari kina Melody at Herman nang hindi sila sumunod sa paalala ng kanilang ina?

   b. Ano ang maaaring mangyari sa katapusan ng kuwento?

B. **Gawain Habang Nagbabasa**

Basahin ang kuwento nang tuloy-tuloy.Ipabasa ang maikling kuwento sa mga bata nang tuloy-tuloy, may tamang damdamin, ekspresyon, at paghahati ng mga salita sa LM.

C. **Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa pangganyak na tanong**

   a. Ano ang nangyari kina Melody at Herman nang hindi sila

sumunod sa paalala ng kanilang ina?


b. Ano ang maaaring mangyari sa katapusan ng kuwento? Hayaang ibahagi ng mga bata ang kani-kaniyang hinuha tungkol sa katapusan ng kuwento.

2. **Ugnayang Gawain**

Ipagawa ang pangkatang gawain.

a. **Pangkat 1: Tagubilin Ko, Gawin Mo!**
Magdula-dulaan tungkol sa bahaging ito ng kuwento. Kumuha ng gaganap na nanay, **Melody**, at Herman mula sa inyong pangkat.
"Huwag ninyong uubusin lahat ang laman ng isang kahon ng tsokolate at baka sumakit ang inyong ngipin.Magsipilyo rin kayo bago matulog," paalala ng kanilang nanay.

b. **Pangkat 2: Paalala!**
Gumuhit ng isang kahon ng tsokolate.Sumulat ng paalala tungkol sa tamang pagkain nito. Gawin ito sa bondpaper at ipaskil sa silid-aralan pagkatapos ng pag-uulat.



**PAALALA**

____________________________________
____________________________________
____________________________________

c. **Pangkat 3: Sulat Paumanhin…**
Gumawa ng sulat sa inyong ina tungkol sa paghingi ng paumanhin sa hindi ninyo pagsunod sa kaniyang paalala. Pag-usapan ninyo kung ano ang ilalagay sa sulat. Gawin ito sa **bondpaper**.

Oktubre 14, 2012

Mahal naming nanay,

________________________________________________
________________________________________________

Nagmamahal,
Melody at Herman

3. **Paglinang sa Kasanayan**

a. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
Ano ang pasalubong ng nanay kina Melody at Herman?
Ano ang paalala ng nanay kina Melody at Herman?
Panoorin at pakinggan ang pagdudula-dulaan ng Pangkat I.

b. Mabuti ba sa ating kalusugan ang sobrang pagkain ng tsokolate?
   Ano-ano ang dapat tandaan sa pagkain ng tsokolate? Pakinggan ang Pangkat II sa kanilang pag-uulat. Ipaskil ito sa silid-aralan pagkatapos.
c. Tama ba ang gawing ipinakita nina Melody at Herman? Kung sila ay gagawa ng isang sulat paumanhin, ano kaya ang nilalaman nito?Pakinggan ang Pangkat III.
d. Pinapaalalahanan tayo ng ating magulang upang hindi tayo mapahamak. Bilang mga anak, ano ang gagawin ninyo sa mga paalala ng inyong magulang? Hayaang magbigay ng sariling kaisipan ang mga bata tungkol dito.

**D. Paglalahat**

Paano ninyo naunawaan ang kuwento? Ipabasa ang Tandaan .

**Tandaan**
Mauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pagbibigay ng kahulugan ng mga salitang nabasa, pakikilahok sa talakayan ng grupo o klase, at pagbibigay ng hinuha sa mangyayari sa kuwento.

## 3 Ikatlong Araw

**A. Balik-aral/Paglalahad**

Balikan ang kuwentong “ Ang Paalala ni Nanay”.
Ipabasa ito sa mga bata.Itanong ang mga sumusunod:

1. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
2. Saan galing ang nanay?
3. Ano ang pasalubong ng nanay?
4. Kailan kinain nina Melody at Herman ang tsokolate?
5. Ano ang paalala ng nanay kina Melody at Herman?
6. Sinunod kaya nila ito? Paano mo ito nasabi?
7. Kung ikaw si Melody o si Herman, ano ang gagawin mo? Bakit?

**B. Pagtalakay**

1. Ano-anong salitang pananong (**question words**) ang ginagamit upang matukoy ang detalye ng kuwento?
2. Ano ang sagot sa tanong na:
Sino?Ano?Saan?Kailan?Paano? Bakit?

**C. Paglalahat**

Ano-anong salitang pananong (**question words**) ang ginagamit upang matukoy ang detalye ng isang kuwento.

**Tandaan:**

Gumagamit tayo ng mga salitang pananong (question words) upang matukoy ang detalye ng isang kuwento tulad ng:

1. **Sino** – tumutukoy sa kung sino ang pinag-uusapan at mga tauhan ng kuwento.
2. **Ano** – tumutukoy sa bagay na pinag-uusapan o ang pangyayari sa kuwento.
3. **Saan** – tumutukoy sa lugar o pinagyarihan ng kuwento o pangyayari.
4. **Kailan** – tumutukoy sa panahon kung kailan naganap ang pangyayari sa kuwento.
5. **Paano** – tumutukoy sa paraan o solusyon sa suliranin sa kuwento. Itorin ang sumusukat sa mas mataas na pag-unawa (HOTS) tungkol sa detalye ng kuwento.
6. **Bakit** – tumutukoy sa dahilan ng pangyayari sa kuwento. Ito rinang sumusukat sa mas mataas na pag-unawa (HOTS) tungkol sa detalye ng kuwento.

**D. Paglalapat**

Kumuha ng isang maikling kuwento sa ibang aklat at magtanong sa mga detalye nito.

**E. Kasanayang Gawain**

Ipabasa at pasagutan ang Gawain 3sa LM.

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nababasa ang mga kuwento, alamat, balita, at iba pa nang may kasanayan at kahusayan.
Nakasusulat at nakabubuo ng mga pangungusap at talata tungkol sa karanasang nabuo mula sa pangkatang pagkukuwento.
Nakabubuo ng kuwento, patalastas, atbp.gamit ang tamang salita at maayos na teksto.

**Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat**

**A. Balik-aral**

Pagbasa sa kuwentong Ang Paalala ni Nanay sa LM.
Itanong kung tungkol saan ang kuwento at kung ano ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento gamit ang sariling pangungusap, unang nangyari, pangalawa, pangatlo, at katapusan.

**B. Paglalahad**

Itanong ang mga bata kung may karanasan din silang kagaya ng nasa kuwento. Ipalahad ito. Pag-usapan kung kaninong karanasan ang isusulat upang makabuo ng kuwento. Pag-usapan din kung ano ang gagawing pamagat ng kanilang sariling kuwento o karanasan.

Gabayan ang mga bata para sa pagbubuo ng kuwento gamit ang kanilang sariling karanasan. Ipasulat ito sa pisara gamit ang wastong pamantayan sa pagsulat ng talata o kuwento. Ipabasa ang nabuong kuwento nang wasto.

**C. Pagtalakay**

Paano kayo nakabuo ng inyong kuwento? Paano ninyo ito isinulat at binasa?

**D. Paglalahat**

Paano ang pagbubuo ng kuwento?
Paano ang wastong pagsulat at pagbasa ng kuwento?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**E. Paglalapat**

Bumuo ng apat (4) na pangkat. Magbahaginan ng sariling karanasan tungkol sa pagtulong sa gawaing bahay. Gumawa ng maikling kuwento tungkol dito. Iulat ito sa klase pagkatapos.

**F. Kasanayang Gawain**

Pangkatin ang mga bata ng apat (4) at gawin ang **Brainstorming Activity** sa Gawain 4 sa LM.

## *5* Ikalimang Araw

**Pagtataya**

Basahin at unawain ang maikling kuwento.

**Ang Nawawalang Bolpen**
*Akda ni Virginia C. Lizano*

Hindi mapakali si Zaza sa kaniyang upuan. Inilabas niya ang lahat ng
laman ng kaniyang bag. Binuklat-buklat niya ang kaniyang mga aklat at kuwaderno.

Sinilip niya ang ilalim ng kanyang desk.Palakad- lakad din siya sa silid-aralan habang nakatingin sa sahig. “Nawawala ang aking bolpen. Maaari bang mahiram ang isa mo pang bolpen?” pakiusap nito sa katabi niyang si Leandro.

Nagtatawa si Leandro habang nakatingin siya sa sabitan ng I.D. ni Zaza.

Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Sino ang hindi mapakali sa kaniyang upuan?
   a. si Zaza b. si Leandro c. ang guro
2. Nasaan siya?
   a. nasa bahay b. nasa silid-aralan c. nasa silid-aklatan
3. Ano ang nawawala sa kaniya?

a. aklat b. kuwaderno c. bolpen

4. Paano siya naghanap?
   a. Tinanong niya ang kaniyang kaklase.
   b. Binuklat niya ang kaniyang bag at kuwaderno.
   c. Tinanong niya ang kaniyang guro.
5. Bakit kaya nagtatawa si Leandro?
   a. Nasa sabitan ng I.D. ni Zaza ang hinahanap niyang bolpen.
   b. Sira ang sabitan ng I.D. niZaza.
   c. Walang dalang bolpen si Leandro.
6. Ano kaya ang gagawin niLeandro?
   a. Pahihiramin niya ng bolpen si Zaza.
   b. Pagtatawanan pa niya si Zaza.
   c. Sasabihin niya kung nasaan ang bolpen ni Zaza.
7. Inilabas niya ang laman ng kaniyang bag. Ano ang panahunan ng pandiwang ginamit?
   a. Ginawa na b. Ginagawa pa c. Gagawin pa lamang

Gamitin sa pangungusap ang mga pandiwa.

8. ( naghugas) –
9. ( nagdidilig) –
10. ( maglilinis) -

# 14 IKALABING APAT NA LINGGO
## Musika ng Bayan Ko

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas*: Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang teksto
Nakaaawit ng sariling awitin na may 3-5 saknong nang may kawilihan at kahusayan

*Kamalayan sa Tunog*:Natutukoy/Nakikilala ang mga salitang magkatugma sa tulang may 2-3 saknong.
Nakasusulat ng salitang katugma ng salitang nasa 2-3 saknong na tula.

*Pagkilala ng mga Salita*: Nakababasa nang wasto ng mga salitang binubuo ng maraming pantig.
Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa

*Katatasan:*Nakababasa ng 200-300 na salitang angkop sa ikalawang baitang

*Pagbaybay*:Nagagamit ang kaalaman at kasanayan sa pagbaybay ng mga salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang

*Pagsulat:* Nasusunod ang pamantayan sa pagsipi o pagsulat ng pangungusap, talata, at kuwento na may tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita, bantas, tamang pasok ng unang pangungusap ng talata, at anyo

*Pag-unlad sa Talasalitaan*:Nababasa nang malakas ang mga salita (pangngalan, panghalip, pang-uri, pandiwa, at iba pa)

*Pag-unawa sa Binasa*: Nailalarawan ang elemento ng tula ( hal. ritmo, tugma, alliteration)

*Pagpapahalaga*: Pagmamalaki sa sariling awitin

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa:**

Talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang teksto

Sariling awitin na may 3-5 saknong nang may kawilihan at kahusayan

Mga salitang magkatugma sa tulang may 2-3 saknong

Mga salitang binubuo ng maraming pantig

Kahulugan ng mga salitang nabasa

Mga salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang

Pamantayan sa pagsipi o pagsulat ng pangungusap, talata, at kuwento

Pagbasa nang malakas sa mga salita (pangngalan, panghalip, pang-uri, pandiwa, at iba pa)

Elemento ng tula ( hal., ritmo, tugma, alliteration)

**B. Batayan/Sanggunian:**

Developing Comprehension in Young Readers

Lesson Plans from RAP Conventions (Volume 1)

**C. Mga Kagamitan**

CD ng Awit: CALABARZON March, lyrics ng awit

mapa

Tugma: “ Sa Aming Lalawigan” Akda ni Violeta Urbien-. Esteban

“Sariling Awit Tangkilikin” Katha ni Grace Urbien-Salvatus

**III. Gawain sa Pagkatuto**

***1*** **Unang Araw**

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang teksto

Natutukoy/Nakikilala ang mga salitang magkatugma sa tulang may 2-3 saknong.

Nakasusulat ng salitang katugma ng salitang nasa 2-3 saknong na tula.

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

A. **Panimulang Gawain**
Ipabigkas ang tugma sa LM.

B. **Pagganyak**
Itanong kung tungkol saan ang tula at kung ano ang nilalaman o mensahe nito. Hikayatin ang mga bata na magbigay ng kanilang saloobin sa talakayan ng klase. Itanong din kung bakit magandang pakinggan ang pagbigkas nila sa tula.

C. **Paglalahad/Pagmomodelo**
Ipabasa ang unang saknong ng tula.

D. **Pagtalakay**
Ano-anong  salita ang nasa hulihan ng bawat taludtod ng unang saknong?
(tangkilikin, natin,bigkasin,damdamin)
Anong tunog ang maririnig sa huling pantig ng mga salita?
Magkakapareho ba ang tunog ng mga ito?
Ano ang tawag sa mga salitang magkapareho ang tunog sa hulihang pantig?

E. **Paglalahat**
Ano ang tawag sa mga salitang magkapareho ang tunog sa hulihang pantig? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

F. **Paglalapat**
Balikan ang tulang “ Sariling Awit Tangkilikin” sa LM. Ipabasa ang ikalawang saknong nito.Ipatukoy ang mga salitang magkatugma.

G. **Kasanayang Gawain**
Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.

H. **Pagtatasa**
Magbigay ng salita.Hayaang magbigay ng salitang katugma nito ang mga bata.

## *2-3* Ikalawa at Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang teksto
Nakaaawit ng sariling awitin na may 3-5 saknong nang may kawilihan at kahusayan
Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa
Nababasa nang malakas ang mga salita (pangngalan, panghalip, pang-uri, pandiwa, at iba pa)
Nailalarawan ang elemento ng tula ( hal.  ritmo, tugma, alliteration)

**Istratehiya: Read Aloud, Independent Reading**

A. **Gawain Bago Bumasa**
1. **Drill:**

Ipabasa ang mga pangngalang pantangi sa LM.

2. **Paghahawan ng balakid**
   (sa pamamagitan ng larawan)




   *Timog Katagalugan*
   Ang Rehiyon IV-A CALABARAZON ay matatagpuan sa Timog Katagalugan.

   ( gamit ang pahiwatig ng pangungusap)

   *sumibol* - Nagkaroon ng bagong pangalan ang Rehiyon IV.Sumibol ang Rehiyon IV-A CALABARZON at Rehiyon IV-B MIMAROPA.

   *kaunlaran*- Ang paggamit ng makabagong teknolohiya ay isa sa nagpapakita ng kaunlaran ng bansa.

   *masagana*- Ang ating lalawigan ay masagana sa ibat-ibang produkto. Dinadala ang mga produktong ito sa ibat-ibang karatig lalawigan.

   *pagkakaisa*- Ang mga mamamayan ay sama-sama parasa kalinisan ng bayan. Sila ay may pagkakaisa.

   *mithiin*- Mithiin ng mga mamamayan ang kapayapaan.Nais nilang mamuhay nang tahimik at ligtas.

   *Kawani*- May mga manggagawa sa mga pampublikong pangasiwaan . Sila ay mga kawani ng gobyerno.

3. **Pagganyak**
   Paano ang tamang pag-awit?
   Hayaang ibahagi ng mga bata ang kanilang sagot sa tanong.

4. **Pangganyak na Tanong**
   Ano-ano ang tamang tekstong nakapaloob sa CALABARAZON March?

**B. Gawain Habang Nagbabasa**

Basahin ang teksto ng awit nang tuloy-tuloy.Ipabasa ang teksto ng awit sa mga bata nang tuloy-tuloy, may tamang damdamin, ekspresyon,  at paghahati ng mga salita sa LM.

Awitin ito nang walang tugtog.Ipaawit sa mga bata nang walang tugtog at nang may maayos na bigkas at tamang liriko.

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa Pangganyak naTanong** sa pamaamaagitan ng Pangkatang Palabas
   a. Pagpapakita ng pag-awit nang may wastong liriko sa CALABARZON March gamit ang CD
   b. Ipaawit ito nang may aksiyon.
2. **Ugnayang Gawain**

   Ipagawa ang pagkatang gawain.

   **a. Pangkat 1:Lalawigan Mo, Kilalanin Mo!**

   Buuin  ang mga lalawigang kabilang sa Rehiyon IV-A CALABARZON. Gumamit ng ibang kulay na panulat para sa mga letrang bumubuo sa CALABARZON. Gawin ito sa kartolina.

   **b. Pangkat 2: Lungsod Ko, Itala Mo!**

   Itala ang mga lungsod na matatagpuan sa mga lalawigan gamit ang **graphic organizer**. Gawin ito sa kartolina.

| **Rehiyon IV-A CALABARZON** | |
|---|---|
| *Lalawigan* | *Lungsod* |
| Cavite | |
| Laguna | |
| Batangas | |
| Rizal | |
| Quezon | |

   **c. Pangkat 3: Ang Inyong Lingkod…Aksiyon!**

   Magtala ng mga gawaing nagpapakita ng tamang paglilingkod ng mga kawani sa isang kartolina o manila paper at isadula ito.

3. **Paglinang sa Kasanayan**
   a. Ano-ano ang mga lalawigang bumubuo sa Rehiyon IV-A CALABARZON? Saan galing ang akronim na CALABARZON?

   Pakinggan ang pag-uulat ng Pangkat I.

   b. Ano-ano naman ang  lungsod na bumubuo sa mga lalawigan ng Rehiyon IV-A? Pakinggan ang Pangkat II sa kanilang pag-uulat.

c. Paano ang tamang paglilingkod ng mga kawani? Ano ang pinakaunang layunin ng mga ito?Panoorin at pakinggan ang Pangkat III.
d. Bilang mga mag-aaral, paano kayo makatutulong sa pag-unlad ng
inyong lalawigan?

**D. Paglalahat**

Paano ninyo naunawaan ang nilalaman ng tula/awit?

> **Tandaan**
> Mauunawaan ang nilalaman ng tula sa pamamagitan ng pagbibigay ng kahulugan ng mga salitang binasa at pagbigkas nang wasto sa mga

## 3 Ikatlong Araw

**Kasanayang Pangliteratura**

**A. Balik-aral**

Ano-ano ang elemento ng tula?

**B. Paglalahad**

Basahin ang unang saknong ng CALABARZON March sa LM.

**C. Pagtalakay:**

Pare-pareho ba ang ritmo ng bawat taludtod?
Kung hindi, ano ang tawag sa taludtod na hindi pare-pareho ang bilang ng ritmo? (malayang taludturan)
Ano-anong salita ang magkakatugma? (Katagalugan-pangalan, masagana-pagkakaisa- sama-sama, CALABARZON, panahon)
Ilang pares ng tugma mayroon ang awit? (3)
Ano ang tawag sa saknong na may tatlong tugma? (tatluhang tugma)

**D. Paglalahat**

Ano-ano ang mga elemento ng tula?

Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**E. Paglalapat**

Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.

**F. Kasanayang Gawain**

Ipagawa ang Gawain 3 sa LM.

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakababasa nang wasto ng mga salitang binubuo ng maraming pantig.
Nakababasa ng 200-300 na salitang angkop sa ikalawang baitang
Nagagamit ang kaalaman at kasanayan sa pagbaybay ng mga salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang
Nasusunod ang pamantayan sa pagsipi o pagsulat ng pangungusap, talata, at kuwento na may tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita, bantas, tamang pasok ng unang pangungusap ng talata, at anyo

**Kasanayan sa Pagbasa/Pagsulat**

**A. Balik-aral/Paglalahad (Pangkatang Pagbasa)**

Pangkatin ng dalawa (2) ang mga bata.
Magtalaga ng lider sa bawat pangkat na siyang hahawak sa **flashcards**.
Babasahin ng bawat pangkat nang isahan ang mga salitang ginamit sa talasalitaan ( pangngalang pantangi at mga salitang maraming pantig) habang ipinapalakpak ang kamay ayon sa papantig na pagbaybay sa mga ito.
Magpalitan ng mga babasahing **flashcards** para sa kanilang kasanayan sa pagbasa.

| **Pangkat 1( Pangngalang Pantangi)** | | **Pangkat 2 ( salitang maraming pantig)** | |
|---|---|---|---|
| Timog Katagalugan | Rizal | sumibol | kaunlaran |
| Laguna | Batangas | pagkakaisa | mithiin |
| Quezon | Antipolo | mabuhay | panahon |
| San Pablo | Cavite | maglingkod | paunlarin |
| Lucena | Calamba | layunin | kabataan |
| Sta. Rosa | Dasmarinas | pangalan | masagana |
| Tanauan | Lipa | lalawigan | kawani |

**B. Pagtalakay**

Paano ang ginawa ninyong pagbasa at pagbaybay sa mga salitang may mahahabang pantig sa unang kita at mga pangngalang pantangi?

Paano nakasulat ang unang letra ng mga pangngalang pantangi?

**C. Paglalahat**

Paano ang tamang pagbasa at pagbaybay sa mga salitang may mahahabang pantig sa unang kita at mga pangngalang pantangi?

Paano isinusulat ang unang letra ng mga pangngalang pantangi?

Ipabasa ang Tandaan sa LM, pahina 105.

**D. Pagsasanay**

Isulat ang gawaing ito sa manila paper.

Sipiin ang CALABARZON March nang wasto sa kuwaderno. Punan ang patlang ng tamang salita upang mabuo ang awit.

**CALABARZON MARCH**

Dito sa Timog ________________
Sumibol ang bagong pangalan
Ang kaunlaran kay bilis at masagana
Lahat kami'y may _____________
Sa mithiin ay sama-sama
Mabuhay ang CALABARZON
CALABARZON sa habang panahon

*Paningit-awit:*

Lalawigang Rizal, Cavite, ___________,
Batangas, Quezonat mga lungsod pa
Antipolo, San Pablo, Cavite, Lucena
Batangas, Calamba, Sta. Rosa,
Dasmarinas Tanauan at Lipa
Hey, Hey

Mga __________ ay tanging-tangi
Maglingkod ay laging gawi
Kaylan pa man sa Diyos ang aming lahi
______________ay paunlarin
Ito ang unang layunin
Mabuhay ang CALABARZON
CALABARZON sa habang panahon

Mabuhay ang CALABARZON
CALABARZON sa habang panahon
Mabuhay!

## 5 Ikalimang Araw

**Pagtataya**

**(Performance-Based)**

Isahang pag-awit ng CALABARZON  March

Rubric sa Pag-awit

| | | |
|---|---|---|
| **5** | = | Nakaaawit nang may tamang liriko at tono |
| **4** | = | Nakaaawit nang may tamang liriko ngunit may minsang pagkakamali ng tono |
| **3** | = | Nakaaawitnang may tamang liriko ngunit wala sa tamang tono |
| **2** | = | May malimit na pagkakamali sa liriko |
| **1** | = | May malimit na pagkakamali ng lirikoat di tamang tono |
| **0** | = | Walang pagtatangka |

Isulat ang tamang baybay ng mga salita.(Idikta ang mga ito.)

1. maglingkod
2. paunlarin
3. Quezon
4. -5 Punan ang patlang ng katugma ng salitang may salungguhit.

Sariling awit ay <u>tangkilikin</u>
Taglay  nito ang kultura ________,
Mga liriko nito'y malinaw na<u>bigkasin</u>
Awitin ito nang buong ______________.

# 15 IKALABINLIMANG LINGGO
# Tungkulin ko Bilang Kasapi ng Pamilya

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas:* Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang kuwento

Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa sa pamamagitan ng pagsasakilos, larawan, at tunay na bagay

*Kaalaman sa Tunog:* Nakikilala ang ugnayan ng tunog at simbolo nito at paggamit nito sa pagsulat

*Kaalaman sa Aklat at Limbag*: Nabibigyang pansin sa mga mekaniks Ng pagsipi/pagkopya ng mga pangungusap, talata,tamangpaggamit ng malaking letra, pagitan ng mga salita at gamit ng tamang bantas.

*Pagkilala ng mga Salita:* Naibibigay ng kahulugan ng mgasalitang nabasa

*Katatasan:* Nakababasa nang malakas ng mga teksto para sa ikalawang baitang na may kawastuhan at kasanayan

*Pagbaybay:* Nasusunod ang pamantayan ng pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap na may tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita at wastong bantas

Nakasusulat ng mga pangungusap na may tamang gamit ng bantas na ginagamitan ng mga salitang naglalarawan sa tao, bagay, hayop, at pook na tumutukoy sa kulay, hugis, sukat o bilang

*Kamalayan sa Gramatika*: Natutukoy ang mga salitang naglalarawan sa tao, bagay, hayop, at pook sa pangungusap o kuwento natumutukoy sa kulay, hugis, sukat o bilang

*Pagpapalawak ng Talasalitaan*: Nakikilala ang mga salitang naglalarawan ng tao, bagay, hayop, at pook na tumutukoy sa kulay, hugis, sukat o bilang

*Pag-unawa sa Binasa*: Nauuunawaan ang napakinggang kuwento sa pamamagitan ng pagsagot sa mga literal at mataas na antas ng tanong

Naibibigay ang mahahalagang detalye sa kuwentong narinig

Naipakikita ang kawilihan sa pakikinig at pagbasa ng kuwento sa pamamagitan ng matamang pakikinig at pagbibigay ng komento o reaksyon

*Pagpapahalaga:* Pagtupad sa tungkulin sa pamilya

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa:**

Pakikipagtalastasan tungkol sa kuwento
Kahulugan ng salita
Tamang pagsulat ng pangungusap at maikling talata.
Pagbaybay ng mga salita na naaayon sa baitang o antas
Salitang naglalarawan

**B. Batayan/Sanggunian:**

Kuwento: “Ang Kahon” Akda ni Rianne Pesigan- Tinana
“Ang Barangay Briones” Akda ni Rianne Pesigan- Tinana
Tula: “Sa Aming Bakuran” Akda ni: Rianne Pesigan-Tiňana

**C. Mga Kagamitan:** Predicton chart, mga larawan ng kargador, kalabasa na masyadong malaki kaysa sa karaniwan, tunay na bagay

**III. Gawain sa Pagkatuto**

## *1* Unang Araw

**Layunin:** Natutukoy ang mga salitang naglalarawan sa tao, bagay, hayop, at pook sa pangungusap o kuwento

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

A. **Panimulang Gawain**

Ipatula ang “Sa Aming Bakuran”

**Sa Aming Bakuran**
Akda ni: Rianne Pesigan-Tiňana

Sa aming bakuran
May malawak na taniman
Maraming gulay at prutas ang inaalagaan
Pantugon sa aming pangunahing pangangailangan.

May maliliit at may mahahaba
May dilaw, berde, lila, at pula
May mabibilog, matataba at tunay na sariwa
Malaking tulong ang dulot sa aming pamilya.

B. **Pagganyak**

Tungkol saan ang tula?
Mahalaga ba ang pagtatanim? Bakit?

C. **Paglalahad/ Pagmomodelo**

Basahin ng guro ang kuwentong “Ang Kahon” sa LM.

D. **Pagtalakay**

1.Sino ang tinutukoy sa unang pangungusap?Ilarawan siya.

2.Ano ang tinutukoy sa ikalawang pangungusap? Ilarawan ito.
3.Saan nagpunta ang tatay? Ilarawan ang kanyang pinuntahan.
4. Anong uri ng hayop mayroon sa lugar na pinuntahan ng ama?
5. Ano-ano ang inilarawan ng mga salitang ito?

**E. Paglalahat**

Ano ang tawag sa mga salitang naglalarawan sa tao, hayop, bagay at lugar?
Ano ang isinasaad ng mga salitang naglalarawan?
Basahin ang dapat tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Pakuhanin ng kapareha ang mga bata. Magpaisip ng mga gawaing kanilang ginagawa o tungkuling kanilang ginampanan, ipakuwento ito gamit ang pang-uri.

**G. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.
2. **Malayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.

**H. Pagtatasa**

Muling balikan ang tulang “Sa Aming Bakuran”
Ipatukoy ang ginamit na pang-uri.

## *2* Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang kuwento
Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa sa pamamagitan ng pagsasakilos, larawan, at tunay na bagay
Nakikilala ang mga salitang naglalarawan ng tao, bagay, hayop, at pook
Nauuunawaan ang napakinggang kuwento sa pamamagitan ng pagsagot sa mga literal at mataas na antas ng tanong
Naibibigay ang mahahalagang detalye sa kuwentong narinig

**Istratehiya**: **Read by the Teacher (Read Aloud), Read with the Teacher (Shared Reading)**

**A. Gawain Bago Bumasa**

**1. Paghahawan ng balakid**

1.1. *Kargador-*  Si Manoling ay kargador sa palengke.


1.2. *kamangha-mangha*-  Ang kalabasa ay may kakaibang laki kaysa sa karaniwang kalabasa. Ito ay kamangha-mangha.

*1.3. Maginhawa*-
Ang kanilang pamilya ay maginhawa ang buhay. Nabibili nila ang lahat ng kanilang mga gusto.

**2. Pagganyak**

Itanong kung ano ang naiisip ng mga bata sa salitang kahon.

Ipagamit ang **concept map**.




**3. Pangganyak na Tanong**

Ilahad ang kuwento at ang **prediction chart**. Itanong ang nais nilang malaman sa kuwento sa pamamagitan ng tanong. Isulat ang tanong at hulang sagot sa tsart.

| | **Prediction Chart** | |
|---|---|---|
| Tanong | Hulang Sagot | Tunay na Nangyari |
| Ano ang naidulot ng kahon sa buhay ng mag-ama? | | |

**B. Gawain Habang Nagbabasa**

Basahin/Ipabasa ang kuwento nang tuloy-tuloy sa una at may paghinto sa ikalawang pagbasa upang magkaroon ng interaksyon. Gamitin ang kuwentong “Ang Kahon” sa LM.

*Tanong:*

(Unang pangungusap)

16. Sino ang kargador?
17. Saan siya lumaki?
18. Ano ang ginagawa nila sa kahon?

(*Ikalawang pangungusap)*

19. Ano ang masasabi mo sa mga kahong iniipon nila.
20. Sa kanyang paglaki, ito pa rin ba ang laruan niya?

21. Ano ang masasabi mo sa kanilang bahay?

*( Ikatlo, Ikaapat, at ikalimang pangungusap)*

22. Ano ang masasabi mo sa ama ni Kibalon?
23. Ano ang nais ng ama para sa kanyang pamilya?
24. Ano ang ginawa ng ama? Tama ba ito? Bakit?

*(ikaanim na pangungusap*)

25. Ano ang masasabi mo sa bansang pinuntahan ni Mang Karling?
26. May mga hayop ba ditto? Anong masasabi mo sa mga hayop dito?

*(ikapito,ikaawalo at ikasiyam na pangungusap))*

27. Ano ang nangyari sa buhay nina Kibalon?
28. Ikumpara ang dating kahon na gamit ni Kibalon at ang kahong pinadadala ni Mang Karling?
    (ikasampu, at ikalabing-isang pangungusap)
29. Ano ang nararamdaman ni Kibalon? Bakit kaya?
30. Tama ang ginawa niya uppang masuklian ang kabutihan ng kanyang ama? Bakit?

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**


**1. Pagsagot sa pangganyak na tanong**

Balikan ang **Prediction Chart.**
Sagutan ang bahagi ng tungkol sa tunay na nangyari.
Paghambingin ang hulang sagot at ang tunay na nangyari.
Itanong bakit kung bakit hindi o pareho ang sagot.

**6. Ugnayang Gawain**

**a. Pangkat I: Katangian Ko, Tukuyin Mo**

Sino ang kargador na binanggit sa kuwento?
Ano-ano ang kaniyang kahanga-hangang katangian?
Tukuyin ang katangian ni Mang Karling gamit ang **character map**. Gawin ito sa **manila paper**.



b. **Pangkat II: Iarte Mo!**
   Isadula ang tagpo nang ihatid o paalis na ang ama ni Kibalon.

c. **Pangkat III: Iguhit Mo!**
   Gumuhit ng malaking kahon na may lamang mga damit, mga pagkaing de lata, sapatos, at mga laruan. Gawin ito sa **manila paper**.

7. **Paglinang sa Kasanayan**
   a. Sino ang kargador na binanggit sa kuwento?
      Ano-ano ang kaniyang kahanga-hangang katangian?
      Tingnan natin ang pag-uulat ng Pangkat I.
   b. Saan nagpunta ang ama ni Kibalon?
      Ano ang gagawin niya doon?
      Ano kaya ang habilin ni Mang Karling kay Kibalon nang siya ay paalis na papunta sa ibang bansa?
      Ano naman ang sasabihin ni Kibalon sa kaniyang ama?
      Panoorin ang pagsasadula ng Pangkat II.
   c. Ano ang ipinadadala ni Mang Karling kay Kibalon?
      Ano-ano kaya ang laman nito?
      Ating aalamin sa pag-uulat ng Pangkat III.
   d. Ano ang gagawin ninyo kung ang inyong magulang ay nasa malayong lugar nagtatrabaho? Paano ninyo pahahalagahan ang mga pagsisikap nila para sa inyo?

8. **Paglalahat**
   Paano mo naunawaan ang kuwento?

| **Tandaan**<br>Mauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong, pagbibigay ng mga detalye, komento o reaksiyon tungkol dito. |
|---|

9. **Pagtatasa**
   Muling balikan ang kuwentong “Ang Kahon” sa LM, pahina 109-110. Tukuyin ang ginamit na pang-uri sa kuwento.

## *3* Ikatlong Araw

**Layunin:** Nababasa nang malakas ang mga teksto para sa ikalawang baitang na may kawastuhan at kasanayan
Nagagamit ang kaalaman sa paraan ng pagbaybay ng mga salita

**Kasanayan sa Pagbasa**

A. **Pagganyak at Paglalahad**
   1. Ipabasa ang mga pangungusap na nasa LM.

2. Ipatukoy ang pang-uring ginamit sa pangungusap .

**B. Pagtalakay**

1. Ano ang wastong paraan ng pagbasa ng pangungusap?
2. Saan nagsisimula ang unang letra ng unang salita ng pangungusap?
3. Ano ang bantas na ginamit pagkatapos ng bawat pangungusap.

**C. Paglalahat**

Paano ang wastong paraan ng pagbasa ng pangungusap?
Basahin ang dapat tandaan sa LM.

**D. Paglalapat**

Pakuhanin ng kapareha ang bata at paisipin ng tungkuling kanilang nagampanan sa kanilang pamilya.
Gumawa ng pangungusap tungkol dito na ginagamitan ng pang-uri.

**E. Kasanayang Gawain**

**3. Pinatnubayang Pagbasa**

Ipabasa ang pangungusap na nasa LM Gawain 3. Ipatukoy ang ginamit na pang-uri.Tukuyin ang inilalarawan nito. (kulay, hugis, sukat o bilang)

**4. Malayang Pagbasa**

Ipabasa ang kuwentong “ Ang Barangay Briones” Gawain 4 na nasa LM.
Ipatukoy ang ginamit na pang-uri at ang inilalarawan nito.

## *4* Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nasusunod ang pamantayan ng pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap na may tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita at wastong bantas nga ginagamitan ng pang-uri

**Kasanayan sa Pagsulat**

**G. Balik-aral**

Magpabigay ng halimbawa ng pangungusap na ginagamitan ng pang-uri. Isulat ng guro sa pisara ang mga pangungusap.

**H. Pagganyak**

Muling ipatula ang “Sa Aming Bakuran”.

**I. Paglalahad**

Ipabasa ang pangungusap na nasa pisara.
Ipagaya ang wastong paraan ng pagsulat sa mga bata sa kanilang sagutang papel.

**J. Pagtalakay**

1. Paano ang wastong pagsulat ng pangungusap.
2. Paano nagsisimula ang unang letra ng unang salita nito?
3. Paano ang wastong paraan ng pagsulat ng maikling talata?
4. Paano isinusulat ang unang salita ng talata?

K. **Paglalahat**
   Ano ang dapat mong tandaan sa pagsulat ng pangungusap?
   Ipabasa ang dapat tandaan sa LM.

L. **Kasanayang Gawain**
   3. **Pinatnubayang Pagsulat**
   Ipagawa ang Gawain 5 sa LM.
   4. **Malayang Pagsulat**
   Ipagawa ang Gawain 6 sa LM.

## *5* Ikalimang Araw

A. **Pagtataya**
   Gamitin ang sagutang papel sa gawaing ito.
   Basahin ang maikling talata.. Sagutan ang tanong.
   Tinanghali ng gising ang batang si Clarence.Tahimik siyang lumabas sa kanyang kuwarto. Dahan-dahang kumuha ng plato at maingat na naghanda ng kanyang pagkain.
   1. Sino ang bata sa binasang talata?
   2. Ilarawan si Clarence.___________________

   Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.
   3. Lahat ng salita ay maaaring gamitin sa paglalarawan ng tao, maliban sa isa, alin ito?
      a. malusog b. maingay c. maikli
   4. Malakas ang tawanan ng mga bata habang sila ay naghahabulan. Alin ang salitang naglalarawan?
      a. naghahabulan b. malakas c. tawanan
   5. Aling pangungusap ang may tamang gamit ng pang-uri?
      a. Ang mangga ay dilaw kapag hinog na.
      b. Ang walis tambo ay malkasa gamitin.
      c. Ang nanay ay may bilog na tsinelas.

   Kopyahin nang wasto ang maikling talata.
   Tinanghali ng gising ang batang si Clarence.Tahimik siyang lumabas sa kanyang kuwarto. Dahan-dahang kumuha ng plato at maingat na naghanda ng kanyang pagkain.

B. **Pantulong na Gawain**
   Gawin sa sagutang papel.
   A. Magbigay ng tatlong (3) salitang naglalarawan.
      1.
      2.
      3.
   B. Sumulat ng dalawang (2) pangungusap na may pang-uri.

4.
5.

**C. Pagpapayamang Gawain**

Isulat ang mga sumusunod na pangungusap.

1. Ang mga bata ay masayang naghahabulan sa palaruan.
2. Ang hapag-kainan nina Fred ay bilog.
3. Kami ay nakatira sa tahimik na barangay.
4. Malakas ang ulan at hangin dahil may bagyo.
5. Si Lina ang panganay sa limang magkakapatid.

# 16 IKALABING ANIM NA LINGGO
# Pangangalaga sa Kapaligiran

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas*: Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang diyalogo

Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa sa pamamagitan ng larawan, at paggamit ng salita sa pangungusap

*Kaalaman sa Tunog*: Nakikilala ang ugnayan ng tunog at simbolo nito at paggamit nito sa pagsulat

*Kaalaman sa Aklat at Limbag*: Nabibigyang pansin ang mga mekaniks ng pagsipi/pagsulat ng mga pangungusap, at tamang paggamit ng malaking letra, pagitan ng mga salita at gamit ng tamang bantas.

*Pagkilala ng mga Salita*: Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa sa pamamagitan ng larawan at paggamit ng salita sa pangungusap

*Katatasan*: Pagbasa nang malakas ng mga teksto para sa ikalawang baitang na may kawastuhan at kasanayan

*Pagbaybay:* Nasusunod ang pamantayan ng pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap, o kuwento na may tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita at wastong bantas

Naisusulat ang pangungusap at maikling kuwento na may tamang gamit ng bantas na ginagamitan ng mga salitang ginagamitan ng paghahambing sa katangian ng tao, bagay, hayop, at pook.

*Kamalayan sa Gramatika*: Natutukoy ang salitang ginamit sa paghahambing ng tao, bagay, hayop, at pook sa pangungusap

Pagpapalawak ng Talasalitaan: Nakikilala ang mga salitang ginagamit sa paghahambing ng tao, bagay, hayop, at pook.

*Pag-unawa sa Binasa*: Nauunawaan ang diyalogo sa pamamagitan ng pagsagot sa mga literal at mas mataas na antas ng tanong

Naipakikita ang kawilihan sa pakikinig at pagbasa ng diyalogo sa pamamagitan ng matamang pakikinig at pagbibigay ng komento o reaksyon

*Pagpapahalaga*: Pangangalaga sa kapaligiran

**II. Paksang Aralin:**

A. **Paksa:**

Pakikipagtalastasan tungkol sa diyalogo
Kahulugan ng salita
Tamang pagsulat ng pangungusap at maikling talata.
Pagbaybay ng mga salita na naaayon sa baitang o antas
Paghahambing ng tao, bagay, hayop, at pook

B. **Batayan/Sanggunian:**

Kuwento: "Ating kapaligiran, Mahalin at Pagyamanin!"
Akda ni Rianne Pesigan- Tinana
Diyalogo: "Ang Magkaibigan" Akda ni: Rianne Pesigan-Tinana

C. **Mga Kagamitan:**

Venn diagram, mga larawan ng kargador, kalabasa na masyadong malaki kaysa sa karaniwan, tunay na bagay

**III. Gawain sa Pagkatuto**

***1*** **Unang Araw**

**Layunin:** Natutukoy ang salitang ginamit sa paghahambing ng tao, bagay, hayop, at pook sa pangungusap

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

A. **Panimulang Gawain**

Magpakita ng larawan. Itanong kung ano ang nakikita nila.

B. **Pagganyak**

Sino/ Ano ang nasa larawan?
Ilarawan ang bawat isa.
Gabayan ang mga bata na magamit ang paghahambing sa larawang ito.

**C. Paglalahad/ Pagmomodelo**

Ilahad at basahin ang kuwentong "Ating Kapaligiran Mahalin at Pagyamanin!" nasa LM.

Ipabasa ito sa mga bata pagkatapos mong basahin.

**D. Pagtalakay**

Isulat ang sagot sa pisara.

1. Anong paglalarawan ang ginamit sa bakuran ni Aling Rosalie?
2. Paano mo ilalarawan si Aling Rosalie?
3. Anong salita ang ginamit sa kanyang mga halamang namumulaklak?
4. Paano inlarawan ang kanyang mga prutas at gulay? Paano naman ito inihalintulad sa mga halamang hindi namumulaklak?
5. Sa lahat ng kanyang alagang puno, paano inlarawan ang mga punong mangga?
6. Anong salita ang ginamit sa pagkukumpara sa lugar na madami at kakaunting puno?
7. May kasama ba si Aling Rosalie sa pag-aalaga ng kanyang tanim? Paano ito inilarawan?
8. Ano ang napansin ninyo sa salitang ginamit kapag iisa ang tinutukoy sa paglalarawan? kapag dalawa? kapag marami na ang kinikumpara sa paglalarawan?
9. Ano-ano ang tinukoy sa paglalarawan? (tao, bagay, hayop, at pook)

**E. Paglalahat**

Ano ang ginagamit na paglalarawan sa isa, dalawa, tatlo o higit pang pangngalan?

Basahin ang dapat tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Pakuhanin ng kapareha ang bata. Pakuhanin ng magkaprehong gamit na mayroon sila. Paghambingin ito.

**G. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.
2. **Malayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.

**H. Pagtatasa**

Gamitin sa pagbuo ng pangungusap ang mga sumusunod na salitang naglalarawan.

1. mas mahaba
2. malakas
3. mas malayo
4. pinakamalit
5. pinakamadami

## 2 Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o klase hinggil sa napakinggan at binasang diyalogo
Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa sa pamamagitan ng larawan, at paggamit ng salita sa pangungusap
Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang nabasa sa pamamagitan ng larawan at paggamit ng salita sa pangungusap
Nakikilala ang mga salitang ginagamit sa paghahambing ng tao, bagay, hayop, at pook.
Nauunawaan ang diyalogo sa pamamagitan ng pagsagot sa mga literal at mas mataas na antas ng tanong

**Istratehiya**: **Read by the Teacher (Read Aloud), Read with the Teacher (Shared Reading)**

A. **Gawain Bago Bumasa**
   1. **Paghahawan ng balakid**
      1.1. Impormasyon-
           Nagpalitan ng impormasyon o kaalaman ang magkapatid na sina Lina at Lino.
      1.2. Lucban, Quezon
           Ang Lucban, Quezon ay kilala sa pagdiriwang ng makulay na kapistahan ng Pahiyas.
      1.3. Tagaytay
           Ang Tagaytay ay matatagpuan sa Probinsiya ng Cavite. Malamig ang klima sa bayan ng Tagaytay.
   2. **Pagganyak**
      Itanong ang lugar na napuntahan na ng mga bata. Itanong ang mga nakita nila dito. Itanong ang paglalarawang maibibigay nila dito.
   3. **Pangganyak na Tanong**
      Itanong ang nais nilang malaman tungkol sa diyalogong babasahin. Isulat ang tanong sa pisara.

B. **Gawain Habang Nagbabasa**
   Basahin/ Ipabasa ang diyalogong"Ang Magkaibigan" sa mga bata. Pakuhanin ng kapareha. Gamitin ang LM.

   *Tanong:*
   1. Sino ang magkaibigan?
   2. Tungkol saan ang kanilang pinag-uusapan?

3. Anong hayop ang kanilang pinagkumpara?
4. Ano ang gustong kainin ni Minda?
5. Ano ang pagkaing pinakagusto ni Karen?
6. Gusto mo rin ba ang pagkain ni Minda? Bakit?
7. Ano ang masasabi mo sa pagaking gusto ni Karen?
8. May kaibigan ka rin ba tulad nina Minda at Karen? Paano ka nagpapahalaga sa kaibigan?
9. Bakit dapat pahalagahan ang isang kaibigan?

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

**1. Pagsagot sa pangganyak na tanong**

Itanong kung ano ang natuklasan ng mga bata sa diyalogong kanilang binasa.

Ikumpara sa kanilang naging sagot na nakasulat sa pisara.

**2. Ugnayang Gawain**


Pangkatin sa tatlo (3) ang mga bata.

a. **Pangkat I: Iguhit Mo!**

Iguhit si Karen at Minda. Isulat sa ibaba nito ang "Ang Magkaibigan". Gawin ito sa isang coupon bond.

b. **Pangkat II: Gusto Ko, Gusto Mo**!

Gamit ang **Venn Diagram**, isulat ang gustong pagkain nina Karen at Minda. Gawin itosa manila paper.




c. **Pangkat III: Artista Ka Ba?**

Pumili ng gaganap bilang Karen at Minda. Ang iba pang miyembro sa pangkat ang magsisilbing tagapagsalaysay.Isadula ang diyalogo.

**3. Paglinang sa Kasanayan**

a. Sino-sino ang tauhan sa diyalogo?
Ano ang tawag sa kanila?
Tingnan natin ang pag-uulat ng Pangkat I.

b. Ano ang gustong pagkain nina Karen at Minda?

Tunghayan natin ang paghahambing na ginawa ng Pangkat II.

c. Ano-ano pa ang kanilang napag-usapan?
   Panoorin natin ang pagduladulaan ng Pangkat III.
d. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng kaibigan?
   Bilang magkaibigan, paano ninyo aalagaan ang inyong pagkakaibigan?

4. **Paglalahat**
   Paano mo naunawaan ang diyalogo?

> **Tandaan**
> Mauunawaan ang diyalogo sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong,  pagbibigay ng mga detalye, komento o reaksiyon tungkol dito.

5. **Pagtatasa**
   Magpakuha ng dalawang gamit sa bag ng bata. Gumawa ng pangungusap na may salitang naglalarawan.

## *3* Ikatlong Araw

**Layunin:** Nababasa nang malakas ang mga teksto para sa ikalawang baitang na may kawastuhan at kasanayan
Nagagamit ang kaalaman sa paraan ng pagbaybay ng mga salita

**Kasanayan sa Pagbasa**

**A. Pagganyak at Paglalahad**
1. Ipabasa ang mga pangungusap na nasa LM, pahina 117.
2. Ipatukoy ang pang-uring ginamit at ang inilarawan  nito sa pangungusap.

**B. Pagtalakay**
1. Paano ang wastong paraan ng pagbasa ng pangungusap?
2. Saan nagsisimula ang unang letra ng salita ng pangungusap?
3. Anong bantas ang ginamit pagkatapos ng bawat pangungusap?

**C. Paglalahat**
Paano ang wastong paraan  ng pagbasa ng pangungusap?
Basahin ang dapat tandaan sa LM, pahina 118.

**D. Paglalapat**
Palabasin ang mga bata sa silid-aralan. Pahanapin sila ng mga halamang nais nilang alagaan at pagawin sila ng pangungusap na ginagamitan ng mga salitang naglalarawan. Gabayan ng guro ang mga bata sa gawaing ito.(Ipagamit ang mga salitang ginagamit sa paghahambing)

E. **Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagbasa**
   Ipabasa ang pangungusap na ginawa sa Gawain 3 na nasa LM, pahina 118.
2. **Malayang Pagbasa**
   Muling ipabasa ang diyalogong "Ang Magkaibigan" sa LM, pahina 116-117.
   Ipatukoy ang ginamit na pang-uri at ang inilalarawan nito.

## *4* Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nasusunod ang pamantayan ng pagsipi o pagsulat ng mga pangungusap, talata o kuwento na may tamang gamit ng malaking letra, espasyo ng mga salita at wastong bantas nga ginagamitan ng pang-uri

**Kasanayan sa Pagsulat**

A. **Balik-aral**
   Magpabigay ng halimbawa ng pangungusap na ginagamitan ng pang-uri na mayroon at walang paghahambing.

B. **Pagganyak**
   Ipaawit ng guro

   Kung ikaw ay masaya'y pumalakpak ka
   Kung ikaw ay mas masaya'y lumundag ka
   Kung ikaw ay mas masaya, buhay mo ay mas sisigla
   Kung ikaw ay mas masaya'y lumundag ka.

C. **Paglalahad**
   Ipabasa ang pangungusap na nasa LM.
   Ipagaya ang wastong paraan ng pagsulat sa mga bata.

D. **Pagtalakay**
   1.Paano ang wastong pagsulat ng pangungusap?
   2. Paano nagsisimula ang unang letra ng salita nito?

E. **Paglalahat**
   Ano ang dapat mong tandaan sa pagsulat ng pangungusap?
   Ipabasa ang dapat tandaan sa LM.

F. **Kasanayang Gawain**
   1. **Pinatnubayang Pagsulat**
      Ipagawa ang Gawain 3 sa LM.

   2. **Malayang Pagsulat**
      Ipasulat ang Gawain 4 sa LM.

## 5 Ikalimang Araw

**A. Pagtataya**

Gamitin ang sagutang papel sa gawaing ito.

Bilugan ang tamang paglalarawan upang mabuo ang pangungusap.

1. ( Matangkad, Mas matangkad, Pinakamatangkad) si Patrik kaysa kay Petronilo.
2. (Matulis, Mas matulis, Pinakamatulis) ang dalang lapis ni Lina sa lahat ng may dalang lapis.
3. (Mabilis, Mas mabilis, Pinakamabilis) tumakbo ang alagang kabayo ni Ruben.
4. (Mataas, Mas mataas, Pinakamataas) ang bundok kaysa sa burol.
5. (Malaki, Mas malaki, Pinakamalaki) ang daliri ko kaysa kay Norma.

Basahin ang kuwento. Sagutan ang kasunod na tanong.

Sa apat na magkakapatid pinakamatanda si Ryan. Si Rivine ay mas masarap magluto kaysa kay Rinalyn. Mas matangkad ang bunsong si Rizalyn kaysa sa kanyang kuya na si Mark Reynell.

6. Ilarawan si Rivine.___________________________
7. Paano mo ilalarawan ang apat na magkakapatid?

Isulat nang wasto ang mga sumusunod na pangungusap.

8. Masarap ang saging kung ito ay hinog sa puno.
9. Pinakamataas ang punong niyog sa lahat ng puno sa aming bakuran.
10. Mas madumi ang kamay mo kaysa sa akin.

**B. Pantulong na Gawain**

Gamitin ang sagutang papel sa gawaing ito.

Bilugan ang tamang paglalarawan.

1. (Maliit, Mas maliit, Pinakamaliit) si Myra sa kanilang pitong magkakaibigan.
2. (Mahaba, Mas mahaba, Pinakamahaba) ang dala ni EJ na tali kaysa kay Ronaldo.
3. (Matalino, Mas matalino, Pinakamatalino) si Precious sa klase.

Gumawa ng pangungusap sa mga sumusunod na paglalarawan.

4. mas masaya
5. pinakamaikli

C. **Pagpapayamang Gawain**

Gamitin ang sagutang papel sa gawaing ito.

A. Sumulat ng pangungusap gamit ang salitang naglalarawan na mayroon at walang paghahambing.

1.
2
3.

B. Idikta ng guro ang pangungusap.

4. Pinakamalinis ang barangy Matipunso sa lahat ng barangay sa bayan ng San Antonio.
5. Mas masarap maligo ng tanghali sa ilog kaysa sa umaga.

# 17 IKALABIMPITONG LINGGO
# Pagkakabuklod ng Pamilya

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas*:Nakikinig at nakikipagtalastasan sa pangkat o sa klase tungkol sa napakinggang teksto

Nakakapagkuwento gamit ang sariling salita na may kaugnayan sa larawan gamit ang ibat-ibang salita na may tamang paghahati at paghinto

*Pagkilala ng mga Salita*:Nakababasa nang may pag-unawa sa talata, kuwento, alamat, at iba pa na binubuo ng mga salitang napag-aralan na

*Katatasan:* Nababasa nang may kasanayan ang mga 200 na salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang

*Pagbaybay*:Nababaybay nang wasto ang mga salitang ginamit sa talasalitaan

*Pagsulat:* Nakasusulat ng maikling salaysay taglay ang mga elemento ng kuwento- tagpuan, tauhan, at pangyayari

*Pagkatha*:Nakabubuo ng maikling salaysay taglay ang mga elemento ng kuwento- tagpuan, tauhan, at pangyayari

*Kamalayan sa Gramatika*:Nakikilala/Nagagamit ang kaantasan ng pang-uri sa pangungusap gamit ang lokal na wika.

*Pag-unlad sa Talasalitaan*:Nakikilala at napapangkat ang mga salita ayon sa kinabibilangang kategorya (kulay, hugis, pagkain, at iba pa)

*Pag-unawa sa Binasa*:Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento, salaysay, at iba pa sa pamamagitan ng pagtukoy kung alin ang una, ikalawa, ikatlo o huling pangyayari

Naipakikita ang kawilihan sa pagbasa sa pamamagitan ng taimtim na pakikinig sa nagkukuwento at nakapagbibigay ng komento o reaksiyon

*Pagpapahalaga*:Pagsasama-sama ng pamilya

## II. Paksang Aralin:

### A. Paksa:

Pakikipagtalastasan sa pangkat o sa klase tungkol sa napakinggang teksto.

Pag-unawa sa talata, kuwento, alamat, at iba pa na binubuo ng mga salitang napag-aralan na.

Mga salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang

Pagbaybay nang wasto sa mga salitang ginamit sa talasalitaan

Pagsulat ng maikling salaysay taglay ang mga elemento ng kuwento- tagpuan, tauhan, at pangyayari.

Kaantasan ng pang-uri

Mga salita ayon sa kinabibilangang kategorya (kulay, hugis, pagkain, at iba pa)

Pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento

### B. Mga Kagamitan

Kuwento: Ang Balikbayan – Akda ni Grace Urbien-Salvatus
Usok – Akda ni Angelina A. Alpuerto

**Show-me-board, Prediction Chart**, mga larawan ng balikbayan, tinuto,
pansit habhab, **senior citizen**, nagsasalo-salo, nag-aabyad, **meta cards** ng mga salitang ginamit sa kuwento, **graphic organizers**

## III. Gawain sa Pagkatuto

**1** **Unang Araw**

**Layunin:** Nakikilala/Nagagamit ang kaantasan ng pang-uri sa pangungusap gamit ang lokal na wika.

### Kasanayang Pagbigkas at Wika

### A. Panimulang Gawain

**Bring Me and Describe Me Game**

Mekaniks ng laro.

1. Magpadala ng isang bagay. Ang limang unang makakapagdala ay ilalarawan ang kani-kaniyang dala.
2. Magpadala ng 2 bagay. Ang limang unang makakapagdala ay ihahambing ang kani-kaniyang dala.
3. Magpadala ng 3 o mas maraming bagay. Ang unang limang

makakapagdala ay tutukuyin kung aling bagay ang may nangingibabaw o namumukod na katangian sa lahat na kani-kaniyang dala.

**B. Pagganyak**

Itanong kung ano ang kanilang ginawa. Ilang bagay ang kanilang dinala sa una, ikalawa, at ikatlo?

**C. Paglalahad/Pagmomodelo**

Ipatukoy sa mga bata ang mga bagay na nasa larawan.
Ipalarawan ang unang bagay.
Ipahambing ang dalawang bagay.
Ipatukoy kung aling katangian ang namumukod o nangingibabaw sa tatlong bagay.
Ipabasa ang mga inaasahang sagot ng mga bata sa LM.

**D. Pagtalakay:**

1. Ano ang inilalarawan sa unang pangungusap? ( lapis)
   May ibang bagay pa bang pinaghahambingan? (wala)
   Ano ang ginamit na pang-uri? ( mahaba)
   Ano ang tawag sa paglalarawan ng isang pangngalan na walang pinaghahambingan? *(Lantay)*
2. Ano ang inihahambing sa ikalawang pangungusap? ( lapis at ruler)
   Ilan ang inihahambing? (2)
   Ano ang ginamit na paghahambing? ( mas mahaba)
   Ano ang tawag sa paghahambing sa dalawang pangngalan? ( Pahambing)
3. Ano ang inihahambing sa ikatlong pangungusap? ( lapisa, ruler, at **meterstick**)
   Ilan ang inihahambing? (3)
   Anong bagay ang may namumukod na katangian? (meter stick)
   Ano ang ginamit na pang-uri? ( pinakamahaba)
   Ano ang tawag sa katangiang namumukod o nangingibabaw sa lahat ng pinaghahambingan? (Pasukdol)
   Ano ang tawag sa pang-uring lantay, pahaambing, at pasukdol?

**E. Paglalahat**

Ano-ano ang kaantasan ng pang-uri? Ipabasa ang LM.

**F. Paglalapat**

Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.

**G. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.

2. **Malayang Pagsasanay**
   Gamitin sa pangungusap ang mga salitang nagpapakita ng kaantasan ng pang-uri.

a. matamis
b. mas malamig
c. pinakamataas
d. mas marami
e. pinakamahusay

**H. Pagtatasa (Oral)**

Bumuo ng pangungusapna nagpapakita ng halimbawa sa bawat kaantasan ng pang-uri.

## *2-3* Ikalawa at Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikipagtalastasan sa pangkat o sa klase tungkol sa napakinggang teksto

Nababaybay nang wasto ang mga salitang ginamit sa talasalitaan Nakakapagkuwento gamit ang sariling salita na may kaugnayan sa larawan gamit ang ibat-ibang salita na may tamang paghahati at paghinto

Nakikilala at napapangkat ang mga salita ayon sa kinabibilangang kategorya (kulay, hugis, pagkain, at iba pa)

Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento, salaysay, at iba pa sa pamamagitan ng pagtukoy kung alin ang una, ikalawa, ikatlo o huling pangyayari

Naipakikita ang kawilihan sa pagbasa sa pamamagitan ng taimtim na pakikinig sa nagkukuwento at nakapagbibigay ng komento o reaksiyon

**A. Gawain Bago Bumasa**

1. **Paghahawan ng balakid**
   Sabihing pag-aralan at unawain ang talasalitaan sa LM.
   Ipabasa muli ang mga salita sa talasalitaan. Ipabaybay ang mga ito gamit ang kanilang **show-me-board**.
2. **Pagganyak**
   May kamag-anak o kakilala ba kayong isang balikbayan? Saang bansa siya galing? Bakit balikbayan ang tawag sa kaniya?
   Hayaang ibahagi ng mga bata ang kanilang sagot sa mga tanong.
3. **Pangganyak na Tanong**
   Itanong kung ano-ano ang ginawa ni Tita Marta sa kaniyang pagbabalik sa sarili niyang bayan. Isulat ang kanilang sagot gamit ang **prediction chart**.
   Ipahula ang sagot sa tanong. Isulat ang sagot sa tamang kolum ng **prediction chart.**

| Tanong | Hulang Sagot | Tunay na Nangyari |
|---|---|---|
| Ano-ano ang ginawa ng balikbayan sa kaniyang pagbabalik sa sarili niyang bayan? | | |

B. **Gawain Habang Nagbabasa**

Basahin ang kuwentonang tuloy-tuloy na may tamang paghahati at paghinto.

Ipabasa ang kuwento sa mga bata nang tuloy-tuloy, may tamang damdamin, ekspresyon, paghahati ng mga salita, at tamang paghinto sa LM.

C. **Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa pangganyak na tanong**

Gamit ang **prediction chart.**

Balikan ang kanilang hulang sagot at itanong ang tunay na nangyari sa kuwento.

Tingnan kung ilan sa mga bata ang nakahula sa tunay na nangyari.


| Tanong | Hulang Sagot | Tunay na Nangyari |
|---|---|---|
| Ano-ano ang ginawa ng balikbayan sa kaniyang pagbabalik sa sarili niyang bayan? | | - Nagdiwang siya ng kaniyang kaarawan.<br>-Namasyal sila sa Kamay ni Hesus at Arko ni Noah.<br>- Kumain sila sa Kamayan sa Palaisdaan. |


2. **Ugnayang Gawain**

Ipagawa ang pangkatang gawain sa Gawain.

a. **Pangkat 1: Pangyayari, Pagsusunod-sunurin Mo!**

Tungkol saan ang kuwento?
Sino-sino ang mga tauhan dito?
Ano-ano ang sunod-sunod na pangyayari?
Tingnan ang mga larawan.Pagsusunod-sunurin ang mga ito ayon sa pangyayari sa kuwentong binasa. Isulat ang bilang 1- 5. Isalaysay muli ang kuwento gamit ang mga larawan sa klase.












**b. Pangkat 2: Saan Ako Kabilang?**


Basahin ang mga salitang nakasula tsa mga kahon. Isulat ang mga ito ayon sa kinabibilangang pangkat sa **concept map**. Gawin ito sa kartolina.




| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| pula | Inihaw na tilapiya | dilaw | Pansit habhab | lila |
| giraffe | kahel | rosas | tigre | Inihaw na pusit |
| Lechon kawali | Sinigang na hipon | tupa | elepante | |

**c. Pangkat 3: Pasyal Tayo!**

Sagutin ito sa pamamagitan ng pagguhit ng mga pinasyalang pook nina Tita Marta at ng kaniyang kamag-anak sa isang kartolina gamit ang pormat na nasa ibaba.




Bilang isang mag-aaral, ano ang dapat mong gawin kapag namamasyal sa ibang mga pook?
Kung ikaw ay may bisitang balikbayan, gagawin mo din ba ang katulad ng nasa kuwento? Bakit?
Ibahagi ito sa klase.

3. **Paglinang sa Kasanayan**
   a. Tungkol saan ang kuwento? Sino-sino ang tauhan dito? Ano-ano ang sunod-sunod na pangyayari? Pakinggan ang pag-uulat ng Pangkat I.

   b. Ano-ano ang nakita nila sa Arko ni Noah? Ano-anong kulay ng mga bulaklak ang nakapaligid dito? Ano-anong estatwa ng hayop ang kanilang nakita? Ano-ano ang kanilang kinain sa Kamayan sa Palaisdaan? Malalaman ang mga sagot sa pag-uulat ng PangkatII .

   c. Saan-saang pook namasyal sina Tita Marta at ng kaniyang
   kamag -anak? Tingnan ang iginuhit at pakinggan ang pag-uulat ng Pangkat III.

   d. Bilang mga mag-aaral, ano ang dapat ninyong gawin kapag namamasyal sa ibang mga pook? Kung kayo ay may bisitang balikbayan, gagawin din ba ninyo ang katulad ng nasa kuwento? Bakit?

**E. Paglalahat**

Paano ninyo naunawaan ang kuwento? Ipabasa ang Tandaan.

> **Tandaan:**
>
> Mauunawaan ang kuwento sa tulong ng talasalitaan at sa pamamagitan ng pagsusunod-sunod sa mga pangyayari sa kuwento.

## 3 Ikatlong Araw

**A. Balik-aral/Paglalahad**

Ipabasa muli ang kuwentong "Ang Balikbayan".
Gumawa ng **graphic organizer**, katulad ng nasa LM at talakayin ang elemento ng kuwento.

**B. Pagtalakay**

Ano ang pamagat ng kuwento?( Ang Balikbayan)
Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento? ( Tita Marta, Tuding, mag-anak na Lerum,kaklase)
Saan naganap o nangyari ang kuwento?( bahay, Kamay ni Hesus, Arko ni Noah, Kamayan sa Palaisdaan)
Ano-ano ang pangyayari sakuwento?
Ano ang tawag sa tauhan, tagpuan, at pangyayari sa isang kuwento? (Elemento ng Kuwento)

**C. Paglalahat**

Ano-ano ang elemento ng isang kuwento? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**D. Paglalapat**

Kumuha ng ibang aklat. Pumili ng isang kuwento at tukuyin ang mga elemento nito

**E. Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang Pagsasanay**

Pumili ng isang kuwento sa ibang aklat o big books. Basahin ito at punan ng detalyeng tumutukoy sa elemento ng kuwento.

______________________________
Pamagat ng Kuwento

Tauhan:
____________________________________________________________

Tagpuan:
____________________________________________________________

Mga pangyayari:

____________________________________________________________

____________________________________________________________

**2. Malayang Pagsasanay**

Pangkatin ang mga bata sa 4 at ipagawa ang gawain sa isang manila paper.
Sumulat ng maikling kuwento tungkol sa isang pamamasyal na may elemento ng tauhan, tagpuan at mga pangyayari. Gamitin ang gabay na mga tanong sa pagbubuo.

**Isang Pamamasyal**

____________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________
____________________________________________________

Gabay na tanong:

a. Sino o sino-sino ang mga mamamasyal sa iyong kuwento at saan siya/sila mamamasyal?
b. Ano-ano ang pangyayari sa kaniyang/kanilang pamamasyal?

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakababasa nang may pag-unawa sa talata, kuwento, alamat, at iba pa na binubuo ng mga salitang napag-aralan na
Nababasa nang may kasanayan ang mga 200 na salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang
Nakasusulat ng maikling salaysay taglay ang mga elemento ng kuwento- tagpuan, tauhan, at pangyayari

**Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat**

A. **Balik-aral**
Ipabasa ang mga salita sa talasalitaan at mg salita s.a unang kita na napag-aralan na. Ipabaybay ang mga ito gamit ang show-me-board.

B. **Paglalahad**
Ipakuha sa mga bata ang kanilang binuong kuwento tungkol sa "Isang Pamamasyal". Ipabasa ang gawa ng bawat. Pansinin kung ginamit nila ang mga pamantayan sa pagbasa at pagsulat na kanilang natutunan sa kanilang mga nagdaang aralin. Ipatukoy ang mga elemento ng kuwento na kanilang ginamit.

C. **Pagtalakay**
Paano kayo nakabuo ng inyong maikling kuwento? Ano-anong elemento ang taglay ng inyong kuwento ? Paano ninyo binasa at isinulat ang inyong mga kuwento?

D. **Paglalahat**
Paano ang pagbubuo ng isang kuwento? Paano ang pagbasa at pagsulat ng kuwento?
Ipabasa ang Tandaan sa LM, pahina 126.

E. **Paglalapat**
Ipasipi sa mga bata ang kanilang ginawa sa kani-kanilang pangkat gamit ang wastong pamantayan sa pagsulat.

## 5 Ikalimang Araw

**A. Pagtataya**

Basahin at unawain ang maikling kuwento.

**Usok**

*Angelina A. Alpuerto*

Nag-aabang ng sasakyan sina Rosa at Nora sa harap ng kanilang paaralan. May dumaang **tricycle** lulan ang iba pang mag-aaral. Napansin nilang maitim na ang usok ang ibinubuga ng tambutso nito. Dali-daling kinuha nina Rosa at Nora ang kanilang panyo at itinakip sa kanilang ilong.

Isulat sa sagutang papel ang letra ng wastong sagot.

1. Tungkol saan ang kuwento?
   a. sasakyan b. usok c. mag-aaral
2. Ano ang sinasabi tungkol sa usok?
   a. makapal b. maamoy c. maitim
3. Saan galing ang usok?
   a. sa pabrika b. sa tambutso ng tricycle c. sa kalan
4. Saan ang tagpuan ng kuwento?
   a. sa harap ng paaralan b. sa likod ng paaralan c. sa gilid ng paaralan
5. Ano ang unang pangyayari sa kuwento?
   a. May dumaang tricylcle lulan ang iba pang mag-aaral.
   b. Nag-aabang ng sasakyan sina Rosa at Nora sa harap ng kanilang paaralan.
   c. Maitim na ang usok na ibinubuga ng tambutso ng tricycle.
6. Ano ang huling pangyayari na nakasaad sa kuwento?
   a. Sumakay sila sa tricycle.
   b. Inireport nila sa principal tungkol sa maitim na usok.
   c. Kinuha nila ang kanilang panyo at itinakip sa kanilang ilong.
7. Ang Narra ay ____ na puno.
   a. mataas b. mas mataas c. pinakamataas
8. ____ tumakbo ang kabayo.
   a. Mabilis b. Mas mabilis c. Pinakamabilis
9. Ang ubas ay ____ kaysa suha.
   a. maliit b. mas maliit c. pinakamaliit
10. Hinog na mangga ang ______ kong kainin sa lahat ng prutas.
    a. gusto b. mas gusto c. pinakagusto

# 18 IKALABINGWALONG LINGGO
# Magsulatan Tayo

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas*: Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase.
Nakapagbibigay ng opinyon o kuro-kuro sa isang kuwento gamit ang mga salitang angkop sa sariling kultura.
Nakapagbibigay ng saloobin/pagsang-ayon o di-pagsang-ayon sa binasa/napakinggang kuwento.

*Pagkilala ng mga Salita*: Nakababasa ng mga salitang basahin na para sa ikalawang baitang

*Katatasan:* Nakababasa ng mga kuwento, balita, at artikulo na may kahusayan at pag-unawa

*Pagbaybay*: Nababaybay nang wasto ang mga salitang pinag-aaralan na nasa talaan ng mga salita.
Nababaybay ng wasto ang mga salitang may diptonggo.

*Pagsulat*: Nakasisipi ng pangungusap, talata at kwento gamit ang wastong paraan ng pagsulat tulad ng bantas, espasyo, at porma.

*Kaalaman sa Wika:* Natutukoy ang pang-ukol na ginamit sa pangungusap.
Natutukoy ang gamit ng pang-ukol.
Nagagamit ang pang-ukol sa pagbuo ng sariling pangungusap/tugma.

*Pag-unlad sa Talasalitaan at Konsepto*:Nagagamit ang kakayahan sa pag-unawa ng kahulugan ng salita sa pagbasa ng mahihirap na mga salita.

*Pag-unawa sa Binasa*: Natutukoy ang nararamdaman ng tauhan sa kuwento base sa kanilang ginagawa o sinasabi.
Naipakikita ang pag-unawa sa teksto sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong.
Naipakikita ang pag-unawa sa binasang teksto sa pamamagitan ng pagbibigay ng kuro-kuro o opinyon/reaksyon.
Naipakikita ang pag-unawa sa binasang teksto sa pamamagitan ng pagtalakay.

*Pagpapahalaga:* Pagiging malapit sa ibang kasapi ng pamilya

**IV. Paksang Aralin:**

**A. Paksa:**

Talakayan ng pangkat o klase
Opinyon o kuro-kuro sa isang kuwento gamit ang mga salitang angkop sa sariling kultura.

Saloobin/pagsang-ayon o di-pagsang-ayon sa binasa/napakinggang kuwento..
Mga salitang may diptonggo
Wastong paraan ng pagsulat
Pang-ukol
Nararamdaman ng tauhan sa kuwento base sa kanilang ginagawa o sinasabi.
Pag-unawa sa teksto sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong.
Pag-unawa sa binasang teksto sa pamamagitan ng pagtalakay.

**B. Mga Kagamitan**

Kuwento: " Ang Sulat" Akda ni Babylen Arit-Soner
Tugma: "Magsulatan Tayo" Akda ni Raymund C. Francia
Larawan ng kubol

## V. Gawain sa Pagkatuto

## 1 Unang Araw

**Layunin:** Nakapagbibigay ng saloobin/pagsang-ayon o di-pagsang-ayon sa binasa/napakinggang kuwento.
Natutukoy ang pang-ukol na ginamit sa pangungusap
Natutukoy ang gamit ng pang-ukol
Nagagamit ang pang-ukol sa pagbuo ng sariling pangungusap/tugma.

**Kasanayan sa Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**

Ipabigkas ang tugma

**Magsulatan Tayo**

*Reymund C. Francia*

Magulang ay may ngiti sa labi
Paggising nila'y may sulat sa tabi
Pasasalamat sa pag-aalaga palagi
Ginagabayan ako sa aking paglaki.

Kahit sabihin man nilang makalumang paraan
Nais ko pa ring makipagsulatan
Sa aking pamilya at mga kaibigan
Dulot nito'y kakaibang kaligayahan.

**B. Pagganyak**

Itanong kung tungkol saan ang tugma at kung ano ang tinutukoy nito. Hayaang ipahayag ng mga bata ang kanilang opinion o kuro-kuro tungkol sa tugma.

Ipalaro ang "Ang sulat ko, Hanapin mo" kung saan hahanapin ng mga bata ang mga sobre na naglalaman ng **cartolina strips** na may mga nakasulat na mga pangungusap mula sa kuwento. Kapag nahanap ng mga bata ang mga sobre, ipadikit ang laman nito sa pisara.

**C. Paglalahad**

Basahin ang mga pangungusap na nasa **cartolina strips**.

1. "Tao po! Tao po!" ang malakas na tawag ***ng*** kartero.
2. Narito ang nilalaman ***ng*** liham.
3. Matagal na itong isinasagawa tuwing magdaraos ng kapistahan ayon ***kay*** nanay.
4. Mayroon ding mga paligsahan sa pagtula tungkol ***sa*** kapistahan.
5. "Maraming salamat po," ang magalang na sabi ***ni*** Aling Fe.

**D. Pagtalakay**

Tingnan ang pangungusap 1, ano ang salitang naiiba ang pagkakasulat? Ano ang salitang kasunod nito? (kartero)

Ano ang tawag sa salitang ito?(pangngalan)

Hal. <u>Tao po! Tao po!" ang malakas na tawag</u> ***ng*** kartero.
Iniuugnay ng salitang ***ng*** ang pangngalan (kartero) sa iba pang salita sa pangungusap (may salungguhit).

Isa-isahin ang mga halimbawang pangungusap.
Ipaliwanang na may mga salitang nag-uugnay sa pangngalan o panghalip sa iba pang salita sa pangungusap. Ang mga ito ay tinatawag na pang-ukol.Ang mga halimbawa ng pang-ukol ay: sa, ng, ni, nina, kay, kina.

**E. Paglalahat**

Ano ang pang-ukol? Ano-ano ang halimbawa nito? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Basahin ang bawat salita. Ipataas ang kanang kamay ng mga bata kung ito ay pang-ukol at ipa-ekis ang kanilang braso kung hindi.

| | | |
|---|---|---|
| siya | kina | kay |
| kami | bata | maganda |
| ng | ni | tumalon |

**G. Kasanayaang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.
2. **Malayang Pagsasanay**

Bumuo ng isang tugma ukol sa piyesta. Gamitin ang mga pang-ukol na pinag-aralan.

## 2 Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase.
Nakapagbibigay ng opinyon o kuro-kuro sa isang kuwento gamit ang mga salitang angkop sa sariling kultura.
Nakapagbibigay ng saloobin/pagsang-ayon o di-pagsang-ayon sa binasa/napakinggang kuwento.
Nakababasa ng mga kuwento, balita, at artikulo na may kahusayan at pag-unawa
Nagagamit ang kakayahan sa pag-unawa ng kahulugan ng salita sa pagbasa ng mahihirap na mga salita.
Natutukoy ang nararamdaman ng tauhan sa kuwento base sa kanilang ginagawa o sinasabi.
Naipakikita ang pag-unawa sa teksto sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong.
Naipakikita ang pag-unawa sa binasang teksto sa pamamagitan ng pagbibigay ng kuro-kuro o opinyon/reaksyon.
Naipakikita ang pag-unawa sa binasang teksto sa pamamagitan ng pagtalakay.

**Istratehiya:** **Independent Reading, Interactive Reading**

**A. Panimulang Gawain**

5. **Drill**
   Gawin: Magpabasa ng mga salitang gamitin (high frequency words)

**B. Gawain Bago Bumasa**

1. **Paghahawan ng balakid**
   a. Kartero- sa pamamagitan ng pahiwatig ng pangungusap
      Si Mang Ambo ay isang kartero. Siya ang kumukuha at naghahatid ng mga sulat sa bahay-bahay.
   b. Kubol- sa pamamagitan ng larawan



   c. Liham- pagpapakita ng tunay na bagay.
      Si Lino ay nagpadala ng liham sa kaniyang .
   d. Karera- Ang mga bata ay nagkarera. Nagpabilisan sila sa pagtakbo.
6. **Pagganyak**
   Nakatanggap na ba kayo ng isang sulat? Ano ang nilalaman niyon?
7. **Pangganyak na Tanong**
   Tungkol saan ang sulat na natanggap ni Bona?

**C. Gawain Habang Nagbabasa**

1. Ipabasa sa mga bata ang kuwento nang tuloy-tuloy sa LM.
2. Ipabasa sa mga bata ang kuwento nang may paghinto at interaksiyon.

**D. Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa pangganyak na tanong**
   Tumawag ng ilang bata upang magbahagi ng kanilang sagot.
   Tungkol saan ang sulat na natanggap ni Bona?
2. **Ugnayang Gawain**
   Ipagawa ang pangkatang gawain.
   d. **Pangkat I: Tauhan Ko, Tukuyin Mo!**
   Isulat sa loob ng bilog ang ngalan ng mga tauhan sa kuwento. Bumuo ng isang pangungusap na nagsasabi ng tungkol sa bawat isa.
   e. **Pangkat II: Naramdaman Ko, Iguhit Mo**
   Base sa sulat na ipinadala ni Hilda, tukuyin ang kaniyang nararamdaman. Iguhit ang masayang mukha kung sa inyong palagay ay masaya si Hilda at malungkot na mukha naman kung sa inyong palagay ay malungkot siya. Basahin ang sulat nito kay Bona.
   f. **Pangkat III: Dula-dulaan Tayo**
   Isadula ang bahaging ito ng kuwento.

Maligayang ibinalita ni Bona sa kanyang mga magulang ang tungkol sa sulat *ni* Hilda. “Sa susunod na taon, pupunta tayo sa kanila upang maranasan mo ang mga sinasabi *ng* pinsan mo sa kaniyang sulat,” ang sabi ni Mang Rading na ama *ni* Bona. “ Yehey!, mararanasan ko na rin ang piyesta *sa* probinsya.” Tuwang-tuwang wika *ni* Bona.

3. **Paglinang sa Kasanayan**
   a. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?Ano ang masasabi ninyo tungkol sa bawat isa? Pakinggan ang pag-uulat ng Pangkat 1.
   b. Sa inyong palagay o opinyon, ano ang nararamdaman ni Hilda habang nakikiisa/nararanasan niya ang mga pangyayari sa piyestahan? Bakit ninyo nasabi ito?Tingnan ang pag-uulat ng Pangkat II.
   c. Ano ang naramdaman ni Bona sa pagbasa niya ng liham ng kaniyang pinsan?Ano ang ginawa niya pagkabasa ng liham?Ano ang sinabi sa kaniya ng kaniyang ama?Kung ikaw si Bona, ano ang mararamdaman mo kapag narinig

mo ang pangako ng kaniyang ama?Panoorin natin ang gagawin ng Pangkat III.

**E. Paglalahat**

Paano ninyo naunawaan ang kuwento? Ipabasa ang Tandaan.

> **Tandaan**
> Nauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pagtalakay, pagbibigay ng kuro-kuro o opinion, at pagsagot sa literal at mas mataas na antas ng mga tanong.

## 3 Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakababasa ng mga salitang basahin na para sa ikalawang baitang
Nababaybay ng wasto ang mga salitang may diptonggo.

**Kasanayan sa Pagbasa**

**A. Pagganyak**

Ipabasa ang tugmang binuo mula sa kuwento.

**Piyesta ng Baranggay**

Likha ni Raymund C. Francia

Piyesta ng Baranggay ay masaya
Kalabaw ay may karera
Paghuli sa bulaw ay isinasagawa
Kubol na yari sa dayami, palay, at anahaw makikita
Produkto sa baranggay ay nakahilera.

Itanong kung tungkol saan ang tugma at ano-anong mga salita ang may diptonggo.

**B. Paglalahad**

Ipabasa ang mga salita sa LM.
Idikta ang bawat salita at babaybayin naman ng mga bata.
Ipabasa din ang mga pangungusap sa LM.

**C. Pagtalakay/Paglalahat**

Paano ninyo binasa ang mga salita? Ang mga pangungusap?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**D. Paglalapat**

Idikta ang mga salitang may diptonggo para sa gawaing pagbaybay ng mga bata.

1. bulaw
2. bughaw
3. punongkahoy
4. baranggay
5. lumalangoy

**E. Pagsasanay sa Pagbasa**

Ipabasa ang mga salita at pangungusap na ginamit sa aralin sa buong klase, pangkatan, magkapareha at isahan.

Maaari pang gumamit ng ibang babasahin para sa kanilang pagsasanay sa pagbasa.

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakasisipi ng pangungusap, talata at kwento gamit ang wastong paraan ng pagsulat tulad ng bantas, espasyo, at porma.

**Kasanayan sa Pagsulat**

**A. Balik-aral/Paglalahad**

Muling ipabasa ang mga salita at pangungusap na pinag-aralan sa ikatlong araw.

Ipapansin kung paano isinulat ang mga ito.

**B. Pagtalakay/Paglalahat**

Paano isinulat ang mga salita? Paano isinulat ang bawat pangungusap? Ipabasa ang Tandaan sa LM, pahina 131.

**C. Paglalapat**

Sipiin ang bawat salita .Ipagawa ito sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| 1. kalabaw | 6. bulaw |
| 2. nanay | 7. anahaw |
| 3. baranggay | 8. palay |
| 4. araw | 9. ilaw |
| 5. Diday | 10. pantay |

**D. Pagsasanay**

Sipiin ang bawat pangungusap.Ipagawa ito sa sagutang papel.

1. Mabilis bang tumakbo ang mga bulaw?
2. Tuwang-tuwa ang nanay sa karera ng kalabaw.
3. Ang aking tatay ay umaani ng palay.
4. Kaninong bahay ang yari sa uway at anahaw?
5. Naku! Nabulahaw ang buong barangay sa ingay ng mga taong sumisigaw.

## 5 Ikalimang Araw

**Pagtataya**

Makinig na mabuti sa kuwento. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

Pinag-uusapan ng magkaklase at magkaibigang sina Fiona at Katrina kung paano nila mapapanatili ang komunikasyon sa pagitan nila. Lilipat na kasi si Katrina ng papasukang paaralan sa susunod na taon dahil lilipat na

ang kanilang pamilya ng tirahan. Ang tatay niya na isang pulis ay mapapadestino na sa Antipolo. "Susulatan na lamang kita para ikuwento ang mga nangyayari sa akin sa bago kong paaralan," wika ni Katrina. " Puwede mo naman akong i-text o tawagan sa cellphone para mas mabilis ang ating komuniskasyon," sagot naman ni Fiona. " Mas marami akong maikukuwento sa sulat. Bukod doon ay hindi pa ako pinapayagan ng aking magulang na gumamit ng **cellphone** kasi bata pa ako" katuwiran ni Katrina. " May katuwiran ka. Mahahasa pa ang ating kakayahan sa pagsulat," napagtanto ni Katrina.

1. Sino ang lilipat na ng papasukang paaralan?
   a. Fiona b. Katrina c. Fiona at Katrina
2. Bakit siya lilipat ng paaralan?
   a. Masikip ang kanilang paaralan.
   b. Lilipat na ang paaralan sa ibang lugar.
   c. Lilipat na ang kanilang pamilya ng tirahan.
3. Tungkol saan ang kanilang pinag-uusapan?
   a. Tungkol sa gagamitin nilang komunikasyon
   b. Tungkol sa bago niyang titirhan
   c. Tungkol sa kanilang paaralan
4. Anong komunikasyon ang nais ni Katrina?
   a. sulat b. cellphone c. telepono
5. Bakit iyon ang kaniyang gagamitin?
   a. Mas marami siyang maikukuwento sa kaibigan.
   b. Hindi pa siya pinapayagan ng kaniyang magulang na gumamit ng cellphone
   dahil bata pa siya.
   c. Parehong sagot sa a at b.

6-7 *Napagtanto ni Fiona na mahahasa pa ang kanilang kakayahan sa pagsulat.*

6. Ano ang ipinahihiwatig nito?
   a. Hindi niya masasagot ang mga sulat ni Katrina.
   b. Sasagutin niya ang mga sulat ni Katrina.
   c. Pipilitin niya si Katrina na gumamit ng telepono.
7. Ano ang ibig sabihin ng salitang napagtanto?
   a. nalaman b. kinalimutan c. napag-isip-isip
8. Ano ang maaaring pamagat ng kuwento?
   a. Komunikasyon b. Lipat Paaralan c. Pag-uusap
9. Aling salita sa kuwento ang may diptonggo?
   a. paaralan b. tatay c. tirahan
10. Alin ang halimbawa ng pang-ukol?
   a. magkaklase b. katuwiran c. tungkol sa

# Kuwarter 3
## Ako at ang Aking Paaralan

# 19 IKALABINSIYAM NA LINGGO
## Kaalaman sa Kalusugan

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas:* Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase
Nakapagtatalakay ng mga mahahalagang pangyayari gamit ang mga
salitang naglalarawan na angkop sa sariling kultura.
Nakapagpapaliwanag o nakapagbibigay ng komento sa isang balita, isyu o pangyayari.
Nakapagsasabing muli ng mga pangyayari sa binasang balita/artikulo gamit ang sariling pangungusap o salita.

*Pagkilala ng mga Salita*: Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang binasa

*Tatas*: Nakababasa ng isang balita, artikulo, at iba pa nang may kahusayan.
Nababasa at natutukoy ang mga salitang may kambal-katinig/klaster

*Pagbaybay:* Nakapagbabaybay ng mga salitang may kambal katinig/klaster.

*Pagsulat:* Nakasisipi ng isang liham paumanhin.

*Kamalayan sa Gramatika*: Natutukoy ang iba pang pang-ukol na ginamit sa isang pangungusap
Natutukoy ang gamit ng pang-ukol
Nagagamit ang pang-ukol sa sariling pangungusap.

*Pag-unawa sa Binasa*: Naipakikita ang pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagbibigay ng lagom
Natutukoy ang suliranin at nakapagbibigay ng solusyon sa isang suliranin na mula sa tekstong binasa.
Nakapagbibigay ng reaksyon o komento hinggil sa tekstong binasa.
Naipakikita ang pag-unawa sa tekstong binasa sa pamamagitan ng pagguhit.

*Pagpapahalaga:* Paglilinis ng kapaligiran bilang pag-iingat sa kalusugan

**II. Paksang Aralin:**

**F. Paksa**

Talakayan ng pangkat o klase

Mahahalagang pangyayari (**events**) gamit ang mga salitang naglalarawan na angkop sa sariling kultura,
Komento sa isang balita, isyu, o pangyayari.
Pagsasabing muli ng mga pangyayari sa binasang balita/artikulo gamit ang sariling pangungusap o salita.
Kahulugan ng mga salitang binasa
Mga salitang may kambal-katinig/klaster
Liham paumanhin.
Pang-ukol
Solusyon sa isang suliranin na mula sa tekstong binasa
Pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagbibigay ng lagom
Reaksyon o komento hinggil sa tekstong binasa.

G. **Sanggunian**
Balita: "Kaso ng Dengue, Tumataas" ni Rejulios M. Villenes

H. **Mga Kagamitan**

| | |
|---|---|
| Mga larawan | pangkulay |
| manila paper | pentel pen |

## III. Gawain sa Pagkatuto

## 1 Unang Araw

**Layunin:** Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase
Natutukoy ang iba pang pang-ukol na ginamit sa isang pangungusap
Natutukoy ang gamit ng pang-ukol
Nagagamit ang pang-ukol sa sariling pangungusap.

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

A. **Panimulang Gawain**
Ipabasa ang tugma sa LM.

B. **Pagganyak**
Itanong kung tungkol saan ang tugma at kung ano-ano ang tinutukoy nito. Pag-usapan ng klase kung paano sila makaiiwas sa pagkakasakit dulot ng kagat ng lamok.

C. **Paglalahad/Pagmomodelo**
Ipabasa ang mga pangungusap sa LM.

D. **Pagtalakay**
Sa unang pangungusap, ano ang salitang iniuugnay ng "ayon sa" sa iba pang salita sa pangungusap? *(doktor)*
Ano ang tawag sa salitang doktor? (*pangngalan)*
Gawin ang ganitong uri ng pagtatanong sa lahat ng halimbawang pangungusap.
Sabihin sa mga mag-aaral na ang mga salitang naiiba ang pagkakasulat ay tinatawag na pang-ukol. May mga kataga o

parirala na ginagamit upang iugnay ang pangngalan sa iba pang mga salita sa pangungusap. Ang mga ito ay ang:

| | |
|---|---|
| para sa/kay/kina | ukol sa/kay/kina |
| ayon sa/kay/kina | hinggil sa/kay/kina |
| laban sa/kay/kina | tungkol sa/kay |

**E. Paglalahat**

Ano ang tawag sa mga kataga o parirala na nag-uugnay sa pangngalan sa iba pang mga salita sa pangungusap? Ano-ano ang halimbawa nito? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Pangkatin ang mga bata. Pabunutin ang bawat pangkat sa mahiwagang kahon na naglalaman ng mga pang-ukol na nakasulat sa maliit na piraso ng papel. Ipagamit ang nabunot na pang-ukol sa isang pangungusap.

**G. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.
2. **Malayang Pagsasanay**
   Ipagamit sa sariling pangungusap ang mga salita sa Gawain 2 sa LM.

## *2-3* Ikalawa at Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakapagtatalakay ng mga mahahalagang pangyayari gamit ang mga salitang naglalarawan na angkop sa sariling kultura.
Nakapagpapaliwanag o nakapagbibigay ng komento sa isang balita, isyu o pangyayari.
Nakapagsasabing muli ng mga pangyayari sa binasang balita/artikulo gamit ang sariling pangungusap o salita.
Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang binasa
Naipakikita ang pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagbibigay ng lagom
Natutukoy ang suliranin at nakapagbibigay ng solusyon sa isang suliranin na mula sa tekstong binasa.
Nakapagbibigay ng reaksyon o komento hinggil sa tekstong binasa.
Naipakikita ang pag-unawa sa tekstong binasa sa pamamagitan ng pagguhit.
Nababasa at natutukoy ang mga salitang may kambal-katinig/klaster
Nakapagbabaybay ng mga salitang may kambal katinig/klaster.

**Istratehiya: Read Aloud, Interactive Reading**

**H. Gawain Bago Bumasa**

1. **Paghahawan ng balakid**
   Ipabasa ang mga salita at ang mga pangungusap na magbibigay kahulugan dito sa LM.
2. **Pagganyak**
   Naranasan na ba ninyong magkasakit? Anong sakit?Narinig o alam ba ninyo ang sakit na Dengue?Anong uri ng sakit ito?Saan ito galing?

3. **Pangganyak na Tanong**
   Ano ang ilang paraan upang maiwasan ang sakit na dengue?

**I. Gawain Habang Nagbabasa**

Ipakuha ang LM at ipabasa ang balita sa pahina 137.

1. Ipabasa sa mga bata ang balita nang tuloy-tuloy
2. Ipabasa sa mga bata ang balita nang may paghinto at interaksiyon
   a. Itanong pagkatapos basahin ang unang talata.
      Sino ang nagsabing dumarami ang kaso ng dengue?
      Bakit nasabi ito ng DOH?
      Ano ano ang palatandaan o sintomas ng pagkakaroon ng Dengue?
   b. Itanong pagkatapos basahin ang ikalawang talata.
      Ano ano ang ginawang hakbang ng pamahalaan upang labanan ang sakit na ito?

**J. Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa pangganyak na tanong**
   Tumawag ng ilang bata upang magbahagi ng kanilang sagot.
2. **Ugnayang Gawain**
   Pangkatin sa apat ang mga bata. Ipagawa ang gawaing nakalaan sa bawat pangkat.

   a. **Pangkat I: Nabasa Mo, Ibalita Mo!**
      Pag-usapan ng pangkat ang tungkol sa balitang binasa. Lagumin ang balita at pumili ng isang miyembro na aaktong isang **reporter** at mag-uulat ng balitang binasa.
   b. **Pangkat II:Dahilan Ko, Iguhit Mo!**
      Iguhit sa **manila paper** ang pangunahing sanhi ng sakit na Dengue. Ipaliwanag kung paano kumakalat ang sakit na ito.

c. **Pangkat III: Solusyon Mo, Iarte Mo!**
Isadula ang mga paraan kung paano makaiiwas sa sakit na dengue. Ipaliwanag ito sa klase.

d. **Pangkat IV: Pag-usapan Natin!**
Pag-usapan ang mga pangyayari sa balita. Isulat sa isang malinis na papel ang inyong naramdaman/naging saloobin sa pagbasa ng balita. Idikit ang mga sinagutang papel sa isang **manila paper**. Iulat ito sa klase.

**3. Paglinang sa Kasanayan**

a. Tungkol saan ang balita?Sino ang nagsasabi na tumataas ang kaso ng Dengue sa Pilipinas?
Pakinggan natin ang ulat ng Pangkat I

b. Ano ang pangunahing sanhi ng sakit na ito?Paano ito lumalaganap?
Tingnan ang pag-uulat ng Pangkat II.

c. Paano maiiwasan ang paglaganap ng sakit na Dengue?Ano-ano ang mga paraan upang malabanan ito? Panoorin ang Pangkat III.

d. Ano ang inyong naging saloobin sa laman ng balita?
Pakinggan ang pag-uulat ng Pangkat IV.

**K. Paglalahat**

Paano ninyo naunawaan ang inyong binasa?

**Tandaan**
Nauunawaan ang binasa sa pamamagitan ng pagtalakay sa mahahalagang pangyayari, pagbibigay ng opinyon o komento, at pagkukuwentong muli ng mga pangyayari sa tekstong binasa.

***3*** **Ikatlong Araw**

**A. Pagganyak**

Ipatukoy ang ngalan ng bawat larawan sa LM.
Isulat ang mga salita sa pisara.

**B. Paglalahad**

Ipabasa ang mga ito sa mga bata
gripo globo dyanitor braso plantsa
Ipabaybay ang bawat salita.

**C. Pagtalakay**

Ilang katinig mayroon ang unang pantig ng mga salita? (2)
Paano binibigkas ang tunog ng dalawang katinig? (madulas at parang iisa ang tunog)
Ano ang tawag sa mga salitang ito? (Kambal katinig)

**D.** Paglalahat

Ano ang kambal katinig? Paano binibigkas ang tunog nito? Paano binabaybay ang mga ito? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**E.** Paglalapat

Sabihin sa mga bata na tumingin sa loob ng silid-aralan at maghanap ng mga pangngalan na may kambal katinig.

**F. Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang Pagsasanay**

Idikta ang mga salita para sa pagbaybay na gawain ng mga bata gamit ang show-me-board.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| gramo | klase | plawta | klima | prinsesa | plaka |
| trumpo | grasa | grado | blusa | plano | drama |
| | dram | preno | plasa | | |

**2. Malayang Pagsasanay**

Ipagawa ang Gawain 3 sa LM.

**G. Pagtatasa**

Ipangkat ang mga bata sa apat (4). Magpadamihan sila ng mga salitang may kambal katinig. Ipaulat sa bawat pangkat ang kanilang output.

## *4* Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakababasa ng isang balita, artikulo, at iba pa nang may kahusayan Nakasisipi ng isang liham paumanhin

**Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat**

**A. Balik-aral/Pagganyak**

Ano-ano nga ang kailangang tandaan sa paggawa ng isang sulat pangkaibigan?

**B. Paglalahad**

Pagbasa sa kuwento sa LM.

**C. Pagtalakay**

Ano ang nilalaman ng sulat?Kanino nanggaling ang sulat?Para kanino ito?

Ano ang tawag sa sulat na humihingi ng paumanhin? Paano binuo ang sulat paumanhin?

**D. Paglalahat**

Ano ang sulat paumanhin? Paano ito binubuo? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**E. Pagsasanay sa Pagsulat**

Sipiin ang sulat nang wasto sa LM. Gawin ito sa kuwaderno.

## 5 Ikalimang Araw

### A. Pagtataya

I. Basahin at unawain ang kuwento.

Malungkot na umuwi si Gio mula sa kaniyang klase. Iniabot niya ang isang papel sa kaniyang ina. " Sa susunod ay uunahin mo muna ang pag-aaral ng iyong aralin bago ka maglaro," wika nito kay Gio.

Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Ano kaya ang iniabot ni Gio sa kaniyang ina?
   a. listahan b. test paper c. resibo
2. Bakit kaya siya malungkot?
   a. May lagnat siya. b. Kinagalitan siya. c. Mababa ang kaniyang marka sa **test**.
3. Ano kaya ang dahilan ng pagbaba ng kaniyang marka?
   a. Inuuna niya ang paglalaro kaysa pag-aaral.
   b. Inuuna niya ang pag-aaral kaysa paglalaro.
   c. Hindi siya pumapasok sa kaniyang klase.
4. Ano kaya ang kaniyang gagawing solusyon?
   a. Maglalaro na lamang siya maghapon.
   b. Mag-aaraal na siya ng kaniyang aralin.
   c. Yayayain niya ang iba niyang kaklase sa paglalaro.
5. Aling salita sa kuwento ang may kambal katinig?
   a. aralin b. maglaro c. klase

   Sipiin ang wastong pang-ukol upang mabuo ang pangungusap.
6. Naglinis ang pamayanan (*para sa, ayon sa)* pag-iwas sa sakit.
7. Nagdiwang ang bansa (*tungkol sa, para sa*) tagumpay ng mga manlalaro.
8. Mag-uusap ang guro at magulang (*laban sa, ukol sa)* mga proyekto ng paaralan.
9. Kailangang mag-isip tayo ng paraan ( *ayon kay, laban sa*) Dengue
10. Magkaisa tayo (*hinggil sa, para kay)* sa suliraning ito.

### B. Pantulong na Gawain

Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Palaging sinasabihan ni Gng. Salvatus ang kaniyan klase na panatilihing malinis ang kanilang silid-aralan. Nagbibigay siya ng mga papremyo sa pangkat na palaging malinis.
   Ano ang nais ni Gng. Salvatus?
   a. Mapanatili ang katahimikan
   b. Mapanatili ang kaayusan
   c. Mapanatili ang kalinisan

2. Nagsusulat ang mga mag-aaral nang biglang tumunog nang mahaba ang bell. Nagsimulang lumabas ang mga bata sa kanilang silid na hawak ang kanilang ulo at humanay sa malawak na **school ground**. Ano ang isinasagawa ng paaralan?
   a. Pagtataas ng watawat
   b. Paligsahan
   c. Pagsasanay kung may sunog o paglindol.
3. Gumawa ng ulat ang aming pangkat ____ kuwento.
   a. tungkol sa b. tungkol kay c. tungkol kina
4. May darating na bisita sa paaralan ____ Gng. Empleo.
   a. ayon kay b. ayon sa c. ayon kina
5. Ang ____ ay tumutukoy sa nakukuhang marka ng mga mag-aaral.
   a. grasa b. grado c. grasya

**C. Pagpapayamang Gawain**

Sumulat ng pangungusap gamit ang
1-3 salitang may kambal katinig
4-5 pang-ukol

# 20 IKADALAWAMPUNG LINGGO
# Katangian Ko Bilang Isang Mag-aaral

**I. Panlingguhang Layunin**

*Wikang Binibigkas*: Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase.
Nakaaawit ng isang *jingle* o *chant* gamit ang mga salitang angkop sa sariling kultura.

*Pagkilala ng mga Salita*: Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang binasa
Nababasa nang may pag-unawa ang kuwentong binubuo ng mga salitang pinag-aaralan.

*Tatas:* Nababasa ng wasto at may kahusayan ang kuwento

*Pagbuo:*Natutukoy ang mga sangkap o elemento ng isang maikling kuwento.
Nakasusulat ng maikling kuwento na may tagpuan, mga tauhan at mahahalagang pangyayari.

*Pag-unlad sa Talasalitaan:* Nagagamit ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa ng mahihirap na salita.
Nakababasa ng sariling likha na may wastong intonasyon at ekspresyon.

*Pag-unawa sa Binasa*: Natutukoy ang mahahalagang detalye ng tekstong binasa
Natutukoy kung alin ang una, pangalawa, pangatlo at kasunod pang pangyayari sa kuwento.
Naipakikita ang pag-unawa sa binasang teksto sa pamamagitan ng pagbibigay ng wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.
Nakababasa at nakasasagot sa mga tanong na may eksaktong kasagutan mula sa teksto.
Nakasasagot sa mga tanong na ang sagot ay hindi tuwirang matatagpuan sa kuwento
Naipakikita ang pag-unawa sa tekstong binasa sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong.
Naipakikita ang pagmamahal sa gawaing pagbasa sa pamamagitan ng pakikinig na mabuti at pagbibigay ng komento o reaksyon sa kuwentong napakinggan.
Naipakikita ang pag-unawa sa kuwento sa pamamagitan ng pagsasadula nito.
*Pagpapahalaga:* Maging katangi-tanging mag-aaral

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa**

Kahulugan ng mga salitang binasa
Pag-unawa sa kuwento na binubuo ng mga salitang pinag-aaralan.
Sangkap o elemento ng isang maikling kuwento.
Maikling kuwento na may tagpuan, mga tauhan at mahahalagang pangyayari.
Pagbasa sa mahihirap na salita.
Mahahalagang detalye ng tekstong binasa
Pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong
Komento o reaksyon sa kuwentong napakinggan
Wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.
Pagsasadula sa kuwento

**B. Batayan/Sanggunian:**

Kuwent**o “Ang** Batang Matapat**”** akda ni Babylen Arit-Soner

**C. Mga Kagamitan**

**Prediction chart, story map, character map**

**III. Gawain sa Pagkatuto**

## 1 Unang Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase.
Nakaaawit ng isang **jingle o chant** gamit ang mga salitang angkop sa sariling kultura.
Natutukoy ang mga sangkap o elemento ng isang maikling kuwento.

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

A. **Panimulang Gawain**
Ipagawa ang chant na mababasa sa LM sa mga bata. Pumalakpak ng dalawa at ipitik ng isa ang mga daliri para sa ritmo nito.

B. **Pagganyak**
Ipagawa ang chant sa bawat pangkat. Itanong kung ano ang naramdaman nila habang ginagawa ang chant. Itanong din kung ano ang tinutukoy ng chant.

C. **Paglalahad**
Ipabasa ang buod ng isang kuwento sa LM.

D. **Pagtalakay**
Gamitin ang story map upang talakayin ang sangkap o elemento ng kuwento. Ipasuri at pasagutan ang story map na makikita sa LM.

Sino ang mga gumagalaw o kumikilos sa kuwento?Ano ang tawag sa kanila?
(Sina Mona at Gng. Maulawin ang gumagalaw o kumikilos sa kuwento. Ang tawag sa kanila ay mga **tauhan** ng kuwento.)
Saang lugar o pook nangyari ang kuwento? (sa paaralan)
Ang paaralan ay tinatawag na**tagpuan**. Ang tagpuan ang nagpapakita kung saan naganap ang pangyayari o kuwento.
Ano-ano ang naganap sa kuwento?

a. Nakapulot si Mona ng pitaka
b. Ibinigay niya ito sa kanyang guro
c. Napabalik sa may-ari ang pitaka
d. Pinasalamatan siya ng may-ari ng pitaka

Ang mga ito ang mga halimbawa ng **pangyayari** sa isang kuwento. Ito ang mga kilos o galaw na naganap sa kuwento.
Ano ang tawag sa tauhan, tagpuan, at pangyayari ng isang kuwento?

*(Suhestiyon: Maaring hindi tuwirang ibigay ng guro ang mga tawag sa sangkap. Maaari itong ibigay sa mga bata sa pamamagitan ng laro tulad*

*ng "**find the hidden word**" o pagsasaayos ng **jumbled letters** na naglalaman ng mga salitang tauhan, tagpuan, at pangyayari.)*

**E. Paglalahat**
Ano-ano ang sangkap ng isang kuwento? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**
Pumalakpak kung tauhan, pumadyak kung tagpuan, at umikot kung pangyayari ang sumusunod:

1. Guro
2. Pinasalamatan siya ng ale.
3. Sa isang kaharian
4. parke
5. Mariang Sinukuan

**G. Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang Pagsasanay**
Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.

**2. Malayang Pagsasanay**
Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.

**H. Pagtatasa**
Kumuha ng ibang kuwento mula sa ibang aklat. Ipatukoy ang sangkap o elemento nito.

## 2-3 Ikalawa at Ikatlong Araw

**Layunin:** Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang binasa
Nababasa nang may pag-unawa ang kuwentong binubuo ng mga salitang pinag-aaralan.
Nababasa ng wasto at may kahusayan ang kuwento
Nagagamit ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa ng mahihirap na salita.
Natutukoy ang mahahalagang detalye ng tekstong binasa
Naipakikita ang pag-unawa sa binasang teksto sa pamamagitan ng pagbibigay ng wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.
Nakababasa at nakasasagot sa mga tanong na may eksaktong kasagutan mula sa teksto.
Nakasasagot sa mga tanong na ang sagot ay hindi tuwirang matatagpuan sa kuwento
Naipakikita ang pag-unawa sa tekstong binasa sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong.
Naipakikita ang pagmamahal sa gawaing pagbasa sa pamamagitan ng pakikinig na mabuti at pagbibigay ng komento o reaksyon sa kuwentong napakinggan.
Naipakikita ang pag-unawa sa kuwento sa pamamagitan ng pagsasadula nito.

**Istratehiya:** **Independent Reading, Interactive Reading**

**A. Gawain Bago Bumasa**

1. **Paghahawan ng balakid**
   Ipabasa ang mga salita at mga pangungusap na magbibigay ng kahulugan sa mga ito sa LM.
2. **Pagganyak**
   Nakapulot na ba kayo ng isang bagay na hindi sa inyo? Ano ang inyong ginawa?
3. **Pangganyak na Tanong**
   Gamit ang prediction chart sa LM, ipasagot ang tanong sa pamamagitan ng paghula.

**B. Gawain Habang Nagbabasa**

Ipabasa ang kabuuan ng kuwentong, "Ang Batang Matapat" sa LM nang tuloy-tuloy. Ipabasa rin ang kuwento nang may paghinto at interaksiyon.

*Mga tanong:*
*Unang talata.*

Ano-ano ang katangian ni Mona?
Ano ang ginagawa niya sa kabila ng kanilang kahirapan?

*Ikalawang talata*

Ano kaya ang nakita ni Mona habang siya ay papunta sa kanilang silid aralan?
Ano ang ginawa niya?

*Ikatlong Talata*

Ano ang ginawa ni Gng. Maulawin?
Ano kaya ang naramdaman ng gurong may-ari ng pitaka ukol sa ginawa ni Mona?

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**


1. Pagsagot sa pangganyak na tanong
   Ipasagot ang ikatlong hanay sa **prediction chart** na nasa LM, pahina 145**.** Ibahagi ang sagot sa klase.Alamin kung magkapareho ang hula at tunay na sagot. Ipaliwanag ang sagot.
2. Sagutan ang sumusunod na tanong.
   Kailan nangyari ang kuwento?
   Ano ang nakita ni Mona?
   Saan pupunta si Mona ng makapulot siya ng pitaka?
   Bakit ibinigay ni Mona ang pitaka sa kaniyang guro?
   Tama ba ang kaniyang ginawa?Bakit?
   Kung ikaw si Mona, ano ang gagawin mo sa napulot na pitaka?

**D. Ugnayang Gawain**

Ipagawa ang pangkatang gawain .

**a. Pangkat I: Kilalanin Mo Ako!**

Isa-isahin ang mga katangian ni Mona. Ilagay ito sa **character map***.* Gawin ito sa isang **manila paper** at iulat sa harap ng klase.




**b. Pangkat II: Kuwento Ko, Ayusin Mo!**

Pagsunod-sunurin nang wasto ang mga pangyayari sa kuwento. SIpiin ang mga ito sa **manila paper** at lagyan ng bilang 1 hanggang 5 ang mga pangyayari.

_____ Pinuri at pinasalamatan ng may-ari ng pitaka si Mona.
_____ Maagang pumasok si Mona sa paaralan.
_____ Ibinigay ni Mona kay Gng. Maulawin ang napulot niyang pitaka.
_____ Nakakita si Mona ng isang pitaka sa kanyang paglalakad papunta sa silid-aralan.
_____ Ipinagbigay alam ni Gng. Maulawin ang pagkakapulot ni Mona sa pitaka pagkatapos ng pagtataas ng watawat.

**c. Pangkat III: Iarte Mo!**

Pag-usapan ang mga pangyayari sa kuwento. Ipakita ng katapatan ng batang si Mona sa pamamagitan ng pagsasadula nito.

**d. Pangkat IV: Kuwento Ko, Awitin Mo!**

Awitin ang tugma sa tonong “**Are you Sleeping**?”

**`Ang Batang Matapat**

Babylen Arit-Soner

Ang batang si Mona(2x)
Naglalakad(2x)
Nakapulot siya(2x)
Ng pitaka(2x)

Pitakang napulot(2x)
Ibinigay
Sa kaniyang guro
Hindi siya natukso(2x)
Ito'y itago (2x)
Ipinakita niya(2x)
Pagiging matapat(2x)
Dapat na tularan
Gawing halimbawa
Ang ginawa niya(2x)

**E. Paglinang sa Kasanayan**

a. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento? Ano-ano ang katangian niya?
   Pakinggan natin ang pag-uulat ng Pangkat I
b. Aling pangyayari ang unang naganap sa kuwento?ang pangalawa?ang pangatlo? Pakinggan natin ang Pangkat II
c. Paano ipinakita ni Mona ang pagiging matapat? Kung kayo si Mona, gagawin din ba ninyo ang kaniyang ginawa? Panoorin natin ang Pangkat III
d. Ano ang katapatang ipinakita ni Mona? Ano ang ginawa niya sa kaniyang napulot? Dapat ba siyang tularan?Panoorin at pakinggan natin ang Pangkat IV

**F. Paglalahat**

Paano ninyo naunawaan ang kuwento? Ipabasa ang Tandaan

**Tandaan:**

Nauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pakikilahok sa talakayan, pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong, pagsusunod-sunod sa mga pangyayari at sa pagsasadula ng mga pangyayari.

## *3* Ikatlong Araw

**A. Balik-aral**

Itanong ang mga detalye tungkol sa kuwentong binasa.

**B. Pagganyak**

Itanong kung ano ang tamang paraan ng pagligo. Ipatukoy ang una, ikalawa, ikatlo, at huli.

**C. Paglalahad.**

Ipabasa ang mga pangyayari mula sa kuwento sa LM, pahina 147.
Tukuyin kung alin ang una, ikalawa, ikatlo, at huling pangyayari.

**D.** **Pagtalakay**
Ano ang ginawa ninyo sa mga pangyayari? Paano ninyo napagsusunod-sunod ang mga ito?

**E.** **Paglalahat**
Paano napagsusunod-sunod ang mga pangyayari? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F.** **Paglalapat**
Ipasunod-sunod ang mga pangyayari sa Gawain 3 sa LM
.

**G.** **Kasanayang Gawain**
Ipagawa ang Gawain 4 sa LM.

## *4* Ikaapat na Araw

**Layunin:** Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang binasa
Nababasa nang may pag-unawa ang kuwentong binubuo ng mga salitang pinag-aaralan.
Nakababasa ng sariling likha na may wastong intonasyon at ekspresyon.
Nakasusulat ng maikling kuwento na may tagpuan, mga tauhan at mahahalagang pangyayari.

**Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat**

**A.** **Paglalahad**
Ipabasa ang mga salitang mula sa kuwento sa LM.
Ipabasa rin ang kuwento tungkol sa "Ang Batang Matapat".

**B.** **Pagtalakay/Paglalahat**
Paano ninyo binasa ang mga salita? Paano ang pagkakasulat ng mga salita at pangungusap sa kuwento? Ipapansin kung paano isinulat ang unang pangungusap sa bawat talata. Ipapansin din kung paano isinusulat ang unang letra at kung saan nagtatapos ang bawat pangungusap. Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**C**. **Paglalapat**
Ipabasa ang mga salita at kuwento sa buong klase, pangkatan, magkapareha at isahan.

D. **Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang Pagbasa at Pagsulat**

Bumuo ng isang maikling kuwento tungkol sa isang mag-aaral na katulad mo na may tagpuan, tauhan at pangyayari. Sundin ang pamantayan sa pagsulat. Basahin sa klase ang ginawa gamit ang tamang intonasyon at ekspresyon sa pagbasa.

## 5 Ikalimang Araw

**A. Pagtataya**

Isulat sa sagutang papel ang wastong sagot.

I. Isulat kung Tagpuan, Tauhan o Pangyayari ang nasa bawat bilang.

______1. Ang dalaga
______2. Kumaripas sila ng takbo
______3. Sa nayon
______4. Binigyan sila ng gantimpala.
______5. Ang magkapatid

II. Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa kuwento. Lagyan ito ng bilang 1-5.

_____ a. Nilagyan niya ng mantika ang kawali.
_____ b. Nilinis at inalis ni nanay ang hasang ng isda.
_____ c. Nang mainit na ang mantika ay inilagay na niya ang isdahanggang sa maluto ito.
_____ d. Nilagyan niya ng katamtamang asin ang bahagi ng isda
_____ e. Hinugasan niya itong mabuti.

# 21 IKADALAWAMPU'T ISANG LINGGO
## Ang Batang Makasining

**I. Panlingguhang Layunin**

*Wikang Binibigkas*: Nakikilahok nang masigla sa talakayan ng pangkat o klase.
Nakagagamit ng mga salitang angkop sa sariling kultura sa pagbibigay ng kuro-kuro o opinyon sa kuwento.

*Pagkilala ng mga Salita*: Nakababasa ng may pag-unawa ng mga talata at kuwento na binubuo ng mga salitang pinag-aaralan

*Katatasan*: Nakababasa ng pasalita ng mga tekstong naaayon sa ikalawang baitang

*Pagbaybay:* Nagagamit ang kaalaman sa pagbaybay sa pagsulat ng mga salitang basahin para sa ikalawang baitang.

*Pagkatha*:Natutukoy ang mga hakbang sa pagbuo ng anunsiyo/patalastas.
Nakasisipi ng isang patalastas na gumagamit ng wastong pagkakapasok ng pangungusap, bantas at malaking letra.
Nakabubuo ng isang anunsiyo/patalastas na gumagamit ng angkop na mga salita

*Pag-unlad sa Talasalitaan*:Nagagamit ang kakayahan sa pag-unawa ng kahulugan ng salita sa pagbasa ng mahihirap na mga salita.

*Pag-unawa sa Binasa*: Nakapagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa isang kuwento
Naibibigay ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa isang teksto o kuwento.
Natutukoy ang impormasyon sa kuwento na sumasagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong.
Naipakikita ang pagmamahal sa gawaing pagbasa sa pamamagitan ng pakikinig na mabuti at pagbibigay ng reaksyon o komento.

*Pagpapahalaga*:Pagpapaunlad sa kakayahan

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa**

Mga salitang angkop sa sariling kultura sa pagbibigay ng kuro-kuro o opinyon sa kuwento
Talakayan ng pangkat o klase.
Pag-unawa sa mga talata at kuwento na binubuo ng mga salitang pinag-aaralan
Kaalaman sa pagbaybay sa pagsulat ng mga salitang basahin para sa ikalawang baitang.

Mga hakbang sa pagbuo ng isang anunsiyo/patalastas.
Isang patalastas na gumagamit ng wastong pagkakapasok ng pangungusap, bantas at malaking letra.
Pag-unawa sa kahulugan ng salita sa pagbasa ng mahihirap na mga salita.
Pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa isang kuwento.
Mga impormasyon sa kuwento na sumasagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong.

**B. Batayan/Sanggunian:**
Kuwento “Ang Patimpalak” akda ni Babylen Arit-Soner

**C. Mga Kagamitan**
Mga larawan

**IV. Gawain sa Pagkatuto**

## *1* Unang Araw

**Layunin:** Nakikilahok nang masigla sa talakayan ng pangkat o klase.
Natutukoy ang mga hakbang sa pagbuo ng anunsiyo/patalastas.

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

A. **Panimulang Gawain**
Ipabigkas ang tugma sa LM.

B. **Pagganyak**
Itanong sa mga bata kung tungkol saan ang tugma at kung sila rin ay makasining. Itanong din kung ano ang kanilang hilig gawin, at kung nakaranas na silang makasali sa isang patimpalak o palabas.

C. **Paglalahad**
Ipabasa ang isang patalastas sa LM.
Ipasuri ang pormat/anyo at nilalaman ng anunsyo. Ipaliwanag sa mgamag-aaral na ang paunawa ay isang anyo ng anunsyo o patalastas.

D. **Pagtalakay**
Malinaw bang nakalagay kung tungkol saan ang patalastas?Ano ang pinapaksa ng patalastas?
Nakalagay ba kung kailan at kung anong oras gagawin ang patimpalak?Nakalagay ba kung para kanino ang patalastas?Paano isinulat ang patalastas?Ano ang pormat nito?

Ipaliwanag:
Sa pagsulat ng isang patalastas, ano-ano ang mga bagay na dapat isaalang-alang o ilagay?
Sa pagsulat ng patalastaso anunsyo, may mga tuntunin na dapat tandaan gayang sumusunod:

1. Tiyakin ang paksa ng susulatin.
2. Gawing maikli ang mensahe.
3. Ilagay lamang ang mahahalagang impormasyonna sumasagot sa mga tanong na
   - Ano
   - Sino
   - Kailan
   - Saan.
4. Isulat nang maayos ang patalastas na gumagamit ng malaking titik at mga bantas.
5. Isulat nang malinaw at madaling basahin angsapatalastas.

**E. Paglalahat**

Ano-ano ang dapat tandaan sa pagsulat ng isang anunsyo o patalastas? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Ipagawa ang Gawain 1 sa LM. Ipatukoy kung aling patalastas ang sumusunod sa pamantayan.

**G. Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang Gawain**

Magdaraos ang inyong samahan sa paaralan ng isang paligsahan sa pagguhit. Gumawa ng isang patalastas ukol dito. Sundin ang pamantayan sa pagbuo ng isang patalastas.

**2. Malayang Pagsasanay**

Ipagawa ang Gawain 2 sa LM. Magpabuo ng isang patalastas

## 2-3 Ikalawa at Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakagagamit ng mga salitang angkop sa sariling kultura sa pagbibigay ng kuro-kuro o opinyon sa kuwento.
Nakababasa ng may pag-unawa ng mga talata at kuwento na binubuo ng mga salitang pinag-aaralan
Nagagamit ang kakayahan sa pag-unawa ng kahulugan ng salita sa pagbasa ng mahihirap na mga salita.
Nakapagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa isang kuwento
Naibibigay ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa isang teksto o kuwento.

Natutukoy ang impormasyon sa kuwento na sumasagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong.
Naipakikita ang pagmamahal sa gawaing pagbasa sa pamamagitan ng pakikinig na mabuti at pagbibigay ng reaksiyon o komento.

**Istratehiya: Read Aloud, Interactive Reading**

A. **Panimulang Gawain**
Magpabasa ng mga salitang gamitin (**high frequency words**)

B. **Gawain Bago Bumasa**
1. **Paghahawan ng balakid**
*1.1. Pook paskilan*-
Sa pook paskilan idinidikit o inilalagay ang anumang anunsiyo o patalastas.
*1.2. Pinagkakalipumpunan*-
Ang bagong bukas na tindahan ng damit ay pinagkakalipumpunan. Punong-puno ito ng mga tao.
*1.3. Patimpalak*-
Siya ay lumahok sa patimpalak o labanan sa pag-awit

**2. Pagganyak**
Ano-ano ang alam ninyong gawin? Ang pagguhit ay isang talento.Ano pang talento na mayroon kayo?

**3. Pangganyak na Tanong**
Ano ang nabasa ni Elen sa pook-paskilan?

C. **Gawain Habang Nagbabasa**
Ipabasa sa mga bata ang kuwento nang tuloy-tuloy sa LM
Basahin ang kuwento nang may paghinto at interaksiyon.
*Mga tanong sa unang talata*
Ano ang katangian ni Elen?
Ano ang araw-araw ay maririnig mula sa kaniya?
*Mga tanong sa ikalawang talata*
Ano ang nakita niya sa may paalengke?
Ano ang ginawa niya?
*Tanong sa ikatlong talata*
Ano ang nilalaman ng patalastas?
*Mga tanong sa ikaapat na talata*
Ano ang ginawa ni Elen pagkatapos niyang mabasa ang patalastas?
Bakit masayang nagtawanan ang mag-anak?

D. **Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa pangganyak na tanong**


   Ano ang nabasa ni Elen sa pook-paskilan?
   Wasto ba ang hulang sagot ninyo? Bakit?

E. **Ugnayang Gawain**

Ipagawa ang pangkatang gawain.

a. **Pangkat I: Tauhan Ko, Tukuyin Mo!**

   Iguhit ang pangunahing tauhan sa kuwento. Tukuyin ang mga katangian niya sa pamamagitan ng pagsulat ng mga ito sa loob ng mga bilog.



b. **Pangkat II: Saloobin Mo, Iguhit Mo!**

   Iguhit ang isang mikropono kung sang-ayon kayo sa pagsali ni Elen sa patimpalak. Iguhit naman ang isang mukhang malungkot kung hindi. Ipaliwanag kung bakit ito ang inyong ginawa. Gawin ito sa **manila paper**.

c. **Pangkat III:Kuwento Ko, Ayusin Mo!**

   Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa kuwento. Lagyan ito ng bilang 1-3.

   ____ Dali-dali siyang umuwi at sinabi ito sa kaniyang mga magulang.

   ____ Naglalakad siya sa palengke ng may mapansin siya sa may pook paskilan.

   ____ Nabasa niya ang isang patalastas tungkol sa isang patimpalak sa pag-awit.

d. **Pangkat IV: Iarte Mo!**

   Isadula ang mga pangyayari sa kuwento.

F. **Paglinang sa Kasanayan**

a. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento? Ano-ano ang kaniyang katangian? Pakinggan natin ang ulat ng unang Pangkat
b. Sang-ayon ka ba sa gagawing pagsali ni Elen sa patimpalak? Bakit?

Panoorin natin ang Pangkat II

c. Ano-ano ang nangyari kay Elena ayon sa wastong pagkakasunod-sunod. Pakinggan natin ang Pangkat III
d. Saan pumunta si Elen? Ano ang nabasa ni Elen sa pook paskilan?
   Ano ang kaniyang naging desisyon?Ano ang naging desisyon ng kaniyang mga magulang?Panoorin natin ang pagtatanghal ng Pangkat III.

**G. Paglalahat**

Paano ninyo naunawaan ang kuwento? Ipabasa ang Tandaan.

> **Tandaan**
>
> Nauunawan ang kuwento sa pamamagitan ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayaring naganap sa kuwento at pagsagot sa mga tanong na tumutukoy sa detalye na tuwiran at di tuwirang matatagpuan sa kuwento.

## *3* Ikatlong Araw

**A. Pagganyak**

Ipabigkas muli ang tugma tungkol sa Batang Makasining

**B. Balik-aral at Paglalahad**

Itanong ang mga pangyayari sa kuwentong binasa.
Ipabasa ang mga ito sa LM.
Ipatukoy ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangungusap.

**C. Pagtalakay/Paglalahat**

Ano ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari?Paano ninyo ito ginawa?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**D. Paglalapat**

**Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari. Lagyan ang patlang ng bilang1-3.**

_____ Wala yatang araw na hindi maririnig ang tinig niya habang umaawit.

_____ Si Elen ay isang batang napakahilig kumanta.

_____ Lahat naman ay natutuwa sa kaniya sapagkat tunay na ma ganda ang kaniyang tinig.

**E. Kasanayang Gawain**

Ipagawa ang Gawain 3 sa LM.

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nagagamit ang kaalaman sa pagbaybay sa pagsulat ng mga salitang basahin para sa ikalawang baitang.
Natutukoy ang mga hakbang sa pagbuo ng anunsiyo/patalastas.
Nakasisipi ng isang patalastas na gumagamit ng wastong pagkakapasok ng pangungusap, bantas at malaking letra.
Nakabubuo ng isang anunsiyo/patalastas na gumagamit ng angkop na mga salita

**Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat**

**A. Balik-aral**

Itanong ang tungkol sa Patalastas. Ipabasa muli ito sa LM. Ipapansin kung paano ang pagkakasulat nito. Ipatukoy muli ang mga sangkap ng isang patalastas at ang pamantayan sa pagsulat ng isang patalastas.

**B. Paglalahad**

Basahin ang mga salita sa LM.

**C. Pagtalakay at Paglalahat**

Paano ninyo binasa ang mga salita? Paano isinusulat ang patalatas? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**D. Paglalapat**

Ipabasa ang mga salita sa buong klase, pangkatan, magkapareha at isahan

**E. Pagsasanay sa pagsulat**

Kumopya ng mga patalastas sa dyaryo o mga paskilan. Isulat ito sa kuwaderno at iulat sa klase.

## 5 Ikalimang Araw

**A. Pagtataya**

I. Basahin at unawain ang patalastas.

**Patalastas**

Ipinababatid sa lahat ng mag-aaral na ang Mababang Paaralan ng Miramar ay magdaraos ng Pistang Pambata sa darating na Pebrero 8, 2013. Magkakaroon ng pagpapakitang gilas sa pagsayaw ng mga katutubong sayaw, pag-awit, pagtula, at pagguhit. Ang bawat mag-aaral ay inaanyayahang makibahagi sa mga nasabing gawain.

II. Isulat sa sagutang papel ang wastong sagot.

1. Tungkol saan ang patalastas? _________________________
2. Saan gaganapin ang pagdiriwang? _____________________
3. Kailan ito gaganapin? _______________________________

4. Sino ang inaanyayahan makibahagi?

______________________________

5. Ano-ano ang mga gawain sila makikibahagi?

_______________________

III. Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari. Isulat ang 1-5 sa patlang.

_____ Pinasalamatan sila ng kaanilang guro.
_____ Ibinalik nila ang mga ginamit nilang panglinis sa lagayaan.
_____ Kinuha ng mga mag-aaral ang mga gamit panglinis sa lagayan.
_____ Naghugas sila ng kanilang mga kamay.
_____ Nilinis nila ang paligid na paaralan.

# 22 IKADALAWAMPU'T DALAWANG LINGGO
## Pagkilala sa Pinagmulan

**I. Panlingguhang Layunin**

*Wikang Binibigkas*:Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase.
Nakababasa ng isang alamat at nakapagkukuwentong muli ng binasa gamit ang mga salitang angkop sa sariling kultura.
Nakaaawit nang isang awiting bayan.

*Pagkilala ng mga Salita:* Natutukoy ang kahulugan ng mga salitang binasa.

*Tatas:* Nakababasa ng alamat nang may kahusayan at pag-unawa.
Nakababasa nang may kahusayan ng mga salitang para sa ikalawang baitang.

*Pagbaybay:* Nababaybay nang wasto ang mga salitang para sa ikalawang baitang.

*Pagbuo:*Nakapagbubuo ng isang tugma
Nakasisipi ng isang tula o tugma

*Pag-unlad sa Talasalitaan*: Nagagamit ang kakayahan sa pag-unawa ng kahulugan ng salita sa pagbasa ng mahihirap na mga salita.

*Pag-unawa sa Binasa*: Natutukoy kung alin ang simula, gitna at wakas ng isang kuwento o alamat.
Natutukoy kung alin ang una, pangalawa, pangatlo at kasunod pang pangyayari
Naipakikita ang pag-unawa sa tekstong binasa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga literal at mas mataas na antas na mga tanong.

Naipakikita ang pagmamahal sa gawaing pagbasa sa pamamagitan ng pakikinig na mabuti at pagbibigay ng komento o reaksyon.
Naipakikita ang pag-unawa sa tesktong binasa sa pamamagitan ng pagsasadula.

*Pagpapahalaga:*Pagiging masipag at matulungin

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa**

Talakayan ng pangkat o klase.
Pag-awit ng isang awiting bayan.
Kahulugan ng mga salitang binasa.
Pagbasa ng alamat o kuwento nang may kahusayan at pag-unawa.
Pagbaybay ng mga salitang para sa ikalawang baitang.
Pagbuo ng isang tugma o tula
Pag-unawa ng kahulugan ng salita sa pagbasa ng mahihirap na mga
salita.
Pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa tekstong binasa.
Pag-unawa sa tekstong binasa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga
literal at mas mataas na antas na mga tanong.
Simula, gitna at wakas ng isang kuwento o alamat.
Pakikinig na mabuti at pagbibigay ng komento o reaksyon.
Pag-unawa sa tesktong binasa sa pamamagitan ng pagsasadula.

**B. Batayan/Sanggunian:**

Kuwento: **"Ang Alamat ng Ibong Maya"**
Muling isinakuwento ni Babylen Arit-Soner

**C. Mga Kagamitan**

**Character map**

**III. Gawain sa Pagkatuto**

***1*** **Unang Araw**

**Layunin:** Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase.
Natutukoy kung alin ang simula, gitna at wakas ng isang kuwento o alamat.
Natutukoy kung alin ang una, pangalawa, pangatlo at kasunod pang pangyayari

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**

Ipabasa ang tugma sa LM.

**B. Pagganyak**

Itanong kung ano ang tinutukoy ng tugma. Magpakita ng mga ginupit na letra na bumubuo ng sumusunod na mga salita: Tumawag ng mga bata upang buuhin ang mga salita na matatagpuan din sa tugma.

*samilu*- pahiwatig: Ito ang unahan ng isang teksto.
*natgi*- pahiwatig: Ito ay ibang tawag sa pagitan.
*swkaa*- pahiwatig: I to ay ang katapusan.

**C. Paglalahad**

Ipabasa ang sumusunod na mga pangyayari sa alamat sa LM.

**D. Pagtalakay**

Ano ang napansin ninyo sa mga pangyayari sa alamat? Wasto ba ang pagkakasunod- sunod ng mga pangyayari?
Aling talata ang nagpapakita unang pangyayari? Alin ang nagpapakita ng kasunod na pangyayari? Alin ang nagpapakita ng kahulihang pangyayari?
Natutukoy natin kung alin ang una, pangalawa, pangatlo o kahulihang pangyayari ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga naganap na pangyayari sa isang alamat o kuwento.
Pagkatapos mapagsunod-sunod ang mga talata. Gawin ang sumusunod:

Ipakita ang salitang ***simula***.
Alin ang kaunahang bahagi ng kuwento?
Aling talata/pangkat ng mga salita kaya ang nagtataglay ng simula ng alamat o kuwento? Tukuyin ito at idikit ang salitang ***simula*** sa kahon na nasa ibabaw ng talata.
Aling talata naman ang gitnang bahagi ng kuwento? Tukuyin ito at idikit ang salitang ***gitna*** sa kahon na nasa ibabaw ng talata.
Aling talata naman ang tumutukoy sa katapusan o nagtataglay ng wakas ng kuwento/alamat?Tukuyin ito at idikit ang salitang ***wakas*** sa kahon na nasa ibabaw ng talata.

**E. Paglalahat**

Paano natutukoy ang simula, gitna, at wakas ng kuwento? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Paano kayo maghugas ng pinggan? Isa-isahin ang mga pamamaraan sa paghuhugas ng pinggan.

G. **Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 1 sa LM
2. **Malayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.

## *2* Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase.
Nakababasa ng isang alamat at nakapagkukuwentong muli ng binasa gamit ang mga salitang angkop sa sariling kultura.
Nakaaawit nang isang awiting bayan
Nagagamit ang kakayahan sa pag-unawa ng kahulugan ng salita sa pagbasa ng mahihirap na mga salita.
Natutukoy kung alin ang simula, gitna at wakas ng isang kuwento o alamat.
Natutukoy kung alin ang una, pangalawa, pangatlo at kasunod pang pangyayari
Naipakikita ang pag-unawa sa tekstong binasa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga literal at mas mataas na antas na mga tanong.
Nakapagbubuo ng isang tugma
Naipakikita ang pagmamahal sa gawaing pagbasa sa pamamagitan ng pakikinig na mabuti at pagbibigay ng komento o reaksyon.
Naipakikita ang pag-unawa sa tesktong binasa sa pamamagitan ng pagsasadula.

A. **Gawain Bago Bumasa**

1. **Paghahawan ng balakid**
   Ipabasa ang mga salita at mga pangungusap na magbibigay ng kahulugan sa mga ito sa LM.

2. **Pagganyak**
   Magpakita ng larawan ng isang ibong maya.
   Ipaawit ang isang awiting bayan tungkol sa isang ibong Maya na nasa LM.

3. **Pangganyak na Tanong**
   Sagutan ang *KWL Chart*. Ilagay ang mga bagay na alam na tungkol sa alamat. Isulat ito sa unang hanay. Ilagay naman ang mga impormasyon na gustong malaman sa ikalawang hanay.

| *KWL Chart* | | |
|---|---|---|
| Alam Ko  Na | Gusto Kong Malaman | Nalaman Ko |
| | | |
| | | |

**B. Gawain Habang Nagbabasa**


Ipabasa sa mga bata ang kuwento nang tuloy-tuloy sa LM.
Ipabasa nang may paghinto at interaksyon
Mga tanong sa unang talata ng kuwento.

*Ano ang ginawa ni Maya dahil sa kaniyang katamaran?*
*Ano ang naramdaman niya sa kaniyang katawan?*
*Ano ang nangyari sa kaniya?*
Mga tanong sa ikalawang talata ng kuwento.
*Ano ang nakita ng ina ni Maya?*
*Paano niya nalaman na ang ibon at si Maya ay iisa?*

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa pangganyak na tanong**
   Kumpletuhin ang *KWL Chart*. Ilagay ang mga bagay na nalaman sa ikatlong hanay.
2. **Ugnayang Gawain**
   Ipagawa ang pangkatang gawain.

   **a. Pangkat I: Katangian Ko, Tukuyin Mo!**
   Tukuyin ang mga katangian ng batang si Maya. Gumawa ng *word map* ukol dito. Pag-usapan ng pangkat kung anong uri ng katangian/ugali mayroon si Maya.




   **b. Pangkat II: Ikuwento Mo!**
   Bawat miyembro ng pangkat ay magbibigay ng pangyayari sa kuwento upang mabuo ang alamat. Ikuwentong muli ang alamat gamit ang sariling pangungusap.

**c. Pangkat III:Iarte Mo!**
Isadula ang bahaging ito ng kuwento.

| |
|---|
| Samantala, hanap dito hanap doon ang ginawa ng ina ni Maya subalit hindi niya makita ang kaniyang anak. Makalipas ang ilang araw, nakarinig siya ng kakaibang tunog mula sa loob ng baluyot. Nang buklatin niya ang takip nito, may isang maliit na ibon doon. Maliit ito at may mamula-mulang balahibo. May mabining huni ito. Patalon talon at tila malikot kumilos ang ibon. Napaiyak na lamang ang ina ni Maya sapagkat batid niya na ang ibon na ito ay ang kaniyang anak. Mula noon, ang ibon na ito ay tinawag nang Ibong Maya. |

**d. Pangkat IV: Tugma, Tugma!**
Bumuo ng tugma na may apat na linya tungkol sa batang si Maya.

**e. Pangkat V: Umawit Tayo!**
Awitin ang awiting bayan tungkol sa ibong maya
*(Sa tono ng **Red River Valley**)*

| |
|---|
| May maya, may maya sa pilapil<br>Ang hanap niya ay pagkain<br>Tinutuka niya'y mga butil<br>Sa uhay ng palay nanggaling |

**3. Paglinang sa Kasanayan**

a. Sino ang bata sa kuwento? Ano-ano ang kaniyang katangian? Ano ang masasabi ninyo sa kaniyang mga katangian? Panoorin ang pag-uulat ng Pangkat I.

b. Kailan nangyari ang kuwento? Ano ang ginawa ni Maya nang tinawag siya ng kaniyang ina? Saan siya nagtago? Ano ang kaniyang ginawa sa loob ng baluyot?
Ano ang nangyari sa kaniya?Ano ang nakita ng ina ni Maya?Pakinggan ang pag-uulat ng Pangkat II.

c. Ano ang narinig ng ina ni Maya? Ano ang kaniyang nakita sa loob ng baluyot?
Paano nabatid/nalaman ng ina ni Maya na siya ang ibon na iyon?Panoorin ang Pangkat III.

d. Ano ang masasabi ninyo tungkol sa batang si Maya? Magaganda ba ang kaniyang katangian?

Bakit siya naging isang ibon? Pakinggan ang pag-uulat ng Pangkat IV.

e. Ano ang kinain ni maya sa loob ng baluyot? Ito din ba ang naging pagkain ng ibong maya? Pakinggan natin ang awit ng Pangkat V

**D. Paglalahat**

Paano ninyo naunawaan ang kuwento? Ipabasa ang Tandaan.

> **Tandaan**
> Nauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayari, pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong, pagbibigay ng komento o opinion, at pagsasadula.

## *3* Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakababasa nang may kahusayan ng mga salitang para sa ikalawang baitang.
Nababaybay nang wasto ang mga salitang para sa ikalawang baitang.

**Kasanayan sa Pagbasa**

**A. Paglalahad**

Ipabasa ang mga salita at mga pangungusap sa LM.

**B. Pagtalakay/Paglalahat**

Paano ninyo binasa ang mga salita at mga pangungusap? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**C. Pagsasanay sa Pagbasa**

Ipabasa ang mga pangungusap na nasa LM sa buong klase, pangkatan, magkapareha at isahan.

## *4* Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakasisipi ng isang tula o tugma

**Kasanayan sa Pagsulat**

**A. Pagganyak/Paglalahad**

Ipabasa ang tulang "Ang Maya" sa LM.

**B. Pagtalakay/Paglalahat**

Paano isinulat ang pamagat ng tugma? Paano isinulat ang bawat linya? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**C. Pagsasanay sa Pagsulat**

Sipiin sa kuwaderno ang tulang "Ang Maya" mula sa LM.

## 5 Ikalimang Araw

**A. Pagtataya**

*(Ihanda ito sa* **manila paper***.)*

I. Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa pabulang "Ang Langgam at ang Tipaklong." Isulat ang bilang 1-5.

____ "Naghahakot ako ng pagkain para sa tag-ulan," ang sagot ni Langgam. "Halika, sumama ka sa akin para makapag-ipon ka rin ng iyong pagkain," ang dagdag ni Langgam. "Ayaw ko, mabuti pa ang maglaro. Matagal pa naman ang tag-ulan," tanggi ni Tipaklong.

____ Kinabukasan, biglang kumulog at kumidlat kasabay ang malakas na buhos ng ulan. Kuntentong nakahiga sa kaniyang bahay si Langgam habang kumakain ng inipon niyang mga pagkain.

____ Isang araw, pagod na pagod na naghahakot ng pagkain at mga butil si Langgam. Nadaanan niya ang kaibigan niyang si Tipaklong. Tinanong ni Tipaklong si Langgam kung ano ang kaniyang ginagawa.

____ " Kung sumama ka sa akin sa pagtitipon ng butil at pagkain, hindi ka sana nagugutom ngayon," ang sabi ni Langgam. "Nagsisisi na ako kaibigang Langgam, magtitipon na ako para sa araw ng tag-ulan," ang nahihiya at nakatungong sabi ni Tipaklong.

____ "Kaibigang Langgam, maari mo ba akong bigyan ng kaunting makakain?Gutom na gutom na ako!" nanginginig na pakiusap ni Tipaklong. Naawa si Langgam at binigyan niya ng makakain si Tipaklong.

II. Basahin ang bawat talata. Tukuyin kung ang talata ay ang **simula, gitna, o wakas** ng kuwento.

_________ Hindi nag-atubili ang dalawa na pulutin ito at lumakad patungo sa bahay ng kanilang guro .Pagdating nila ay nakita nilang papasok pa lamang si Bb. Basco sa kanilang bahay. Magalang na bumati ang dalawa at isinalaysay ang pangyayari.

_________ Masayang naglalakad ang magkaibigang Kiko at Rina sa tabing-kalsada. Pauwi sila sa kanilang bahay mula sa paaralan. Sa di kalayuan, may nakita silang isang bagay na nasa gilid ng kalsada. Dali-daling lumapit ang magkaibigan sa kanilang nakita. Laking gulat ng dalawa nang makita nila na iyon ay ang bag ng kanilang guro na si Bb. Soner.

_________Tuwang-tuwa ang kanilang guro na nagpasalamat sa dalawa. Masayaat magaan ang loob na umuwi sina Kiko at Rina dahil nakagawa sila ng isang magandang bagay.

# 23

## IKADALAWAMPU'T TATLONG LINGGO

## Kamalayan sa Napapanahong Usapin

**I. Panlingguhang Layunin**

*Wikang Binibigkas:*Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase

Nakapagbibigay ng saloobin gamit ang pangungusap/mga salitang angkop sa sariling kultura

Nakapag-uusap at nakapagtatalakay tungkol sa mga sikat na tao, mga lugar at pangyayari gamit ang mga salitang naglalarawan na angkop sa sariling kultura.

Nakaaawit ng awiting bayan na angkop sa sariling kultura.

*Pagkilala ng mga Salita:* Nakababasa nang may pag-unawa ng mga talata, teksto, balita at artikulo na naglalaman ng mga salitang pinag-aaralan ng ikalawang baitang

*Tatas:* Nakababasa nang pabigkas ng mga teksto/kuwento ng may kahusayan.

*Pagbaybay*:Nagagamit ang kaalaman sa pagbabaybay ng mga salitang gamitin na para sa ikalawang baitang.

Pagkatha Nakabubuo ng isang patalastas o paunawa.

*Pag-unlad sa Talasalitaan:*Natutukoy /Nababasa ang mga salitang ugat na nakakabit sa mga salitang kinasanayan

*Pag-unawa sa Binasa*: Natutukoy ang sanhi at bunga

Naipakikita ang pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong.

Natutukoy ang tiyak na impormasyon sa teksto na sumasagot sa mga ibinigay na mga tanong.

*Pagpapahalaga:*

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa**

Talakayan ng pangkat o klase

Saloobin gamit ang pangungusap/mga salitang angkop sa sariling kultura

Mga sikat na tao, mga lugar at pangyayari gamit ang mga salitang naglalarawan na angkop sa sariling kultura.

Awiting bayan na angkop sa sariling kultura.

Pag-unawa sa mga talata/teksto na naglalaman ng mga salitang pinag-aaralan ng ikalawang baitang
Pagbasa ng pabigkas ng mga teksto, kuwento, balita o artikulo nang may kahusayan.
Kaalaman sa pagbabaybay ng mga salitang gamitin na para sa ikalawang baitang.
Pagbuo ng isang patalastas o paunawa
Salitang ugat na nakakabit sa mga salitang kinasanayan
Sanhi at bunga
Pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong.
Tiyak na impormasyon sa teksto na sumasagot sa mga ibinigay na mga tanong.

**B. Batayan/Sanggunian:**
Balita: "Bundok Banahaw at San Cristobal, bumabalik na ang likas-yaman"
Halaw sa Online Balita (November 25, 2011)

**C. Mga Kagamitan**
Mga larawan, **prediction chart, manila paper**, pangkulay, **marker**

**III. Gawain sa Pagkatuto**

***1*** **Unang Araw**

**Layunin:** Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase
Nakaaawit ng awiting bayan na angkop sa sariling kultura.
Nakapagbibigay ng saloobin gamit ang pangungusap/mga salitang angkop sa sariling kultura
Natutukoy ang sanhi at bunga

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**
Ipabigkas ang tugma sa LM.

**B. Pagganyak**
Itanong kung ano ang tinutukoy ng tugma at kung ano ang mensahe nito. Ano ang tinutukoy na napapanahong usapin? Hayaang ipahayag ng mga bata ang kanilang saloobin tungkol sa tugma.

**C. Paglalahad**
Ipabasa ang mga napapanahong usapin sa LM.

**D. Pagtalakay**
***Basahin ang unang pangungusap***.
Ano ang ginawa ng mga tao sa bundok Banahaw at San Cristobal?
(*Inabuso ng mga tao ang Bundok Banahaw at San Cristobal*.)

Ano ang naging bunga ng pang-aabuso ng mga tao sa kabundukan?
*(Nasira ang kalikasan sa mga bundok ng Banahaw at San Cristobal.)*

Ang naging **sanhi o dahilan** ay ang pang-aabuso ng mga tao at naging **bunga** nito ang pagkasira ng kalikasan ng Banahaw at San Cristobal.
***Basahin ang pangalawang pangungusap.***
Ano ang ginagawa ng *Protected Area Management Board*?
(*Nagpapairal ng mga karagdagan at tiyak na kapangyarihan)*
*Ano ang bunga nito?*
*(Nanunumbalik na ang likas na yaman ng Bundok Banahaw at San Cristobal.)*
Ang naging **sanhi o dahilan** ay ang pagpapairal ng mga karagdagang kapangyarihan ng *Protected Area Management Board* at naging **bunga** nito ay ang panunumbalik ng likas na yaman ng kabundukan.

***Basahin ang ikatlong pangungusap***.
Ano ang isa sa ipinagbabawal sa Bundok Banahaw at San Cristobal?
( Ipinagbabawal ang pagpasok ng mga taong walang kaugnayan sa pangangasiwa sa kapaligiran.)

Ano ang naging bunga ng pagbabawal na ito?
(Maraming uri ng halaman ang muling umuusbong sa kabundukan.)
Ang **sanhi o dahilan** ay ang pagbabawal ng pagpasok ng mga taong walang kaugnayan sa pangangasiwa sa kapaligiran at naging **bunga** ng pangyayaring ito ay ang muling pag-usbong ng maraming uri ng halaman sa kabundukan.

**E. Paglalahat**
Ano ang sanhi at bunga ng mga pangyayari? Ipabasa ang Tandaaan sa LM.

**F. Paglalapat**
Pasagutan ang Gawain 1 sa LM.

**G. Kasanayang Gawain**
Pasagutan ang Gawain 2 sa LM.

## 2 Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase
Nakapag-uusap at nakapagtatalakay tungkol sa mga sikat na tao, mga lugar at pangyayari gamit ang mga salitang naglalarawan na angkop sa sariling kultura.
Nakababasa nang may pag-unawa ng mga talata, teksto, balita at artikulo na naglalaman ng mga salitang pinag-aaralan ng ikalawang baiting
Naipakikita ang pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong.
Natutukoy ang tiyak na impormasyon sa teksto na sumasagot sa mga ibinigay na mga tanong.

**A. Gawain Bago Bumasa**

**1. Paghahawan ng balakid**

Basahin ang mga salita at pangungusap na magbibigay kahulugan sa mga ito sa LM.

**2. Pagganyak**

Ipakita ang larawan ng kabundukan.
Naranasan na ba ninyong umakyat sa isang bundok?
Ano-ano ang makikita natin sa isang bundok?

**3. Pangganyak na Tanong**

Pasagutan ang "**Prediction Chart**" na nasa LM.
Ipasulat ang hulang sagot sa ikalawang hanay.
Pagkatapos basahin ang balita, tukuyin ang tunay na nangyari at ilagay ito sa ikatlong hanay.

**B. Gawain Habang Nagbabasa**

Ipabasa sa mga bata ang kuwento nang tuloy-tuloy sa LM.

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

**1. Pagsagot sa pangganyak na tanong**

Pagsagot sa ikatlong hanay ng "**prediction chart**"
Magkapareho ba ang hulang sagot sa tunay na nangyari?
Bakit nasabi na magkapareho/hindi magkapareho?

**2. Ugnayang Gawain**

Ipagawa ang pangkatang gawain.

**a. Pangkat I: Ibalita Mo!**

Gumawa ng **cue cards**. Hati-hatiin ang balita sa mga miyembro ng inyong pangkat at umakto bilang mga

tagapag-ulat o **reporter** sa isang telebisyon.Gawin ito sa harap ng klase.

**b. Pangkat II: Drama! Drama!**

Tukuyin ng inyong pangkat kung ano ang naging dahilan ng pagkasira ng likas na yaman ng Bundok Banahaw at San Cristobal. Gumawa ng simpleng iskrip tungkol dito at isadula ito. Gawin ito sa harap ng klase.

**c. Pangkat III:Iguhit Mo!**

Sa isang manila paper ay iguhit ninyo ang likas na yaman na matatagpuan sa kabundukan ng Banahaw at San Cristobal.

**d. Pangkat IV: Umawit Tayo!**

Sa tulong ng guro ay pag-aralan ang awiting bayan na "Bundok Banahaw" . Awitin ito sa harap ng klase.

**3. Paglinang sa Kasanayan**

a. Tungkol saan ang balita?Ano-ano ang dalawang bundok na tinutukoy sa balita?Sino ang nangangalaga upang manumbalik ang likas na yaman ng dalawang bundok?Pakinggan ang pag-uulat ng Pangkat I.

b. Bakit nasira ang likas na yaman ng kabundukan ng Banahaw at San Cristobal?Sino kaya ang dapat sisihin sa nangyari?Maibabalik pa kaya ang likas na yaman na matatagpuan dito? Paano ito maibabalik? Panoorin ang pag-uulat ng Pangkat II.

c. Ano-ano ang likas na yaman na matatagpuan sa kabundukan ng Banahaw at San Cristobal?Paano mapangangalagaan at mapanunumbalik ang mga likas na yaman na ito?Panoorin ang Pangkat III

d. Paano kaya pinahahalagahan at itinuturing ng mga tao ang Bundok Banahaw?Kabahagi ba ito ng kultura ng mga nakapaligid dito?Pakinggan ang pag-awit ng Pangkat IV.

**D. Paglalahat**

Paano ninyo naunawaan ang kuwento? Ipabasa ang Tandaan.

**Tandaan:**
Nauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pagbibigay ng saloobin tungkol sa kuwento, pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong, at pagtukoy sa mga impormasyong sumasagot sa tanong ukol sa teksto.

## 3 Ikatlong Araw

**Layunin:** Natutukoy/Nababasa ang mga salitang ugat na nakakabit sa mga salitang kinasanayan

**Kasanayan sa Pagbasa**

**A. Pagganyak/Paglalahad**

Ipabasa ang mga salita sa LM.

**B. Pagtalakay**

Saan nagmula ang mga salitang ugat?
Ano kaya ang salitang ugat ng mga salitang binasa?
Ano ang idinagdag?
Saan idinagdag?
Ano ang nagyari sa salita na may idinagdag?
Ano ang tawag sa idinagdag na pantig sa una/gitna/hulihan?
Tulungan ang mga mag-aaral na matukoy ang mga salitang ugat ng mga salita.

**C. Paglalahat**

Ano ang salitang-ugat? Ipabasa ang Tandaan sa LM, pahina 172.

**D. Paglalapat**

Ipabasa ang mga salita. Ipatukoy ang salitang-ugat mula rito.

1. mahiyain 2. Kumain 3. Lumakad 4. Malusog 5. nagdilig
6. magdadala 7. matulungin 8. Naliligo 9. masayahin 10. sasakay

**E. Pagsasanay sa Pagbasa**

Ipagawa ang Gawain 3 sa LM.

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakabubuo ng isang patalastas o paunawa.

**Kasanayan sa Pagsulat**

**A. Balik-aral/Pagganyak**

Tungkol saan ang balitang ating pinag-aralan?
Paano unti-unting napanumbalik ang likas na yaman ng mga Bundok ng Banahaw at San Cristobal?

**B. Paglalahad**

Ipakita ang larawan ng paanan ng bundok na may nakalagay na paunawa sa LM.

**C. Pagtalakay/Paglalahat**

Ano ang napansin ninyo sa larawan? Ano ang nakasulat sa paunawa?

Para kanino kaya ang paunawa? Paano ito isinulat?
Ano-anong mahahalagang impormasyon ang makikita sa patalastas/paunawa?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**D. Paglalapat**

Bumuo ng paunawa o patalastas tungkol sa sitwasyong nasa ibaba.
"Maraming halamang namumulaklak sa isang parke. Hindi pwedeng pitasin ang mga ito."

**E. Pagsasanay sa Pagsulat**

Bumuo ng paunawa o patalastas tungkol sa:
Wastong pagtatapon ng basura sa basurahan.
Ipaskil ito sa silid-aralan

## 5 Ikalimang Araw

**A. Pagtataya**

I. Pagtambalin ang sanhi at bunga ng mga pangyayari. Isulat ang letra ng tamang sagot.

| | |
|---|---|
| 1. Biglang lumaki ang tubig sa ilog. | A. Walang awang pinutol ng mga tao ang mga puno. |
| 2. Mabilis na tumakbo ang bata. | B. Umulan nang malakas. |
| 3. Nahilo si Mina. | C. Natuwa ang kanilang guro. |
| 4. Naubos ang mga puno sa kagubatan. | D. Hindi siya kumain ng tanghalian. |
| 5. Naglinis ng silid-aralan ang mga mag-aaral. | E. Muntik na siyang masagasaan. |

II. Isulat ang salitang-ugat ng bawat salita.

6. namitas
7. naglilinis
8. kapaligiran
9. pagbabawal
10. masayahin

# 24 IKADALAWAMPU'T APAT NA LINGGO
## Masayang Paglalakbay

**I. PanlingguhangLayunin**

*Wikang Binibigkas*: Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase
*Pagkilala ng mga Salita*: Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang binasa.
Nakababasang may pag-unawangmgakuwento, talata at iba pa.
*Pagbaybay:* Nakapagbabaybay ng mga salitang para sa ikalawang baitang na may kahusayan
*Pagbuo:* Nakabubuo ng liham pasasalamat
*KamalayansaGramatika*: Natutukoy ang mga salitang nagsasabi ng ki nalalagyan o lokasyon.
Nagagamit ang mga salitang nagsasabi ng kinalalagyan o lokasyon sa sariling pangungusap.
*Pag-unawasaBinasa*: Naipakikita ang pag- unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong.
Naipakikita ang pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagsasadula
Naipakikitaangpag-unawasabinasasapamamagitanngpagguhit
*Pagpapahalaga*: Pagmamalaki sa sariling lugar.

**II. PaksangAralin:**

**A. Paksa**

Paglahok sa talakayan ng pangkat o klase
Pagbibigay ng kahulugan ng mga salitang binasa.
Pagbasa ng may pag-unawa sa mga kuwento, talata at iba pa.
Pagbabaybay ng mga salitang para sa ikalawang baitang na maykahusayan
Pagbuo ng isang liham pasasalamat
Pagtukoy sa mga salitang nagsasabi ng kinalalagyan o lokasyon.
Paggamit ng mga salitang nagsasabi ng kinalalagyan o Lokasyon sa sariling pangungusap.
Pagpapakita ng pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong.

Pagpapakita ng pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagsasadula
Pagpapakita ng pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagguhit

**B. Batayan/Sanggunian:**
Kuwento: "Ang Pamamasyal"

**C. MgaKagamitan**
Mga larawan, *manila paper, sequence map*

**III. Gawain saPagkatuto**

**1 UnangAraw**

**Layunin:** Natutukoy ang mga salitang nagsasabi ng kinalalagyan o lokasyon.
Nagagamit ang mga salitang nagsasabi ng kinalalagyan o lokasyon sa sariling pangungusap.

**KasanayangPagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**
Magpalaro tungkol sa pagsasabi ng mga lugar na kinaroroonan ng isang tao, bagay, at hayop.

**B. Pagganyak**
Ipakita ang larawang nasa LM.
Sa unang larawan, saan nakalagay ang mga pagkain?
Tingnan ang ikalawang larawan.
Saan ang kinalalagyan ng bata?

**C. Paglalahad/ Pagmomodelo**
Ipabasa ang mga pangungusap sa LM.

**D. Pagtalakay**
Ano ang mga salita na may salungguhit?
Ano ang isinasaad ng mga salitang may salungguhit?
Ano ang tinutukoy na nasa loob ng basket?
Sino ang tinutukoy na nasa likod ng puno?
Saan ang kinalalagyan ng mga prutas?
Saan ang lokasyon ng bata?

**E. Paglalahat**
Ano ang isinasaad o sinasabi ng mga salita tulad ng loob at likod?
Basahin ang Tandaan sa LM.

F. **Paglalapat**
Magbigay ng iba pang halimbawa ng salitang nagsasabi ng kinalalagyan o lokasyon at gamitin ito sa pangungusap.

G. **Kasanayang Gawain**

1. **PinatnubayangPagsasanay**
Ipagawa ang Gawain 1 sa LM, pahina 174.
2. **MalayangPagsasanay**
Pasagutan sa sagutang papel ang Gawain 2 sa pahina 175.

H. **Pagtatasa**
Gawin ang Gawain 3 sa LM, pahina 175. Isulat ang salitang nagsasabi o tumutukoy sa kinalalagyan o lokasyon na angkop sa sitwasyon.

## *2* IkalawangAraw

**Layunin:** Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase
Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang binasa.
Nakababasa ng may pag-unawa ng mga kuwento, talata at iba pa.

A. **Gawain BagoBumasa**

1. **Paghahawan ng balakid**
Basahin ang mga salita at pangungusap na nagbibigay ng kahulugan sa mga ito sa LM.

2. **Pagganyak**
Nakapamasyal na ba ang inyong pamilya?
Ano ang inyong naramdaman sa inyong pamamasyal?
3. **Pangganyak naTanong**
Saan namasyal ang mag-anak nina Mang Abe at Aling Nilda?

B. **Gawain Habang Nagbabasa**

1. Ipabasa sa mga bata ang kuwento nang tuloy-tuloy sa LM.
2. Ipabasa nang may paghinto at interaksyon.

C. **Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa pangganyak na tanong**
Saan namasyal ang mag-anak nina Mang Abe at Aling Nilda?
2. **Ugnayang Gawain**
Ipagawa ang pangkatang gawain.

a. **Pangkat I: Tauhan Ko, Tukuyin Mo!**
Sa isang manila paper, iguhit ang mga tauhan sa kuwento. Lagyan ng **label** ang bawat isa.

b. **Pangkat II: Iarte Mo!**
Isadula ang bahaging ito ng kuwento

> Sabado ng umaga, masayang-masaya ang magkapatid na sina Kaloy at Me-An. Espesyal ang araw na iyon para sa kanilang mag-anak. Pupunta sila sa kanilang bukid. Maagang gumayak ang mag-anak. Nagluto si Aling Nilda ng adobo at kanin. Naghanda din siya ng pansit at tinapay. Inilagay niya ang mga ito sa loob ng basket. Nagdala naman si Mang Abe ng baliwasnan. Mamimiwas din sila ng isda sa ilog na nasa gilid ng kanilang bukid.

c. **Pangkat III: Ginawa Ko, Isa-isahin Mo!**
Gumawa ng **sequence map** ng ginawa nina Kaloy at Me-an. Gawin ito sa **manila paper**.



d. **Pangkat IV: Damdamin Ko, Iguhit Mo!**
Sa isang **manila paper**, iguhit ang masayang mukha kung ito ang naging damdamin ng mag-anak at malungkot na mukha naman kung ito ang nagging damdamin ng mag-anak. Ipaliwanag kung bakit ito ang iginuhit ninyo. Iulat ito sa harap ng klase.

3. **Paglinang sa Kasanayan**

a. Sino-sino ang tauhan sa kuwento? Ano ang masasabi mo sa kanilang pamilya? Tingnan ang pag-uulat ng Pangkat I.

b. Anong araw iyon? Saan sila pupunta?
Anong paghahanda ang ginawa ng mag-anak?
Ano ang inihanda na Aling Nilda?
Ano naman ang dinala ni Mang Abe? Ano kaya ang gagawin ni Mang Abe pagdating sa bukid?
Panoorin ang gagawin ng Pangkat II.

c. Ano-ano ang ginawa ng magkapatid sa bukid?
Ano-ano ang ginawa ng magkapatid doon?
Tingnan ang ginawa ng Pangkat III.

d. Ano ang naging damdamin ng mag-anak sa kanilang pamamasyal? Bakit ? Sa inyong palagay, uulitin pa kaya nila ang ganitong gawain? Bakit? Sa inyong palagay, dapat bang maging huwaran ang pamilya nina Mang Abe at Aling Nilda? Bakit? Tingnan ang ginawa ng Pangkat IV.

**D. Paglalahat**

Paano ninyo naunawaan ang kuwento? Ipabasa ang Tandaan.

> **Tandaan:**
> Nauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pagtalakay sa mahahalagang pangyayari, pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong, pagsasadula at pagguhit.

## *3* IkatlongAraw

**Layunin:** Nakapagbabaybay ng mga salitang para sa ikalawang baitang ja may kahusayan

**KasanayansaPagbasa**

**A. Pagganyak/Paglalahad**

Ipabasa ang mga salita sa LM.

**B. Pagtalakay/Paglalahat**

Paano ninyo binasa ang mga salita? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**C. Kasanayang Gawain**

**a.** Ipabasa muli ang mga salita sa buong klase, pangkatan, dalawahan at isahan.
**b.** Ipabasa ang mga pangungusap sa Gawain 4 sa LM.
**c.** Ipabaybay nang pasalita ang ilan sa mga salitang pinag-aralan.

## *4* Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakabubuo ng liham pasasalamat

**KasanayansaPagsulat**

**A. Balik-aral/Pagganyak**

Sino ang namasyal sabukid?
Naging masaya ba ang magkapatid sa kanilang pamamasyal?

Dapat ba nilang pasalamatan ang kanilang mga magulang? Sa anong paraan kaya nila maipapaabot ang kanilang pasasalamat?

**B. Paglalahad**

Dahil naging masaya sina Kaloy at Me-an sa kanilang pamamasyal, nagpasya sila na gumawa ng isang sulat pasasalamat para sa kanilang mga magulang. Ipabasa sa mga bata ang sulat na nasa LM.

**C. Pagtalakay/Paglalahat**

Tungkol saan ang sulat?
Paano binuo nina Kaloy at Me-an ang sulat?
Ano-ano ang makikita/matatagpuan sa isang liham pasasalamat?
Nakalagay ba ang petsa kung kailan ginawa ang sulat?
Nakalagay ba kung para kanino ang sulat?
Tungkol saan ang nilalaman ng sulat?
Nakalagay ba kung kanino nanggaling o sino ang sumulat ng liham?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**D. Kasanayan sa Pagsulat**

Ipagawa ang Gawain 5 sa LM.

## *5* IkalimangAraw

**A. Pagtataya**

Salungguhitan ang salitang nagsasaad ng kinalalagyan at lokasyon.

1. Ang baso ay nasa ibabaw ng mesa.
2. Ang palaruan ay nasaharap ng paaralan.
3. Ang bola ay nasa ilalim ng mesa.
4. Ang nakatayo sa gilid ngbahay ay isang mataas na gusali.
5. Maraming nakukuhang yaman sa ilalim ng dagat.

6-7. Sumulat ng dalawang pangungusap gamit ang salitang nagsasaad ng kinalalagyan o lokasyon.

8-10. Isulat ang tamang baybay ng salitang ididikta ng guro.

# 25 IKADALAWAMPU'T LIMANG LINGGO
## Sa Pag-abot ng Pangarap…

**I. Panlingguhang Layunin**

*Wikang Binibigkas*:Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase
Nakagagamit ng mga angkop na pananalita sa pagbibigay ng opinyon o kuro kuro sa binasang kuwento.

*Pagkilala ng mga Salita*: Nakababasa ng mga talata na may pag-unawa at kahusayan

*Tatas:* Nakababaybay ng mga salitang angkop sa ikalawang baitang na may kahusayan
Nakababasa at nakasasagot sa mga tanong na direkta at di-direktang makikita ang sagot mula sa teksto.

*Pagbuo:*Nakapagbibigay ng posibleng katapusan o wakas ng kuwento
Nakasusulat ng isang maikling kuwento na may kumpletong sangkap tulad ng tauhan, tagpuan, at angkop na wakas.

*Pag-unawa sa Binasa*: Nakasasagot sa mga literal at mas mataas na antas na mga tanong mula sa kuwento/talatang binasa.
Naipakikita ang pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagsasadula
Naipakikita ang pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagguhit

*Pagpapahalaga:*

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa**

Pakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase
Paggamit ng mga angkop na pananalita sa pagbibigay ng opinyon o kuro kuro sa binasang kuwento.
Pagbasa ng mga talata na may pag-unawa at kahusayan
Pagbaybay ng mga salitang angkop sa ikalawang baitang na may kahusayan
Pagsulat ng angkop na wakas ng isang kuwento.
Pagbasa at pagsagot sa mga tanong na direkta at di-direktang makikita ang sagot mula sa teksto.
Pagbibigay ng posibleng katapusan o wakas ng kuwento
Pagsagot sa mga literal at mas mataas na antas na mga tanong mula sa kuwento/talatang binasa.
Pagpapakikita ng pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagsasadula at pagguhit

Pagpapakikita ng pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagguhit

**B. Batayan/Sanggunian:**
Kuwento: “Ang Pangarap ng Pagong”
Muling isinakuwento ni Babylen Arit-Soner

**C. Mga Kagamitan**
**Venn Diagram**, Mga larawan

## III. Gawain sa Pagkatuto

### 1 Unang Araw

**Layunin:** Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase
Nakapagbibigay ng posibleng katapusan o wakas ng kuwento

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**
**Laro: Bunutin mo, Sagutin mo**
Sumulat ng mga pangyayari sa mga strips ng **bond paper**. Magpabunot sa mga bata at ibibigay nila ang maaaring katapusan ng pangyayaring nakasaad dito.

**B. Pagganyak**
Itanong kung ano ang kanilang mga binasa at kung ano ang kanilang ginawa.

**C. Paglalahad**
Ipabasa ang ` maikling kuwento tungkol kay Lota na nasa LM.

**D. Pagtalakay**
Meron bang wakas o katapusan ang binasa ninyong kuwento?
Ano kaya ang maaaring maging angkop na wakas o katapusan ng kuwentong inyong binasa, at bakit?
Sa inyong palagay,ano ang nangyari kay Lota pagkatapos niyang magbalik-aral sa kanyang mga asignatura?
Sino ang makapagbibigay ng angkop o posibleng wakas o katapusan ng kuwentong inyong binasa?
Tumawag ng mga bata na magbibigay ng kanilang wakas o katapusan ng kuwento.
Ano ang inyong naging damdamin sa naging wakas ng kuwento? Bakit?
Mahalaga ba ang wakas ng isang kuwento? Bakit?

**E. Paglalahat**
Paano nagtatapos ang mga kuwento? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.

**G. Pagsasanay**

Pasagutan ang Gawain 2 sa LM.

**H. Pagtatasa**

Ibigay ang angkop o posibleng wakas o katapusan ng kuwento.

> Lunes ng umaga, nagmamadaling umalis ng bahay si Lina upang pumasok na sa paaralan. Hindi siya nagising sa tamang oras kaya mahuhuli na siya. Lakad-takbo ang kaniyang ginawa papunta sa paaralan. Pagdating sa may kalsada, biglang tumawid si Lina na hindi tumitingin sa kaliwa at kanang bahagi ng daan. Dere-deretso siyang tumawid sa kalsada. Nagulat na lamang siya dahil sa malakas na busina ng isang kotseng mabilis na paparating.

## *2* Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase
Nakagagamit ng mga angkop na pananalita sa pagbibigay ng opinyon o kuro kuro sa binasang kuwento.
Nakababasa ng mga talata na may pag-unawa at kahusayan

**A. Gawain Bago Bumasa**

1. **Paghahawan ng balakid**
   Ipabasa ang mga salita at mga pangungusap na nagbibigay kahulugan sa mga ito sa LM.
2. **Pagganyak**
   Magpakita ng larawan ng isang pagong.
   Nakakita na ba kayo ng isang pagong na lumilipad?
3. **Pangganyak na Tanong**
   Ano ang matagal nang pangarap ni Pagong?

**B. Gawain Habang Nagbabasa**

Ipabasa sa mga bata ang kuwento nang tuloy-tuloy sa LM.
Ipabasa muli ito nang may paghinto at interaksyon.


**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa pangganyak na tanong**
   Ano ang matagal nang pangarap ni Pagong?

**D. Ugnayang Gawain**

Ipagawa ang pangkatang gawain.

a. **Pangkat I: Katangian Ko, Tukuyin Mo!**
   Tukuyin ang mga katangian ng Pagong at ng mga ibon. Gamit ang **Venn Diagram**, tukuyin ang pagkakatulad at pagkakaiba nila.




b. **Pangkat II: Iguhit Mo!**
Gumuhit ng isang malaking bituin.Sa loob ng bituin ay isulat ang pangarap ni Pagong.

c. **Pangkat III:Iarte Mo!**
Isakilos o isadula kung paano natulungan ng mga ibon si Pagong.

**E. Paglinang sa kasanayan**

a. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
Ano-ano ang katangian ng bawat isa?
Pakinggan ang pag-uulat ng Pangkat I.

a. Ano ang matagal ng pangarap ni Pagong?
Natupad ba ang kaniyang pangarap?
Sino ang tumulong sa kaniya?
Tingnan ang pag-uulat ng Pangkat II.

c. Paano natulungan ng mga ibon si Pagong?
Ano ang kanilang ginawang paraan upang makalipad o makarating sa himpapawid si Pagong?
Ano ang ginawa ni Pagong ng makita siya ng mga tao?
Panoorin ang gagawin ng Pangkat III.

**F. Paglalahat**

Paano ninyo mauunawaan ang kuwento?
Ipabasa ang Tandaan .

**Tandaan:**
Mauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong at pagbibigay ng detalye tungkol dito. pagbibigay ng opiniyon o kuro-kuro.

## 3 Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakababaybay ng mga salitang angkop sa ikalawang baitang na may kahusayan

**Kasanayan sa Pagbasa**

**A. Pagganyak/Paglalahad**

Ipabasa ang mga salita at pangungusap sa LM.

**B. Pagtalakay/Paglalahat**

Paano mo binasa ang mga salita at pangungusap?
Paano ang wastong paraan ng pagbasa ng mga salita at pangungusap?
Basahin ang Tandaan sa LM.

**C. Pagsasanay sa Pagbasa**

a. Ipabasa muli ang mga salita at pangungusap sa buong klase, pangkatan, dalawahan at isahan.
b. Maaari ring magbigay pa ng karagdagang gawain para sa pagbasa.

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakasusulat ng isang maikling kuwento na may kumpletong sangkap tulad ng tauhan, tagpuan, at angkop na wakas.

**Kasanayan sa Pagsulat**

**A. Balik-aral/Pagtalakay**

Ano-ano ang mga sangkap ng isang kuwento?
Ano ang tawag natin sa tao o hayop na kumikilos o gumagalaw sa kuwento?
Ano naman ang tawag natin sa lugar na pinangyarihan ng kuwento at panahon kung kelan nangyari ang kuwento?
Ano naman ang tawag sa mga nangyari o naganap sa kuwento?
Paano ang wastong pagsulat ng isang maikling kuwento?

**B. Paglalahat**

Ano-ano ang sangkap o elemento ng kuwento? Paano ang wastong pagsulat ng kuwento? Basahin ang Tandaan sa LM.

**C. Pagsasanay sa Pagsulat**

Sumulat ng isang maikling kuwento na may tagpuan, tauhan, mahahalagang pangyayari at angkop na wakas.

## 5 Ikalimang Araw

**A. Pagtataya**

I. Isulat sa sagutang papel ang sagot sa mga tanong**.**

1. Ano ang tawag sa tao o hayop na kumikilos o gumagalaw sa kuwento? __________
2. Ano naman ang tawag sa lugar na pinangyarihan ng kuwento at panahon kung kelan nangyari ang kuwento?__________________________
3. Ano naman ang tawag sa mga nangyari o naganap sa kuwento? ____________________

II. Sumulat ng maaaring wakas o katapusan ng bawat sitwasyon.

4. Naglalakad si Raymar sa salas.Hindi niya napansin na basa ang sahig. ___________________
5. Kinuha ni Tony ang kaniyang tuwalya. Dala rin niya ang kaniyang shampoo at sabon. _____
6. Pangarap ni Rita na makakuha ng matataas nan marka. Nag-aaral at ginagawa niya palagi ang kaniyang takdang aralin._________
7. Sinasabihan si EJ ng kaniyang nanay na magsipilyo palagi pagkatapos kumain. Paminsan-minsan lamang niya nagagawa ito. _______

8-10. Magdikta ng 3 pangungusap at isulat ng mga bata nang wasto.

# 26 IKADALAWAMPU'T ANIM NA LINGGO

# Pag-iwas sa Di-kanais-nais na Gawain

## I. Panlingguhang Layunin:

*Wikang Binibigkas*:Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase.
Nakapakikinig at naisasalaysay muli ang napakinggang kuwento, alamat at iba pa na binabanggit ang tauhan, tagpuan at mahahalagang pangyayari sa sariling pananalita na naayon sa kaasalan ng sariling kultura.

*Pagkilala ng mga Salita*: Nakababasa ng may pag-unawa ng mga talata, kuwento, alamat at iba pa na naglalaman ng mga salitang pinag-aaralan.
Nababasa nang pasalita ang mga tekstong naaayon sa ikalawang baitang.

*Pagsulat* : Nakasusulat ng maikling kuwento na may tauhan,tagpuan at pangyayari.

*Pagbuo:* Nakapagbubuo ng isang kuwento, o patalastas na gumagamit ng wastong mga salita.

*Pag-unlad sa Talasalitaan*: Nakababasa nang pasalita ng mga kuwento at tekstong ekspositori na sariling likha.

*Pag-unawa sa Binasa*: Napaghahambing ang iba't ibang pamamaraan ng pagsulat/paggamit ng elemento o sangkap ng maikling kuwento ng mga manunulat.
Nakababasa at nakasasagot ng mga tanong na tungkol sa pag-unawa sa binasa na tuwiran at di-tuwirang makikita sa teksto tulad ng sino, ano, kailan, saan, bakit at paano.

*Kaasalan ukol sa Wika at Panitikan*: Naipakikita ang pagmamahal sa pagbasa sa pamamagitan ng matamang pakikinig at pagbibigay ng reaksiyon o komento pagkatapos marinig ang kuwento.
Nakapagpapakita ng pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong.
Natutukoy ang tiyak na impormasyon sa teksto na sumasagot sa mga ibinigay na mga tanong.

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa**

Talakayan ng pangkat o klase.
Muling pagsasalaysay ng napakinggang kuwento, alamat at iba pa na binabanggit ang tauhan, tagpuan at mahahalagang pangyayari sa sariling pananalita na naayon sa kaasalan ng sariling kultura.
Pagsulat ng maikling kuwento na may tauhan,tagpuan at pangyayari.
Pagbuo ng isang kuwento, o patalastas na gumagamit ng wastong mga salita.
Pagbasa nang pasalita ng mga kuwento at tekstong ekspositori na sariling likha.
Paghahambing ng iba't ibang pamamaraan ng pagsulat/paggamit ng elemento o sangkap ng maikling kuwento ng mga manunulat.
Pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong.
Tiyak na impormasyon sa teksto na sumasagot sa mga ibinigay na mga tanong.
Pag-unawa sa binasa na tuwiran at di-tuwirang makikita sa teksto tulad ng sino, ano, kailan, saan, bakit at paano.
Reaksiyon o komento pagkatapos marinig ang kuwento.

**B. Batayan/Sanggunian:**

Kuwento: "Lalong Nawalan"
"Ang Alamat ng Saging"
" Ang Gantimpala"
" Ang Pamilyang Nagkakaisa"

**C. Mga Kagamitan**

**manila paper**, mga larawan, **word map**

**III. Gawain sa Pagkatuto**

***1*** **Unang Araw**

**Layunin:** Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase.
Pag-unawa sa binasa na tuwiran at di-tuwirang makikita sa teksto tulad ng sino, ano, kailan, saan, bakit at paano.

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**

Ipabigkas ang tugma sa LM.

**B. Pagganyak**

Itanong kung tungkol saan ang tugma at pag-uasapan ang detalyeng nakapaloob dito.Hayaang magbigay ng kanilang kuro-kuro tungkol sa tugma.

**C.** **Paglalahad**

Ipabasa ang buod ng isang kuwento sa LM.

**D.** **Pagtalakay**

Sino ang tauhan sa kuwento? (Si Tagpi)
Kailan naganap ang pangyayari sa kuwento?(Isang umaga)
Saan naganap ang pangyayari sa kuwento?( sa palengke, sa tulay sa ibabaw ng sapa)
Ano ang kinuha ni Tagpi sa palengke? (karne)
Ano ang nakita niya sa sapa? (isang asong may tangay ding karne) Bakit siya kumahol sa aso sa sapa? (sa kagustuhang mapasakaniya ang karne)
Bakit siya lalong nawalan?(Nalaglag sa sapa ang karne niya)
Paano niya napagtanto na siya at ang aso sa sapa ay iisa? (Pagpatak sa tubig na karne, nawala na rin ang aso sa sapa.)
Ano-ano ang mga salitang pananong (**question words**) na ginamit upang matukoy ang detalye ng kuwento?

**E.** **Paglalahat**

Ano-ano ang mga salitang pananong (**question words**) na ginamit upang matukoy ang detalye ng kuwento? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F.** **Paglalapat**

Ipagawa ang Gawain 1 sa LM

**G.** **Kasanayang Gawain**

Ipabasa ang “Alamat ng Saging sa LM pasagutan ang mga tanong sa LM.

## *2* Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase.
Nakapakikinig at naisasalaysay muli ang napakinggang kuwento, alamat at iba pa na binabanggit ang tauhan, tagpuan at mahahalagang pangyayari sa sariling pananalita na naayon sa kaasalan ng sariling kultura.
Napaghahambing ang iba’t ibang pamamaraan ng pagsulat/paggamit ng elemento o sangkap ng maikling kuwento ng mga manunulat.
Nakababasa at nakasasagot ng mga tanong na tungkol sa pag-unawa sa binasa na tuwiran at di-tuwirang makikita sa teksto tulad ng sino, ano, kailan, saan, bakit at paano.
Naipakikita ang pagmamahal sa pagbasa sa pamamagitan ng matamang pakikinig at pagbibigay ng reaksiyon o komento pagkatapos marinig ang kuwento.
Nakapagpapakita ng pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong.

Natutukoy ang tiyak na impormasyon sa teksto na sumasagot sa mga ibinigay na mga tanong.

**Istratehiya: Read Aloud, Interactive Reading**

**A. Gawain Bago Bumasa**

1. **Paghahawan ng balakid**
   Basahin ang mga salita at mga pangungusap na nagbibigay ng kahulugan sa mga ito sa LM.
2. **Pagganyak**
   Sino sa inyo ang may alagang aso? Ano ang masasabi ninyo sa ugali ng inyong aso?
   Tumawag ng ilang mga bata upang magbahagi ng kanilang sagot.
3. **Pangganyak na Tanong**
   Bakit kaya ito ang pamagat ng kuwento? Bakit lalong nawalan si Tagpi?

**B. Gawain Habang Nagbabasa**

1. Basahin ang kuwento nang tuloy-tuloy.
2. Basahin muli nang may paghinto at interaksyon ang kuwento.

**Lalong Nawalan**

*Halaw mula sa Pabula ni Esopo*

*Hinalaw ni Babylen Arit-Soner*

- *Sino ang matakaw na aso?*
- *Ano kaya ang kaniyang gagawin sa palengke?*

Si Tagpi ay isang matakaw na aso. Pinakikialaman niya ang lahat ng pagkain na kaniyang nakikita. Isang umaga, nakaramdam siya ng gutom. Pumunta siya sa palengke upang tumingin kung ano ang puwede niyang kainin. “Aba! May isang tumpok ng karne sa mesang iyon. Hindi nakatingin ang tindero kaya puwede ko siyang kunin”, ang sabi niya sa sarili. At mabilis ngang tinalon ni Tagpi ang karne sa ibabaw ng mesa. Dali-dali niya itong kinagat at mabilis na tumakbo habang galit na galit naman na hinabol siya ng tindero.

- Sa pagdaan ni Tagpi sa may sapa, ano ang nakita niya?
- Ano ang kaniyang ginawa?
- Ano ang nangyari sa karne na kaniyang tangay?

Sa pagtakbo ni Tagpi ay napadaan siya sa isang tulay na nasa ibabaw ng isang sapa. Napatingin siya sa tubig. “Aba! At mayroong isang aso na meron ding tangay na karne,” naisip niya. “Mabuti pa ay takutin ko siya upang ibigay din niya sa akin ang kaniyang karne,” ang naghahangad pang dagdag niya. Malakas na kahol ang kaniyang ginawa upang takutin ang aso na nasa tubig ng sapa. Sa kaniyang pagkahol, nalaglag sa tubig ang karne na kaniyang tangay. Paglaglag nito sa tubig, nawala din ang asong may tangay ng karne. Noon niya napagtanto na ang asong may tangay na karne sa tubig at siya ay iisa. Nagsisi si Tagpi sapagkat lalo siyang nawalan ng pagkain.

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

**1. Pagsagot sa pangganyak na tanong**

Balikan ang mga tanong at pasagutan sa mga bata.

**D. Ugnayang Gawain**

Ipagawa ang pangkatang gawain.

a. **Pangkat I: Katangian Ko, Tukuyin Mo!**
   Gumawa ng *word map* ng katangian ni Tagpi.
b. **Pangkat II: Ikuwento Mo!**
   Pag-usapan ng pangkat ang tauhan, tagpuan, at ang mga pangyayari sa kuwento. Hati-hatiin ang mga pangyayari sa kuwento at muli itong ikuwento sa harap ng klase.
c. **Pangkat III:Iarte Mo!**
   Isadula ang bahaging ito ng kuwento.

Sa pagtakbo ni Tagpi ay napadaan siya sa isang tulay na nasa ibabaw ng isang sapa. Napatingin siya sa tubig. “Aba! At mayroong isang aso na meron ding tangay na karne,” naisip niya. “Mabuti pa ay takutin ko siya upang ibigay din niya sa akin ang kaniyang karne,” ang naghahangad pang dagdag niya. Malakas na kahol ang kaniyang ginawa upang takutin ang aso na nasa tubig ng sapa. Sa kaniyang pagkahol, nalaglag sa tubig ang karne na kaniyang tangay.

**E. Paglinang sa Kasanayan**

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento? Ano-ano ang kaniyang katangian? Tingnan ang pag-uulat ng Pangkat I
2. Saan naganap ang kuwento? Kailan ito nangyari? Ano-ano ang mahahalagang pangyayari sa kuwento? Pakinggan ang Pangkat II.
3. Ano ang ginawa ni Tagpi nang makakita siya ng isang aso sa tubig ng sapa?
   Ano ang nangyari sa tangay niyang karne? Maganda ba ang kaniyang ginawa?
   Ano ang napagtanto niya? Panoorin ang pagsasadula ng Pangkat III.

**F. Paglalahat**

Paano ninyo naunawaan ang kuwento? Ipabasa ang Tandaan.

> **Tandaan**
> Nauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong, at pagsagot sa mga tanong na ang sagot ay tuwiran at di-tuwirang matatagpuan sa kuwento.

## *3* Ikatlong Araw

**A. Paglalahad**

**1. Pangkatang Gawain**

Pangkatin ang mga bata sa dalawa. Ipakuha ang LM sa mga bata.Ipabasa ang Kuwento A sa Pangkat I at Kuwento B sa Pangkat II na mababasa sa LM, pahina 191-192. Pasagutan ang Gawain 2 sa LM sa bawat pangkat. Ipalagay ito sa **manila paper**.Magkakaroon ng pag-uulat ang bawat grupo ukol sa kanilang ginawa.

**B. Pagtalakay**

Paghambingin ang mga tauhan sa dalawang kuwento.
Sa Kuwento A, sino ang tauhan?
Sa Kuwento B, sino-sino ang mga tauhan?
(Isulat ang sagot sa talahanayan)

| **PAGHAHAMBING SA TAUHAN** | |
|---|---|
| *KUWENTO A* | *KUWENTO B* |
| Tagpi | Mang Indo, Aling Tonya, Boboy, Lila |
| Hayop | Tao |

Magkapareho ba ang ginamit na tauhan sa dalawang kuwento?

Sa Kuwento A, anong uring tauhan ang ginamit ng sumulat ng kuwento?

Sa Kuwento B, anong uring tauhan ang ginamit ng sumulat ng kuwento?

**C. Paglalahat**

Ano-anong uri ng tauhan ang ginagamit ng mga manunulat sa pagbuo ng kuwento? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**D. Paglalapat**

Kumuha ng dalawang kuwento sa ibang aklat. Ipahambing ang uri ng mga tauhan na ginamit sa kuwento.

**E. Kasanayang Gawain**

Magpabasa ng iba pang kuwento at ipatukoy ang ginamit na uri ng tauhan ng manunulat. Ipahambing ito sa iba pang binasang kuwento.

## *4* Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakasusulat ng maikling kuwento na may tauhan,tagpuan at pangyayari.

Nakapagbubuo ng isang kuwento, o patalastas na gumagamit ng wastong mga salita.

Nakababasa nang pasalita ng mga kuwento na sariling likha.

**A. Balik-aral/Pagganyak/Paglalahad**

Balikan ang kuwento " Lalong Nawalan"

**B. Pagtalakay**

Sino ang tauhan na gumaganap o kumikilos sa kuwento?

Saan at kelan nangyari o naganap ang mga pangyayari sa kuwento?

Ano-ano ang mahahalagang pangyayari sa kuwento?

**C. Paglalahat**

Ano-ano ang elemento ng maikling kuwento? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**D. Pagsasanay sa pagsulat at pagbasa**

Ipagawa ang Gawain 3 sa LM.

## 5 Ikalimang Araw

**A. Pagtataya**

Basahin at unawain ang kuwento.

**Ang Gantimpala**

Rejulios M. Villenes

Isang araw, nagpunta sa bukid si Mang Tino. Habang naglalakad, nakita siya ng isang matandang babae na nakaupo sa tabing-daan. Nanghingi ng tubig ang babae kay Mang Tino. Binigyan siya ni Mang Tino ng tubig. Walang ano-ano, biglang nagbago ang anyo ng babae. Isa pala itong engkantada. "Tunay na mabuti ang iyong kalooban, bilang ganti bibigyan kita ng isang gantimpala." At binigyan ng engkantada si Mang Tino ng isang barang ginto.Tuwang-tuwang nagpasalamat si Mang Tino sa engkantada.

Isulat sa sagutang papel ang sagot sa mga tanong.

1. Sino ang tauhan sa kuwento?
2. Saan naganap ang kuwento?
3. Kailan ito nangyari?
4. Ano ang nakita ni Mang Tino?
5. Ano ang hiningi ng babae kay Mang Tino?
6. Ano ang babae?
7. Bakit binigyan ng gantimpala ng engkantada si Mang Tino?
8. Paano ginantihan ng engkantada ang kabutihan ni Mang Tino?
9. Anong katangian mayroon si Mang Tino?
10. Anong uri ng tauhan ang ginamit ng manunulat?

# 27 IKADALAWAMPU'T PITONG LINGGO
## Pagtanggap at Pagpapaabot ng Mensahe

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas*: Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase
Nakikinig at nakapagkukuwentong muli ng napakinggang kuwento at iba pa gamit ang mga salitang angkop sa sariling kultura
Nakikilahok at nakapagsisimula ng isang pag-uusap, pakikipagtalastasan sa kasing-edad o nakatatanda tungkol sa di pangkaraniwang paksa sa pamamagitan ng pagtatanong, muling pagpapahayag, at pagkalap ng impormasyon

*Pagkilala ng mga Salita*: Nakababasa ng mga salitang para sa ikalawang baitang

*Tatas*:Nakababasa ng mga kuwento, talata at iba pa na may pag-unawa at kahusayan

*Pagbaybay:*Nagagamit ang kaalaman sa pagbabaybay sa pagsulat ng mga salitang gamitin na para sa ikalawang baitang

*Kaalaman sa Gramatika*: Natutukoy ang mga angkop na magagalang na pananalita na ginagamit sa kaukulang sitwasyon na naaayon sa sariling kultura (hal. Pakikipag-usap satelepono)

*Pag-unawa sa Binasa*: Naipakikita ang pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagsasadula, pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong

*Pagpapahalaga*: Maging magalang sa pakikipag-usap sa telepono.

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa**

Talakayan ng pangkat o klase
Pagkukuwentong muli ng napakinggang kuwento at iba pa gamit ang mgasalitang angkop sa sariling kultura
Pakikilahok at pagsisimula ng isang pag-uusap, pakikipagtalastasan sa kasing-edad o nakatatanda tungkol sa di pangkaraniwang paksa sa pamamagitan ng pagtatanong, muling pagpapahayag, at pagkalap ng impormasyon
Mga salitang para sa ikalawang baitang
Pagbasa sa kuwento, talata at iba pa na may pag-unawa at kahusayan
Kaalaman sa pagbabaybay sa pagsulat ng mga salitang gamitin na para sa ikalawang baiting

Mga angkop na magagalang na pananalita na ginagamit sa kaukulang sitwasyonna naaayon sa sariling kultura (hal. Pakikipag-usap sa telepono)
Pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagsasadula, pagsagot sa literal at mas mataas na antas natanong

**B. Batayan/Sanggunian:**
Kuwento: Mensahe sa Telepono
*Ni Grace U. Salvatus*

**C. Mga Kagamitan**
larawan, teleponong lata

## III. Gawain sa Pagkatuto

## *1* Unang Araw

**Layunin:** Nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase
Natutukoy ang mga angkop na magagalang na pananalita na ginagamit sa kaukulang sitwasyon na naaayon sa sariling kultura (hal. Pakikipag-usap satelepono)

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**
Tumawag ng ilang bata upang isagawa ang isang pag-uusap sa telepono sa LM.

**B. Pagganyak**
Anong uri ng komunikasyon ang inyong isinagawa?Sino-sino sa inyo ang mayroong telepono? Kung meron, paano kayo nakikipag-uasap sa telepono? Kung wala, paano dapat kayo makikipag-usap sa telepono?

**C**. **Paglalahad at Pagtalakay**
Gamit ang pag-uusap sa telepono sa panimulang gawain, aano sinagot ni Zaza ang kausap sa telepono na si Gng. Reyes? Paano ang ginawang pamamaalam sa kausap?
Ano-ano pa ang magagalang na pananalita ang ginamit sa pag-uusap?

**D. Paglalahat**
Ano-ano ang magagalang na pananalita sa pakikipag-usap sa telepono? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**E. Paglalapat**
Ipagawa ang "**Pair-Share**".Pahanapin ng kapareha ang bawat bata. Ang bawat pareha ay magkunwaring magkausap sa telepono. Gamitin ang mga natutunang magagalang na pananalita sa pakikipag-usap sa telepono.

F. **Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Pasagutan ang Gawain 1 sa LM.
2. **Malayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.

G. **Pagtatasa**

Kumuha ng kapareha at bumuo ng usapan sa telepono gamit ang sumusunod na magagalang na pananalita.

- Magandang umaga sa iyo.
- Kumusta ka?
- Maraming salamat
- Ipagpaumanhin mo.
- Maari ko po ba siyang makausap?

## 2 Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakapagkukuwentong muli ng napakinggang kuwento at iba pa gamit ang mga salitang angkop sa sariling kultura

Nakikilahok at nakapagsisimula ng isang pag-uusap, pakikipagtalastasan sa kasing-edad o nakatatanda tungkol sa di pangkaraniwang paksa sa pamamagitan ng pagtatanong, muling pagpapahayag, at pagkalap ng impormasyon

Naipakikita ang pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagsasadula, pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong

A. **Gawain Bago Bumasa**

1. **Paghahawan ng balakid**




***grocery store***

Ang mga may-ari ng mga maliliit na tindahan o ‘sari-sari store’ ay bumibili ng kanilang mga paninda sa <u>*grocery store*</u>.

Pag-aatag:

Magkakaroon ng paglilinis sa buong barangay. Ang <u>pag-aatag</u> na ito ay para mapanatili ang kalinisan ng barangay.

Mensahe:
Nag-iwan ng *mensahe* si G. Reyes kay Zaza. Ibinilin niya na sasabihan niya ang kaniyang magulang na makiisa sa gagawing pag-aatag sa barangay.

2. **Pagganyak**
   Ano ang mensahe?
   Naranasan na ba ninyong magpaabot ng mensahe sa inyong magulang? Kung oo, paano ninyo ito ipinaabot? Kung hindi pa, paano naman ninyo dapat ipaabot?
   Hayaang ipahayag ng mga bata ang kanilang sagot.

3. **Pangganyak na Tanong**
   Alamin ninyo kung sino ang tumawag at kung sino ang nakasagot sa tawag. Alamin din ninyo kung ano ang mensaheng gustong ipaabot ng tumawag.


**B. Gawain Habang Nagbabasa**

Basahin ang kuwento at diyalogo nang tuloy-tuloy na may tamang paghahati at paghinto sa LM.

Ipabasa ang kuwento sa mga bata nang tuloy-tuloy, may tamang
damdamin, ekspresyon, paghahati ng mga salita, at tamang paghinto.

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa Pangganyak na Tanong**
   Balikan ang mga tanong bago basahin ang kuwento. Sino ang tumawag? Sino ang nakasagot sa tawag? Ano ang mensaheng gustong ipaabot ng tumawag?
   Hayaang ibahagi ng mga bata ang kanilang sagot sa mga tanong.
2. **Ugnayang Gawain**
   Ipagawa ang pangkatang gawain.
   a. **Pangkat I: Halika, Usap Tayo!**
      Gamit ang latang telepono, gawin ang diyalogo sa pag-uusap nina Zaza at Gng. Reyes. Gawin ito sa harap sa kl



   b. **Pangkat II: Patalastas…**
      Gumawa ng isang patalastas tungkol sa "Oplan Atag". Gamitin ang pormat na nasa ibaba at iulat ito sa klase.

| **PATALASTAS!** | |
|---|---|
| *Ano:* | ____________________ |
| *Sino:* | ____________________ |
| *Kailan:* | ____________________ |
| *Saan:* | ____________________ |

Pumili ng gaganap na Zaza, tatay, at nanay sa inyong pangkat. Magdula-dulaan kung paano sasabihin ni Zaza ang mensahe ni Gng. Reyes sa kaniyang magulang.

**d. Pangkat IV: Talas ng Isip, Gamitin Mo!**
Magkaroon ng **brainstorming** ang pangkat.
Gamitin ang kaalaman sa elemento ng kuwento - mga tauhan, tagpuan, at pangyayari. Isalaysay muli ang kuwento gamit ang sariling pananalita sa harap ng klase.

**3**. **Pagtalakay**

a. Sino ang tumawag? Sino ang nakasagot sa tawag? Ano ang kanilang naging pag-uusap? Panoorin at pakinggan ang diyalogo ng Pangkat I.

b. Anong gawain ang dadaluhan ng tatay at nanay ni Zaza?
Sino-sino ang iniimbitahan sa gawaing ito? Kailan ito magaganap?
Saan ito gaganapin? Bukod sa pagtawag, ano pa ang maaaring gawin ni G. Reyes upang maipaabot ang kaniyang mensahe?
Malalaman ang mga sagot sa pag-uulat ng Pangkat II
.

c. Kung ikaw si Zaza, paano mo ito sasabihin sa iyong nanay at tatay?
Panoorin at pakinggan ang dula-dulaan ng Pangkat III.

d. Paano ninyo isasalaysay muli ang kuwento gamit ang sariling pananalita? Anong kaalaman ang inyong gagamitin?
Pakinggan ang pag-uulat ng Pangkat IV.

e. Bilang mga mag-aaral, paano kayo makatutulong sa kalinisan ng inyong barangay?

**D. Paglalahat**

Paano ninyo naunawaan ang kuwento? Ipabasa ang Tandaan.

> **Tandaan**
>
> Nauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pagsagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong at pagsasadula nito.

## *3* Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakababasa ng mga salitang para sa ikalawang baitang
Nakababasa ng mga kuwento, talata at iba pa na may pag-unawa at kahusayan
Nagagamit ang kaalaman sa pagbabaybay sa pagsulat ng mga salitang gamitin na para sa ikalawang baitang

**Kasanayan sa Pagbasa**

**A. Paglalahad**

Ipakuha ang LM, pahina 199 at ipabasa ang mga salitang angkop sa ikalawang baitang at ang mga magagalang na pananalita sa pagsagot sa telepono na ginamit sa aralin. Gamitin ang kaalaman sa pagbabaybay.

**B. Pagtalakay at Paglalahad**

Paano ninyo binasa ang mga salita at pangungusap?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**C. Paglalapat**

Idikta ang mga salitang ito sa mga bata.

1. diyalogo
2. barangay
3. kalinisan
4. kagamitan
5. napangiti

**D. Pagsasanay sa Pagbasa**

A. Basahin ang mga pangungusap:

1. Nagsasagawa ng diyalogo ang mga tauhan ng gobyerno.

2. Maraming dumalo sa kaarawan ng aking kaibigan.
3. Pupunta kami sa barangay ng aking mga magulang.
4. Nagulat ang mga tao sa pagdating ng mga sundalo at tangke.
5. Nararapat na maging magalang sa pakikipag-usap kaninuman.

B. Basahin ang kuwento ng buong klase, pangkatan, dalawahan at isahan.

**Ang Malikot na si Buboy Bubuyog**

*Babylen Arit-Soner*

Si Buboy ay isang batang bubuyog. Hilig niya ang magpagala-gala at magpaikot-ikot. Lagi na lang siyang pinagsasabihan ng kanyang ina na wag siyang masyadong maglilikot at lalayo sa kanilang munting tahanan. “Buboy, wag kang lalayo sa ating bahay at baka makita ka ng mga bata at ikaw ay saktan.” “Opo, nanay,” ang mabigat sa loob na sagot ni Buboy.

Isang araw, umalis ang kaniyang ina. “Hay, nakakainip naman dito sa bahay. Parang ang sarap maglibang at mamasyal,” ang sabi niya sa sarili. “Hindi naman malalaman ni Inay na lumabas ako ng bahay,” wika pa niya. At lumabas nga siya ng kanilang bahay. Lumipad siya ng lumipad habang wiling-wili sa mga halaman at bulaklak na kanyang nakikita. Hindi niya napansin na nakarating na pala siya sa isang parke kung saan maraming mga batang naglalaro at nagtatakbuhan.

Buzzzzzzz…buzzzzzzzz…buzzzzz….ang maingay na lipad ni Buboy. Dapo dito, dapo doon, lipad dito, lipad doon ang ginawa niya. Hindi niya napansin ang mga batang sumusunod sa kaniya na may hawak na pamalo at lambat.

## 4 Ikaapat na Araw

**Kasanayan sa Pagsulat**

**A. Paglalahad**

Ipabasa muli ang mga magagalang na pananalita.
Ipapansin kung paano isinulat ang mga ito.

**B. Pagtalakay/Paglalahat**

Paano isinulat ang mga pangungusap? Ipabasa ang Tandaan sa LM, pahina 200.

**C. Paglalapat**

Ipagawa ang Gawain 3 sa LM.

**D. Pagsasanay sa Pagsulat**

Magbigay ng karagdagang gawain sa pagsulat upang mahasa ang kanilang kakayahan sa paggamit ng pamantayan sa pagsulat.

## *5* Ikalimang Araw

**A. Pagtataya**

Basahin at unawain ang kuwento.
Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

Nagkasakit si Elmer kaya hindi siya nakapasok sa kanilang klase. Tinawagan niya ang kaniyang kaibigan upang alamin kung ano ang kanilang napag-aralan at kung sila ay may takdang gawain. Si Aling Edna ang nakasagot sa telepono. “Magandang hapon po, Aling Edna.Maaaari po bang makausap si Norman?” ang sabi nito. “Magandang hapon din naman. Sandali lamang at tatawagin ko si Norman,” sagot nito sa kaniya. Sinabihan siya ni Norman na nagbalik-aral lamang sila sa kanilang aralin at ibinigay sa kaniya kung ano ang kanilang takdang gawain.

1. Sino ang hindi nakapasok sa klase?
   a. si Aling Edna  b. si Elmer  c. si Norman
2. Bakit hindi siya nakapasok?
   a. Nagkasakit siya.  c. Tinamad siyang pumasok.
   b. Naglaro siya.
3. Sino ang tumawag sa telepono?
   a. si Elmer  b. si Norman  c. si Aling Edna
4. Bakit tumawag si Elmer kay Norman?
   a. Para alamin ang kanilang napag-aralan.
   b. Para alamin ang kanilang takdang gawain.
   c. Parehong sagot sa a at b.
5. Paano siya nakipag-usap kay Aling Edna?
   a. Hinanap niya agad si Norman.
   b. Nakipag-usap siya nang magalang.
   c. Binabaan niya ng telepono si Aling Edna.

Piliin ang wastong gawi sa sumusunod na sitwasyon.

6. Tumunog ang inyong telepono. Paano mo ito sasagutin?
   a. Magandang araw. Sino ka?
   b. Magandang araw po. Sino po sila?

c. Magandang araw. Bakit ka tumawag?

7. Hinahanap ng tumawag sa telepono ang iyong tatay, subalit wala siya. Ano ang iyong sasabihin?
   a. Wala si tatay. Ibababa ko na ang telepono.
   b. Wala si tatay. Tumawag ka na lamang ulit mamaya.
   c. Wala po si tatay. Sasabihin kop o sa kaniya ang inyong pagtawag.
8. Nagpasalamat sa iyo ang iyong kausap sa telepono. Ano ang iyong isasagot?
   a. Wala pong anuman. c. Walang anuman.
   b. Mabuti naman

9-10. Magdikta ng 2 pangungusap na ginagamitan ng mga salitang angkop sa baitang.

# Kuwarter 4

## Ako at ang Aking Pamayanan

# 28

### IKADALAWAMPU'T WALONG LINGGO

## Paghihiwalay ng Basura

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas*:Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klasetungkol sa napakinggang teksto

Nakagagamit ng mga salita na angkop sa ikalawang baitang sa pagpapahayag ng pagsang-ayon at hindi pagsang-ayon sa kuwento, mga pangyayari, isyu at iba pa

*Pagkilala ng mga Salita*: Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang binasa

*Katatasan:*Nakababasa ng mga salita sa unang kita nang may kahusayan

Nababaybay nang tama ang mga mas mataas na antas ng mga salitasa unang kita na angkop sa ikalawang baitang

*Pagkatha/Pagsulat:* Nakasusulat ng maikling kuwento na may tagpuan, mga tauhan at mahahalagang pangyayari

*Kamalayan sa Gramatika*: Nakagagamit ng ekspresyon na angkop sa sarilingkultura sa pagpapakita ng lokasyon

*Pag-unlad sa Talasalitaan*:Nakagagamit ng kaalamanat kakayahan sa pagbasangmga gamiting salita/ bokabularyo sa pagbasa

*Pag-unawa sa Binasa:*Nakapaghihinuha sakung ano angmaaaring maganap sa susunodna pangyayari sa kuwento, alamat, at iba pa

Natutukoy kung alin ang simula, gitna at wakas ng binasang teksto o seleksiyon
Natutukoy ang impormasyon sa kuwento na sumasagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong

*Saloobin hinggil sa panitikan*:Naipamamalas ang kawilihan sa pagbasa ng kuwento at iba pang mga teksto sa pamamagitan ng pag-browse, pagbasa ng mga aklat at pagbasa ng marami pang kuwento at teksto

*Pagpapahalaga:* Pangangalaga sa kapaligiran

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa:**

Pakikipagtalastasan tungkol sa napakinggang kuwento.
Pagpapahayag ng pagsang-ayon at di pagsang-ayon sa kuwento,mga pangyayari,isyu at iba pa
Panghalip na panturo (dito,doon, diyan)
Kahulugan ng mga salitang binasa
Elemento ng kuwento
Paghihinuha, pagtukoy sa simula,gitna at huling bahagi ng kuwento

**B. Batayan/Sanggunian:**

K-12 Curriculum Guide Grade 2
Kuwento: **“** Saludo Ako sa Iyo, Mang Kanor **”**
Akda ni Nida C. Santos

C. **Mga Kagamitan**

**Kuwento “** Saludo Ako sa Iyo, Mang Kanor **”**
*“***prediction chart***”,* tunay na bagay, kuwento, larawan, rap

**III .Gawain sa Pagkatuto**

***1*** **Unang Araw**

**Layunin:** Nakagagamit ng ekspresyon na angkop sa sariling kultura sa pagpapakita ng lokasyon(dito,diyan, doon)

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**

**Ipabigkas ang “Rap”**

Tapon dito.
Tapon diyan.
Basura,Basura
Dapat ay doon.

Doon,doon itapon !
Sa tamang tapunan.
Halika, halika doon mo itapon.

**B. Pagganyak**

**Itanong sa mga bata.**

Ano ang naramdaman ninyo habang binibigkas ang Rap?
Ano ang ipinapaalala sa atin ng Rap na ito?
Paano kayo tutugon sa ipinapaalala ng Rap na ating binigkas?
Saan ninyo itatapon ang mga basura? Pakinggan ang usapan ng mag-amang Ador at Mang kanor kung saan sila dapat magtapon ng basura.

**C. Paglalahad/Pagmomodelo**

Tumawag ng bata na aakto sa usapan ng mag-ama na nasa LM.Ipabasa ang mga pangungusap mula sa usapan at ang mga salitang may salungguhit.

**D. Pagtalakay**

Ano- ano ang mga salitang may salungguhit?
(dito, diyan, doon)
Ano ang salitang panturo ng lokasyon ang ginamit sa unang pangungusap?
Bakit ang salitang dito ang ginamit ni Ador?
Kailan ginagamit ang salitang dito?
Sino ang nagsabi na hindi dapat diyan itapon ang basura?
Bakit salitang diyan ang ginamit ni Mang Kanor?
Kailan ginagamit ang salitang diyan?
Bakit salitang doon ang ginamit sa pangatlong pangungusap?
Ano ang gamit ng mga salitang may salungguhit?

**E.Paglalahat**

Ano-ano ang mga panghalip na panturo?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Gamitin sa sariling pangungusap ang dito, diyan, at doon.
Ipasulat ito sa isang buong papel at ipabasa pagkatapos.

**G. Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang Pagsasanay**

Basahin ang diyalogo sa Gawain 1 na nasa LM at punan ng dito, diyan o doon ang bawat patlang.

**2. Malayang Pagsasanay**

Humanap ng kapareha at gumawa ng usapan gamit ang dito,diyan at doon

**H.Pagtatasa**

Basahin ang mga sumusunod na pangungusap. Lagyan ng dito, diyan, o doon ang bawat pangungusap upang mabuo ang kaisipan.

1. _____ako sa Lungsod lumaki ngunit ikaw ay ____ sa lalawigan lumaki.
2. Huwag kang aalis_____ at babalikan kita.Pupunta lamang ako ____ sa likod- bahay.

3.Aba, _____ palatayo magkikita.Hindi ko akalaing pupunta ka rito.

4.Sige, iwan mo ______ sa mesa ang naiwang bag at sasabihin ko kay Dexter na _______ niya kunin.

5. Iyong malaking gusaling iyon ang pianakamataas na gusali sa bayang ito._______ nakatira ang aming Mayor.

## 2 Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakababasa ng mga salita sa unang kitanang may kahusayan **(automaticity** )

Nababaybay nang tama ang mga mataas na antas ng mga salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang.

Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa napakinggang teksto.

Nakagagamit ng mga salita na angkop sa ikalawang baitang sa pagpapahayag ng pagsang-ayon at hindi pagsang-ayon sa kuwento, mga pangyayari, isyu at iba pa.

Nakagagamit ng kaalamanat kakayahan sa pagbasa ng mga gamiting salita/ bokabularyo sa pagbasa

Nakapaghihinuha sakung ano angmaaaring maganap sa susunodna mga pangyayari sa kuwento, alamat, at iba pa

Natutukoy kung alin ang simula, gitna at wakas ng binasang teksto o seleksiyon

Natutukoy ang impormasyon sa kuwento na sumasagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong


**Istratehiya : Read by teacher (Read Aloud), (Read with the teacher(Shared Reading)**

**A. Gawain Bago Bumasa**

**1. Paghahawan ng balakid**

a. *Plastik*-sa pamamagitan ng tunay na bagay

b. *Karatula*- Ang <u>karatula</u> ay nagtataglay ng patalastas para sa publiko.






c. *Mayor*- sa pamamagitan ng larawan
d. *huwaran*- sa pamamagitan ng pangungusap
Sumusunod si Mang Kanor sa batas kaya tinawag siyang isang huwaran.
e. *batas*- sa pamamagitan ng pangungusap
Ang <u>batas</u> ay kautusan na dapat sundin.

2. **Pagganyak**
Sino sa inyong lugar ang maituturing mong huwaran? Bakit siya tinawag na isang huwaran? Ano ang kanyang ginawa?
3. **Pangganyak na Tanong**
Bago ipabasa ang kuwento hulaan ang sagot sa tanong sa **prediction chart**.

| Tanong | Hulang Sagot | Tunay na Nangyari |
|---|---|---|
| Ano ang nakasulat sa karatula? Paano ipinakita ni Mang Kanor ang pagiging matapat niya sa bayan? | | |

**B. Gawain Habang Nagbabasa**

1. Pagbasa ng kuwento ng tuloy-tuloy
Basahin ang kuwento sa LM.

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

1. **Pagsagot sa pangganyak na tanong**
*Sabihin*: Pagkatapos nating mabasa ang kuwento, alamin kung tama ba ang inyong hulang sagot? Maari na ninyong sagutan ang ikatlong hanay sa ating *prediction chart.*

| **Tanong** | **Hulang Sagot** | **Tunay na Nangyari** |
|---|---|---|
| Ano ang nakasulat sa karatula? Paano ipinakita ni Mang Nardo ang pagiging matapat niya sa bayan? | | |

**Pagsagot sa mga tanong:**

1. Kailan nangyari ang kuwento?
2. Ano ang nakasulat sa karatula?
3. Ano ang mangyayari kapag ikinalat ng aso ang basura?
4. Paano ipinakita ni Mang Kanor ang pagiging matapat sa bayan?
5. Tama ba ang kaniyang ginawa?Bakit?
6. Paano ipinakita ni Mang Kanor ang paggalang sa Mayor ?
7. Kung ikaw si Ador, sasaludo ka rin ba sa iyong tatay.

**2. Ugnayang Gawain**

Ipagawa ang pangkatang gawain

a. **Pangkat I: Iguhit at Ipakilala Mo!**
   Iguhit sa loob ng kahon ang mag-ama sa kuwento.
b. **Pangkat II:Tingnan Mo at Paghiwalayin!**
   Alamin ang laman ng malaking plastic bag at paghiwa-hiwalayin.Ilagay sa tamang tapunan. Isulat sa kuwaderno ang sagot at ipaliwanag sa klase kung bakit doon dapat ilagay ang isang basura.




c. **Pangkat III: Isadula Mo at Sumaludo!**
   Muling balikan ang huling bahagi ng kuwento na kung saan ay naroroon si Mayor at isadula ito.
d. **Pangkat IV: Isipin ang tama at Isigaw Mo!**
   Basahin ang mga pangyayari sa kuwento.
   Sagutin ang kasunod na tanong.
   1. Dapat bang tularan si Mang Kanor?
   2. Bakit dapat tularan si Mang Kanor
   3. Ano ang kahalagahan ng tamang pagtatapon ng basura.

**3. Paglinang sa Kasanayan**

a**.** Ano ang nakapaskil sa pader?
   Alamin natin ang sagot sa Pangkat I
   Saan pa kadalasang nakikita ang mga karatula?
   Sino ang mag-ama sa kuwento?
   Ano ang dala ni Mang Kanor?
   Saan sila pupunta?

Ano ang itinanong ni Ador sa kanyang tatay?
Saan nagtapon ng basura sina Mang Kanor at Ador?

b. Saan dapat itapon ang mga basura?
Alamin natin mula sa pangkat II kung saan dapat itapon ang mga basura na nasa plastic ni Mang Kanor?
Ano - ano ang itatapon sa nabubulok na basurahan?
Ano-ano ang itatapon sa di nabubulok na basurahan?
Ano-ano ang maaaring irecycle na basura.

**c.** Sino ang nakakita sa mag-ama habang nagtatapon sila ng basura?
Paano ipinakita ni Mang Kanor ang paggalang kay Mayor?
Ano ang sinabi ni Mayor kay Mang Kanor?
Bakit sinabihan ni Mayor si Mang Kanor na huwaran?
Panoorin natin ang Pangkat III.
Paano ipinakita ni Mang Kanor na siya ay huwaran?
Kung ikaw si Mang Kanor, tutularan mo ba ang ginawa niyang paggalangkay Mayor.

d. Dapat bang tularan si Mang Kanor?Bakit?
Ano ang kahalagahan ng tamang pagtatapon ng basura?Ano ang maaaring mangyari kung ang mga tao ay tapon ng tapon ng basura kung saan saan.
Pakinggan natin ang Pangkat IV

**4. Paglalahat**

Paano ninyo mauunawaan ang nilalaman ng kuwento?

**Tandaan:**
Mauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong at pagbibigay ng detalye tungkol dito.Ang pagbibigay ng hinuha,komento o reaksyon ang magbibigay kahulugansa binasa.

## 3 Ikatlong Araw

**Layunin:** Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang binasa
Natutukoy ang impormasyon sa kuwento na sumasagot sa literal at mas mataas na antas na mga tanong
Naipamamalas ang kawilihan sa pagbasa ng kuwento at iba pang mga teksto sa pamamagitan ng pag-browse, pagbasa ng mga aklat at pagbasa ng marami pang kuwento at teksto

**Kasanayan sa Pagbasa**

A. **Pagganyak**
Maglaro ng unahan sa pagbasa ng mga salita sa plaskard.(Ihanda ng guro ang plaskard ng mga salita mula sa Talasalitaan I-II .

B. **Paglalahad**
Ipabasa ang mga salita na nakasulat sa sa LM.

C. **Pagtalakay/Paglalahat**
Itanong kung paano nila binasa ang mga salita?
Ipabasa ang tandaan sa LM.

D. **Paglalapat**
1. Ipabasa ang mga salita sa unang kita ng buong klase, pangkatan, magkapareha at isahan na nakasulat sa **chart.**

E. **Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang Pagbasa**
Ipabasa ang kuwento tungkol sa isang batang babae na ang pamagat ay "Ang Munting Prinsesa" Gawain 2 sa LM .

**2. Malayang Pagsasanay**
Ipabasa ang mga pangungusap sa Gawain 3- A at B sa LM.

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Natutukoy kung alin ang simula, gitna at wakas ng binasang teksto o seleksiyon
Nakasusulat ng maikling kuwento na may tagpuan, mga tauhan at mahahalagang pangyayari

**Kasanayan sa Pagsulat**

A. **Balik-aral/Pagganyak**
Muling balikan ang kuwento tungkol sa "Munting Prinsesa".
Ipakuha ang LM at ipagawa ang Gawain 4.

B. **Paglalahad**
Ipakita ang larawan ni Lally, ang lugar kung saan nagyari ang kuwento at ang ilang larawan ng pangyayari.





Sino ang pangunahing tauhan?
Saan naganap ang pangyayari?
Ano ang unang nangyari sa kuwento?
Ano ang nangyari sa kalagitnaan ng kuwento?
Ano ang naging wakas o huling pangyayari sa kuwento?
Muling ilahad ang tamang pagsulat ng kuwento.

Ipasulat sa kumpletong pangungusap ang sagot ng mga bata sa pisara.Buuin ang kuwento at sundin ang pamantayan sa pagsulat.

**C. Pagtalakay/Paglalahat**
Paano sumusulat ng isang maikling kuwento?

Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**D. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsulat**
   Pasulatin ang mag-aaral ng kuwento sa Gawain5, na nasa LM.
2. **Malayang Pagsulat**
   Sumulat ng maikling kuwento tungkol sa iyong masayang karanasan kasama ang iyong pamilya o kaibigan.

## *5* Ikalimang Araw:

**A. Pagtataya**

Ipabasa ang maikling kuwento at sagutin ang mga tanong.(Ihanda ng guro ang chart para dito.)

**Ang Batang Batangueño**
*Akda ni Marites P. Espelita*

Si Jedrique ay kaibigan ko. Jed ang tawag ko sa kanya. Siya ay taga- Batangas . Kasama ko siya sa paglalaro.Tuwing umaga, libangan na ni Jed ang magpunta sa tabing dagat at magtampisaw sa tubig.Tumatakbo rin siya sa buhanginan kasama ang kanyang alagang aso.

Sa tanghali, natutulog naman si Jed katabi ang kanyang aso.Pagkagising ni Jed ay kumakain naman siya ng paborito niyang

**Tandaan:**
**Ang bawat salita ay binabasa**

lumpiyang gulay. Pagdating ng hapon naglilinis na si Jed ng kanyang sarili.

_____1. Sino ang kaibigan ng nagsasalaysay?
a. Jose c. Matthew
b. Raxle d. Jedrique

_____2. Taga- saan ang kaibigan ng nagsasalaysay?
a. taga- Laguna c. taga- Rizal
b. taga- Batangas d.taga- Cavite

_____3. Ano ang libangan ng kaibigan ng nagsasalaysay, bukod sa pagkuha ng kabibe?
a. pagkukuwento c. paglalangoy
b. panonood ng TV d. pagtakbo sa tabing dagat

Isulat sa patlang ang hinihinging pangyayari sa kuwento tungkol kay Jed.
1. Unang Pangyayari 2.Gitnang Pangyayari 3. Huling Pangyayari

**B. Pantulong na Gawain**

Isulat ang tatlong elemento o sangkap ng isang kuwento.

1. ____________ 2. ___________ 3. ______________

**C. Pagpapayamang Gawain**

Sumulat ng isang kuwento tungkol sa karanasan o hilig gawin ng iyong kaibigan.Isaalang-alang ang mga elemento ng kuwento.

# 29 IKADALAWAMPU'T SIYAM NA LINGGO

## Komunikasyon (Telepono)

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas*: Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa napakinggang teksto
Nakagagamit ng mga salita na angkop sa ikalawang baitang sa pagpapaliwanag o pagbibigay ng dahilan sa mga isyu, mga pangyayari, mga artikulo , balita at iba pa.
Pagkilala ng mga Salita: Nakababasa nang hindi bababa sa 200 - 300 salita na angkop sa ikalawang baiting

*Katatasan:*Nakababasa ng tekstong angkop sa ikalawang baitang nang malakas at may katumpakang 95-100%

*Pagbaybay*: Nababaybay nang tama ang mga salita na maykambal-katinigoklaster
Nakasusunod sa halimbawa sa pagsulat ng isang liham pangkaibigan

*Pagkatha/Pagsulat*: Nakagbubuo ng isang kuwento, advertisement atbp gamit ang angkop na mga salita at teksto.

*Pag-unlad sa Talasalitaan:*Nagagamit ang kahulugan ng mga salita sa pasulat at patugonsasimpleatkumplikadongteksto

*Kamalayan sa Gramatika*: Nakagagamit ng magagalang na salita na angkop sa sariling kultura tulad ngpakikipag-usap sa telepono

*Pag-unawa sa Binasa*: Nahihinuha kung ano ang damdamin ng tauhan bataysa ipinakitang pagkilos osakung ano angsinasabinila.
Natutukoy ang suliranin at nakapagbibigay ng angkop na solusyon sa binasa o napakinggang teksto ,sanaysay, mga pangyayari, komento,at iba pa.
Naibibigay angwastong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa binasa.
Naipakikita ang pagmamahal sa gawaing pagbabasa sa pamamagitan nang mabuting pakikinig,pagbibigay ng komento o reaksiyon sa kuwentong napakinggan

*Pagpapahalaga*:Pagtitipid sa tubig/ Paggalang sa kausap at sa nakatatanda/Pagiging masipag.

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa:**

Pakikipagtalastasan tungkol sa napakinggang kuwento
Salitang angkop sa ikalawang baitang
Pagbasa nang hindi bababa sa 200 - 300 salita na angkop sa ikalawang baitang
Pagbaybay ng salitang kambal-katinigoklaster.
Pagbuo ng isang kuwento, gamit ang angkop na mga salita at teksto
Kahulugan ng mga salita
Magagalang na salita
Salitang kambal-katinig o klaster
Paghihinuha kung ano ang damdamin ng tauhan
Pagbibigay ng solusyon
Pagsusunod-sunod ng pangyayari
Pagbibigay ng reaksiyon at komento

**B. Batayan/Sanggunian:**

K-12 Curriculum Guide Grade 2
Kuwento "Dyaryo, Dyaryo! **"**
Akda ni Nida C. Santos

**C. Mga Kagamitan**

Kuwento **"** Dyaryo, Dyaryo!**",** Word Map

**III. Gawain sa Pagkatuto**

***1*** **Unang Araw**

**Layunin :** Nakagagamit ng magagalang na salita na angkop sa sariling kultura tulad ng pakikipag-usap sa telepono

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**

Magpakita ng Puppet na batang lalaki na nakikipag-usap sa telepono.
Ipaawit.( sa Tono na Hello, hello, hello)

Hello , hello, hello
Sino po sila?
Magandang umaga po.
Ang bati sa inyo.
Salamat po 2x
Sa tawag po ninyo
Paalam na po 2x
Paalam sa inyo.

**B. Pagganyak**

Itanong kung  narinig na nila ang mga salita na binigkas sa awit. Pag-usapan kung ginagamit nila ito sa pakikipag-usap sa telepono .

**C.  Paglalahad/Pagmomodelo**

Ipabasa ang diyalogo sa LM.

**D.  Pagtalakay**

Itanong kung paano ang tamang pakikipag-usap sa telepono at pag-usapan ang mga magagalang na salita na ginagamit.
Sino ang tumawag sa telepono?
Sino ang tinawagan?
Bakit hindi nakausap ng tumawag ang tinawagan?
Anong katangian ng sumagot ang ipinakita sa pamamagitan ng kanyang pakikipag-usap?
Kailangan bang maging magalang sa pakikipag-usap sa telepono?Bakit?
Dapat bang tularan si Primo sa kanyang pakikipag-usap sa telepono?
Bakit mo tutularan si Primo?

**E. Paglalahat**

Paano ang tamang pagtawag at pagsagot sa telepono.
Basahin ang Tandaan  na nasa LM.

**F. Paglalapat**

Ipasadula ang usapan sa telepono  Gawain 1,na nasa LM

**G. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Isa-isahin ang  mga paraan ng tamang pagtawag at pagsagot sa telepono.
2. **Malayang Pagsasanay**
   Sumulat sa isang buong papel  ng isang usapan  sa pakikipag-usap sa telepono gamit ang mga magagalang na pananalita.

**H. Pagtatasa**

A. Piliin ang letra ng tamang sagot sa bawat sitwasyon.

1. Tumunog ang inyong telepono. Ano ang dapat mong gawin?
   - a. Damputin ito at sagutin kaagad.
   - b. Hayaan na lng ito na tumutunog.
   - c.. Lumayo at huwag nang pansinin

2. Tumunog ang telepono at sinagot mo ito.
   Boses ng isang matandang babae ang narinig mo.
   Ano ang sasabihin mo?
   a. Bakit kayo tumatawag?
   b. Magandang umaga po? Sino po sila?
   c. Di ko kayo kilala.

B. Punan ang patlang ng magagalang na salita.( 8Puntos)
Isang umaga, tumawag ang iyong guro para sa mahalagang impormasyon.

K-r-r-r-ring! K-r-r-r-ring!

| | |
|---|---|
| Tricia: | Hello___. |
| Guro : | Hello. Maaari ko bang makausap si Trcia? |
| Tricia : | ________.Si Tricia __ ito. Sino po sila? |
| Guro: | Si Bb. Lopez ito? |
| Tricia: | ______________, Bb. Lopez .Ano po ang maipaglilingkod ko? |
| Guro: | Magandang umaga naman.Tumawag ako upang ipaalam na walang pasok ang buong klase bukas dahil may pagpupulong na dadaluhan ang guro. |
| Tricia: | Ganun po .________________. |
| Guro: | Walang anuman. Sige paalam na Tricia? |
| Tricia: | _____________. |

## *2* Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa napakinggang teksto
Nakagagamit ng mga salita na angkop sa ikalawang baitang sa pagpapaliwanag o pagbibigay ng dahilan sa mga isyu, mga pangyayari, mga artikulo , balita at iba pa
Nakababasa nang hindi bababa sa 200 - 300 salita na angkop sa ikalawang baitang
Nakababasa ng tekstong angkop sa ikalawang baitang nangmalakasat may katumpakang 95-100%

**Istratehiya**: **Read by the teacher (Read Aloud), Read with the teacher (Shared Reading)**

**A. Gawain Bago Bumasa**

**1. Paghahawan ng balakid**

*1.1 dyaryo*- sa pamamagitan ng tunay na bagay

Naglalaman ng mga balita o pangyayari sa araw-araw ang dyaryo.

*2.2 anunsiyo-* sa pamamagitan ng pangungusap

Ang anunsiyo ay balita na nais ipabatid sa laha ng mambabasa ng dyaryo at nakikinig sa radyo.

*2.3 namangha-* sa pamamagitan ng pagsasakilos


*2.4 troso-* sa pamamagitan ng pangungusap

Dinala ng malaking baha ang mga troso pababa ng bundok.

**2. Pagganyak**

Itanong kungsino sa kanila ang mga nagbabasa ng dyaryo , kung ano ang kahalagahan ng pagbabasa ng dyaryo,at kung bakit maraming nagbabasa ng dyaryo.

Kapag narinig ninyo ang salitang dyaryo ,ano ang salitang maiuugnay ninyo dito?




**3. Pangganyak na Tanong**

Ipabasa ang kuwento tungkol sa dyaryo. Pagmasdan ninyo ang larawang ito? Ano ang nais ninyong malaman sa kuwentong inyong babasahin?

**B. Gawain Habang Nagbabasa**

1. Pagbibigay ng pamantayan sa pagbasa ng kuwento
2. Pagbasa ng mga bata sa kuwento ng tuloy-tuloy na nasa LM.

3. Pagbasa ng kuwento na may paghinto at pasagutan ang mga tanong.
   Ano ang pamagat ng kuwento?
   Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
   Ano ang ginagawa ni Primo tuwing umaga?
   Ano ang napansin ni Primo sa mga tao?
   Bakit abala ang mga tao sa pagbabasa ng dyaryo?
   Ano ang anusiyo sa dyaryo?
   Sa inyong palagay, dapat ba na maghanda ang tao kapag may ganitong anunsiyo?
   Ano ang gagawin mong paghahanda kung ikaw mismo ang nakabasa ng ganitong anunsiyo?

Bakit kailangan na paghandaan ang ganitong uri ng anunsiyo?
Ano ang masasabi mo kay Primo?
Kung ikaw si Primo ,tutularan mo ba siya sa kanyang pagiging masipag?

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**


1. **Pagsagot sa pagganyak na tanong.**

    Sino ang batang nagtitinda ng dyaryo?
    Ano ang binabasa ng mga tao?
    Bakit ang lahat ng tao ay nagbabasa ng dyaryo?


2. **Ugnayang Gawain**

    Ipagawa ang pangkatang gawain.

    a. **Pangkat I : Ipakilala Mo!**
    Gamit ang sagutang papel, alamin kung sino-sino ang tauhan sa kuwento. Isulat ang mga pangalan sa papel at iguhit sa bilog kung ano ang kanilang nadarama matapos mabasa ang balita.



    b. **Pangkat II : Sagutin Mo!**
    Isulat sa bilog ang anunsiyo o balita na nasa dyaryo. Isulat naman sa parihaba ang paghahanda na gagawin mo sa naisulat mong anunsiyo. Gawin ito sa Manila Paper.



c. **Pangkat III : Iayos at Ipakita Mo!**
Iayos ng pangkat ang tamang pagkakasunod- sunod ng mga pangyayari sakuwento.Gawin ito sa papel. Lagyan ng bilang 1-5 at pagkatapos ay ipakita ang pangyayari sa pamamagitan ng pag-arte.

_____ Binasa ni Primo ang balita sa dyaryo.
_____ Maagang nagtinda ng dyaryo si Primo.
_____ Bumili ng dyaryo ang mga kapitbahay ni Primo.
_____ Naghanda na ang mag-anak ni Primo para sa anunsiyo.
_____ Sinabi ni Primo sa magulang ang maaaring mangyari.

d. **Pangkat IV : Basahin at Ipaliwanag Mo!**
Basahin ang artikulo at ipaliwanag kung ano ang nilalaman nito

**KAPENG BARAKO**

Barako kung tawagin ang kapeng Batangueno. Sikat na kape na kinasasabikan. Sa amoy pa lamang ay mag-aasam ka, na ito ay matikman. Mabango, katakam-takam at sa init na taglay buong katawan ay pinupukaw. Maging bata man at matanda ang kapeng barako ay di nalilimutan.Pinagkakakitaan ito ng Batangueno.

**3. Paglinang sa Kasanayan**

a. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
Ano ang masasabi mo tungkol kay Primo? Bakit?
Sino-sino pa ang mga nabanggit na tauhan?
Ano sa inyong palagay ang damdamin ng bawat isa matapos mabasa ang balita sa dyaryo?
Pakinggan ang pag-uulat ng PangkatI.

b. Bakit abalang-abala ang mga tao sa pagbabasa ng dyaryo?
Ano ang nakasulat sa balita na ikinababahala at pinangangambahan ng mga tao?
Ano-ano sa inyong palagay ang dapat gawing paghahanda ng mga tao tungkol sa balita sa dyaryo?
Tingnan natin kung ano-ano ang gagawing paghahanda ng Pangkat II.

c. Paano nalaman ng mga tao at ng magulang ng ating pangunahing tauhan ang ang balita sa dyaryo?
   Alamin natin mula sa pangkat III ang tamang pagkakasunod-sunod ng pangyayari.
   Ano ang kabutihang naidudulot ng pagbabasa?
   Paano nakatutulong ba sa atin ang pagbabasa ng mga babasahin tulad ng balita sa dyaryo, artikulo at iba pa?
   Pakinggan natin ang babasahing artikulo ng ikaapat na pangkat at ang kanilang pagpapaliwanag tungkol dito.
   May kaalaman ba tayong narinig sa ulat ng Pangkat IV?

**4. Paglalahat**

Ano ang dapat nating gawin upang magkaroon tayo ng Kaalaman tungkol sa iba't ibang impormasyon?
Tandaan sa LM, sa pahina .

**Tandaan:**
Makatutulong ang pagbabasa ng mga babasahin
tulad ng balita sa dyaryo, artikulo at
iba pa sa pag-alam ng mga impormasyon.

**5. Pagtatasa**

Ipamahagi sa mga bata ang artikulo at ginupit na balita mula sa dyaryo.Ipabasa at hayaang ipaliwanag nila ang nilalaman nito.

## 3 Ikatlong Araw

**Layunin:** Nababaybay nang tama ang mga salita na may kambal-katinigo klaster

**Kasanayan sa Pagbasa**

A. **Pagganyak**

Pasagutan ang bugtong
Pahulaan ang sagot sa bawat bugtong.
**"Magbugtungan Tayo at Hulaan Mo"**

Kapag bukas,tubig ay tumutulo
Kapag sara, daloy ay humihinto

Gamit sa pagkukulay
Pula,berde, lila,rosas, at dilaw.

Tumbang preso ang laro
Gamit sa paa ang pambato

Araw-araw binabasa ng tao
Upang malaman,balitang bago.

**B. Paglalahad/Pagmomodelo**

Ipabasa ang sagot sa bugtong.(gripo, krayola,tsinelas,dyaryo)
Ipabasa ang mga salitang ngalan ng tao na may dalawang magkasunod na katinig.
Tumawag ng isang bata na bibigkas ng bawat pangalan.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Primo | Brix | Gloria | Tricia |
| Placido | Troy | Trinidad | Brando |

**C. Pagtalakay**

Ano ang napupuna ninyo sa mga may salungguhit na letra sa bawat salita?
Ang may salungguhit na salita ay parehong katinig.
Anong tunog ang naririnig ninyo sa unahan ng bawat salita?
Ang naririnig natin ay tunog ng dalawang letrang katinig.
Ilang letra ang bumubuo ng bawat tunog?
Dalawang letra ang bumubuo ng bawat tunog na kung tawagin ay kambal katinig o klaster.
Paano bigkasin ang bawat tunog?
Binibigkas ito nang isahang daloy o mabilis.

**D. Paglalahat**

Itanong kung ano ang tawag sa salitang may dalawang magkasunod na
katinig na binibigkas ng mabilis o isahang daloy?Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**E. Paglalapat**

A. Itanong kung ang pangalan nila ay may magkasunod rin na parehong katinig.
Kung meron isulat ang mga pangalan sa pisara at ipabasa.

B. Isulat sa patlang ang tamang kambal katinig upang mabuo ang bawat salita.
Piliin sa panaklong ang sagot at ipabasa ng maramihan, pangkatan at isahan.(Ihanda ng guro sa **Manila Paper**.)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. som__ __ero | ( br, pl, tr ) | 2. __ __ antsa | ( pl, pr, bl ) |
| 3. __ __ ipo | ( br, pl, gr ) | 4.__ __utas | ( pr, ts, sw ) |
| 5. __ __ ase | ( pr, kr, kl ) | 6.__ __ opa | (tr, bl, kl ) |
| 7. __ __ insesa | ( pr, tr, bl ) | 8.__ __ iko | ( br, ts, tr ) |
| 9. __ __ ayola | ( fr, kl, kr ) | 10.__ __ama | (kl, dr, gl ) |

**F. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagbasa**
   Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.

2. **Malayang Pagbasa**
   Sumulat ng mga salitang ngalan ng tao, bagay at lugar na may dalawang magkasunod na katinig at basahin ito.

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakasusunod sa halimbawa sa pagsulat ng isang liham pangkaibigan
Nakagbubuo ng isang kuwento, **advertisement** atbp gamit ang angkop na mgasalita at teksto.

**Kasanayan sa Pagsulat**

**A. Pagganyak**

Itanong sa mga bata kung paano nila kukumustahin at padadalhan ng mensahe ang kaibigan na malayo sa kanila na walang telepono o cellphone. Itanong kung may karanasan na sila sa pagsulat ng Liham Pangkaibigan, kung may napadalhan at natanggap na sila na liham pangkaibigan.

**B. Paglalahad**

Tingnan ang liham pangkaibigan na natanggap ni Resmin mula kay Raquel na nasa LM.

**C. Pagtalakay**

Magtanong tungkol sa nilalaman ng liham.

Ano ang binabasa ng nanay?
Sino ang sinulatan?
Ano ang nilalaman ng liham?
Ano- ano ang mahalagang impormasyon na binabanggit sa liham?
Anong uri ito ng liham pangkaibigan?

**D. Paglalahat**

Anong uri ng liham ang inyong binasa?
Paano ito isinusulat?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**E. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsulat**
   Ipagawa ang Gawain 3 na nasa LM.

2. **Malayang Pagsulat**

Sumulat ng isang kuwento na nais mong ibalita sa iyong matalik na kaibigan.
Isulat ito bilang bahagi ng iyong liham pangkaibigan.
Sundan ang balangkas.

## 5 Ikalimang Araw

**A. Pagtataya**

Basahin ang bawat pangungusap.
Ikahon ang mga salitang may kambal katinig o klaster.

1. Tsuper si Mang Bruno.
2. May mga torso sa plasa.
3. Ang dyanitor ay nagbabasa ng dyaryo.
4. Magkaibigan sina Charo at Sharon.
5. Nawawala ang tsinelas ni Flora.
6. Pinalitan ni Clara ng bagong alambre ang sampayan.
7. Pinahiram ni Troy ang krayola kay Ana.
8. Maganda ang blusa ni Prinsesa Mikay.
9. Si Mang Brando ang gumagawa ng sirang gripo.
10. Sino sa klase ang walang dalang pluma?

Humanap ng kapareha at gumawa ng usapan sa telepono.Iparinig ito sa klase.

**B. Pantulong na gawain**

Basahin atpiliin ang salitang klaster sa bawat hanay.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| klase | kumot | pluma | bago | prinsesa | kasoy |
| Brenda | troso | plasa | palaruaan | blusa | braso |

**C. Pagpapayamang Gawain**

Sumulat sa inyong kuwaderno ng isang usapan sa telepono gamit angmga magagalang na salita.

# 30 IKATATLUMPONG LINGGO
## Kahoy Bilang Panggatong

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas*:Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa napakinggang teksto
Nakagagamit ng mga salita na angkop sa ikalawang baitang sa pagsasadula at paglalarawan ng pagkaunawa sa isang teksto

*Pagkilala ng mga Salita*:Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang binasa

*Katatasan:*Nakababasa ng mgakuwento, alamat, mga artikulo, balitaat iba panang wasto at may kahusayan

*Pagbaybay:*Nababaybay nang tama ang mga salita na may diptonggo

*Pagkatha/Pagsulat* :Nakasusunod sa halimbawa sa pagsulat ng isang liham pangkaibigan na liham pasasalamat
Nakasusulat ng Liham Pasasalamat na tama ang pormat

*Kamalayan sa Gramatika*:Natutukoy ang mga salitang diptonggo
Nakagagamit ng mga pautos na salita sa pagbibigay 3-6 na simplengpanuto o hakbang na angkop sasariling kultura

*Pag-unlad sa Talasalitaan*:Naipaliliwanag ang karaniwang kahuluganatkasalungat ng salita

*Pag-unawa sa Binasa:*Nakapaghihinuha kung ano angmaaring maganap sa susunodna mga pangyayari sa kuwento, alamat, atbp.
Nakapaghahambing kung paano ginamit ng mga may akda ang mga pampanitikang elemento
Naipakikita ang pag-unawa sa mga tekstong inpormasyunal
Nakasasagot sa mga literal at mataas na antas na mga tanong
Naipakikita ang pagmamahal sa gawaing pagbabasa sa pamamagitan nang mabuting pakikinig,pagbibigay ng komento o reaksiyon sa kuwentong napakinggan

*Pagpapahalaga*:Pagtitipid,Pagpapahalaga sa Pagkain

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa**

Pakikipagtalastasan
Paggamit ng mga salita na angkop sa ikalawang baitang sa Pagsasadula at paglalarawan ng pagkaunawa sa isang teksto

Kahulugan ng mga salitang binasa
Salitang diptonggo.
Pagbasa ng mga kuwento, alamat, artikulo, balita atbp.
Pagsulat ng isang liham pangkaibigan,liham pasasalamatkahulugan at kasalungat ng salita
Pautos na salita sa pagbibigay ng simpleng panuto o hakbang na angkop sa sariling kultura
Paghihinuha ,Paghahambing ,Pagpapakita ng pag-unawa sa mga tekstong inpormasyunal
Pagsagot sa mga literal at mataas na antas na mga tanong

**B. Batayan/Sanggunian:**
K-12 Curriculum Guide Grade 2
Alamat ng Palay
Isinakuwento ni Nida C. Santos

**C. Mga Kagamitan**
**Alamat** "Alamat ng Palay"
larawan ngpalay, batang pawisan, Tula

## II. Gawain sa Pagkatuto

## *1* Unang Araw

**Layunin:** Nakagagamit ng mga pautos na salita sa pagbibigay 3-6 na simpleng panuto o hakbang na angkop sa sariling kultura

**Kasanayan sa Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**

Ipabigkas ang tula

**Palay**

*ni Nida C. Santos*

Butil ng palay
Ginto sa buhay
Kulay na dilaw
Sa bahay ay ilaw

Palay na giniling
Bigas na ang turing
Kapag isinaing
Masarap kainin

**B. Pagganyak**

Itanong kung tungkol saan ang tula.
Paano inilarawan ang palay sa tula?
Ano ang tawag sa bigas kapag ito ay giniling?
Ano ang mangyayari kapag ang bigas ay isinaing?
Ano ang kahalagahan ng palay sa ating buhay?

**C. Paglalahad/Pagmomodelo**

Dahil mahalaga ang bigas sa atin, mahalaga na malaman natin kung paano ito lulutuin.
Kung ang bilang ng kakain ay 3-4 na tao, nararapat lamang na gumamit ng katamtamang laki ng kaldero. Basahin at sundin ang mga sumusunod na panuto.
Ipabasa ang panuto para sa paraan ng pagluluto ng bigas sa LM.

**D.Pagtalakay**

Paano tayo makapagluluto ng maayos na sinaing?
Mahalaga ang pagsunod sa panuto upang maging maayos angating gagawin.
Ano –ano ang mga slitang pautos na ginamit?

**E.Paglalahat**

Paano tayo susunod sa panuto?
Ano ang tawag sa mga salita na ginagamit sa pagbibigay ng 3-6 na simpleng panuto?
Ano-ano ang halimbawa ng salitang pautos?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F.Paglalapat**

Basahin at sundin ang mga panuto .

1. Kumuha ng isang buong papel.
2. Isulat ang buong pangalan sa kaliwang bahagi.
3. Isulat ang pangalan ng guro sa kaliwang bahagi.
4. Gumuhit ng isang malaking bilog sa gitna ng papel.
5. Isulat sa loob ng bilog ang iyong palayaw

**G.Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.
2. **Malayang Pagsasanay**
   Sumulat ng 3-6 na simpleng panuto o hakbang kung paano umawit pambansang awit.

**H. Pagtatasa**

Isulatang angkop na salitang pautos upang mabuo ang simpleng panuto o hakbang sa pagpiprito ng isda.

**Paraan ng Pagpiprito ng Isda**

1. ___________at hugasan ang isda.
2.___________ ang bituka at hasang ng isda.
3. Hugasan itong muli at _________ ng katamtamang dami ng asin.
4. ________ sa kawaling may mainit ng mantika.
5.__________ kung ito ay luto na.

## 2 Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa napakinggang teksto

Nakapaghihinuha kung ano angmaaring maganap sa susunodna mga pangyayari sa alamat

Nakagagamit ng mga salita na angkop sa ikalawang baitang sa pagsasadula at paglalarawan ng pagkaunawa sa teksto

Naipakikita ang pag-unawa sa mga tekstong inpormasyunal

Nakasasagot sa mga literal at mataas na antas na mga tanong

**Istratehiya**: **Read by the teacher (Read Aloud)**

**A. Gawain Bago Bumasa**

**1.Paghahawan ng balakid**

1.1. *butil-* sa pamamagitan ng larawan at pangungusap
Ito ang butil ng palay na dapat ay ipagiling upang maging bigas..

1.2. *gumulong-* sa pamamagitan ng kilos

1.3. *pinaghahampas-* sa pamamagitan ng kilos

1.4. *nagkadurog-durog-* sa pamamagitan ng pangungusap

Napailaliman ang tinapay na paborita kaya ito ay nagkadurog-durog.

2.5. *pawis-* sa pamamagitan ng larawan

**2. Pagganyak**

Ano ang pagkaing di makakalimutan sa hapag kainan tuwing almusal, tanghalian at hapunan? Ang sarap nito ay katakam – takam lalo na kung masarap ang ulam? Saan nagmula ang kanin o ang bigas na ating niluluto?

**3. Pagganyak na tanong**

Ano ang nais ninyong malaman tungkol sa kanin o bigas?

Saan nagmula ang bigas na niluluto para maging kanin?

Paano nagkaroon ng bigas na isinasaing?

**B. Gawain Habang Nagbabasa**

Basahinang kuwento nang tuloy-tuloysa LM at ipabasa ito sa mga bata nang may paghintoat pagtatanong.

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

**1. Pagsagot sa pagganyak na tanong**

Pasagutan ang pagganyak na tanong.

Saan nagmula ang bigas na iniluluto upang maging kanin?

Ang bigas ay nagmula sa palay.
Noong una ,hinihintay lamang ito ng mga tao na dumating sa kanilang bahay.

Pagsagot sa mga tanong :

1.Ano ang pamagat ng alamat?
2.Paano nagkakaroon ng palay ang mga tao noong una?
3.Sino ang nagpagawa ng malaking bahay?
4. Bakit magpapagawa ng malaking bahay si Tandang Olay?
5. Ano ang nangyari nang magdatingan ang mga malalaking butil ng palay?
6. Ano ang ginawa ni Tandang Olay sa mga gumugulong na butil ng palay?
7. Ano ang naging kapalit ng ginawa ni Tandang Olay?

**2. Ugnayang Gawain**

Ipagawa ang pangkatang gawain.

a. **Pangkat I: Halina Umarte tayo!**
Isadula ang mga pangyayari sa Alamat.
Ipakita ang inyong galing sa pag-arte.

b. **Pangkat II : Halina, Umawit tayo!**
Awitin ang awit na “Magtanim ay Di Biro.” Saliwan ito ng angkop na galaw.

c. **Pangkat III : Halina, Gumuhit tayo!**
Iguhit kung paano lumaki at lumago ang palay kapag itinanim na sa lupa.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

d. **Pangkat IV: Halina, Mamasyal Tayo sa Bukid!**

Pagmasdan ang larawan ng isang bukirin.
Paano mo ito ilalarawan?



**3. Paglinang sa Kasanayan**

a. Paano nabubuhay ang mga tao noong una?
Ano ang hinihintay nila sa kanilang mga bahay?
Sino si Tandang Olay?
Ano ang nangyari sa mga tao dahil sa ginawa ni Tandang Olay?
Dapat bang tularan si Tandang Olay?Ano ang gagawin mo upang di ka maging katulad ni Tandang Olay?
Ating panoorin ang pagsasadula ng Pangkat I.
Nabanggit sa Alamat na ang mga palay ay di na muling gugulong sa kanya- kanyang mga bahay at magpapatulo muna ng pawis ang mga tao bago makapag-ani ng palay.

b. Ngayon ay sabayan natin sa pag-awit at paggalaw ang Pangkat II sa awit na “Magtanim ay Di Biro.
Bakit sinasabi na kailangan munang tumulo ng pawis bago mag-ani ng palay?Paanoitinatanim ang palay sa bukid?

c. Paano lumaki at lumago ang palay?
Tingnan natin ang pagkakasunod-sunod ng mga larawang iginuhit?
Tingnan natin ang iginuhit ng Pangkat III.

d. Saan karaniwang makikita ang palayan?
Paano mo ilalarawan ang bukid na iyong napagmasdan.
Bukod sa palay ,ano pa ang mga nakatanim sa bukid?
Ano ang naramdaman ninyo matapos ninyong makita ang larawan? Bakit?

**4. Paglalahat**

Paano ninyo mauunawaan ang isang alamat?

**Tandaan**:
Mauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong at pagbibigay ng detalye.Ang pagbibigay ng hinuha,komento o reaksyon ,pagsasadula at paglalarawan ay makatutulong sa pagbibigay ng kahulugan sa binasa.

## *3* Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakababasa ngalamat na may mga salitang diptonggo.

**Kasanayan sa Pagbasa**

**A. Pagganyak**

Natatandaan pa ba ninyo ang " Alamat ng Palay" ?
Ano ang butil na gumugulong?
Ano ang kulay ng butil na ito?
Saan patungo ang paggulong ng butil na ito?
Ano ang ginamit na panghampas ni Tandang Olay?
Ano ang ginawa ni Tandang Olay na naging dahilan ng hindi na paggulong ng palay sa bahay ng mga tao?
Kung hindi pinaghahampas ni Tandang Olay ang mga palay, ano ang maaaring mangyari?

**B. Paglalahad**

1. Ipabasa nang malakas ang Alamat sa mga bata na nasa LM
2. Ipabasa ang mga pangungusap mula sa Alamat na nasa LM.
3. Ipabasa ang mga salitang may salungguhit.

**C.Pagtalakay**

Ano ang napapansin ninyo sa mga may salungguhit na letra sa bawat salita? Ilan ang letra na may salungguhit.
Ano ang tawag sa mga letra na may salungguhit?
Paano ang wastong bigkas ng mga salitang may tunog na diptonggo?
*ay, aw, oy*

**D. Paglalahat**

Ano ang tawag sa mga salitang nagtatapos sa ay, ey, iy, oy, uy, at aw, iw, ew, ow, uw?
Paano binibigkas o binabasa ang mga salitang diptonggo?Ipabasa ang Tandaan na nasa LM.

**E. Paglalapat**

Ipagawa ang Gawain 2 sa LM (Oral)

**F. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay:**
   Ipabasa/ Ipabigkas ang tula na nasa panimulang gawain.
2. **Malayang Pagsasanay**
   Pasagutan ang Gawain 3 sa LM.

**G. Pagtatasa**

Basahin ang mga salita. Isulat ang <u>tama</u> kung may wastong baybay at <u>mali</u> kung ito ay di wasto.

_____ 1.tatay            ______ 6. bagay
_____ 2. dilay           ______ 7. sisiw
_____ 3. kalabow         ______ 8. aliw
______4. kahoy           ______ _9. kasoy
______5.boghaw           _______10.tulay

## *4* Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakasusunod sa halimbawa sa pagsulat ng isang liham pangkaibigan na liham pasasalamat
Nakasusulat ng Liham Pasasalamat na tama ang pormat

**Kasanayan sa Pagsulat**

**A. Balik-aral**

Natatandaan pa ba ninyo ang liham paanyaya ni Raquel kay Resmin.
Ano ang nilalaman ng liham ni Raquel?

**B. Pagganyak**

Ano ang ginagawa mo kapag lubha kang nasiyahan sa ginawa ng iyong kaibigan?
Paano tayo magpapasalamat kung malayo sa atin ang ating pasasalamatan?

**C. Paglalahad**

Ipabasa ang liham na isinulat ni Resmin para kay Raquel na nasa Gawain 4 sa LM.
Alamin ang nilalaman ng bawat bahagi ng liham pasasalamat.

**D. Pagtalakay**

Saan at kailan isinulat ang liham? Ano ang tawag sa bahaging ito ng liham?
Para kanino ang liham? Ano ang tawag sa bahaging ito?
Bakit sumulat si Resmin kay Raquel?
Paano ipinadama ni Resmin ang matapat niyang damdamin?
Basahin ang mga bahagi ng liham na nagpapahayag ng pagpapasalamat.

**E. Paglalahat**

Paano ang pagsulat ng isang liham pasasalamat? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang Pagsulat**
Ipagawa ang Gawain 4 , sa LM

**2. Malayang Pagsulat**
Sumulat ng isang liham pasasalamat sa iyong kaibigan. Magpasalamat ka sa kanyang pagdalo sa:

- pista sa inyong bayan
- pagdiriwang ng iyong kaarawan
- pagdalaw sa iyo nang ikaw ay nagkasakit
- pagbibigay sa iyo ng regalo

## 5 Ikalimang Araw

**Pagtataya**

A.Isulat ang angkop na salitang diptonggo .

1. Kulay asul-________________________________
2. Tanglaw sa dilim-____________________________
3. Malakas na salita-____________________________
4. Sumisikat at lumulubog-_______________________
5. Maliit na manok- ____________________________

B.Sagutin ang mga tanong .

6. Ano ang butil na gumugulong? ______
7. Ano ang kulay ng butil na ito? _______
8. Saan patungo ang paggulong ng butil na ito?_________
9. Ano ang ginamit na panghampas ni Tandang Olay?________
10. Anong hayop ang katulong ng magsasaka sa pagbubungkal ng lupa sa bukid? __________

C.Sumulat ng isang Liham Pasasalamat sa iyong Ninong at Ninang noong nakaraang pasko sa regalong natanggap mo.

# 31 IKATATLUMPU'T ISANG LINGGO

## Ako Man Ay Bayani

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas*:Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa napakinggang teksto

Nakapag-uusap at nakapagtatalakay tungkol sa mga sikat na tao, lugar, pangyayari, atbp. gamit ang salitang naglalarawan na angkop sa sariling kultura

*Pagkilala ng mga Salita:*Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang binasa

*Katatasan:*Nakababasa ng mga salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang nangmay kahusayan

Pagbaybay:Nababaybay ang mga salita na nakatala sa talasalitaan nang tama Pagbubuo/Pagsulat (**composing**)

Nakasusunod sa halimbawa sa pagsulat ng isang liham pangkaibigan na liham na humihingi ng paumanhin

Nakasusulat ng liham na tama ang pormat

*Kamalayan sa Gramatika*:Nakagagamit ng mga pautos na salita upang makapagbigay 3-6 na simpleng panuto o hakbang na angkop sa sariling kultura

*Pag-unlad sa Talasalitaan*:Nagagamit ang kaalaman at kakayahansa pagbasa ng mga gamiting salita/ bokabularyo sa pagbas

*Pag-unawa sa Binasa*: Nakapaghihinuha kung ano angmaaring maganap sa susunodna mga pangyayari sa kuwento, alamat, atbp.

Nakababasa at nakasasagot sa matataas na uri ng tanong

Naipakikita ang pag-unawa sa mga tekstong inpormasyunal sapagbibigay ng maaaring maging wakas

Naipamamalas ang kawilihan sa pagbasa ng kuwento at iba pang mga teksto sa pamamagitan ng pag-browse, at pagbasa pa ng mas maramingaklat

*Pagpapahalaga*:Pagiging masunurin at mapagmahal sa magulang at pamayanan

II. **Paksang Aralin:**

A. **Paksa**

Pakikipagtalastasan
Mga sikat na tao, lugar, pangyayari,atbp gamit ang salitang Paglalarawan na angkop sa kultura
Kahulugan ng mga salitang binasa
Tamang baybay mga salita sa talasalitaan.
Salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang nangmaykahusayan
Liham pangkaibigan,liham na humihingi ng paumanhin
Karaniwang kahulugan at kasalungat ng salita
Pautos na salita sa pagbibigay ng simpleng panuto o hakbang na angkop sa sariling kultura
Paghihinuha. Pagsagot sa mga literal at mataas na antas na mga tanong
Pagkokomento at pagbibigay ng Reaksiyon

B. **Batayan/Sanggunian:**

K-12 Curriculum Guide Grade 2

C. **Mga Kagamitan**

**Talambuhay**“Talambuhay ni Pule”

III. **Gawain sa Pagkatuto**

***1*** **Unang Araw**

**Layunin:** Nakagagamit ng mga salitang pautos upang makapagbigay 3-6 na simpleng panuto o hakbang na angkop sa sariling kultura

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

A. **Panimulang Gawain**

Magkaroon ng palaro tungkol sa pagsunod sa panuto.
Hatiin sa apat na pangkat ang klase at hayaang pumili ang pangkat ng isa mula sa miyembro na maglalalaro.
Sundin Mo!
Isulat mo ang buo mong pangalan sa loob ng kahon.
Iguhit ang isang malaking dahon at isulat sa loob nito ang bilang kung ilang taon ka na.
Bilugan mo ang bilang ng iyong kaibigan sa paaralan.
Isulat sa loob ng lobo ang pangalan ng iyong nanay at tatay.

B. **Pagganyak**

Itanong kung bakit nanalo ang _____ na pangkat.

Itanong kung ano ang naramdaman nila habang naglalaro at ano ang nasa isip nila na dapat gawin upang manalo.
Itanong kung kailan at paano sila naging masunuring bata.

**C. Paglalahad/Pagmomodelo**
Ilahad at basahin ang diyalogo na nasa LM. Ipabasa sa mga bata.

**D. Pagtalakay**
Sino ang makikinig ng awit?
Saan magsusulat ang mga bata.
Paano malalaman ng guro kung nakasunod sa kanyang mga sinabi ang mga bata?
Bakit pupunta sa harapan ang mg bata?
Ano ang sinunod ng mga bata?
Nakasunod ba sa panuto ang mga bata?

**E. Paglalahat**
Ano- ano ang sinunod ng mga bata ?
Ano ang salitang ginamit ng guro sa pagbibigay ng panuto?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**
Sundin ang panuto na ibibigay ng guro. (Maghanda ang guro ng panuto na susundin ng mg a mag-aaral)

**G. Kasanayang Gawain**
1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.
2. **Malayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.

**H. Pagtatasa**
Kumuha ng isang malinis na papel.
Iguhit ang daan papunta sa iyong paaralan mula sa iyong tahanan.
Sumulat ng panuto batay sa iyong iginuhit.

# 2 Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa napakinggang teksto
Nakapag-uusap at nakapagtatalakay tungkol sa mga sikat na tao, lugar, pangyayari, atbp. gamit ang salitang naglalarawan na angkop sa sariling kultura
Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang binasa
Nakapaghihinuha kung ano angmaaring maganap sa susunodna mga pangyayari sa kuwento

**Istratehiya**: **Read by the teacher (Read Aloud), Read with the teacher (Shared Reading)**

**A. Gawain Bago Bumasa**

**1. Drill -** Magpabasa ng mga gamiting salita na nasa Batayang Talasalitaan II (**high frequency words**

**2.Paghahawan ng Balakid**

2.1 *tinaguriang*- sa pamamagitan ng pangungusap
Siya ay tinaguriang Prinsesa ng Kumintang dahil sa kanyang kagandahan.

2.2 *sumakabilang*- buhay- sa pamamagitan ng pangungusap
Kalungkutan ang nadarama niya sapagkat sumakabilang- buhay na ang kanyang lola

2.3 *nais*- sa pamamagitan ng pangungusap
Nais niyang makatapos ng pag-aaral.

2.4 *Batid*- sa pamamagitan ng pangungusap
Batid mo ang nangyari sa iyong kapatid?


2.5 *Itustos*- sa pamamagitan ng pangungusap
Maliit lamang ang perang kayang itustos sa akin ng aking mga magulang.

**3. Pagganyak**

Ano ang dapat mong gawin kung may nais kang bilhin subalit di naman kayang ibigay sa iyo ng iyong magulang?

**4. Pagganyak na Tanong**

Ngayon ay may kikilalanin tayong isang bata na ang pangalan ay Pule. Ano ang gusto ninyong malaman tungkol sa kanya?




**B. Gawain Habang Nagbabasa**

**1. Paglalahad**

Ilahad at ipabasa ang kuwento sa LM.

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

Pagsagot sa Pagganyak na tanong.




1. Sino ang batang si Pule?
2. Ano ang tawag o taguri sa kanya?
3. Bakit siya tinaguriang “Dakilang Lumpo”?
4. Ano ang pangarap ni Apolinario Mabini?
5. Paano siya nakapag-aral
6. Ano ang natapos niya sa pag-aaal?
7. Anong katangian mayroon si Pule na nakatulong sa kanya upang matamo ang kanyang pangarap?
8. Kung ikaw si Pule ,gagawin mo rin ba ang kanyang ginawa? Bakit?

**D. Ugnayang Gawain**

Pasagutan ang pangkatang gawain.

**a. Pangkat I: Sagutin Mo!**

Sagutin ng Oo kung sang-ayon ka at Hindi kung ikaw ay di ka sang-ayon.

_____1. Ang palayaw ba ay maikling pangalanng isang tao.

_____2. Nakalalakad ba ang isang lumpo?

_____3. Ang manananggol ba ay isang abogado?

_____4. Ang sipon ba ay isang malubhang sakit?

_____5. Ang salitang itutustos ba ay kasingkahulugan ng ibibigay?


**b. Pangkat II:Isipin at Baybayin Mo!**

Isipin ang salitang angkop sa patlang .
Isulat ang tamang baybay nito.

1. Si Apolinario Mabini ay _____________ “Utak ng Rebolusyon” at “Dakilang Lumpo”.
2. ____________________ siya noong ika- 13 ng Mayo,1903.
3. _____________________ ni Pule na pinaghirapan ng kanyang mga magulang ang perang ginagastos niya sa pag-aaral.
4. Kailangan na mapagkasya niya ang perang kayang ___________ ng kanyang mga magulang.

5. ___________ niyang makatapos ng pag-aaral.Alamin ang laman ng malaking **plastic bag** at paghiwa-hiwalayin ang lamannito kung saan dapat ito itapon

c. **Pangkat III: Paikutin Mo!**
Tukuyin at isulat ang hinihinging impormasyon tungkol kay Apolinario Mabini at pagkatapos ay paikutin ang **wheel.**




d. **Pangkat IV : Hulaan Mo!**
Magbigay ng maaaring kalabasan ng mga pangyayaring ito.

1. Ibig ni Pule na makapag-aral ngunit mahirap lamang sila at ipinaalala ng kanyang mga magulang na wala silang magagamit nap era upang siya ay mag-aral.
___________________________________________
2. Umulan man o umaraw ay pumapasok si Pule sa klase. Hindi siya lumiliban. Puspusan siyang nag-aaral kaya
___________________________________________
3. Isinama ni Heneral Aguinalado si Apolinario Mabini saan man siya pumunta. Isinasakay siya sa duyan at pinapasan ng mga kawal kaya____________________________

**E. Paglinang sa Kasanayan**

a. Pakinggan natin mula sa Pangkat I kung tama ang kahulugan ng mga salitang binasa natin sa Talambuhay ni Apolinario Mabini.

1. Ano ang palayaw ?
2. Ano ang palayaw ni Apolinario Mabini?
3. Ano ang ibig sabihin ng lumpo?
4. Bakit tinaguriang dakilang lumpo si Pule?
5. Ano ang ibig sabihin ng abogado?
6. Ano ang natapos ni Apolinario Mabini?
7. Bakit nakatapos ng pag-aaral si Pule?
8. Ano ang nangyari kay Apolinario Mabini?

b. Upang lubos nating maunawaan ang binasa nating Talambuhay ni Apolinario Mabini, ay ating pakinggan ang sinagutang gawain ng pangkat II. Ipaulat sa pangkat ang kanilang sagot.

c. Kilalaning mabuti si Apolinario Mabini.
Alamin natin mula sa Pangkat III ang mga impormasyon tungkol kay Pule.

d Iparirinig sa atin Pangkat IV ang maaring kalabasan ng pangyayari o kuwento.
Ano ang magandang pangarap ni Pule?
Bakit siya tinawag na "Dakilang Lumpo" ?
Kung ikaw si Pule, gagawin mo ba ang ginawa niya upang makapag-aral at makapaglingkod sa bayan?

**F. Paglalahat**

Paano ninyo naunawaan ang kuwento?

**Tandaan:**
Mauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong at pagbibigay ng detalye tungkol dito.Ang pagbibigay ng hinuha,komento o reaksyon ang magbibigay kahulugan at ugnayan sa buhay.

**3** **Ikatlong Araw**

**Layunin:** Nakababasa ng mga salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang nangmay kahusayan
Nababaybay ang mga salita na nakatala sa talasalitaan nang tama
Nagagamit ang kaalaman at kakayahansa pagbasa ng mga gamiting salita/ bokabularyo sa pagbas
Nakababasa at nakasasagot sa matataas na uri ng tanong
Naipakikita ang pag-unawa sa mga tekstong inpormasyunal sa pagbibigay ng maaaring maging wakas
Naipamamalas ang kawilihan sa pagbasa ng kuwento at iba pang mga teksto sapamamagitan ng pag-browse, at pagbasa pa ng mas maraming aklat

**Kasanayan sa Pagbasa**

**A. Pagganyak**

Itanong kung nakarating na rin sila sa bukid tulad ni Resmin sa binasang sulat noong nakaraang linggo.

**B. Paglalahad**

Ipakita ang larawan nina Resmin at Raquel na nasa bukid (ihanda ang larawan) at ipabasa ang kuwento tungkol sa bukid nina Raquel ang Barangay Tahimik na nasa LM, sa pahina 231.

**C. Pagtalakay**

Anong barangay ang binanggit sa kuwento?
Paano ito inilarawan?
Bakit malulusog ang mga mamamayan ng Barangay Tahimik?
Anong uri ng salita ang tahimik at payapa?
Bakit magkasingkahulugan ang mga salitang ito?
Anong uri ng salita ang tahimik at magulo?
Bakit magkasalungat ang mga salitang ito?
Basahin ang mga salita sa loob ng bawat kahon sa LM.
Ano ang napansin mo sa unang pangkat?
Sa ikalawang pangkat?

**D. Paglalahat**

Kailan masasabi na ang salita ang magkasingkahulugan at magkasalungat?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**E . Paglalapat**

Ibigay ang kasalungat ng sumusunod na mga salita.

1. mahirap - ___________________
2. maganda - __________________
3. masipag - __________________

4. masikip - ___________________
5 tahimik- ____________________

**F. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 3 sa LM
2. **Malayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain4sa LM

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakasusunodsa halimbawa sa pagsulat ng isang liham pangkaibigan,liham na humihingi ng paumanhin
Nakasusulat ng liham na tama ang pormat

**Kasanayan sa Pagsulat**

**A. Balik-aral**
Muling alalahanin ang sulat ni Resmin kay Raquel.Ipaskil ng guro ang sulat sachart.

**B. Pagganyak**
Naranasanna ba ninyong humingi ng paunmanhin sa pamamagitan ng sulat.
Kung si Resmin ay nagpapasalamat kay Raquel. Si Fiela naman, na kaibigan din ni Raquelay humihingi ng paumanhin sa hindi niya pagdalo sa kaarawan.

**C. Paglalahad**
Ipabasa ang liham ni Fiela para kay Raquel sa LM.

**D. Pagtalakay**
Matapos ninyong mabasa ang liham paumanhin ni Fiela , ano ang pagkakaiba nito sa liham pasasalamat ni Resmin?
Ano –ano ang bahagi ng liham paumanhin?

**E. Paglalahat**
Ano ang pagkakaiba ng liham na ito sa mga naunang liham na pinag-aralan natin?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsulat**
   Ipagawa ang Gawain 5 sa LM.
2. **Malayang Pagsulat**
   Sumulat ng isang liham na humihingi ng paumanhin tungkol sa
   Hindi ka makararating sa usapan ninyo ng iyong kaibigan dahil sa kailangang samahanmo ang iyong ate sa inyong Lolo at Lola.

## 5 Ikalimang Araw

### Pagtataya

A.Sumulat ng limang salitang magkakasingkahulugan at limang salitang magkakasalungat ang kahulugan. Basahin ang mga ito sa harap ng klase.

Magkasingkahulugan

1.______________- ____________________

2.______________- ____________________

3.______________ - ____________________

4.______________ - ____________________

5._____________ - ____________________

Magkasalungat

1._______________ - _________________

2._______________- _________________

3._______________ - _________________

4._______________ - _________________

5._______________ - _________________

B.Sumulat ng isang liham na humihingi ng paumanhin tungkol sa paksang ito.

Hindi mo naisauli sa takdang araw ang hiniram mong aklat sa iyong kaibigan.

# 32 IKATATLUMPU'T DALAWA NA LINGGO

## Pinagkukunang Yaman

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas*:Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa napakinggang teksto

Nakapag-uusap at nakapagtatalakay tungkol sa mga sikat na tao, mga lugar, mga pangyayari, atbp. gamit ng mga salitang naglalarawan na angkop sa sariling kultura

*Pagkilala ng mga Salita*: Nakababasa ng talata, kuwento, alamat, atbp. nang may pag-unawa na binubuo ng mga salitang pinag-aralan na

*Katatasan*:Nakababasa ng tekstong angkop sa ikalawang baitang nangmalakas at may bahagdang 95-100%

*Pagbaybay*:Nababaybay nangtamaang mgamataas na antas ng salitasa unang kita naangkopsaikalawang baiting

*Pagkatha/Pagsulat* :Nakasusulat ng maikling kuwentong na may tagpuan, tauhan at mga pangyayari.

Nakasusulat ng liham pasasalamat na may tamang pormat.

Nakapagbubuo ng isang kuwento, advertisement atbp gamit ang angkop na mgasalita at nauugnay sa teksto

*Kamalayan sa Gramatika*: Nakagagamit ng magagalang na salita na angkop sa sariling kultura tulad ng pakikipag-usap sa telepono

*Pag-unlad sa Talasalitaan*:Nagagamit ang kahulugan ng mga salita sa pasulat at patugonsasimpleatkumplikadongteksto.

*Pag-unawa sa Binasa*: Nakapaghihinuha kung ano angmaaring maganap sa susunodna mga pangyayari sa kuwento, alamat, atbp.

Natutukoy kung alin ang simula, gitna at wakas ng binasang teksto

Naipakikita ang pag-unawa sa mga tekstong impormasyunal, nakapagbibigay ng maaaring maging wakas

Naipakikita ang pagmamahal sa gawaing pagbabasa sa pamamagitan nang mabuting pakikinig,pagbibigay ng komento o reaksiyon sa kuwentongnapakinggan

*Pagpapahalaga*: Pagiging masipag sa pagpapaganda ng kapaligiran

II. **Paksang Aralin:**

**A. Paksa:**

Pakikinig  at pakikipagtalastasan.
Sikat na tao, lugar, pangyayari,atbp gamit ang salitang naglalarawan na angkop sa kultura
Pagbasa ng  talata, kuwento, alamat, atbp.
Pagbaybay nang tama ng mga salita na nasa talasalitaan.
Salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang nangmaykahusayan
Pagsulat ng  maikling kuwentong na may tagpuan, tauhan at mga pangyayari
Paggamit ng magagalang na salita na angkop sa sariling kultura tulad ng pakikipag-usap sa telepono
Paghihinuha
Pagtukoy sa binasang teksto  kung alin ang simula, gitna at wakas
Pagpapakita ng pag-unawa sa  mga  tekstong inpormasyunal
Pagbibigay ng komento o reaksiyon sa kuwentong napakinggan

**B. Batayan/Sanggunian:**

K-12 Curriculum Guide Grade 2

**C. Mga Kagamitan**

Kuwento
Tunay na bagay (mga gulay)

III. **Gawain sa Pagkatuto**

# *1* Unang Araw

**Layunin:** Nakagagamit ng magagalang na salita na angkop sa sariling kultura tuladng pakikipag-usap sa telepono

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**

Magpakita o magparinig ng aktuwal na pagtawag sa telepono, **cellphone** o **improvised** na telepono.

a. pagtawag sa nakatatanda
b. pagtawag sa kaibigan
c. pagtawag sa guro o sa isang  taong kagalang – galang

**B. Pagganyak**

Itanong kung naranasan na nila ang makipag-usap sa kaibigan, kakilala o kagalang –galang na tao gamit ang

telepono o cellphone. Dahil hindi nakarating si  Fiela, sinikap ni Resmin na ibalita kaagad  kay Fiela ang nakita niya sa bukid nina Raquel.

**C. Paglalahad/ Pagmomodelo**

Ipabasa ang usapan sa telepono ng magkaibigang Resmin at Fiela sa LM.

**D. Pagtalakay**

Sino ang tumawag sa telepono?
Sino ang tinawagan niya sa telepono?
Bakit siya tumwag sa telepono?
Paano tumawag sa telepono si Resmin?
Tama ba ang ginawang pagtawag ni Resmin sa telepono?
Ano ang mga mga salitang ginamit ni Resmin sa pagtawag?
Kung ikaw si Resmin, ganito rin ba ang ggagawin mong paraan ng pagtawag? Bakit?

**E. Paglalahat**

Ano-ano ang mga dapat tandaan sa pagtawag at pagsagot sa telepono?
Ano- ano ang magagalang na salita na dapat gamitin sa pagtawag at pagsagot sa telepono? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Humanap ng kapareha para sa usapan sa telepono. Bumuo ng diyalogo at iparinig sa klase.  Gumamit ng magagalang na salita sa pakikipag-usap.Isulat ang usapang mabubuo sa  isang buong papel.

**G. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Basahin at unawain ang sumusunod na sitwasyon at  Gawain 1 sa LM.
2. **Malayang Pagsasanay**
   Sumulat ng  tatlong (3) magagalang na pananalita na ginagamit sa pakikipag-usap sa telepono.

**H. Pagtatasa**

Pasagutan ang Gawain 2 sa LM.

## 2 Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa napakinggang teksto
Nakapag-uusap at nakapagtatalakay tungkol sa mga sikat na tao, mga lugar, mga pangyayari, atbp. gamit ng mga salitang naglalarawan na angkop sa sariling kultura
Nakapaghihinuha kung ano angmaaring maganap sa susunodna mga pangyayari sa kuwento, alamat, atbp.

**Istratehiya**: **Read by the teacher (Read Aloud), Read with the teacher (Shared Reading)**

**A. Gawain Bago Bumasa**

**1. Paghahawan ng balakid**

Pag-aralan ang kahulugan ng mga salita at ang ngalan ng mga larawan na nasa LM.

**2. Pagganyak**

Itanong kung nakarating na sila sa bukid at kung ano ang nakatawag pansin sa kanila lugar.(kung hindi pa nakakarating ay magpakita ng larawan ng bukid) (Magpakita ng larawan ng mga magsasaka sa bukid.) Pag-usapan ito.

**2. Pagganyak na Tanong**

Ngayon, magbabasa tayo ng kuwento ni Resmin tungkol sa kanyang nakita sa bukid.Ano ang nais ninyong malaman sa ikukuwento ni Resmin?
Ano –ano ang nakatawag pansin kay Resmin sa pagpunta niya sa bukid?

**B. Gawain Habang Bumabasa**

Ipabasa ang kuwento ni Resmin tungkol sa bukid sa LM.

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

**1. Pagsagot sa pagganyak na tanong**

Ano - ano ang nakatawag pansin kay Resmin?

**2. Pagsagot sa mga tanong**

Anong tanawin ang inilalarawan?
Sino- sino ang tinutukoy na maaga pa ay nasa bukid na?

Paano inilarawan ni Resmin ang kasuotan ng mga magsasaka?
Saan nakatanim ang punla?
Bakit nawili si Resmin sa panonood sa pagtatanim?
Sa iyong palagay, ano ang nararamdaman ng mga magsasaka sa kanilang pagtatanim? Bakit?
Sa iyong palagay ito rin ba ang dahilan kung bakit nasiyahan si Resmin sa pagpunta sa bukid?

**D. Ugnayang Gawain**

Ipagawa ang pangkatang gawain.

**a. Pangkat I : BAHAGI KO, TUKUYIN MO!**

Iulat sa klase kung ang pangyayari ay sa **SIMULA, GITNA O WAKAS.**

| |
|---|
| Maagang -maaga pa , nasa bukid na ang mga magsasaka. Mahaba ang manggas na suot ng mga lalaki at babae. Patadyong na mahaba ang palda ng mga babae. Salawal na mahaba rin ang gamit ng mga lalaki. Babae't lalaki ay may pananggalang sa init. Ang mga sumbrero at salakot ay suot na nila sa paglusong sa taniman. |

| |
|---|
| Nasa malambot na taniman ang mga punla. Bawat magsasaka ay may kani- kaniyang lugar. Ang pagtatanim ng punla ay nakawiwiling panoorin. Paurong ang pagtatanim. Mabilis na mabilis ang kanilang mga kamay.Halos hindi nila namamalayan ay puno na pala ng punla ang malawak na bukid. |

| |
|---|
| Walang ano-ano, maririnig na lamang nila ang sigaw na, “Kain na tayo!” Biglang mag-uunat-unat ang pangkat at sabay- sabay na lalapit sa hapag kainan.“O kay ganda talaga sa bukid ,”ang sambit ko sa sarili. |

**b. Pangkat II:ISULAT MO!**

Sumulat ng isang liham pasasalamat para sa mga magsasaka na nagkakaloob sa atin ng palay, mga prutas at gulay. Isaalang-alang ang tamang pormat ng pagsulat ng liham pasasalamat.

**c. Pangkat III: ISAAYOS MO!**

Isaaayos ang wastong pagkakasunod-sunod ng paraan ng pagtatanim ng palay.Gawin ito sa **Manila Paper**.

Lagyan ng bilang 1-7.

___________ Itinatanim ang mga binunot na punla.
___________ Nililinis ang bukid bago araruhin.
___________Nagsasaboy ng butil sa punlaan.
___________ Inaani ang mga hinog na palay.
___________ Inaararo ang basang lupa.
___________ Binubunot ang mga punla.
___________ Sinusuyod ang inaararong lupa.

d. **Pangkat IV : ISIPIN MO!**
**S**agutin ang mga tanong :
Ano ang nais ipabatid sa atin ng may-akda ng kuwento?
Ano ang maaaring mangyari kung walang mga magsasaka na nagtatanim ng mga palay, prutas, gulay at iba pa? Isulat ang inyong sagot sa *isang ika-apat na bahagi ng* **Manila Paper**.

**E. Paglinang sa Kasanayan**

a. Sino ang tinutukoy ng may-akda ng kuwento na maaga pa ay nasa bukid na?Bakit maaga sila sa bukid? Paano mo ilalarawan ang kasuotan ng mga magsasaka.Sa iyong palagay, bakit ganito ang kasuotan ng mga magsasaka?Pagmasdan natin at pakinggan ang pag-uulat ng Pangkat I.
b. Narinig natin at nakita sa iginuhit ng pangkat I, ang hirap na tinitis ng mga magsasaka sa kabila ng matinding init ng araw. Ngayon , ipababasa sa atin ng pangkat II ang isinulat nilang Liham Pasasalamat sa mga para sa mga magsasaka.
c. Batid natin ang hirap ng mga magsasaska ,alamin naman natin sa pangkat III kung paano nga ba itanim ang butil ng palay.Alin ang una, gitna at huling paraan ng pagtatanim ng palay ng mga magsasaka.
d. Ano ang pagpapahalaga na nais ipabatid sa atin ng may-akda ng kuwento?Ano ang aral na nalaman mo sa kuwento? Pakinggan natin ang kasagutan ng pangkat IV.

## 3 Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakababasa ng talata, kuwento, alamat, atbp. nang may pag-unawa na binubuo ng mga salitang pinag-aralan na
Nakababasa ng tekstong angkop sa ikalawang baitang nangmalakas at may bahagdang 95-100%
Nakapaghihinuha kung ano angmaaring maganap sa susunodna mga pangyayari sa kuwento, alamat, atbp.

Natutukoy kung alin ang simula, gitna at wakas ng binasang teksto
Naipakikita ang pag-unawa sa mga tekstong inpormasyunal, nakapagbibigay ng maaaring maging wakas

**Kasanayan sa Pagbasa**

A. **Pagganyak**
Ipaawit ang awiting "Bahay Kubo"

B. **Paglalahad**
Ipabasa ang kuwento sa LM.

C. **Pagtalakay**
Saan naganap ang kuwento?
Ano ang pagdiriwang na pinaghahandaan sa kaharian?
Sino-sino ang mga nag-uusap sa kuwentong inyong binasa?
Bakit napahinto ang pag-uusap nina Singkamas at Talong?
Ano ang misyon na ibinigay ng Reyna sa dalawang gulay?
Ano sa inyong palagay ang dapat baguhin kay Amy?
Kung kayo ang dalawang gulay paano mo isasakatuparan ang inyong misyon?
Paano ninyo binasa ang kuwento?
Paano mo ilalarawan ang binasa mong kuwento?
Nagustuhan mo ba ang pagbabasa ng kuwento? Bakit?
Naunawaan mo ba ang kuwento?

D. **Paglalahat**
Ano ang masasabi mo sa bawat bahagi ng kuwento? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

E. **Paglalapat**
Ipabasang muli ang kuwento tungkol kay Singkamas at Talong sa klase na binubuong mga tauhan.

F. **Kasanayang Gawain**
Ipagawa ang pangkatang gawain sa Gawain 2 sa LM.

## *4* Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakasusulat ng maikling kuwento na may tagpuan, tauhan at mga pangyayari.
Nakasusulat ng liham pasasalamat na may tamang pormat.
Nakapagbubuo ng isang kuwento, advertisement atbp gamit ang angkop na mga salita at nauugnay sa teksto
Natutukoy kung alin ang simula, gitna at wakas ng binasang teksto
Naipakikita ang pag-unawa sa mga tekstong inpormasyunal, nakapagbibigay ng maaaring maging wakas

**Kasanayan sa Pagsulat**

A. **Balik- aral**

Muling balikan ang isinagawang gawain ng ikatlong pangkat.

B. **Pagganyak**

Magtanong na muli tungkol sa pinangyarihan ng kuwento, tauhan,at mga naganap na pangyayari.

C. **Paglalahad**

Ipabasa ang buod ng kuwento na pinagsunod-sunod ng ikatlong pangkat.

Abala sa kaharian ang lahat ng mga gulay sa pagdating ng kanilan kapistahan.

Ipinatawag ni Reyna Kalabasa kay Ampalaya sina Singkamas at Talong.Sinundo ni Ampalaya si Singkamas at Talong. Umisip ng paraan sina Singkamas at Talong kung papaano mapapakain ng gulay si Amy. Dumating sa tahanan nina Amy ang magkaibigan.

D. **Pagtalakay**

Ano ang simulang pangyayari sa kuwento?
Ano-ano ang sunod na nangyari sa kuwento?
Saang bahagi ng kuwento mababasa ang mga ito?
Ano naman ang huling nangyari sa kuwento?
Paano isinulat ang kuwento?
Ang isang kuwento ay may simulang bahagi, may gitna at may hulingbahagi o wakas.

E. **Paglalahat**

Ano-ano ang mga bahagi ng kuwento? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

F. **Paglalapat**

Sumulat ng isang maikling kuwento tungkol sa sarili mong karanasan sa pagkain ng gulay. Isaalang - alang ang mga bahagi at elemento ng kuwento.Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.

G. **Kasanayang Gawain**

Basahin ang maikling kuwento sa Gawain 2 sa LM at lagyan ito ng angkop na wakas.

## *5* Ikalimang Araw

A. **Pagtataya**

Basahinangkuwento at pagkatapos ay sagutanangmgatanongsaibaba.

Araw ng Lunes umpisa na naman ng klase. Napansin ni Joy na wala ang kaibigan niyang siLala. Tinanong siya ng kanyang guro kung nasaan siLala.“ Joy, alammoba kung bakit liban siLala ngayon?”, ang tanong ngguro. “Ma’am hindi kopo alam ang dahilan ng kanyang pagliban,” wika ni Joy.

**Tandaan:**
**Ang bawat salita ay binabasa**

Nang uwian na mabilis na umalis ng silid-aralan si Joy.Pagdating niya sa bahay ay agad siyang tumawag sa bahay nina Lala.

Hello! Magandang hapon po.Ako po si Joy, ang kamag-aral at kaibigan n iLala,"pakilala ni Joy. "Magandang hapon naman, ako ang Mommy niLala. May kailanganka ba sa kanya? Puwede ko po bang malaman kung bakit siya liban sa klase," sagot ni Joy. " Ah, kagabi ay mataas ang lagnat niya. Magaling-galing na siya ngayon .Baka makapasok na siya sa makalawa.

"Salamat naman po.Ikumusta po ninyo ako sakanya",wika ni Joy. "Salamat! Kaybutimong kaibigan, masayang wikang Mommy niLala. "Sige po, paalam."

**Panuto. Isulatangsagotsasagutangpapel.**

1. Sino anglibansaklase?
2. Sino angnagtatanongkungbakitlibansi Lalas a klase.
3. SinoangtumawagsabahayninaLala?
4. Sino angnakausapni Joy satelepono?
5. AnoangdahilanngpaglibanniLalasaklase?

**Lagyan ng √ ang patlang kung ito ay wastong pakikipagusap sa telepono.**

____ 6.Bumati sa sumagot sa tawag mo.
____ 7.Magpakilala kung ang sumagot ay hindi ang taong kailangan.
____ 8.Magsalitang mabilis at malakas sa telepono.
____ 9.Maging magaling sa pakikipag-usap.
____ 10.Magpasalamat bago magpaalam

**B. Pantulong na Gawain1-5**

Sumulat ng isang maikling kuwento tungkol sa sarili mong karanasan sa pagkain ng gulay. Isaalang - alang ang mga bahagi at elemento ng kuwento

# 33 IKATATLUMPU'T TATLO NA LINGGO
## Pangkabuhayan

I. **Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas*:Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa napakinggang teksto

Nakikilahok at nakapagsisimula sa isang usapan sa mga kasing -edad at nakatatanda tungkol sa mga di pangkaraniwang paksa sa pamamagitan ng pagtatanong , pagsagot sa mga tanong , muling pagpapahayag at pangangalap ng impormasyon

*Pagkilala ng mga Salita*:Nakababasa nang hindi bababa sa 200 -300 salita na angkop sa ikalawang baiting

*Katatasan:*Nakababasa nang wasto at may kahusayan mga kuwento, alamat, mga artikulo ng balitaatbp

*PagbaybayPag-unawa sa Binasa*: Nababaybay nang tamang mga mataas na salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang

Pagkatha/Pagsulat:Nakasusunod sa halimbawa sa pagsulat ng isang liham pasasalamat

Nakasusulat ng liham pasasalamat na tama ang pormat

*Kamalayan sa Gramatika*: Nakagagamit ng mga pautos na salita upang makapagbigay 3-6 na simpleng panuto o hakbang na angkop sa sariling

*Pag-unlad sa Talasalitaan*: Naipaliliwanag ang karaniwang kahulugan at kasalungat ng salita

*Pag-unawa sa Binasa*: Nahihinuha kung ano ang damdamin ng tauhan batay sa ipinakitang pagkilos osakung ano angsinasabinila.

Naibibigay ang wastong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa binasang teksto o seleksiyon

Naipakikita ang pag-unawa sa mga tekstong inpormasyunal, nakagagawa ng paghihinuha.

Naipakikita ang pagmamahal sa gawaing pagbabasa sa pamamagitan nang mabuting pakikinig,pagbibigay ng komento o reaksiyon sa kuwentong napakinggan

*Pagpapahalaga*:Pagiging masipag, matiyaga at masinop

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa**

Pakikipagtalastasan,pagsagot sa mga tanong
Pagbaybay nang tamang mga mataas na antas ng salita sa unang kita na Pagbasa nang wasto at may kahusayan ng kuwento, alamat, mga artikul, balitaatbp
Pagsulat ng isang liham pangkaibigan,liham na humihingi ng paumanhin atbp
Pagsulat ng Liham Pasasalamat
Kahulugan ng mga salita sa pasulat
Pagtugon sa simple at kumplikadong teksto
Pautos na salita upang makapagbigay 3-6 na simpleng panuto o hakbang na angkop sa sariling
Paghihinuha, pagtukoy sa simula,gitna at wakas ng kuwentoat alamat
Pag-unawa sa mga tekstong inpormasyunal,sa pamamagitan ng pagbibigay ng maaaring maging wakas
Pagbibigay ng komento o reaksiyon sa kuwentong napakinggan
Paghihinuha, pagsusunod-sunod.

**B. Batayan/Sanggunian:**

K-12 Curriculum Guide Grade 2
Aklat Pagdiriwang ng Wikang Filipino

**C. Mga Kagamitan**

Sanaysay ( Bote- Garapa )
Kuwento “ Paano Ba Magbasa?”

**III. Gawain sa Pagkatuto**

## *1* Unang Araw

**Layunin:** Nakagagamit ng mga pautos na salita upang makapagbigay 3-6 na simpleng panuto o hakbang na angkop sa sariling kultura

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**

Ipabigkas ang tula na nasa LM sa pahina 246.

**B. Pagganyak**

Itanong kung ano ang mensaheng tulaat kung ano ang reaksiyon nila tungkol dito.

**C. Paglalahad/Pagmomodelo**

Ipabasa ang kuwento at ang anunsiyo na nakapaloob dito sa LM.

D. **Pagtalakay**

Ano ang ipinagbili nina Ana at Niko?
Bakit gusto nilang ipununin ang kinita nilang pera?
Kung ikaw si Ana, idedeposito mo rin ba ang pera mo? Bakit?
Nakatutulong ba sa pag- unlad ang pag-iimpok ng pera sa bangko? Bakit?
Saang bangko maghuhulog sina Ana at Niko?
Saan sila naghanap ng anunsiyo para sa magandang bangko?
Ano ang mga salitang utos na ginamit sa anunsiyo?
Ano-ano pa ang mga salitang pautos na ginamit sa kuwento

E. **Paglalahat**

Ano ang tawag sa mga salitang ginagamit sa pagbibigay ng panuto o gawain? Basahin ang tandaan sa LM.

F. **Paglalapat**

Papagbigayin ang mga bata ng tig-isang simpleng panuto o hakbang gamit ang salitang pautos.

G. **Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.
2. **Malayang Pagsasanay**
   Sumulat ng 5 simpleng panutong ginagamit sa paaralan.

H. **Pagtatasa**

Pansinin ang patalastas sa Gawain 2 sa LM.
Punan ng angkop na salitang pautos upang mabuo ang mga pangungusap.

## *2* Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa napakinggang teksto
Nakikilahok at nakapagsisimula sa isang usapan sa mga kasing -edad at nakatatandatungkol sa mga di pangkaraniwang paksa sa pamamagitan ng pagtatanong , pagsagot sa mga tanong , muling pagpapahayag at pangangalap ng impormasyon
Nakababasa nang wasto at may kahusayan ng mgakuwento, alamat, mga artikulo ng balita, sanaysay atbp

**Istratehiya**: **Read by the teacher (Read Aloud), Read with the teacher (Shared Reading)**

III. **Gawain sa Pagkatuto**

A. **Gawain Bago Bumasa**

1. **Paghahawan ng balakid**

1.1. *garapa*– sa pamamagitan ng tunay na bagay
sa pamamagitan ng pangungusap
Ang diyanitor ng ospital ay maraming nakukuhang garapa ng gamot.

1.2. *industriya*- sa pamamagitan ng pangungusap
Isa sa mga industriya na dapat nating paunlarin ay ang pamimili at pagbibili ng mga bote.

**2. Pagganyak**
Ano ang masasabi ninyo kapag nakarinig kayo ng sumisigaw ng "Bote- Garapa"?

**3. Pagganyak na Tanong**
Ipamasid ang larawan at magtanong tungkol sa nais nilang malaman tungkol sa sanaysay na "Bote -Garapa "





**B. Gawain Habang Nagbabasa**
Ipabasa ang sanaysay nang tuloy-tuloy sa LM.

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**
1. Pagsagot sa pagganyak na tanong
Ano ang kahalagahan ng bote-garapa sa kabuhayan ng mga Pilipino?
Pagsagot sa iba pang tanong:
Tungkol saan ang sanaysay?
Ano ang ipinahahatid ng sanaysay na inyong binasa.
Alin ang itinuturing na malaki nang industriya?
Sino ang mag-amang tinutukoy sa sanaysay?
Magkano ang kinikita ng mag- ama tuwing araw ng Sabado at Linggo.
Paano mo ilalarawan si Makoy na sa batang edad ay kasakasama ng kanyang tatay sa pamimili ng bote.
Kung ikaw si Makoy at ang hanapbuhay ng tatay mo ay magbobote , tutulong ka rin ba tuwing Sabado at Linggo?

**D. Ugnayang Gawain.**
Ipagawa ang pangkatang gawain.

**a. Pangkat I: Magdrama! Magdrama Ka!**
Ipakita ng inyong pangkat kung paano maghanapbuhay ang magbobote.

**b. Pangkat II:Lumikha! Lumikha ka!**
Tuklasin kung paano pa mapapakinabangan ang isang patapong bote ,tulad ng boteng nasa kahon.Sa tulong ng

iba pang kagamitan sa loob ng kahon ay lumikha kayo ng isang malikhaing bagay gamit ang bote.

**c.** **Pangkat III:Magsalita! Magsalita ka!**
Pag-usapan ang sagot sa tanong:
Paano pa mapauunlad ang industriyang pamimili at pagbibili ng bote at garapa?

**d.** **Pangkat IV:Magkuwenta! Magkuwenta ka!**
Pag-aralan ang impormasyon sa tsart.
Naglalahad ito ng kita nina Mang Ador at Makoy sa pamumulot at pamimili ng bote at garapa.

*Lingguhang Kita nina Mang Ador at Makoy*

| **LINGGO** | **KINITA** |
|---|---|
| Una | ₱100 |
| Ikalawa | ₱150 |
| Ikatatlo | ₱135 |
| Ikaapat | ₱200 |

Sagutin mo.

1. Magkano ang kita nina Mang Ador at Makoy sa una/ikalawa/ikatlo/ikaapat?
2. Paghambingin ang kita sa una at ikalawang linggo?/ikatalo at ikaapat?Ano ang nangyari?Bakit kaya?
3. Magkano ang kabuuang kita ng mag-ama sa loob ng isang buwan?Paano mo nakuha ang tamang sagot?Ano ang ginawa mo?
4. Ano ang ginagawa nila sa kanilang kinikita sa pamumulot at pamimili ng bote-garapa?
4. Sa iyong palagay ,tama ba ang ginagawa nilang pag iimpok o pag-iipon?
5. Kung ang hanapbuhay ninyo ay katulad ng hanapbuhay ng mag-ama, paano mo ipagmamalaki ang inyong ginagawa?

**E.** **Paglinang sa Kasanayan**

a**.** Sino ang pangunahing tauhan sa sanaysay?
Ano ang pinagkakakitaan ng mag-ama?
Paano sila naghahanapbuhay?
Ipakikita ng pangkat I kung ano ang ginagawa ng magbobote.

b. Ano ang itinuturing nang malaking industriya o pinagkakakitaan ng mga Pilipino?

Magkano ang isang bote kapag malinis na at walang basag kung ipagbibili sa kilalang kompanya?
Ano pa ang maaring gawin sa bote at garapa?
Pagmasdan natin ang malikhaing gawa ng pangkat II

c. Paano pa mapauunlad ang industriya ng pamimili at pagbibili ng bote-garapa?
Pakinggan natin ang pinag-usapang sagot ng pangkat III?

d. Mula sa tsart na pinag-aralan ng pangkat IV,pakinggan natin ang sagot sa tanong .
Magkano ang kita nina Mang Ador at Makoy sa una/ ikalawa/ ikatlo/ ikaapat na araw?
Paghambingin ang kita sa una at ikalawang linggo/ ikatlo at ikaapat .Ano ang nangyari? Bakit kaya?
Magkano ang kabuuang kita ng mag-ama sa loob ng isang buwan?Paano mo nakuha ang tamng sagot?Ano ang ginawa mo?
Ano ang ginagawa nila sa kanilang kinikita sa pamumulot at pamimili ng bote-garapa?
Sa iyong palagay, tama ba ang ginagawa nilang pag-iimpok o pag-iipon?
Kung ang hanapbuhay ninyo ay katulad ng hanapbuhay ng mag-ama,paano mo ipagmamalaki ang inyong ginagawa?

**F. Paglalahat**
Paano ninyo naunawaan ang sanaysay?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

## *3* Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakababasa nang hindi bababa sa 200 - 300 salita na angkop sa ikalawang baitang

**Kasanayan sa Pagbasa**

**A. Balik-aral**
Bakit kayo nakasusunod sa mga patalastas, utos ,at babala?

**B. Pagganyak**
Paano ba kayo magbasa? Paano ang wastong paraan ng pagbabasa?

**C. Paglalahad**
Ipabasa ang kuwento sa LM.

**D. Pagtalakay**
Ilan ang paraan ng pagbasa?
Paano sinagot ni Bb. Villasan ang tanong ni Ana?
Paano ang pagbasa ng tahimik?
Paano ang pabigkas na pagbasa?
Ano ang dalawang bahagi ng katawan na mahalaga sa pagbasa? Bakit?

Ano- ano ang mga hakbang sa pagbasa nang pabigkas na dapat sundin?
Ano –ano ang mga hakbang sa pagbasa nang tahimik na dapat sundin?

E. **Paglalahat**
Paano ninyo isasagawa ang wastong paraan ng pabigkas at tahimik na pagbasa? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

F. **Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay sa Pagbasa**
Gawin ang wastong paraan ng pabigkas at ng tahimik na pagbasa sa harap ng isang kamag-aaral.Pag-usapan kung bakit ito kailangang gawin.

2. **Malayang Pagsasanay**
Kumuha ng ibang aklat at magsanay sa pagbasa nang tahimik at pabigkas.

## *4* Ikaapat naAraw

**Layunin:** Nakasusunod sa halimbawa sa pagsulat ng isang liham pasasalamat
Nakasusulat ng liham pasasalamat na tama ang porma.

**Kasanayan sa Pagsulat**

A. **Balik –aral**
Sa binasa ninyong talata,sino ang batang hindi makalilimot sa kanyang guro?
Bakit hindi niya malilimutan ang kanyang guro?

B. **Pagganyak**
Katulad din ba kayo ni Ana na hindi nakakalimut sa guro?
Alamin natin kung paano ipinamalas ni Ana ang hindi paglimot sa kanyang guro.

C. **Paglalahad**
Ilahad ang liham ni Ana para sa kanyang guro sa LM.

D. **Pagtalakay**
Ano ang nilalaman ng sulat ni Ana?
Kung ikaw si Ana, ganito rin ba ang nilalaman ng iyong sulat?
Sa inyong palagay, matututo kayang magbasa si Ana kung hindi siya nakikinig kay Bb. Villasan?
Muling pagmasdan ang kanyang liham.
Bakit nagpadala ng sulat na pasasalamat si Ana sa kanyang guro?

Ano pa ang maaring dahilan ng pagbibigay o pagpapadala ng liham pasasalamat?
Ano- ano ang mga bahagi ng liham na nakapaloob sa kanyang liham pasasalamat?

**E. Paglalahat**
Paano isinusulat ang isang liham pasasalamat? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang pagsulat**
Sumulat ng isang liham pasasalamat para sa iyong guro. Sundin ang pormat ng liham na ginawa ni Ana para sa kanyang guro.

**2. Malayang Pagsulat**
Sumulat ng liham pasasalamat para sa isang kaibigan o kakilala na nagbigay sa iyo ng regalo noong huli mong kaarawan.

## *5* Ikalimang Araw

**Pagtataya**

A. Basahin ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat kung wasto ang paraan ng pagbasa.

____1. Bumasa simula kanan-pakaliwa.
____2.Itaas ang isang paa habang bumabasa.
____3. Bilisan ang pagbigkas ng mga salita habang bumabasa.
____4. Pakiputin ang bibig habang bumabasa nang pabigkas.
____5. Ibaba ang tinig sa hulihan ng pangungusap na may tuldok.

B. Punan ang patlang ng salitang pautos upang mabuo ang panuto.
6. ________ sa tamang tawiran**.**
7.__________ sa magkabilang panig bago tumawid.
8.________ ng marahan sa pagtawid.
9.________ ang basura sa tamang tapunan.
10.________ ang mga halaman araw-araw

# 34 IKATATLUMPU'T APAT NA LINGGO
## Balitang Lokal

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas*:Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa napakinggang teksto
Nakagagamit ng mga salita na angkop sa ikalawang baitang sa pagpapaliwanag o pagbibigay ng dahilan sa mga isyu, mga pangyayari, mga artikulo , balita at iba pa.

*Pagkilala ng mga Salita*:Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang binasa

*Katatasan*:Nakababasa ng mga salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang nangmay kahusayan.

*Pagbaybay:*Nababaybay nang tama ang mga salita na may:

a. Kambal-katinigatklaster
b. diptonggo
c. at iba pa

*Pagkatha:*Nakasusulat ng maikling kuwento na may tagpuan, tauhan at mga pangyayari

*Kamalayan sa Gramatika*:Nakagagamit ng magagalang na salita na angkop sa sariling kultura tulad sa pakikipag-usap sa telepono

*Pag-unlad sa Talasalitaan*:Nagagamit ang kaalaman at kakayahansa pagbasa ng mga gamiting salita/bokabularyo sa pagbasa.

*Pag-unawa sa Binasa*: Nahihinuha kung ano ang damdamin ng tauhan batay sa ipinakitang pagkilos o sa kung ano ang sinasabi nila.
Nakapaghahambing kung paano ginamit ng mga may akda ang mga pampanitikang elemento
Naipakikita ang pag-unawa sa mga tekstong inpormasyunal sa pamamagitan ng pagtukoy sa sanhi at bunga
Naipamamalas ang kawilihan sa pagbasa ng kuwento at iba pang mga teksto sa pamamagitan ng pag-browse, at pagbasa pa ng mas maraming aklat

*Pagpapahalaga*: Pangangalaga sa kalikasan

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa**

Pakikinig at pakikipagtalastasan
Salita na angkop sa baitang

Pagpapaliwanag o pagbibigay ng dahilan sa mga isyu, mga nangyayari, mga artikulo ng balita atbp.
Kahulugan ng mga salitang binasa.
Pagbaybay nang tama ang mga salita na may:
a. Kambal-katinigatklaster
b. diptonggo
Salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang
Pagsulat ng maikling kuwento na may tagpuan, tauhan at mga pangyayari.
Paggamit ng kaalaman at kakayahansa pagbasa ng mga gamiting salita/bokabularyo
Magagalang na salita na angkop sa sariling kultura tulad ng pakikipag-usap sa telepono
Paghihinuha,Paghahambing,
Pagpapakikita ng pag-unawa sa mga tekstong inpormasyunal sa pamamagitan ng pagtukoy sa sanhi at bunga

**B. Batayan/Sanggunian:**
K-12 Curriculum Guide Grade 2
Balita- Halaw sa Tagalog News

**C. Mga Kagamitan**
Balita Pagtotroso : Ipinagbabawal

## III. Gawain sa Pagkatuto

# *1*

**Unang Araw**

**Layunin:** Nakagagamit ng magagalang na salita na angkop sa sariling kultura tulad sa pakikipag-usap sa telepono

**Kasanayang Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**
Ipaawit sa tono na "Sitsiritsit" ang awit sa LM.

**B. Pagganyak**
Itanong kung ano ang gagawin mo kung ikaw ay may nakitang tao na kahinahinala at di mo kilala .Katulad din kaya ng ginawa ni Brix at Troy sa kuwentong inyong babasahin? Alamin ang kanilang ginawa.

**C. Paglalahad/Pagmomodelo**
Ipabasa ang kuwento sa LM.

**D. Pagtalakay**
Sino ang naglalaro sa may likod ng bahay?
Ano ang napansin ng dalawang bata habang sila ay naglalaro?
Ano ang naalala ni Brix ng makita ang mga manganagahoy?
Ano kaagad ang kanyang ginawa?

Paano nakipag-usap si Brix sa kanyang tatay gamit ang telepono ?
Sa iyong palagay ,tama ba ang ginawang pakikipag-usap ni Brix?
Ano naman ang ginawa ni G. Florendo upang maipagbigay alam ang pangyayari sa may kapangyarihan?
Paano nakipag-usap si G. Florendo sa pulis o sa awtoridad?

**E. Paglalahat**
Paano ang wastong pakikipag-usap sa telepono kung bata o matanda man ang kausap? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**
Bumuo ng usapan sa telepono gamit ang mga magagalang na salita.
Humanda sa pagpaparinig sa klase.

**G. Kasanayang Gawain**

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Ipabigkas ang mga magagalang na salita na ginagamit sa pakikipag-usap sa telepono.
2. **Malayang Pagsasanay**
   Bumuo ng apat na miyembro sa isang pangkat at bumuo ng usapan sa telepono.

**H. Pagtatasa**
Isulat ang angkop na salita para mabuo ang usapan sa telepono ng mag -amang Mang Gregorioat Glen sa Gawain 1 sa LM.

## *2* Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa napakinggang teksto
Nakagagamit ng mga salita na angkop sa ikalawang baitang sa pagpapaliwanag o pagbibigay ng dahilan sa mga isyu, mga pangyayari, mga artikulo , balita at iba pa
Naipakikita ang pag-unawa sa mga tekstong inpormasyunal sa pamamagitan ng pagtukoy sa sanhi at bunga

**A. Gawain Bago Bumasa**

1. **Paghahawan ng balakid**
   Pag-aralan ang kahulugan ng mga salita sa LM.
2. **Pagganyak**
   Ipakita ang larawan sa LM.
   Ano ang masasabi ninyo sa larawan?
3. **Pangganyak na Tanong**

Sagutin ang tanong sa pamamagitan ng paghula.Isulat ang inyong sagot sa ikalawang hanay. Pagkatapos mabasa ang balita, alamin kung tama ba ang inyong hulang sagot.

| Tanong | Hulang Sagot | Tunay na Nangyari |
|---|---|---|
| Ano ang naging sanhi ng pagbaha at pagguho ng lupa? | | |

**B. Gawain Habang Nagbabasa**

Pagbasa sabalitanang tuloy-tuloy sa LM.

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

**1. Pagsagot sa pangganyak na tanong**

Balikan ang prediction chart at ihambing ang tunay na nangyari sa hulang sagot ng mga bata.

**2. Pagsagot sa mga tanong:**

1. Ano ang sinasabi sa balita?
2 .Ano- ano ang kasalukuyang nararanasan ng mga tao?
3. Ano ang tinatawag na *climate change*?
4. Ano ang kampanya na pinagtutuunan ng Department of Environment and Natural resources (DENR)
5. Ano ang maaaring gawin kapag may lumabas na illegal loggers?
6. Mula sa nagbalita ,ano ang ipinahayag ng Environment and Natural Resources Sec. Ramon Paje ?
7. Saang programa binanggit ng Kalihim ang pahayag?

## 2 Ikalawang Araw

**A. Ugnayang Gawain**

Ipagawa ang pangkatang Gawain.

**a. Pangkat I*: Broadcaster Go!***

Pumili ng dalawang anchor person na mangunguna sa pagbabalita ng inyong narinig. Ang ibang kasapi ay bubuo ng patalastas na may kaugnayan sa balita.

**b. Pangkat II: *Illustrator Go!***

Gumuhit ng poster na nagpapakita ng wastong pangangalaga sa kalikasan.

**c. Pangkat III : *Artist Go!***

Gumawa ng *role play* tungkol sa saloobin sa pagtotroso**.** Ipakita ang damdamin ng mga taong nasalanta ng baha at pagguho ng lupa.

**d. Pangkat IV : *Writer Go !***

Isulat sa*chart* ang sanhi o dahilan ng pagbaha at pagguho ng lupa o landslide sa isang lugar

**B. Paglinang sa Kasanayan**

a. Ano ang nilalaman ng balita?Pakinggan ang angkat I sa kanilang pagbabalita o pagbobroadcast?

b. Ano sa palagay ninyo ang mensahe ng balita sa ating lahat?Tingnan ang poster na iginuhit ng pangkat II at pakinggan natin ang kanilang pagpapaliwanag kung paano ang wastong pangangalaga sa kalikasan.

c. Sa inyong palagay, ano-ano ang damdamin ng mga tao na naapektuhanng baha at pagguho ng lupa? Panoorin natin ang role play ng pangkat III.

d. Bakit ganito ang naging damdamin ng mga nasalanta ng baha at pagguho ng lupa?

e. Bukod sa pangangalaga sa kalikasan at hindi pagputol ng mga puno, ano ang magagawa ninyo bilang isang mag-aaral sa ikalawang baitang?

## 3 Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakapaghahambing kung paano ginamit ng may akda ang mga pampanitikang elemento

Nakababasa ng mga salita sa unang kita na angkop sa ikalawang baitang nang may kahusayan

Nababaybay nang tama ang mga salita na may:Kambal-katinigatklaster, diptonggo, at iba pa

**Kasanayan sa Pagbasa**

**A. Balik-aral**

Natatandaan pa ba ninyo sina Brix at Troy na mahilig maglaro , ang mga batang nakakita sa mga Illegal loggers sa kanilang lugar? Muli natin silang maririnig sa isang kuwento.

**B. Pagganyak**

Sino sa inyo ang nakarating na sa gitna ng kagubatan ?Ano ang masasabi mo sa larawang nasa LM?

**C. Paglalahad**

Ipabasa ang kuwento sa LM.

**D. Pagtalakay**

Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
Saan nangyari ang kuwento?
Ano ang hilig ng dalawang bata?

Saan sila nakararating sa paglalaro?
Ano ang nangyari sa kanila sa gitna ng kagubatan?
Sino ang nakilala ng dalawa sa gitna ng kagubatan?
Ano ang kanilang ginawa kasama ang batang ada oengkantada?
Ano ang ibinigay sa kanila ng batang ada o engkantada?
Ano ang naramdaman nina Brix at Troy?Bakit?
Aling pangyayari sa kuwento ang naibigan mo? Bakit
Alin ang hindi totoo sa kuwento? Bakit?
Anong aral ang nais ipahiwatig ng may akda ng kuwento?

**E. Paglalahat**

Paano isinulat ng may-akda ang kuwento?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Magbigay ng mga pamagat ng kuwento at itanong kung ito ay kuwentong makatotohanan at hindi makatotohanan.

**G. Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang pagsasanay**

Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakasusulat ng maikling kuwento na may tagpuan, tauhan, at mga pangyayari

**Kasanayan sa Pagsulat**

**A. Balik-aral**

Ano – ano ang elemento ng isang kuwento?
Ano ang masasabi mo sa mga pangyayari sa kuwento?

**B. Paglalahad**

Ipakita ang kopya ng kuwentong binasa “Karanasan sa Kakahuyan”

**C. Pagtalakay**

Ipapansin kung paano isinulat ang unang salita sa unang pangungusap ng talata.
Ipapansin kung paano isinusulat ang unang letra ng bawat pangungusap.Ipapansin kung saan nagtatapos ang bawat pangungusap.

**D. Paglalahat**

Paano isinusulat ang isang kuwento? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**E. Kasanayang Gawain**

**1. Pinatnubayang Pagsulat**

Ipagawa ang Gawain 3 sa LM.

**5** **Ikalimang Araw**

**Pagtataya**

Bumuo ng isang maikling kuwento tungkol sa iyong karanasang di malilimutan. Sikaping nakapaloob ang bawat elemento ng isang kuwento,may tagpuan, tauhan,at pangyayari. Sundin ang pamantayan sa pagsulat.

# 35 IKATATLUMPU'T LIMA NA LINGGO

# Ang Paboritong Pagkain

## I. Panlingguhang Layunin:

*Wikang Binibigkas*: Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa napakinggang tekstong

Nakagagamit ng mga salita na angkop sa ikalawang baitang sa pagsasadula at paglalarawan ng pagkaunawa sa isang teksto

*Pagkilala ng mga Salita:* Nakababasa ang mga salitang angkop sa ikalawang baitang

*Katatasa*n: Nakababasa ng talata, kuwento, alamat, at iba pa nang may pag-unawa na binubuo ng mga salitang napag-aralan na

Nakababasa ng tekstong angkop sa ikalawang baitang nang malakas at may kawastuang 95-100%

*Pagbabaybay:*Nababaybay nang tama ang mga salitang nakatala sa talasalitaan

*Pagkatha/Pagsulat*: Nakasusulat ng maikling kuwentong may tagpuan, tauhan at mga pangyayari

*Pag-unlad sa Talasalitaan:* Nakagagamit ng magagalang na salita na angkop sa sariling kultura sa pakikipag-usap sa telepono

Nagagamit ang mga salitang napag-aralan sa pagsulat at pagtugon sa teksto

*Pag-unawa sa Binasa*: Nahihinuha kung ano ang damdamin ng tauhan batay sa ipinakikitang kilos o sa sinasabi nila

Nakababasa at nakasasagot sa matataas na uri ng tanong

Naipakikita ang pag-unawa sa tekstong binasa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong

Naibibigay ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari

Naipakikita ang pagmamahal sa gawaing pagbabasa sa pamamagitan nang mabuting pakikinig, pagbibigay ng komento o reaksiyon sa kuwentong napakingggan

*Pagpapahalaga*:Pagiging magalang, pangangalaga sa kalusugan

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa**

Pakikinig at pakikipagtalastasan

Mga salitang angkop sa baitang sa pagsasadula at paglalarawan ng pagkaunawa sa isang teksto

Mga salitang angkop sa ikalawang baitang

Mga salitang nasa talasalitaan

Pagbasa ng talata, kuwento, alamat, at iba pa nang may pag-unawa na binubuo ng mga salitang napag-aralan na

Maikling kuwentong may tagpuan, tauhan at mga pangyayari

Damdamin ng tauhan batay sa ipinakitang kilos o sinasabi nila

Pagbasa at pagsagot sa matataas na uri ng tanong

Pag-unawa sa mga tekstong inpormasyunal sa pamamagitan ng pagbibigay ng tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari

Pakikinig, pagbibigay ng komento o reaksiyon sa kuwentong napakinggan

**B. Batayan/Sanggunian:**

K-12 Curriculum Guide Grade 2

**C. Mga Kagamitan**

Kuwento: “Si Amor”

“Ang Kaarawan ni Lita”

**III. Gawain sa Pagkatuto**

## 1 Unang Araw

**Layunin:** Nakagagamit ng magagalang na salita na angkop sa sariling kultura sa pakikipag-usap sa telepono

**Kasanayan sa Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**

Muling ipaawit ang awit ng pagbati sa tono na“Paru-parong Bukid”

**B. Pagganyak**

Itanong kung saan sila bumibili ng kanilang tanghalian at kung sino sa kanila ang malimit tumawag sa mga kainan upang magpadeliber ng pagkain.

**C. Paglalahad**

Ipabasa ang usapan sa telepono sa LM.

**D. Pagtalakay**

1. Paano nag-umpisa ang usapan nina Amor at ng tindera?
2. Ano ang unang naging usapan ng dalawa?
3. Paano inorder ni Amor ang kanyang pagkain?

4. Paano niya ibinigay ang direksiyon ng kanilang bahay?
5. Ano ang huling sinabi ni Amor sa tindera?
    a. Isulat ang sagot ng mga bata.
    b. Talakayin ang sagot ng mga bata upang makatulong na maangkin ng mga bata ang kasanayan.

**E. Paglalahat**

Paano ka dapat sumagot sa kausap mo sa telepono?
Hayaang sumagot ang mga bata.
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Paglalapat**

Pangkatin muli ang mga bata sa apat.Gagawa ang bawat pangkat ng usapan sa telepono gamit ang magagalang na pananalita.Ang mga nagawa nilang diyalogo ay isusulat sa isang malinis na papel.Ipakikita sa lahat ng pangkat ang ginawa nilang diyalogo.

**G. Kasanayang Gawain**

**Pinatnubayang Pagsasanay**

Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.

## *2* Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa napakinggang tekstong
Nakagagamit ng mga salita na angkop sa ikalawang baitang sa pagsasadula at paglalarawan ng pagkaunawa sa isang teksto

**Istratehiya**: **Read by the teacher (Read Aloud), Read with the teacher (Shared Reading)**

**A. Gawain Bago Bumasa**

**1. Paghahawan ng balakid**

Pag-aralan ang kahulugan ng mga salita sa LM.

**2. Pagganyak**

Naranasan mo na bang maiwan sa bahay nang nag-iisa? Ano ang ginawa mo?

**3. Pangganyak na Tanong**

Tanungin ang mga bata tungkol sa nais nilang malaman sa kuwento.Isulat ang kanilang tanong sa **Prediction chart**.
Isulat din ang kanilang hulang sagot.

| Tanong | Hulang Sagot | Tunay na Nangyari sa Kuwento |
|---|---|---|
| Ano ang ginawa ni Amor ng hindi niya dinatnan sa bahay ang kanyang mga magulang? | | |

**B. Gawain Habang Nagbabasa**

1. Unang pagbasa ng kuwento nang tuloy-tuloy sa LM.
2. Ikalawang pagbasa ng kuwento na may paghinto at interaksyon
   Ipakuha ng guro ang Learner's Material at ipabasa sa bata ang kuwentong ito.

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

**1. Pagsagot sa pangganyak na tanong**

Ano ang ginawa ni Amor ng hindi niya dinatnan sa bahay ang kanyang mga magulang?

Isulat ang sagot ng mga bata sa prediksiyon tsart sa hanay ng tunay na nangyari sa kuwento.


Kung marami ang ibinigay na tanong, maaaring basahin na lamang ang tanong, at ibigay ang hulang sagot at tunay na nangyari sa kuwento.

**2. Ugnayang Gawain**

Ipagawa ang pangkatang Gawain.

a. **Pangkat I: Maibubuod Mo Ba?**

Ibuod ang kuwentong narinig sa pamamgitan ng pagsagot sa mga tanong gamit ang **concept mapping**.




b. **Pangkat II: Gayahin Mo!**
Kumuha ng kapareha.
Isadula ninyo ang naging pag-uusap sa telepono nina Amor at ng tindera.

c. **Pangkat III: Lumikha Ka!**
Gumawa ka ng isang simpleng diyalogo ng usapan sa telepono at iulat ito sa harap ng klase.

d. **Pangkat IV: Natatandaan Mo Ba?**
Isalaysay mong muli ang kuwentong iyong binasa ayon sa pagkakasunod-sunod nito.

**3. Paglinang sa Kasanayan**

a.Sino-sino ang mga tauhan sa ating kuwentong narinig?Saan nangyari ang kuwento?Ano ang nangyari sa kuwento?Kailan ito nangyari?Ano kaya sa palagay ninyo ang damdamin ni Amor?Pakinggan natin ang pag-uulat ng Pangkat I sa kanilang ginawang pagbubuod.

b. Natatandaan nyo ba ang naging usapan nina Amor at ng tindera?Paano nakipag-usap si Amor sa tindera?Ngayon panoodin natin ang tagpo nina Amor at ng tindera.Narito ang Pangkat II upang isadula ito.

c. Kaya nyo bang gumawa ng isang diyalogo ng pakikipag-usap sa telepono?
Paano mo ito dapat gawin?Ngayon, ating pakinggan ang ginawang diyalogo ng Pangkat III.

d**.** Natatandaan mo pa ba ang mga detalye ng kuwentong ating binasa?
Maisasalaysay mo bang muli ang mga detalye ng kuwentong narinig?
Pakinggan natin ang pag-uulat ng Pangkat IV.

*Itanong pagkatapos ng gawain:*
Ano ang gagawin mo kung naiwan ka sa bahay ng mag-isa?
Gagawin mo ba ang ginawa ni Amor?
Bilang isang mag-aaral dapat mo bang tularan ang naging ugali ni Amor? Bakit?
Ano ang mararamdaman mo sa ganoong sitwasyon? Bakit?

**D. Paglalahat**
Paano mauunawaan ang isang kuwento ,diyalogo, o isang usapan?
Ipabasa ang Tandaan sa LM.

## *3* Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakababasa ng talata, kuwento, alamat, atbp nang may pag-unawa na binubuo ng mga salitang napag-aralan na
Nakababasa ng tekstong angkop sa ikalawang baitang nang malakas at may kawastuang 95-100%

**Kasanayan sa Pagbasa**

**A. Pagganyak**

a. Natatandaan ninyo pa ba kung paano ang tamang pakikipag-usap sa telepono?
b. Paano naman ang pagbuo ng simpleng kuwento?

**B . Paglalahad**

a. Pangkatin muli ang mga bata sa apat.
b. Gagawa ang mga bata ng isang kuwento tungkol sa isang mahalagang pangyayari sa kanilang lugar na ipinagdiriwang ng mamamayang nakatira dito.
c. Iuulat ng bawat pangkat ang kanilang nabuong simpleng kuwento na nakasulat sa **chart.**
d. Ipababasa sa mga bata ang nabuong simpleng kuwento nang maramihan, pangkatan, at indibiduwal.

**C. Pagtalakay**

Sino-sino ang mga tauhan sa kuwentong narinig?
Saan nangyari ang kuwento?
Kailan nangyari ang kuwento?
Ano ang mga nangyari sa kuwento? Ano ang tawag sa mga tauhan, lugar, atmga pangyayari ng isang kuwento?

**D. Paglalahat**

Ano-ano ang elemento ng isang kuwento? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**E. Paglalapat**

Maghanda ng mga maiikling kuwento at ipabasa sa mga mag-aaral nang maramihan, dalawahan at isahan.

**F. Kasanayang Gawain**

**1. Malayang Pagsasanay**

Pipili ang mga bata ng diyalogong nais nilang basahin sa harap ng klase na inihanda ng guro.

## *4* Ikaapat na Araw

**Kasanayan sa Pagsulat**

**A. Balik-aral**

Ipatukoy sa mga bata ang elemento ng kuwento.

**B. Paglalahad/Pagtalakay**

Isulat sa pisara ang mga elemento ng kuwento.
Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na makapagbigay ng halimbawa ng bawat elemento.
Pag-usapan kung wasto ang ibinigay nilang kasagutan.

**C. Paglalahat**

Ano angdapat tandaan sa pagsulat ng isang kuwento?

**D. Kasanayang Gawain**

Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.
Ipabasa sa harap ng klase ang kanilang isinulat.

## *5* Ikalimang Araw

**Pagtataya**

A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

11. Tumawag ang Tatay kay Lino upang ipaalala sa kanya ang baon niyang pagkain. Ano ang dapat sabihin ni Lino?
    a. Tatay, bakit po?
    b. Tatay, pahingi ng baon.

c. Tatay, nasaan ka?

12. Tumawag ka sa iyong tiyahin upang batiin siya sa kanyang kaarawan. Ano ang dapat mong sabihin sa kanya?
    a. Ano ang handa mo?
    b. Magandang umaga po, maligayang kaarawan.
    c. Pahingi ng pagkain.
13. May tumawag sa inyo. Hindi mo kilala kung sino ang nasa kabilang linya. Paano mo siya kakausapin?
    a. Magandang hapon, sino ang kailangan mo?
    b. Magandang hapon, sino po sila?
    c. Magandang hapon, sino ka?
14. Paano mo dapat tapusin ang pakikipag-usap sa telepono?
    a. Sige, paalam na po.
    b. Tapos na tayo.
    c. Bukas ulit.
15. May kausap ka sa telepono nang bigla kang tinawag ng nanay upang hugasan ang mga gulay na lulutuin niya. Paano ka magpapaalam sa iyong kausap?
    a. Sige, pwede po bang mamaya ka na ulit tumawag?
    b. Bukas na ulit tayo mag-usap.
    c. Tama na ang usapan natin.

A. Humanap ng kapareha.Gagawa ang magkapreha ng isang diyalogo ng usapan sa telepono. Ibuod ang kuwentong narinig sa pamamagitan ng pagsagot sa
mga sumusunod na tanong.

B. Isulat ang inyong sagot sa isang malinis na papel
    1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwentong narinig?
    2. Saan ang nangyari ang kuwento?
    3. Kailan nangyari ang kuwento?
    4. Ano ang nangyari sa kuwento?

# 36 IKATATLUMPU'T ANIM NA LINGGO
## Ang Lutong Kapana-panabik

**I. Panlingguhang Layunin:**

*Wikang Binibigkas*:Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase.
Nakapag-uusap at nakapagtatalakay tungkol sa mga sikat na tao, mga lugar, mga pangyayari, atbp. gamit ng mga salitang naglalarawan na angkop sa sariling kultura

*Pagkilala ng mga Salita*:Nakababasa ng talata, kuwento, alamat, atbp. nang may pag-unawa na binubuo ng mga salitang pinag-aralan na

*Katatasan:*Nakababasa nang wasto at may kahusayan mgakuwento, alamat, mga artikulo ng balitaatb

*Pagbaybay:* Nababaybay nangtamangmgamataasna salitasa unang kita naangkopsaikalawang baitang

*Pagkatha/Pagsulat:* Nakasusulat ng maikling kuwentong na may tagpuan, tauhan at mga pangyayari.

*Kamalayan sa Gramatika*: Nakagagamit ng mga pautos na salita upang makapagbigay 3-6 na simpleng panuto o hakbang na angkop
sa sariling kultura

*Pag-unlad sa Talasalitaan*:Naipaliliwanag ang karaniwang kahuluganatkasalungat ng salita

*Pag-unawa sa Binasa*: Nakapaghihinuha kung ano angmaaring maganap sa susunodna mga pangyayari sa kuwento, alamat, atbp.
Nahihinuha kung ano ang damdamin ng tauhan batay sa ipinakitang pagkilos osakung ano angsinasabinila.
Nakababasa at nakasasagot sa matataas na uri ng tanong
Naipakikita ang pag-unawa sa mga tekstong inpormasyunal sa pamamagitan ng pagtatalakay, paglalarawan, pag-awit, pagsasadula ng may pag-arte
Nakapagbibigay ng sariling opinyon at reaksyon tungkol sa mga isyu, atbp. bilang isang output ng kanilang pananaliksik.
Naipamamalas ang kawilihan sa pagbasa ng kuwento at iba pang mga teksto sa pamamagitan ng pag-browse, at pagbasa maraming pang aklat

*Pagpapahalaga*: Pagmamalaki at pagtangkilik sa sariling lutong pagkain

**II. Paksang Aralin:**

**A. Paksa**

Pakikipagtalastasan

Sikat na tao, lugar, pangyayari,atbp gamit ang salitang naglalarawan na angkop sa kultura.

Pagbasa ng talata, kuwento, alamat, atbp. nang may pag-unawa **.**

Pagbasa nang wasto at may kahusayan mgakuwento talata,, alamat, mga artikulo,balita atbp.

Pagsulat ng maikling kuwentong na may tagpuan, tauhan at mga pangyayari.

Kahulugan at kasalungat ng salita

Paggamit ng mga pautos na salita upang makapagbigay 3-6 na simpleng panuto o hakbang na angkop sa sariling kultura

Paghihinuha ,pagsagot sa matataas na uri ng tanong

Pag-unawa sa mga tekstong inpormasyunal sa pamamagitan ng pagtatalakay, paglalarawan, pag-awit, pagsasadula nang may pag-arte

Sariling opinyon at reaksyon tungkol sa mga isyu, atbp. bilang isang output ng kanilang pananaliksik.

**B. Batayan/Sanggunian:**

K-12 Curriculum Guide Grade 2

Mga Kuwento

" Fishkill sa Lawa" *Akda ni Shirley M. Aranas*

" Ang Tawilis*"Akda ni Nida C. Santos*

"Ang Sinaing na Tulingan"*Akda ni Nida C. Santos*

**C. Mga Kagamitan**

Mga Kuwento

" Fishkill sa Lawa"

" Ang Tawilis"

"Ang Sinaing na Tulingan"

**III. Gawain sa Pagkatuto**

***1*** **Unang Araw**

**Layunin:** Nakagagamit ng mga pautos na salita upang makapagbigay 3-6 nasimpleng panuto o hakbang na angkop sa sariling kultura

**Kasanayan sa Pagbigkas at Wika**

**A. Panimulang Gawain**

Ipabigkas ang ibig sabihin ng nasa akronim sa LM.

Ano ang nabuong salita?

Ano ang isdang ito?

Naranasan mo na ba ang mangisda sa dagat?

**B. Paglalahad/Pagmomodelo**

Basahin ang kuwento sa LM.

**C. Pagtalakay**

Ano ang isang uri ng isada na binaggit sa kuwento?
Paano niluluto ang isdang tawilis?
Ipabasa ang wastong pamamaraan ng pagluluto ng Tawilis na may patis.
Ano –ano ang mga salitang may salungguhit sa bawat hakbang sa pagluluto tawilis?
Ano ang dapat gawin upang makasunod tayo nang wasto sa pagluluto?
Sa inyong palagay maayos bang naibigay ni AlingSaling ang panuto o hakbang para sa pagluluto? Kung ikaw si Aling Saling , paano ka magbibigay ng hakbang o panuto?

**D. Paglalahat**

Ano-ano ang salitang gagamitin upang makapagbigay ng panuto o hakbang para sa isang gawain? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**E. Paglalapat**

Ipagawa ang Gawain 1 sa LM.

**F.** Pagtatasa

Ipagawa ang Gawain 2 sa LM.

## 2 Ikalawang Araw

**Layunin:** Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase. Nakapag-uusap at nakapagtatalakay tungkol sa mga sikat na tao, mga, mga pangyayari, atbp. gamit ng mga salitang naglalarawan na angkop sa sariling kultura

**Istratehiya**: **Read by the teacher (Read Aloud), Read with the teacher (Shared Reading)**

**A. Gawain Bago Bumasa**

1. **Paghahawan ng balakid**


   Pag-aralan ang kahulugan ng mga salita sa tulong ng larawan at pangungusap na nasa LM.

2. **Pagganyak**

   Nakita na ba ninyo ang Bulkang Taal nang malapitan?Ano ang masasabi ninyo sa Bulkang Taal? Sino ang nakaranas ng mamangka sa Lawa ng Taal?

3. **Pagganyak na Tanong**

   Mayroon akong ipababasang kuwento sa inyo tungkol sa isang kamangha-manghang pangyayari sa Lawa ng Taal. Ano ang nais ninyong malaman tungkol sa kuwentong "**Fishkill** sa Lawa"



**B. Gawain Habang Nagbabasa**

Ipabasa ang kuwento sa LM.
Unang pagbasa ng kuwento nang tuloy-tuloy. Ikalawang pagbasa ng kuwento na may paghinto at interaksyon

**C. Gawain Pagkatapos Bumasa**

**1. Pagsagot sa pangganyak na tanong**

Balikan natin ang mga tanong kanina bago basahin ang kuwento.
Isulat ang sagot ng mga bata sa prediksiyon tsart sa hanay ng tunay na nangyari sa kuwento.
Kung marami ang ibinigay na tanong, maaaring basahin na lamang ang tanong, at ibigay sagot o tunay na nangyari sa kuwento.

**2. Ugnayang Gawain**

Ipagawa ang pangkatang Gawain.

**a. Pangkat I : Guhit mo, Kulayan Mo!**

Gumuhit ng isang poster na nagpapakita ng pangangalaga sa lawa o iba pang anyong tubig.

**b. Pangkat II : Bigkas mo, Idrama Mo!**

Isadula ang pinakamadramang tagpo sa kuwento.

**c. Pangkat III : Tanong mo ,Ilahad mo!**

Magkaroon ng pakikipanayam sa mga kamag-aaral tungkol sa isyung "Fishkill " na naganap sa kuwento. Gamitin ang mga tanong sa ibaba.

1. Sa iyong palagay, ano ang maaaring dahilan ng pagkamatay ng mga isda sa lawa?
2. Kung isa ka sa naninirahan sa lawa ,ano ang maaring gawin upang maiwasan ang pagkamatay ng mga yamang-tubig.
3. Makabuluhan ba ang panonood ng balita sa telebisyon?

**d. Pangkat IV :** Sumulat ng maikling balita na may kaugnayan sa kuwentong binasa. Alamin mo kung ano ang pook pasyalan na makikita rin sa Lawa ng Taal.

3. **Paglinang sa Kasanayan**

a. Sino-sino ang mga tauhan sa ating kuwentong narinig?
Saan nangyari ang kuwento?Ano ang nangyari sa kuwento?
Paano mapangangalagaan ang lawa o ang iba pang anyong tubig sa ating bansa?Pakinggan natin ang paliwanag ng pangkat II tungkol sakanilang iginuhit na poster.

b. Ano –ano ang nangyari sa kuwento ?
Anong bahagi ng kuwento ang pinakamadramang tagpo?
Pakinggan at panoorin natin ang drama ng ikalawang pangkat. Ano ang damdamin ng mga tauhan sa kuwento? Bakit ito ang kanilang nadarama?
Kung isa ka sa mga naninirahan sa may lawa ng Taal, mawawalanka naba ng pag-asa para mabuhay? Bakit?

c. Sa pakikipanayam ng pangkat III, pakinggan natin sa kanila ang kasagutan sa mga tanong .
Sa iyong palagay, ano ang maaaring dahilan ng pagkamatay ng mgaisda sa lawa?

Kung isa ka sa naninirahan sa lawa ,ano ang maaring gawin upang maiwasan ang pagkamatay ng mga yamang-tubig.
Makabuluhan ba ang panonood ng balita sa telebisyon? Bakit?

d. Ano ang kahalagahan ng balita?
Paano nagbabalita sa telebisyon o radyo?
Pakinggan natin ang balita ng ikaapat na pangkat na may kaugnayan sa ating binasa kuwento.

## 3 Ikatlong Araw

**Layunin:** Nakababasa ng talata, kuwento, alamat, atbp. nang may pag-unawa na binubuo ng mga salitang pinag-aralan na Nakababasa nang wasto at may kahusayan mgakuwento, alamat, mga artikulo ng balitaat iba pa

**Kasanayan sa Pagbasa**

**A. Balik-aral**

Magkaroon ng balik-aral tungkol sa kuwentong, " **Fishkill**".

**B. Pagganyak**

Ipaawit ang awitin sa LM na may tono na "Ako ay May Lobo"

**C. Paglalahad**

Ipabasa ang tungkol sa Alamat ng Bulkang Taal sa LM.

**D. Pagtalakay**

Tungkol saan ang Alamat na iyong binasa?
Bakit tinawag ito na Bulkang Taal?
Sino ang pinuno na itinuturing na makapangyarihan at magaling?
Ano ang kautusan ng Lakan Taal para sa taong bayan?
Ano ang nangyari sa Lakan?
Nakita pa ba ng taong bayan si Lakan Taal?
Ano ang ginawa ng taong bayan?
Ano ang nangyari sa taong bayan sa pagpunta nila sa bundok?
Paano mo ilalarawan ang Bulkang Taal?

**E. Paglalahat**

Ano ang inyong binasa?Ano ang paksa ng alamat na inyong binasa? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**F. Pagtatasa**

Isa-isang ipabasa sa mga mag-aaral ang kuwentong Kamangha-manghang Bulkan.

## 4 Ikaapat na Araw

**Layunin:** Nakasusulat ng maikling kuwento na may tagpuan, tauhan at mga pangyayari.

**Kasanayan sa Pagsulat**

**A. Balik-aral**

Kahapon ay nabasa natin ang kuwento ni Nida .
Ano ang nilalaman ng kuwento ni Nida?
Nabasa ba ninyo ang iba't ibang elemento ng isang kuwento.

**B. Paglalahad**

Tingnan ang tamang pormat ng kuwento na Kamangha-manghang Bulkan (Ipaskil ang chart na kung saan nakasulat ang kuwento.)

**C. Pagtalakay**

Ano ang pamagat ng kuwento?
Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
Saan naganap ang kuwento?
Ano-ano ang mga pangyayari na naranasan ng may-akda sa kuwento?
Ano sa palagay ninyo ang dahilan kung bakit naisulat ni Nida ang kanyang karanasan?
Kung kayo si Nida maisusulat rin ba ninyo ang inyong karanasan tungkol sa isang lugar na inyong pinuntahan?
Ano – ano ang mga bahagi o elemento ng kuwento na inyong binasa?

**D. Paglalahat**

Ano –ano ang mga bahagi o elemento ng kuwento na dapat isaalang-alang sa pagsulat? Ipabasa ang Tandaan sa LM.

**E. Pagsasanay sa Pagsulat**

Ipasipi nang wasto ang kuwentong “Kamangha-manghang Bulkan”.

1. **Pinatnubayang Pagsulat**
   Isulat nang wasto ang sanaysay tungkol sa akla na nasa Gawain 3 sa LM.
2. **Malayang Pagsulat**
   Maghanap ng iba pang aklat at sumipi ng isang kuwentong nais mo. Isaalang-alang ang tamang porma sa pagsulat sa Gawain 4 sa LM.

**F. Pagtatasa**

Sumulat ng isang maikling kuwento na binubuo ng mga bahagi o elemento. Ikahon kung saan ang tagpuan,bilugan ang tauhan at salungguhitan ang mga pangyayari.

## 5 Ikalimang Araw

**Pagtataya**

A. Sumulat ng 5 salitang pautos at gamitin ito sa pangungusap na nagbibigay ng panuto o hakbang.

B. Sumulat ng isang kuwento tungkol sa iyong karanasan. Sundin ang tamang pagsulat ng kuwento at isaalang – alang ang mga elemento o bahagi nito.